

**BORADOR NA KOMPREHENSIBONG KASUNDUAN
HINGGIL SA MGA REFORMANG PANLIPUNAN AT
PANG-EKONOMYA
(COMPREHENSIVE AGREEMENT
ON SOCIAL AND ECONOMIC REFORMS
O CASER)**

ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP)



NDFP Reciprocal Working Committee
on Social and Economic Reforms

@ Reciprocal Working Committee
ng Panel sa Negosasyon ng NDFP

Enero 2018

NDF International Information Office
Amsterdamsestraatweg 50, 3413AG, Utrecht
Phone: +31 30 231 04 31
E-Mail: admin@ndfp.org
website: <https://www.ndfp.org/peace-talks/>

Nilalaman

Pambungad	1
Mensahe sa Pagkakalimbag ng Borador na CASER ng NDFP	5
Maikling Sumada	11
Komprehensibong Kasunduan hinggil sa mga Repormang Panlipunan at Pang-ekonomya sa Pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas at ng National Democratic Front of the Philippines (Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms Between the Government of the Republic of the Philippines and the National Democratic Front of the Philippines	
Preambulo	26
BAHAGI I. Deklarasyon ng mga Prinsipyo	27
BAHAGI II. Batayan, Saklaw at Kaangkupan	29
BAHAGI III. Pagpapaunlad sa Pambansang Ekonomya	31
A. Repormang Agraryo at Pag-unlad ng Kanayunan	33
B. Pambansang Industriyalisasyon at Pag-unlad ng Ekonomya	59
K. Pangangalaga, Rehabilitasyon at Kumpensasyon para sa Kapaligiran	85
BAHAGI IV. Pagtataguyod sa Karapatan ng Mamamayan	99
A. Karapatan ng Mamamayang Nagtatrabaho	101
B. Pagtataguyod sa Patriyotiko, Progresibo at Maka-mamamayang Kultura	123
K. Pagkilala sa lupa at teritoryong ninuno ng mga pambansang minorya	133
BAHAGI V. Soberanyang Pang-ekonomya para sa Pambansang Kaunlaran	140
A. Panlabas na Relasyong Pang-ekonomya at Pangkalakalan	143
B. Mga Patakaran sa Pinansya, Pananalapi at sa Kita at Gastusing Panggubyerno	151

K. Hinggil sa Pagpaplanong Panlipunan at Pang-ekonomya	161
BAHAGI VI. Pangkalahatang Mekanismo sa Implementasyon	165
BAHAGI VII. Mga Pinal na Probisyon	167
Annex A - Inisyal na Listahan ng NDFP ng mga Iminumungkahing Batas at Executive Issuances kaugnay ng Repormang Agraryo at Pagpapaunlad ng Kanayunan	169
Annex B - Iskedyul sa Implementasyon at Plano sa Trabaho para sa ARRD	174
Annex C - Listahan ng mga Susing Industriya	177
Annex D - Listahan ng mga Batas, Kautusan at Issuances na hindi umaayon sa Pambansang Industriyalisasyon	177

Pambungad

Pasok na pasok na tayo sa ika-21 siglo, subalit humaharap pa rin tayo sa mahirap at mahigpit na gawain ng pagtatayo ng ekonomya para sa mamamayan. Ang adyenda ng mga repormang panlipunan at pang-ekonomya sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at Guberno ng Republika ng Pilipinas (GRP) ay kumikilala na kinakailangan ang malawakang pagbabago. Ikinalulugod ng NDFP Reciprocal Working Committee on Social and Economic Reforms (RWC-SER) na ibahagi sa publiko ang pinakabagong bersyon ng mungkahi ng NDFP na Komprehensibong Kasunduan Hinggil sa mga Repormang Panlipunan at Pang-ekonomya (Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms o CASER).

Nabuo ang unang bersyon ng mungkahing CASER ng NDFP noong 1998, sa gitna ng masasabing pinakamasinsing panahon ng pagpapatupad ng mga patakaran ng globalisasyon sa kasaysayan ng bansa. Nagbabala noon ang NDFP na palalalain lamang ng neoliberalismo ang malapyudal at malakolonyal na pagkaatrasado ng bansa. Sa pamamagitan ng CASER, iminungkahi namin ang isang programang pang-ekonomyang nagtatakwil sa mapangwasak na ekonomya ng malayang merkado at sa halip ay nagtataguyod sa pangangailangan ng responsableng interbensyon ng estado at paglalagay ng kagalingang bayan sa sentro ng mga patakarang pang-ekonomya.

Ngayon, pagkaraan ng halos dalawang dekada, nasa panahon ng matinding krisis at maigting na kumpetisyon ng mga imperyalista ang daigdig. Walang kasinlinaw ang mga epekto ng neoliberalismo sa ekonomyang Pilipino at mamamayang Pilipino. Anumang paglago ng ekonomyang natamo raw ay pinakinabangan ng iilang dayuhan at lokal na naghaharing uri. Para sa ibayong nakararaming Pilipino, ang katumbas nito ay kawalang-hanapbuhay at karalitaan sa isang di maunlad at atrasadong ekonomya na lalong sinasalanta ng di maiiwasang mga sakunang dulot ng pagbabago ng klima. Nananatiling karugtong lamang ng mga monopolyo kapitalistang kapangyarihan ng mundo ang ekonomyang Pilipino bilang pinagkukunan ng kanilang tubo at kapital para sa murang lakas-paggawa at mga materyal na rekurso nito.

Higit kailanman, pinatutunayan ng ganitong kalagayan ang mga batayang saligan at pagsusuri ng orihinal na mungkahing CASER ng NDFP mula 1998. Sa kabila nito, positibong bagay ang pag-ipon ng mamamayang Pilipino ng karanasang nakapagbibigay sa kanila ng kapangyarihan sa pang-araw-araw nilang mga pakikibakang pang-ekonomya at pampulitika laban sa pang-aapi at pagsasamantala. Pinakamahalaga rito ang malalaking tagumpay na natamo at aral na nakamit ng mga rebolusyonaryong pwersa sa mga lugar na nakapagtayo na ng mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika.

Ang pinakabagong bersyong ito ng CASER ay resulta ng masusing pag-aaral at pagsusuri na sinimulan noong kalagitnaan ng 2016. Tiningnan ng NDFP RWC-SER ang makabuluhang karanasan at praktika ng mga rebolusyonaryong pwersa sa kalunsuran, at laluna, sa kanayunan. Nirepaso nito ang karanasan ng mga bansa na, sa iba't ibang kontekstong pampulitika at pangkasaysayan ay umabante mula sa pagkaatrasado.

Ginawang mas angkop sa panahon, pinino at dinagdagan ang mga probisyon ng CASER matapos ang dose-dosenang konsultasyon sa buong bansa ang borador na ito. Kinunsulta ang mga organisadong pwersa sa mga sonang gerilya at mga progresibong organisasyong masa ng mga magsasaka, manggagawa, maralitang lunsod, pambansang minorya, kababaihan, kabataan at estudyante, migranteng manggagawa, at iba pang grupong nasa laylayan ng lipunan. Nakipagugnayan din sa maraming iba pang naghahangad ng mga reporma; industriyalista at pambansang negosyante, may-ari ng lupa at propesyunal, ekonomista at akademiko, NGO at tagapagtaguyod ng mga isyung bayan, upisyal at tauhan ng GRP. Madaling naabot ang napakaraming tao dahil sa pagpapalaya sa mga konsultant ng NDFP na ikinulong ng walang katarungan.

Sa kabila nito, ang mungkahing CASER na ito ay patuloy na nagbabago, tulad ng lipunang Pilipinong nilalayan nitong paunlarin at unti-unting pasulungin. Simula pa lamang ang ibayong pagtaas ng kamulatan ng publiko hinggil sa pangangailangan ng mga reporma. Hinihikayat namin ang mamamayan na basahin, pag-aralan at talakayin sa publiko ang mungkahing CASER ng NDFP. Ikalulugod namin ang anumang komentaryo mula sa publiko kung papaano epektibong makapagsasagawa ng mga repormang panlipunan at pang-ekonomya na pakikinabangan ng mamamayan at bansa. Tiyak na uunlad pa ang CASER habang paparaming

tao ang tatalakay, magrerepaso, mag-aamyenda, magtataguyod at malao’y mangangampanya para sa mga mungkahing reporma nito bilang sariling adyenda.

Sa maraming aspeto, ang mungkahing CASER ng NDFP ay radikal na landas ng transpormasyong sosyo-ekonomiko laluna sa paghahangad nitong salaminin ang mga interes at mithiin ng mamamayan. Subalit malinaw din na marami sa mga pakinabang nito ay kagyat na maipatatupad kung may sapat na kapasyahan sa pulitika. Sa ngayon, milyun-milyong Pilipino na ang naglulunsad ng pinakamahahalagang pakikibaka para rito sa araw-araw—sa malawak na kanayunan at sa mga sentrong lunsod, laban sa sakim na mga dayuhan at lokal na mayayaman, at upang palayain ang mamamayan mula sa pang-aapi at pagsasamantala. At magpapatuloy na makikibaka ang mamamayan kahit sa harap ng tumitinding panunupil.

Ang mga pundasyon ng isang ekonomya at lipunan na ang mithiin ay ang komun na kabutihan ay nakasalalay dito. Nararapat lamang na tamasahin ng mamamayang Pilipino.

NDFP RWC-SER
December 24, 2017

Mensahe sa Pagkakalimbag ng Borador na CASER ng NDFP

Pinupuri ko ang Reciprocal Working Committee on Social and Economic Reforms (RWCSER) ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), kasama ang mga konsultant at istap nito, sa pagkikinis, pagpepreserba at paglilimbag sa anyong libro ng maaaring ituring at pamagatang Borador na Komprehensibong Kasunduan hinggil sa mga Repormang Panlipunan at Pang-ekonomya ng NDFP (NDFP Draft Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms o CASER).

Napakahalaga at malaki ang silbi ng librong ito para ipakita ang kahandaan ng NDFP na makipagnegosasyon sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP), bumuo ng makabuluhang kasunduan hinggil sa mga repormang panlipunan at pang-ekonomya sa kabila ng napakalaking mga balakid hanggang sa kasalukuyan. Ipinatatanaw din nito na dapat paghandaan ang pagdating ng mas mabubuting pagkakataon na na mapagtatanto ng pinakamatataas na upisyal ng GRP na ang muling pagbubukas ng negosasyong pangkapayapaan ay matalinong desisyon dahil sa kagyat na pangangailangan at panawagan ng mamamayan para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.

Kahina-hinayang na tinapos ni Presidente Duterte ng GRP ang negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP sa bisang Proklamasyon 360 noong Nobyembre 23, 2017. Sa ilalim ng Proklamasyon 374 noong Disyembre 5, 2017, humantong pa siya na ituring ang Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan (dalawang mayor na sangkap ng NDFP) bilang mga “terorista” at inilabas niya ang mga proklamasyong ito sa eksaktong panahong handa na ang mga panel sa negosasyon ng GRP at NDFP na gawing pinal at aprubahan ang mga borador ng dalawang importanteng dokumento: 1) Pangkalahatang Amnestiya para palayain ang lahat ng bilanggong pulitikal na tinukoy ng NDFP bilang pagtalima sa Komprehensibong Kasunduan hinggil sa Paggalang sa Karapatang-tao at Pandaigdigang Makataong Batas (Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law o CARHRIHL); at 2) Kasunduan sa Koordinadong Unilateral na Tigil-Putukan (bilang paghahanda sa baylateral na kasunduan sa tigil-putukan).

Walang katuturan na tapusin ang negosasyong pangkapayapaan samantalang ang mga reklamo ni Duterte ay pwede namang maayos na

ipinaabot sa Joint Monitoring Committee sa ilalim ng CARHRIHL tulad ng pagsusumite rito ng Panel sa Negosasyon ng NDFP ng di hamak na mas seryoso pa ngang mga reklamo. Ang mga pagrereklamo ni Duterte sa masmidya at ang Proklamasyon 360, na nagsaisantabi sa prosesong pangkapayapaan, ay sumagka sa mahalagang pagsulong na makakamit sana kung hindi biglang itinigil ang ikalimang pagtitipon (*fifth round*) ng pormal na usapan na nakaiskedyul dapat noong Nobyembre 25 hanggang 27 sa Oslo, Norway.

Malinaw na ngayon na tinapos ni Duterte ang negosasyong pangkapayapaan upang isangkalan ang PKP at BHB bilang mga target ng proklamasyon ng batas militar na may layuning padulasin ang pag-apruba sa isang kunwa'y pederal na sistema ng gubyerno sa ilalim ng kanyang pasistang diktadura. Sinansala niya ang dating alok ng NDFP na maging katuwang na tagapagtatag ng Pederal na Republika ng Pilipinas. Layunin niyang sapawan ang pag-iral ng dalawang gubyerno, isang rebolusyonaryo at isang reaksyonaryo, sa pamamagitan ng paggamit niya sa negosasyon at kasunduan hinggil sa mga repormang pulitikal at konstitusyunal upang tukuyin ang komun na batayan para sa pederal na porma ng gubyerno na kapaki-pakinabang sa mamamayang Pilipino. Sa kasamaang palad, nahuhumaling ang rehimeng Duterte sa pagtatatag ng pasistang diktadura.

Hindi malisya lamang ang dahilan ng pag-usbong ng tiranya. Ang paghahari ng sindak ay palagiang itinutulak ng paghahari ng kasakiman sa harap ng mariing kahilingan ng mamamayan para sa pambansa at panlipunang paglaya. Sa konteksto ng naghaharing malakolonyal at malapyudal na sistema sa Pilipinas, ang pinakamatataas na upisyal ng reaksyonaryong gubyerno na nagsisilbing mga burukrata kapitalista ay mga ahente ng dayuhang monopolyo kapitalismo at ng lokal na mga naghaharing uri ng malalaking kumprador at panginoong maylupa. Malaki ang kumpensasyon ng mga burukrata kapitalista sa patuloy nilang pagsuporta sa neoliberal na patakarang pang-ekonomya.

Kaya naririyang ang kasalukuyang iskema para ibasura ang Konstitusyong 1987 ng GRP pabor sa isang kunwa'y pederal na konstitusyon na lubos na ipinauubaya sa mga dayuhang monopolyong kumpanya sa isang ekonomya ng malalaking kumprador-panginoong maylupa at nagtatanggal sa mga probisyong nagtataguyod sa soberanya sa ekonomya at pambansang patrimonya, at rumerenda sa mga dayuhang

pamumuhunan. Bago pa man siya manumpa bilang Presidente ng GRP, binuo na ni Duterte noong Mayo 2016 ang isang grupo ng mga ekonomista para itakda ang kanyang neoliberal na patakarang pang-ekonomya na kontra sa mariing kahilingan ng mamamayang Pilipino para sa pagpapaunlad ng pambansang ekonomya sa pamamagitan ng pambansang industriyalisasyon at tunay na reporma sa lupa.

Subalit sa kabutihang loob natin sa NDFP na nagsikap pa rin tayo na kumbinsihin ang GRP na makiisa sa atin sa pagbubuo ng mga komprehensibong kasunduan hinggil sa mga repormang panlipunan, pang-ekonomya at pampulitika upang mailatag ang batayan para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan. Sa ikabubuti ng mamamayang Pilipino, ninais nating siyasatin at idaan sa pagsubok ang inihayag ni Duterte na kagustuhan na maging kauna-unahang “maka-Kaliwa” at “sosyalistang” presidente ng Pilipinas, gawing industriyalisado ang Pilipinas at samantalahin ang multipolar na daigdig upang mapangibabawan ang dominasyon ng US sa Pilipinas.

Sa huli, buong-buong inilantad ng rehimeng Duterte ang kawalan nito ng interes para sa mga batayang reporma upang mapagtuunan ng pansin ang mga ugat ng gera-sibil sa Pilipinas. Itinuturing nito ang negosasyong pangkapayapaan bilang makitid lamang na iskema ng GRP upang pasukuin at payapain ang mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan sa pamamagitan ng walang taning na baylateral na tigil-putukan. Mula sa simula, naglulunsad na ito ng patakarang “todo-largang gera” laban sa rebolusyonaryong kilusan at kahit kailan ay hindi nito naging intensyong ipatupad ang kanyang pangakong amnestiya at pagpapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal. Pinakamasahol pa rito, dati na nitong plano na dagliang tapusin ang negosasyong pangkapayapaan upang isangkalan ang PKP at BHB at bigyang-matwid ang pagpapataw ng paghaharing militar at pasistang diktadura sa mamamayan.

Tungkol sa patakarang pang-ekonomya, istriktong tumatalima ang rehimeng Duterte sa neoliberal at kontra-mamamayang linya: pagbabawas sa regular na empleyo, sahod at serbisyong panlipunan, pagkakaltas sa buwis ng mga korporasyon at mayayaman habang pinatataasan ang buwis sa mamimiling mahihirap at panggitnang uri at pagtataas sa presyo ng mga batayang produkto at serbisyong pangkonsyumer; pagsuhay sa kakayahang tumubo ang mga dayuhang korporasyon, malalaking kumprador at panginoong maylupa sa

pamamagitan ng liberalisasyon ng kalakalan at pamumuhunan; at pribatisasyon ng kumikitang mga pag-aaring publiko, anti-sosyal at kontra-kapaligirang deregulasyon at denasyunalisasyon ng ekonomyang Pilipino para sa kapakanan ng imperyalistang globalisasyon.

Walang anumang pagnanais ang rehimeng Duterte na maglunsad ng pambansang industriyalisasyon at tunay na reporma sa lupa upang mapangibabawan ang atrasado, agraryo at malapyudal na katangian ng ekonomya. Sa halip, gusto nito ang walang pakundangang pagtatayo ng imprastruktura na nakasalalay sa panlabas na pangungutang; at mas mataas na buwis sa kapinsalaan ng masa ng karaniwang mamimili at maling paggamit ng dayuhang salaping kinita ng mga manggagawang Pilipino sa ibayong dagat. Kalkulado na wawaldas ng mga proyektong pang-imprastruktura ang kakaunti na nga lamang na rekurso at papaburan ang neokolonyal na palitan ng hilaw na materyales, mga semimanupaktura at murang lakas paggawa mula sa Pilipinas at yaring produkto mula sa ibang mga bansa.

Tungkol sa posibilidad na samantalain nito ang multipolar na daigdig, nananatili ang pangangayupapa ng rehimeng Duterte sa US sa pamamagitan ng pagpapatuloy sa lahat ng mga tratado, kasunduan at kaayusan na nagpapahintulot sa US na pagharian ang Pilipinas sa ekonomya, pulitika, kultura at militar. Kasabay nito, itinatali ng rehimen ang sarili nito sa iba pang mga kapitalistang kapangyarihan nang walang karampatang konsiderasyon sa pambansang soberanya at teritoryal na integridad, sa pag-unlad ng ekonomya at sa panlipunan at pangkulturang kabutihan ng mamamayan.

Halimbawa, tumatanggap ito mula sa China ng mga utang na mataas ang komersyal na tantos ng interes at mga suplay at serbisyo na depektibo subalit pinalabis ang presyo. Kaya naman sigurado na ang pagiging alipin ng bansa sa utang at pagsasanla ng mayayamang natural na rekurso ng Pilipinas, kapwa sa mga baybayin at sa ilalim ng West Philippine Sea. Inuulit nito ang kahangalang sinimulan ng rehimeng Arroyo mahabol ang mga proyektong pinalabis ang presyo at mga kasunduan sa utang na matataas ang interes kung saan ang pinakanakinabang ay ang malalaking kumprador at mga korap na burukrata sa dalawang gilid ng South China Sea (West Philippine Sea) sa matagalang kapinsalaan ng mamamayang Pilipino.

Patuloy na lumalala ang krisis ng pandaigdigang kapitalismo. Walang pagbawi mula sa pinansyal na pagkatunaw (*financial meltdown*) ng 2008 sa kabila ng labis-labis na pag-abuso sa utang sa antas ng mga gubyrerno, korporasyon at mga tahanan. Ang pandaigdigang utang na naitala noong katapusan ng ikatlong kwarto ng 2017 ay USD 233 trilyon na mahigit tatlong beses ang laki sa pandaigdigang GDP. Hindi ito sustenable at napipinto ang pagputok nito at paglikha ng di hamak na mas malalang krisis sa ekonomya at pinansya. Sasabak ang lobo ng pandaigdigang pag-aari (*global asset bubble*). Samantala, ang mabilis na pagpapayaman ng iilang mga bansa at pamilya mula sa naghaharing uri at ang mabilis na pagbagsak sa karalitaan ng mahigit 90 porsyento ng sangkatauhan ay lumilikha ng ligalig sa lipunan at matinding polarisasyon (pagkakahati) ng mga uri (*class polarization*).

Tumitindi ang lahat ng mga batayang kontradiksyon sa mundo: yaong sa pagitan ng uring manggagawa at monopolyo burgesya sa mga industriyal na kapitalistang bansa, yaong sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan at ng aping mamamayan at bansa; at yaong sa hanay ng mga imperyalistang kapangyarihan. Ang estratehikong paghina ng US tungo sa panahon ng tuluyan nitong pagdausdos (*post-primacy period*) bilang panguhahing kapangyarihan at ang pag-angat ng China bilang industriyal na kapitalistang kapangyarihan sa bundok ng mga di-mabayarang pautang ay mga litaw na salik sa pagtindi ng tagisan sa hanay ng mga imperyalista para sa teritoryong pang-ekonomya at mga kliyenteng estado at sa pagkalat ng mga *proxy* at direktang gerang agresyon.

Ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista ay nagpapalala sa pangmatagalang krisis ng lokal na naghaharing sistema. Natutulak ang Pilipinas na mag-eksport ng paparami pang hilaw na materyales at murang lakas paggawa sa mas mababa pang presyo. Dalawampung porsyento ng pwersang paggawa ay wala na sa bansa at hinaharap nila sa ibayong dagat ang lumalakas na kamandag ng sobinismo, rasismo, pasismo at gera. Sa loob ng bansa, ang malalaking kumprador, panginoong maylupa at korap na burukrata ang umaagaw sa karamihan ng kita sa isang GDP na pinalobo ng pribado at pampublikong konstruksyon, kontra-produktibong paggastos ng gubyrerno para sa operasyong burukratiko at militar at maramihang pagkonsumo na nakasalalay sa mga binibiling produkto sa labas o import at utang panlabas.

Napakataas ng aktwal na tantos ng disempleyo sa hanay ng mga manggagawa, mga di regular at mababa ang kalidad ng empleyo (*oddjobbers*) sa kalunsuran at mga nakapagtapos sa kolehiyo. Di hamak na mas mataas sa 60 porsyento ng mga manggagawang may trabaho ang maiikli lamang ang tagal ng kontrata at tumatanggap ng sahod na mababa sa pamantayan. Walang industriyalisasyong hihigop sa patuloy na lumalaking populasyon sa kanayunan at kalunsuran. Walang tunay na reporma sa lupa. Sa katunayan, papalawak ang mga lupaing inaagaw ng mga dayuhang korporasyon, malalaking kumprador, panginoong maylupa at burukrata kapitalista para sa ispekulasyon sa real estate, pagmimina, pagtotroso, mga plantasyong nakatuon sa eksport at produksyon ng *bio-ethanol*. Sa gayon, ang pinakabinibiktima ay ang mga magsasaka at pambansang minorya.

Mabilis na pinalala ng magkasabay na mga krisis ng pandaigdigang kapitalismo at lokal na malakolonyal at malapyudal na sistema ang kalagayan para lumakas at sumulong ang ligal na demokratikong kilusang masa at ang armadong rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan. Ang mga kalagayan ding ito ang maaaring maging dahilan para makipagkasundo ang GRP sa NDFP na muling buksan ang negosasyong pangkapayapaan at buuin at aprubahan sa pinakamaagang posibleng panahon ang CASER bilang tugon sa kagyat na kahilingan ng mamamayan para sa katarungang panlipunan, pag-unlad ng ekonomya at batayang mga reporma.

Labas sa muling pagbubukas ng negosasyong pangkapayapaan ng GRP at NDFP, ang librong ito ay maaaring magsilbing instrumento sa pagpukaw, pag-organisa at pagpakilos ng lahat ng pinagsasamantalahan at inaaping uri at sektor ng lipunang Pilipino tungo sa pagkakamit ng mas mabuti at mas maaliwalas na kinabukasan na may tunay na pambansang kasarinlan, demokrasya, katarungang panlipunan, pag-unlad ng ekonomya, progresong pangkultura at pandaigdigang pagkakaisa at kapayapaan.

Prof. Jose Maria Sison
Pangunahing Konsultant Pampulitika
National Democratic Front of the Philippines
Utrecht, The Netherlands
Enero 7, 2018

Maikling Sumada

Ang mga mungkahi ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) para sa Komprehensibong Kasunduan sa Repormang Panlipunan at Pang-ekonomya (Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms o CASER) ay mga hakbanging kongkreto at kayang tuparin tungo sa pagpapalaya ng mamamayang Pilipino sa karalitaan, pagsasamantala at pagkaatrasado.

Nakabatay ang mga ito sa kasalukuyang kalagayan ng Pilipinas. Isinasaalang-alang ng mga mungkahi ang mga umiiral na rekurso—likas, tao, teknolohikal at pinansyal—sampu ng kasalukuyang kapasidad ng ekonomya sa produksyon. Ito ang mga materyal na kondisyon para sa pag-unlad ng lipunan at ekonomyang Pilipino sa paraang umaasa-sa-sarili.

Nakabatay din ang mga ito sa patuloy na nagbabagong pandaigdigang konteksto. Iginigiit ng mungkahing CASER na ang pag-unlad sa ekonomya na makatarungan at bunsod ng lokal na pagsisikap ang siyang pinakaepektibong paraan ng paglalayag sa pandaigdigang ekonomyang ginulo ng deka-dekadang pag-iral ng neoliberal na globalisasyong patakaran ng malayang pamilihan. Kinikilala ng mga mungkahi na ang pangmatagalang pandaigdigang krisis at ang lumalakas na proteksyunismo ay lumulusaw sa prospek ng anumang uri ng paglago na bunsod ng pag-eeksport at pagsalalay sa dayuhan.

Subalit ang lumalawak na *multipolarity* (kalagayang marami ang *superpower*) at ang relatibong paghina ng imperyalismong US bilang nagsosolong *superpower* ay naglalalatag ng mga oportunidad para makamit ang mga kailangang dayuhang salik at sangkap para sa rasyunal at komprehensibong pambansang programa ng pagunlad ng lipunan at ekonomya. Ang gayong integretyed at komprehensibong paraan ng pag-unlad ay nagtataguyod, higit sa lahat, sa interes ng mamamayan. Pinahuhusay nito ang papel ng estado kasabay ng paglalagay sa mga organisasyong bayan sa sentro ng pagdedesisyon hinggil sa ekonomya. Makagagawa ng mga hakbang laban sa makapangyarihang mga grupong malaon nang sumasagka sa pag-unlad ng ekonomya.

Ito ay kagyat na programa para sa tunay na progreso sa lipunan at ekonomya. Makatotohanan ito sa loob ng kasalukuyang mga prosesong

politikal at ligal at maaaring ipatupad ng kasalukuyang administrasyon at ng anumang susunod na mga di-rebolusyonaryong gubyrno. Subalit maaari pa ring magbago ang mga mungkahi habang ang mga pakikibaka ng mamamayang Pilipino at ng milyun-milyong organisadong magsasaka, manggagawa at iba pang sektor ay sumusulong at naghahawan ng daan para sa mas malalaki pang pagbabago. Tulad sa maraming bagay, mapagpasya ang lakas ng demokratikong kilusang masa.

Dagdag dito, ang inaasahang mga resulta ng mungkahing CASER ay umaalinsunod sa 12-puntong programa ng NDFP at sa sosyalistang perspektiba para sa Pilipinas. Sa lahat ng ito, pinaninindigan ng NDFP na ang isang ekonomyang mas demokratiko at may kasarlan na ang nakikinabang ay mayorya ng mga Pilipino ang siyang pundasyon ng makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.

PREAMBULO

BAHAGI I. DEKLARASYON NG MGA PRINSIPYO

BAHAGI II. BATAYAN, SAKLAW, AT KAANGKUPAN

Inilalatag ng mga bahaging ito ang pangkalahatang balangkas ng kasunduan at itinatakda kung paano maipatutupad ang kasunduan. Kabilang dito ang: dahilan ng pag-uusap hinggil sa mga reporma sa lipunan at ekonomya para resolbahin ang mga ugat ng armadong tunggalian; layunin ng kasunduan; saklaw ng kasunduan; at pagsangguni sa ilang kaugnay na pandaigdigang ligal na instrumento hinggil sa mga karapatan sa ekonomya, lipunan at kultura.

BAHAGI III. PAGPAPAUNLAD SA PAMBANSANG EKONOMYA

Binabalangkas sa bahaging ito kung papaano nagiging pundasyon ng pambansang ekonomya ang maunlad na agrikultura at kanayunan katuwang ang pambansang industriyalisasyon. Isinasakatuparan ito nang may sapat na pagsasaalang-alang sa kapaligiran upang tiyakin ang mainam na kondisyon para sa kasalukuyan at darating na mga henerasyon.

A. REPORMANG AGRARYO AT PAG-UNLAD NG KANAYUNAN

Pinakamalaking bilang ng mga prodyuser na Pilipino ang mga magsasaka at ang agrikultura ang pinakamalaking sektor sa lokal na ekonomya. Iwawasto ng tunay na repormang agraryo ang pangkasaysayang mga inhustisya laban sa mga magsasaka. Ito rin ang susi para wakasan ang karalitaan sa kanayunan na pagsisimulan ng mabilis na pag-unlad ng kanayunan ng Pilipinas.

Bubuwagin ng repormang agraryo ang mga monopolyo sa lupa sa pamamagitan ng ekspropriasyon na may selektibong kumpensasyon. Saklaw nito ang lahat ng pribado at pampublikong lupang agrikultural, pangisdaan, palaisdaan at aquaculture habang kinikilala ang mga teritoryong ninuno (*ancestral domain*). Ipamamahagi nang libre ang lupa nang may mga hakbangin laban sa rekonsentrasyon. Itataguyod at isusulong ang mga karapatan ng mga magsasaka, kabilang ang mga manggagawang bukid at mamamalakaya, na magtamasa ng nakabubuhay na sahod, makataong kalagayan sa paggawa, mga benepisyo, at maging malaya sa usura.

Pauunlarin nito ang produksyong agrikultural nang may malalaking badyet para mapaunlad ang syensya at teknolohiya sa agrikultura, pautang sa agrikultura, irigasyon, post-harvest na pasilidad, mga kalsadang mag-uugnay ng mga sakahan sa pamilihan, at suportang pangmerkado. Ipagbabawal ang kumbersyon ng lupang ginagamit sa produksyon ng pagkain. Magtatamasa ng sapat na pagkain ang bansa.

Lubos na pauunlarin nito ang mga industriya sa kanayunan sa: niyog, asukal, tabako, pagpoproseso ng karne, pagpoproseso ng isda, pagpoproseso ng prutas, mga rekado at gulay, pagpoproseso ng asin at damong-dagat (*seaweeds*), produktong gatas (*dairy*), pagpoproseso ng balat, mga produktong abaka, kawayan at uway, damit at tela, pagpapalayok (*pottery*), mwebles at mga sekundaryong produkto (*by-product*) ng pagpoprosesong agrikultural.

Magtatamasa dito ng tunay na demokratikong partisipasyon ang mga magsasaka sa pagpapasya at sa ekonomya. Magkakaroon ng mga susing papel ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa at ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa pagpapatupad ng repormang agraryo. Gayundin,

magtatayo ng mga kooperatiba at asosasyong magsasaka. Bubuuin ang isang Joint Monitoring Committee on Agrarian Reform and Rural Development (JMC-ARRD) at aaprubahan ang Bagong Batas-Agraryo.

B. PAMBANSANG INDUSTRIYALISASYON AT PAG-UNLAD NG EKONOMYA

Mula't sapul ay itinuturing na ng NDFP na susi ang pambansang industriyalisasyon sa pag-unlad ng ekonomya. Kailangan ito sa paglilikha ng mga trabaho at hanapbuhay, pagpapataas ng kita, pagtugon sa mga batayang pangangailangan ng mamamayan, pagtitiyak sa mabilis at sustenidong paglago ng ekonomya, at pagkakamit ng kasarinlang pang-ekonomya laban sa imperyalistang dominasyon.

Pauunlarin ang mga prodyuser na Pilipino at ang lokal na kapital bilang mga pwersang tagapagbunsod ng pambansang kaunlaran. Aktibong itataguyod, poprotektahan at susuportahan ng estado ang malalaki, katamtamang-laki, maliliit at *micro* na empresang Pilipino. Pagkokombinahin sa ekonomya ang mga kumpanya sa sektor pampubliko, mga negosyo na may pinagsanib napampubliko at pribadong kapital at mga negosyong pag-aari ng mga indibidwal. Hihikayatin ang pagbubuo ng mga kooperatibang industriyal.

Pauunlarin ang mga industriyang Pilipino sa malawak na saklaw ng mga kalakal na pangkonsyumer, intermedya at pangkapital. Hakbang-hakbang itong gagawin sa loob ng ilang taon at kabibilangan ito ng: pagpoproseso ng mga mineral; yero; mga instrumento, makinarya at kasangkapan na pang-agrikultura at pang-industriya; transportasyon, laluna sa riles, mga bus at barko; kasangkapan na pangkuryente; mga elektronikong sangkap at kasangkapan; kasangkapang pwedeng kontrolin nang eksakto upang makapagbigay ng eksaktong resulta (*precision instruments*); materyales sa konstruksyon; mga kemikal at produktong kemikal; mga gamot; pagkain at inumin; at mga tela, damit at sapin sa paa; at biotechnology (paggamit ng mga buhay na organismo para lumikha ng gamot tulad ng bakuna at *antibiotic* at iba pang mga produkto).

Isasabansa upang matiyak ang mga serbisyo para sa elektrisidad, tubig, telekomunikasyon at transportasyon para sa mamamayan at sa pangkalahatang pag-unlad. Isasabansa rin ang pagmimina upang tiyakin ang rasyunal na pagkuha at paggamit ng mga rekursong mineral ng

bansa. Ang mga empresa sa lubhang kinakailangan at estratehikong mga industriyang ito ay magiging 60-100% pag-aari ng estado.

Pag-uugnayin ang mga rehiyon at sektor. Poprotektahan ang mga karapatan at kagalingan ng mga manggagawa at maayos na pamamahalaan ang epekto nito sa kapaligiran. Agresibong pauunlarin ang agham at teknolohiyang Pilipino nang may malalaking pamumuhunan at may pag-uugnay sa mga kumpanya, unibersidad at organisasyong masa.

Babaklasin ang dominasyon ng malalaking kapitalista na nagsasamantala sa ekonomya at nagpapanatili ritong atrasado. Isasailalim sa ekspropriasyon at isasabansa ang dayuhang monopolyong kapital sa mahahalaga at estratehikong mga industriya. Maaaring umabot ang dayuhang kapital nang hanggang 40% sa mga empresa na may pahintulot subalit ipapailalim ito sa regulasyon upang matiyak na tunay itong makapag-aambag sa pambansang kaunlaran. Babaguhin ang pinaglalaanan ng kapital at pag-aari ng malalaking burgis kumprador at itutuon ito sa pambansang industriyalisasyon at pagpapaunlad ng kanayunan. Kukumpiskahin ang nakaw na yaman ng mga burukrata kapitalista.

Lalahok ang mga manggagawa sa demokratikong pagpapasya upang proteksyunan at isulong ang kanilang mga karapatan at kagalingan. Magkakaroon ng mga unyon at konsehong manggagawa sa mga empresang industriyal at kumpanyang kapitalista. Ang pinansya para sa industriyalisasyon ay palilitawin mula sa mga bonong (*bonds*) industriyal, kumpensasyon sa mga panginoong maylupa, progresibong pagbubuwis, impok ng gobyerno, mga industriyal na sarplas ng gobyerno na muling ipinuhunan, at mga kumpiskadong ari-arian.

Kagyat na bubuuin ang Joint Monitoring Committee on National Industrialization and Economic Development (JMC-NIED) upang tiyakin ang epektibong implementasyon ng mga probisyon ng NIED.

K. PANGANGALAGA SA KAPALIGIRAN, REHABILITASYON AT KUMPENSASYON

Sa pagpapaunlad ng ekonomya, titiyakin ng NDFP na malusog ang likas na kapaligiran. Magbabalangkas ng pambansang patakaran

hinggil sa eksplorasyon, konserbasyon, rehabilitasyon at pagpapaunlad ng mga likas na yaman ng bansa, kabilang yaong nasa teritoryal na karagatan at eksklusibong sonang pang-ekonomya nito. Sa pagpaplanong pangkapaligiran sa kalunsuran at kanayunan, titiyakin ang pinakaminimum na posibleng kapal ng populasyon (*congestion*) at polusyon sa buong bansa. Una at pangunahin sa lahat, ang paggamit sa likas na yaman ng bansa ay reserbado para sa mamamayang Pilipino.

Sa produksyong agrikultural, titiyakin ang pagpapaunlad sa kanayunan at pambansang industriyalisasyon, tuluy-tuloy na paglaganap ng paggamit ng mga pamamaraan sa produksyon na hindi mapaminsala sa kapaligiran. Ito'y upang matiyak ang pinakamasinop na paggamit ng mga napapalitan at di-napapalitan (*renewable and non-renewable*) rekurso ng bansa. Gagawa ng mga angkop na hakbang para lutasin ang polusyon at pagtatapon ng basura. Ipatutupad ang mga nararapat na programa para maangkupan at maibsan ang mga epekto ng pagbabago ng klima.

Pangangalagaan ang lupa, tubig, mga halaman at hayop at iba pang likas na yaman ng bansa upang mapanatili ang mga ito. Magbubuo, magpapatupad at magtataguyod ng mga programa para sa tunay na rehabilitasyon at pagpapaunlad ng mga rekursong paubos na, marumi at nawasak, nang may sapat na pondong kukunin sa kumpensasyon para sa pagkawasak ng kapaligiran at mula sa pambansang gubyerno. Ang pagmimina at pagkuha ng yamang dagat ay isasailalim sa istriktong regulasyon. Ipagbabawal ang pag-angkin ng mga dayuhan sa mga imbensyon ng mga Pilipino gamit ang mga iskema sa *intellectual property*. Sa mga pagkakataong papayagan ang *patenting*, ito'y magiging eksklusibo para sa mga Pilipino, na may pagkiling sa kolektibong pag-aari.

Ititigil ang walang pakundangang pagsasamantala sa likas na yaman ng bansa ng mga hayok sa tubong dayuhan at lokal na kapitalista. Ipagbabawal ang lubhang mapaminsalang mga aktibidad sa pagmimina, agrikultura, industriya, paghahawan ng lupa, reklamasyon at mga katulad nito. Ipagbabawal din ang mga nakalalasang basura, maruruming kalakal, mga industriyang sanhi ng polusyon, kagamitang pandigma at mga katulad nito na mula sa mga dayuhan.

Pananagutin ang lahat ng nangwawasak sa kapaligiran, kabilang ang US at iba pang mga gubyerno, korporasyon, upisyal ng gubyerno at iba

pa. Tatanggap ng danyos ang mga komunidad, mga biktima at buhay pa nilang mga kamag-anak.

Magtatamasa ng tunay na demokratikong partisipasyon at pahintulot ang mga apektadong komunidad laluna ng mga pambansang minorya. Palalaganapin nang husto ang kamalayang pangkapaligiran sa pamamagitan ng sistemang pang-edukasyon, mga organisasyong masa, masmidya at mga organisasyong pangkapaligiran sa mga komunidad. Pakikilusin ang mamamayan upang protektahan at pamahalaan ang kapaligiran.

Kagyat na bubuuin ang Joint Monitoring Committee on Environmental Protection, Rehabilitation and Compensation (JMC-EPRC) para tiyakin ang epektibong implementasyon ng mga probisyon ng kasunduan hinggil sa EPRC.

BAHAGI IV. PAGTATAGUYOD SA KARAPATAN NG MAMAMAYAN

Dapat tiyakin at itaguyod ng sosyo-ekonomikong pag-unlad ang kagalingan ng mamamayan at paunlarin ang kanilang buong potensyal bilang mga taong may makabuluhang pamumuhay. May espesyal na diing ibibigay sa mga manggagawa, magsasaka, kababaihan, mga bata at kabataan, maralita sa kalunsuran at kanayunan, migranteng manggagawa, pambansang minorya, matatanda, may kapansanan at iba pang mga sektor na isinaisantabi , kabilang na ang mga pambansang negosyante, na siyang pinakapinagsasamantalahan o may pinakamaliit na pakinabang mula sa kasalukuyang sistemang sosyo-ekonomiko.

A. KARAPATAN NG NAGTATRABAHONG MAMAMAYAN

Dapat itaguyod ang mga karapatan ng nagtatrabahong mamamayan habang pinaunlad ang ekonomya. May karapatan ang lahat sa trabaho, kabuhayan at proteksyong panlipunan. Lahat ng nagtatrabaho ay may karapatan sa nakabubuhay na sahod, mga benepisyo, seguridad sa trabaho at makataong kalagayan sa paggawa, at sa demokratikong karapatang mag-organisa at magwelga.

Aakuin ng estado ang responsibilidad sa direktang pagbibigay ng: libreng edukasyon sa antas primarya, sekundaryo at tersyaryo;

libreng pangangalagang pangkalusugan mula antas primarya hanggang tersyaryo kabilang ang pagtataguyod sa komprehensibong batayang pangangalagang pangkalusugan sa antas ng komunidad; at abot-kayang pangmasang pabahay.

Gagarantiyahan ang pagbibigay ng abot-kaya at de-kalidad na tubig, kuryente, pangmasang transportasyon, at serbisyong telekomunikasyon, kabilang na ang libreng internet para sa mamamayan. Ang mga serbisyo at pasilidad na ito ay magiging pag-aari at pangangasiwaan ng estado at kokontrolin sa pamamagitan ng mga korporasyon ng estado o pakikisosyo sa mga pribadong empresa o kooperatiba. Patatakbuin ang mga ito nang may buo at epektibong partisipasyon ng mamamayan. Babaliktarin ang kasalukuyang pribatisasyon at deregulasyon ng mga pampublikong yutiliti at serbisyo.

Dapat tugunan ang mga pangangailangan ng mamamayan sa kanilang mga ispesikipong kalagayan. Kabilang dito ang pagtataguyod sa mga karapatan, interes at kagalingan ng mga Pilipino sa ibayong dagat habang winawakasan ang pagsalig ng ekonomya sa pag-eeksport ng murang paggawa. Masigasig na itataguyod ang pagkakapantay-pantay sa kasarian at proteksyon laban sa diskriminasyon sa kababaihan at iba pang kasariang nakararanas ng diskriminasyon. Gagawa ng mga probisyon para sa libreng *daycare* at *nursery*, murang pagkain at pampublikong labahan (*public laundry*) upang mapagaan ang gawaing bahay. Kikilalanin ang *same-sex* na kasal. Gagawing ligal ang diborsyo.

Titiyakin ang proteksyon ng mga bata; iwawaksi ang mga kondisyong nagbubunsod ng pagtatrabaho ng mga bata at magbibigay ng mga komprehensibong programa sa pangangalaga ng mga bata. Bibigyan ng mas malalaking oportunidad ang mga matanda at may kapansanan para maging aktibo at produktibo. Bubuuin ang unibersal na sistemang pensyon na popondohan ng buwis at hindi nangangailangan ng kontribusyon.

Magbibigay ng sapat na suporta ang estado sa paghahanda at pagresponde sa kalamidad. Itataguyod ang pagsisikap dito ng mga komunidad at ang paglahok ng mamamayan. Pananagutin ang mga upisyal ng gubyrno sa kanilang kapabayaang at korapsyon.

Kagyat na bubuuin ang Joint Monitoring Committee on Rights of Working People (JMC-RWP) upang tiyakin ang epektibong implementasyon ng mga probisyon ng RWP.

B. PAGTATAGUYOD SA PATRIYOTIKO, PROGRESIBO AT MAKA-MAMAMAYANG KULTURA

Tumatagos ang kultura sa lahat ng aspeto ng lipunan kabilang na ang sosyo-ekonomiko kaya may bisa itong maaaring sumagka o sumuporta sa mga repormang panlipunan at pang-ekonomya. Kung kaya itataguyod ang patriyotiko, progresibo at maka-mamamayang kultura na nagsusulong sa kritikal na pag-iisip at sumasalamin sa mga kalagayan, mithiin at pakikibaka ng mamamayan.

May susing papel sa kultura ang sistemang pang-edukasyon. Ang kurikulum, materyales at mga aktibidad nito ay isasailalim sa reoryentasyon upang baguhin ang naging pangunahing papel nitong magluwal ng pwersang paggawa na hinihingi ng mga grupong naghahabol ng tubo. Pauunlarin din ang isang mapagkakatiwalaang sistema sa impormasyong publiko at hihimukin ang mga pribadong telebisyon, radyo, pahayagan at iba pang daluyan ng masmidya na paunlarin ang kanilang nilalaman. Itataguyod ang kalayaan sa pananalita, pagpapahayag at impormasyon (*freedom of speech, expression and information*).

Itataguyod ang progresibong sining, musika, panitikan, teatro at pelikula. Kabilang dito ang pagpapalakas sa mga lokal na konseho ng sining at pagtatayo ng mga sentrong pangkomunidad para sa kultura at sining. Poprotektahan ang mga lugar na nagtatanghal ng ating kultura at kalikasan (*cultural and natural heritage sites*). Mas matatag at masiglang itataguyod ang pambansang wikang Filipino. Pangangalagaan ang lokal na ekonomyang kultural at itataguyod ang soberanya sa kultura.

Kagyat na bubuuin ang Joint Monitoring Committee on Promoting Patriotic, Progressive and Pro-People Culture (JMC-Culture) upang tiyakin ang epektibong implementasyon ng mga probisyon sa pagtataguyod ng patriyotiko, progresibo at maka-mamamayang kultura.

K. PAGKILALA SA LUPA AT TERITORYONG NINUNO NG MGA PAMBANSANG MINORYA

Kikilalanin ang mga lupa at teritoryong ninuno at ang natatanging pagkakakilanlan (*distinct identities*) ng mga katutubong mamamayan at ng Bangsamoro. Itataguyod ang karapatan ng mga pambansang minorya sa pagpapasya-sa-sarili. Tatamasahin nila ang karapatang pagpasyahan at paunlarin ang sarili nilang mga prayoridad at estratehiya habang isinasagawa ang mga hakbangin para tiyakin na makikinabang sila sa pambansang programa para sa sosyo-ekonomikong pag-unlad.

Itataguyod ang kanilang karapatan sa malaya at paunang pagpapahintulot batay sa sapat na impormasyon (*free, prior and informed consent*), at sa kolektibong pagpapasya. Aamyendahan ang mga maling batas at patakaran at ang mga ibinunga nito. Kabilang dito ang Indigenous Peoples' Rights Act (IPRA) na papalitan ng bagong batas na tunay na nagtataguyod sa mga karapatan ng mga pambansang minorya. Rerepasuhin ang mga titulo sa mga lupa at teritoryong ninuno at kakanselahin ang mga walang batayan na pag-angkin.

Gagawa ng mga hakbang para iwasto ang institusyunal na diskriminasyon. Kabilang dito ang mga hakbang na titiyak na ang sistemang pang-edukasyon, masmidya, sining at literatura at iba pang mekanismong pangkultura ay wastong naglalarawan sa mga pambansang minorya. Magkakaroon ng moratoryum sa mga bagong aplikasyon para sa mga proyekto sa pagmimina, dam, enerhiya, pagtotroso, plantasyon, ekoturismo at iba pa.

Kagyat na bubuun ang Joint Monitoring Committee on Recognition of Ancestral Lands and Territories of National Minorities (JMC-National Minorities) upang tiyakin ang epektibong implementasyon ng mga probisyon hinggil sa pagkilala sa mga lupa at teritoryong ninuno ng mga pambansang minorya.

BAHAGI V. SOBERANYA SA EKONOMYA PARA SA PAMBANSANG KAUNLARAN

Tinitiyak ng bahaging ito na ang mga patakarang makro-ekonomiko ay maggigiit ng pambansang soberanya, laluna ang soberanya sa ekonomya, at ng pambansang patrimonya. Batay dito ay makapaghahalaw ng

nilalaman mula sa pinakamalawak na hanay ng mga posisyong patriyotiko para sa pambansang sosyo-ekonomikong pag-unlad.

A. PANLABAS NA UGNAYAN SA EKONOMYA AT KALAKALAN

Magiging tunay na nagsasarili ang patakarang panlabas hinggil sa ekonomya. Sa pakikipag-ugnayang pang-ekonomya ng bansa, dapat maisulong ang pambansang pag-unlad sa lipunan at ekonomya sa halip na masagkaan ito.

Sa pagpapaunlad ng ekonomya, kailangan ang aktibong suporta, proteksyon at pagtataguyod ng estado sa mga Pilipinong empresang agrikultural, industriyal at panserbisyo. Isasailalim sa tamang regulasyon ang kalakalang panlabas at dayuhang pamumuhunan upang matiyak ang pangmatagalang kontribusyon nito sa pambansang kaunlaran.

Rerepasuhin ang lahat ng pandaigdigang kaayusan sa ekonomya na kinasasangkutan ng bansa laluna sa usapin ng paglikha ng kinakailangang puwang para sa mga patakarang pangkaunlaran. Kabilang dito ang iba't ibang kasunduan sa pamumuhunan, malayang kalakalan at pagsapi sa mga pandaigdigang organisasyon. Maaaring amyendahan, suspindihin o itigil, o bawiin pa nga kung kinakailangan, ang mga kasunduan at kumalas sa pagiging myembro ng mga samahang pandaigdig.

Gagamitin ang pagkontrol sa kapital upang itaguyod ang istabilidad sa pinansya at panatilihin ang kasarinlan sa lokal na pananalapi, tantos sa palitan ng salapi, at patakaran sa pinansya at sa kita at gastusing panggubyrno. Pag-iibayuhin pa ang mga pagsisikap para tiyakin na ang dayuhang suportang pinansyal at teknikal ay nagsusulong ng pambansang kaunlaran.

Magbubuo ng mas mabubuting relasyon sa mga bayan ng East Asia, mga di-tradisiyunal na kapangyarihang pang-ekonomya, at mga bayan sa Third World na naggigiit ng kasarinlan. Pagsisikapang gawing mas nakatuon-sa-kaunlaran ang mga rehiyunal na kaayusan sa ekonomya.

Kagyat na bubuuin ang Joint Monitoring Committee on Foreign Economic and Trade Relations (JMC-FETR) upang tiyakin ang epektibong implementasyon ng mga probisyon ng FETR.

B. MGA PATAKARAN SA PINANSYA, PANANALAPI AT SA KITA AT GASTUSING PANGGUBYERNO

Babaguhin ang disenyo ng sistema sa pagbabangko at pinansya upang maituon ang mga rekurso ayon sa mga prayoridad sa pamumuhunan— pag-unlad sa agrikultura, industriyalisasyon sa kanayunan, lubhang mahalalaga at estratehikong industriya, prayoridad na lokal na pagmamanupaktura, imprastruktura, serbisyo at kagalingang panlipunan, at iba pa. Ito ay magiging pag-aari at kokontrolin ng sektor pampubliko at ng mga Pilipino.

Pasisiglahin ang pagbabangkong pangkaunlaran. Babaguhin ang oryentasyon ng mga bangkong pangkaunlaran ng gubyrerno upang sistematisado nilang suportahan ang mga pambansang prayoridad sa pamumuhunan; ang mga bangko ng gubyrerno na isinapribado ay muling isasabansa. Hihikayatin ang mga pribadong bangko na ituon ang kanilang pagpapautang sa mga prayoridad na sektor sa pamamagitan ng paglalaan ng mga tiyak na halaga mula sa kanilang mga pondong pautang, pagbibigay ng insentibo sa buwis at iba pang mga mekanismo.

Tatargetin ng mga patakaran sa pananalapi di lamang ang mga usapin ng implasyon at paglago ng ekonomya kundi ang pamumuhunan, empleyo at pagkakapantay-pantay ayon sa estratehikong programa sa ekonomya. Gagawing matatag ang piso ng Pilipinas sa pamamagitan ng sistema na pwedeng kontrolin ang tantos ng palitan (*managed exchange rate*), regulasyon sa kumbersyon ng salapi at kontrol sa kapital. Ipapailalim sa regulasyon ang pangungutang sa ibang bansa upang maitaguyod ang istabilidad sa pinansya, masuportahan ang pambansang kaunlaran, at matiyak ang kasarinlan sa lokal na patakaran sa pananalapi, tantos ng palitan, pinansya at sa kita at gastusing panggubyrerno.

Radikal na babaguhin ang patakaran sa kita at gastusing panggubyrerno para matiyak ang mga kailangang rekurso ng gubyrernong para sa serbisyonang panlipunan, pampublikong yutiliti, pamumuhunan ng gubyrerno at pagbubuo ng kapital. Ipatutupad ang isang progresibong sistema sa pagbubuwis na may mas mababang buwis sa kita ng masa at maliliit na negosyo, at mas mataas na buwis sa kita ng mayayaman at malalaking korporasyon. Sa pangkalahatan ay babawasan ang mga buwis sa konsumo maliban sa mga luho at mga bagay na di kanais-nais sa

lipunan. Itataas ang buwis sa ari-arian, kitang kapital, mana, lupa at iba pang buwis sa yaman.

Lulutasin din ang pagtagas ng rekurso. Kabilang dito ang mga hakbangin laban sa pag-iwas sa buwis ng mga korporasyong transnasyunal, pangungurakot, katiwalian at di-episyenteng burukrasya.

Kagyat na bubuuin ang Joint Monitoring Committee on Financial, Monetary and Fiscal Policies (JMC-FMF) upang tiyakin ang epektibong implementasyon ng mga probisyon hinggil sa mga patakarang pampinansya, sa pananalapi at sa kita at gastusing panggubyrerno.

K. PAGPAPLANONG PANLIPUNAN AT PANG-EKONOMYA

Babalangkasin ang isang estratehiko at pangmatagalang plano sa sosyo-ekonomikong pag-unlad upang makapagtayo ng matitibay na lokal na pundasyong pang-ekonomya at tiyakin ang kagalingan ng mamamayang Pilipino. Pagtitibayin ng plano na inuuna ang mga target at layuning panlipunan sa halip na merkado. Ipatutupad ito sa pamamagitan ng mga limang-taong planong pang-ekonomya nang may taunang mga modipikasyon kung kinakailangan.

Ikokoordina at ipatutupad ang plano ng lahat ng departamento, ahensya at instrumentalidad ng gubyrerno. Ang implementasyon ay demokratikong pagpapasyahan, lantad sa publiko at may pananagutan sa lipunan. Magbabalangkas din ng mga ispesipikong programa sa panlipunan at pang-ekonomyang pag-unlad na naaalinsunod sa mga pangunahing seksyon at erya ng CASER.

Ang estratehikong plano ay babalangkasin ng Social and Economic Planning Commission (SEPC) na bubuuin ng pantay na bilang ng mga ekspertong nonominahan ng mga panel sa negosasyon ng GRP at NDFP. Magbubuo rin ng mga komite upang suportahan ang SEPC.

BAHAGI VI. PANGKALAHATANG MEKANISMO SA IMPLEMENTASYON

Nasa bahaging ito ang probisyon sa pagbubuo ng GRP-NDFP Social and Economic Oversight and Advisory Council (SEOAC). Ito ang mekanismo para sa pamamahala at pagmomonitor ng pangkalahatang

implementasyon ng kasunduan kabilang ang gawain ng mga komite at iba pang binuong entidad. Magiging responsable rin ito sa pagreresolba ng mga sigalot na nagmumula sa implementasyon ng kasunduan.

BAHAGI VII. MGA PINAL NA PROBISYON

Nasa bahaging ito ang mga probisyon sa implementasyon alinsunod sa kani-kanyang mga sistemang ligal, komun at hiwalay na tungkulin at responsibilidad, epektibidad, katibayan ng kasunduan at pagiging balido nito, at iba pa.

**BORADOR NA KOMPREHENSIBONG KASUNDUAN
HINGGIL SA MGA REFORMANG PANLIPUNAN AT
PANG-EKONOMYA
(COMPREHENSIVE AGREEMENT
ON SOCIAL AND ECONOMIC REFORMS
O CASER)**

ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP)



NDFP Reciprocal Working Committee
on Social and Economic Reforms

@ Reciprocal Working Committee
ng Panel sa Negosasyon ng NDFP

Enero 2018

NDF International Information Office
Amsterdamsestraatweg 50, 3413AG, Utrecht
Phone: +31 30 231 04 31
E-Mail: admin@ndfp.org
website: <https://www.ndfp.org/peace-talks/>

Nilalaman

Pambungad	1
Mensahe sa Pagkakalimbag ng Borador na CASER ng NDFP	5
Maikling Sumada	11
Komprehensibong Kasunduan hinggil sa mga Repormang Panlipunan at Pang-ekonomya sa Pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas at ng National Democratic Front of the Philippines (Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms Between the Government of the Republic of the Philippines and the National Democratic Front of the Philippines	
Preambulo	26
BAHAGI I. Deklarasyon ng mga Prinsipyo	27
BAHAGI II. Batayan, Saklaw at Kaangkupan	29
BAHAGI III. Pagpapaunlad sa Pambansang Ekonomya	31
A. Repormang Agraryo at Pag-unlad ng Kanayunan	33
B. Pambansang Industriyalisasyon at Pag-unlad ng Ekonomya	59
K. Pangangalaga, Rehabilitasyon at Kumpensasyon para sa Kapaligiran	85
BAHAGI IV. Pagtataguyod sa Karapatan ng Mamamayan	99
A. Karapatan ng Mamamayang Nagtatrabaho	101
B. Pagtataguyod sa Patriyotiko, Progresibo at Maka-mamamayang Kultura	123
K. Pagkilala sa lupa at teritoryong ninuno ng mga pambansang minoritya	133
BAHAGI V. Soberanyang Pang-ekonomya para sa Pambansang Kaunlaran	140
A. Panlabas na Relasyong Pang-ekonomya at Pangkalakalan	143
B. Mga Patakaran sa Pinansya, Pananalapi at sa Kita at Gastusing Panggubyerno	151

K. Hinggil sa Pagpaplanong Panlipunan at Pang-ekonomya	161
BAHAGI VI. Pangkalahatang Mekanismo sa Implementasyon	165
BAHAGI VII. Mga Pinal na Probisyon	167
Annex A - Inisyal na Listahan ng NDFP ng mga Iminumungkahing Batas at Executive Issuances kaugnay ng Repormang Agraryo at Pagpapaunlad ng Kanayunan	169
Annex B - Iskedyul sa Implementasyon at Plano sa Trabaho para sa ARRD	174
Annex C - Listahan ng mga Susing Industriya	177
Annex D - Listahan ng mga Batas, Kautusan at Issuances na hindi umaayon sa Pambansang Industriyalisasyon	177

Pambungad

Pasok na pasok na tayo sa ika-21 siglo, subalit humaharap pa rin tayo sa mahirap at mahigpit na gawain ng pagtatayo ng ekonomya para sa mamamayan. Ang adyenda ng mga repormang panlipunan at pang-ekonomya sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at Guberno ng Republika ng Pilipinas (GRP) ay kumikilala na kinakailangan ang malawakang pagbabago. Ikinalulugod ng NDFP Reciprocal Working Committee on Social and Economic Reforms (RWC-SER) na ibahagi sa publiko ang pinakabagong bersyon ng mungkahi ng NDFP na Komprehensibong Kasunduan Hinggil sa mga Repormang Panlipunan at Pang-ekonomya (Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms o CASER).

Nabuo ang unang bersyon ng mungkahing CASER ng NDFP noong 1998, sa gitna ng masasabing pinakamasinsing panahon ng pagpapatupad ng mga patakaran ng globalisasyon sa kasaysayan ng bansa. Nagbabala noon ang NDFP na palalalain lamang ng neoliberalismo ang malapyudal at malakolonyal na pagkaatrasado ng bansa. Sa pamamagitan ng CASER, iminungkahi namin ang isang programang pang-ekonomyang nagtatakwil sa mapangwasak na ekonomya ng malayang merkado at sa halip ay nagtataguyod sa pangangailangan ng responsableng interbensyon ng estado at paglalagay ng kagalingang bayan sa sentro ng mga patakarang pang-ekonomya.

Ngayon, pagkaraan ng halos dalawang dekada, nasa panahon ng matinding krisis at maigting na kumpetisyon ng mga imperyalista ang daigdig. Walang kasinlinaw ang mga epekto ng neoliberalismo sa ekonomyang Pilipino at mamamayang Pilipino. Anumang paglago ng ekonomyang natamo raw ay pinakinabangan ng iilang dayuhan at lokal na naghaharing uri. Para sa ibayong nakararaming Pilipino, ang katumbas nito ay kawalang-hanapbuhay at karalitaan sa isang di maunlad at atrasadong ekonomya na lalong sinasalanta ng di maiiwasang mga sakunang dulot ng pagbabago ng klima. Nananatiling karugtong lamang ng mga monopolyo kapitalistang kapangyarihan ng mundo ang ekonomyang Pilipino bilang pinagkukunan ng kanilang tubo at kapital para sa murang lakas-paggawa at mga materyal na rekurso nito.

Higit kailanman, pinatutunayan ng ganitong kalagayan ang mga batayang saligan at pagsusuri ng orihinal na mungkahing CASER ng NDFP mula 1998. Sa kabila nito, positibong bagay ang pag-ipon ng mamamayang Pilipino ng karanasang nakapagbibigay sa kanila ng kapangyarihan sa pang-araw-araw nilang mga pakikibakang pang-ekonomya at pampulitika laban sa pang-aapi at pagsasamantala. Pinakamahalaga rito ang malalaking tagumpay na natamo at aral na nakamit ng mga rebolusyonaryong pwersa sa mga lugar na nakapagtayo na ng mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika.

Ang pinakabagong bersyong ito ng CASER ay resulta ng masusing pag-aaral at pagsusuri na sinimulan noong kalagitnaan ng 2016. Tiningnan ng NDFP RWC-SER ang makabuluhang karanasan at praktika ng mga rebolusyonaryong pwersa sa kalunsuran, at laluna, sa kanayunan. Nirepaso nito ang karanasan ng mga bansa na, sa iba't ibang kontekstong pampulitika at pangkasaysayan ay umabante mula sa pagkaatrasado.

Ginawang mas angkop sa panahon, pinino at dinagdagan ang mga probisyon ng CASER matapos ang dose-dosenang konsultasyon sa buong bansa ang borador na ito. Kinunsulta ang mga organisadong pwersa sa mga sonang gerilya at mga progresibong organisasyong masa ng mga magsasaka, manggagawa, maralitang lunsod, pambansang minorya, kababaihan, kabataan at estudyante, migranteng manggagawa, at iba pang grupong nasa laylayan ng lipunan. Nakipagugnayan din sa maraming iba pang naghahangad ng mga reporma; industriyalista at pambansang negosyante, may-ari ng lupa at propesyunal, ekonomista at akademiko, NGO at tagapagtaguyod ng mga isyung bayan, upisyal at tauhan ng GRP. Madaling naabot ang napakaraming tao dahil sa pagpapalaya sa mga konsultant ng NDFP na ikinulong ng walang katarungan.

Sa kabila nito, ang mungkahing CASER na ito ay patuloy na nagbabago, tulad ng lipunang Pilipinong nilalayan nitong paunlarin at unti-unting pasulungin. Simula pa lamang ang ibayong pagtaas ng kamulatan ng publiko hinggil sa pangangailangan ng mga reporma. Hinihikayat namin ang mamamayan na basahin, pag-aralan at talakayin sa publiko ang mungkahing CASER ng NDFP. Ikalulugod namin ang anumang komentaryo mula sa publiko kung papaano epektibong makapagsasagawa ng mga repormang panlipunan at pang-ekonomya na pakikinabangan ng mamamayan at bansa. Tiyak na uunlad pa ang CASER habang paparaming

tao ang tatalakay, magrerepaso, mag-aamyenda, magtataguyod at malao’y mangangampanya para sa mga mungkahing reporma nito bilang sariling adyenda.

Sa maraming aspeto, ang mungkahing CASER ng NDFP ay radikal na landas ng transpormasyong sosyo-ekonomiko laluna sa paghahangad nitong salaminin ang mga interes at mithiin ng mamamayan. Subalit malinaw din na marami sa mga pakinabang nito ay kagyat na maipatatupad kung may sapat na kapasyahan sa pulitika. Sa ngayon, milyun-milyong Pilipino na ang naglulunsad ng pinakamahahalagang pakikibaka para rito sa araw-araw—sa malawak na kanayunan at sa mga sentrong lunsod, laban sa sakim na mga dayuhan at lokal na mayayaman, at upang palayain ang mamamayan mula sa pang-aapi at pagsasamantala. At magpapatuloy na makikibaka ang mamamayan kahit sa harap ng tumitinding panunupil.

Ang mga pundasyon ng isang ekonomya at lipunan na ang mithiin ay ang komun na kabutihan ay nakasalalay dito. Nararapat lamang na tamasahin ng mamamayang Pilipino.

NDFP RWC-SER
December 24, 2017

Mensahe sa Pagkakalimbag ng Borador na CASER ng NDFP

Pinupuri ko ang Reciprocal Working Committee on Social and Economic Reforms (RWCSER) ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), kasama ang mga konsultant at istap nito, sa pagkikinis, pagpepreserba at paglilimbag sa anyong libro ng maaaring ituring at pamagatang Borador na Komprehensibong Kasunduan hinggil sa mga Repormang Panlipunan at Pang-ekonomya ng NDFP (NDFP Draft Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms o CASER).

Napakahalaga at malaki ang silbi ng librong ito para ipakita ang kahandaan ng NDFP na makipagnegosasyon sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP), bumuo ng makabuluhang kasunduan hinggil sa mga repormang panlipunan at pang-ekonomya sa kabila ng napakalaking mga balakid hanggang sa kasalukuyan. Ipinatatanaw din nito na dapat paghandaan ang pagdating ng mas mabubuting pagkakataon na na mapagtatanto ng pinakamatataas na upisyal ng GRP na ang muling pagbubukas ng negosasyong pangkapayapaan ay matalinong desisyon dahil sa kagyat na pangangailangan at panawagan ng mamamayan para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.

Kahina-hinayang na tinapos ni Presidente Duterte ng GRP ang negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP sa bisang Proklamasyon 360 noong Nobyembre 23, 2017. Sa ilalim ng Proklamasyon 374 noong Disyembre 5, 2017, humantong pa siya na ituring ang Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan (dalawang mayor na sangkap ng NDFP) bilang mga “terorista” at inilabas niya ang mga proklamasyong ito sa eksaktong panahong handa na ang mga panel sa negosasyon ng GRP at NDFP na gawing pinal at aprubahan ang mga borador ng dalawang importanteng dokumento: 1) Pangkalahatang Amnestiya para palayain ang lahat ng bilanggong pulitikal na tinukoy ng NDFP bilang pagtalima sa Komprehensibong Kasunduan hinggil sa Paggalang sa Karapatang-tao at Pandaigdigang Makataong Batas (Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law o CARHRIHL); at 2) Kasunduan sa Koordinadong Unilateral na Tigil-Putukan (bilang paghahanda sa baylateral na kasunduan sa tigil-putukan).

Walang katuturan na tapusin ang negosasyong pangkapayapaan samantalang ang mga reklamo ni Duterte ay pwede namang maayos na

ipinaabot sa Joint Monitoring Committee sa ilalim ng CARHRIHL tulad ng pagsusumite rito ng Panel sa Negosasyon ng NDFP ng di hamak na mas seryoso pa ngang mga reklamo. Ang mga pagrereklamo ni Duterte sa masmidya at ang Proklamasyon 360, na nagsaisantabi sa prosesong pangkapayapaan, ay sumagka sa mahalagang pagsulong na makakamit sana kung hindi biglang itinigil ang ikalimang pagtitipon (*fifth round*) ng pormal na usapan na nakaiskedyul dapat noong Nobyembre 25 hanggang 27 sa Oslo, Norway.

Malinaw na ngayon na tinapos ni Duterte ang negosasyong pangkapayapaan upang isangkalan ang PKP at BHB bilang mga target ng proklamasyon ng batas militar na may layuning padulasin ang pag-apruba sa isang kunwa'y pederal na sistema ng gubyerno sa ilalim ng kanyang pasistang diktadura. Sinansala niya ang dating alok ng NDFP na maging katuwang na tagapagtatag ng Pederal na Republika ng Pilipinas. Layunin niyang sapawan ang pag-iral ng dalawang gubyerno, isang rebolusyonaryo at isang reaksyonaryo, sa pamamagitan ng paggamit niya sa negosasyon at kasunduan hinggil sa mga repormang pulitikal at konstitusyunal upang tukuyin ang komun na batayan para sa pederal na porma ng gubyerno na kapaki-pakinabang sa mamamayang Pilipino. Sa kasamaang palad, nahuhumaling ang rehimeng Duterte sa pagtatatag ng pasistang diktadura.

Hindi malisya lamang ang dahilan ng pag-usbong ng tiranya. Ang paghahari ng sindak ay palagiang itinutulak ng paghahari ng kasakiman sa harap ng mariing kahilingan ng mamamayan para sa pambansa at panlipunang paglaya. Sa konteksto ng naghaharing malakolonyal at malapyudal na sistema sa Pilipinas, ang pinakamatataas na upisyal ng reaksyonaryong gubyerno na nagsisilbing mga burukrata kapitalista ay mga ahente ng dayuhang monopolyo kapitalismo at ng lokal na mga naghaharing uri ng malalaking kumprador at panginoong maylupa. Malaki ang kumpensasyon ng mga burukrata kapitalista sa patuloy nilang pagsuporta sa neoliberal na patakarang pang-ekonomya.

Kaya naririyang ang kasalukuyang iskema para ibasura ang Konstitusyong 1987 ng GRP pabor sa isang kunwa'y pederal na konstitusyon na lubos na ipinaubaya sa mga dayuhang monopolyong kumpanya sa isang ekonomya ng malalaking kumprador-panginoong maylupa at nagtatanggal sa mga probisyong nagtataguyod sa soberanya sa ekonomya at pambansang patrimonya, at rumerenda sa mga dayuhang

pamumuhunan. Bago pa man siya manumpa bilang Presidente ng GRP, binuo na ni Duterte noong Mayo 2016 ang isang grupo ng mga ekonomista para itakda ang kanyang neoliberal na patakarang pang-ekonomya na kontra sa mariing kahilingan ng mamamayang Pilipino para sa pagpapaunlad ng pambansang ekonomya sa pamamagitan ng pambansang industriyalisasyon at tunay na reporma sa lupa.

Subalit sa kabutihang loob natin sa NDFP na nagsikap pa rin tayo na kumbinsihin ang GRP na makiisa sa atin sa pagbubuo ng mga komprehensibong kasunduan hinggil sa mga repormang panlipunan, pang-ekonomya at pampulitika upang mailatag ang batayan para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan. Sa ikabubuti ng mamamayang Pilipino, ninais nating siyasatin at idaan sa pagsubok ang inihayag ni Duterte na kagustuhan na maging kauna-unahang “maka-Kaliwa” at “sosyalistang” presidente ng Pilipinas, gawing industriyalisado ang Pilipinas at samantalahin ang multipolar na daigdig upang mapangibabawan ang dominasyon ng US sa Pilipinas.

Sa huli, buong-buong inilantad ng rehimeng Duterte ang kawalan nito ng interes para sa mga batayang reporma upang mapagtuunan ng pansin ang mga ugat ng gera-sibil sa Pilipinas. Itinuturing nito ang negosasyong pangkapayapaan bilang makitid lamang na iskema ng GRP upang pasukuin at payapain ang mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan sa pamamagitan ng walang taning na baylateral na tigil-putukan. Mula sa simula, naglulunsad na ito ng patakarang “todo-largang gera” laban sa rebolusyonaryong kilusan at kahit kailan ay hindi nito naging intensyong ipatupad ang kanyang pangakong amnestiya at pagpapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal. Pinakamasahol pa rito, dati na nitong plano na dagliang tapusin ang negosasyong pangkapayapaan upang isangkalan ang PKP at BHB at bigyang-matwid ang pagpapataw ng paghaharing militar at pasistang diktadura sa mamamayan.

Tungkol sa patakarang pang-ekonomya, istriktong tumatalima ang rehimeng Duterte sa neoliberal at kontra-mamamayang linya: pagbabawas sa regular na empleyo, sahod at serbisyong panlipunan, pagkakaltas sa buwis ng mga korporasyon at mayayaman habang pinatataasan ang buwis sa mamimiling mahihirap at panggitnang uri at pagtataas sa presyo ng mga batayang produkto at serbisyong pangkonsyumer; pagsuhay sa kakayahang tumubo ang mga dayuhang korporasyon, malalaking kumprador at panginoong maylupa sa

pamamagitan ng liberalisasyon ng kalakalan at pamumuhunan; at pribatisasyon ng kumikitang mga pag-aaring publiko, anti-sosyal at kontra-kapaligirang deregulasyon at denasyunalisasyon ng ekonomyang Pilipino para sa kapakanan ng imperyalistang globalisasyon.

Walang anumang pagnanais ang rehimeng Duterte na maglunsad ng pambansang industriyalisasyon at tunay na reporma sa lupa upang mapangibabawan ang atrasado, agraryo at malapyudal na katangian ng ekonomya. Sa halip, gusto nito ang walang pakundangang pagtatayo ng imprastruktura na nakasalalay sa panlabas na pangungutang; at mas mataas na buwis sa kapinsalaan ng masa ng karaniwang mamimili at maling paggamit ng dayuhang salaping kinita ng mga manggagawang Pilipino sa ibayong dagat. Kalkulado na wawaldas ng mga proyektong pang-imprastruktura ang kakaunti na nga lamang na rekurso at papaburan ang neokolonyal na palitan ng hilaw na materyales, mga semimanupaktura at murang lakas paggawa mula sa Pilipinas at yaring produkto mula sa ibang mga bansa.

Tungkol sa posibilidad na samantalain nito ang multipolar na daigdig, nananatili ang pangangayupapa ng rehimeng Duterte sa US sa pamamagitan ng pagpapatuloy sa lahat ng mga tratado, kasunduan at kaayusan na nagpapahintulot sa US na pagharian ang Pilipinas sa ekonomya, pulitika, kultura at militar. Kasabay nito, itinatali ng rehimen ang sarili nito sa iba pang mga kapitalistang kapangyarihan nang walang karampatang konsiderasyon sa pambansang soberanya at teritoryal na integridad, sa pag-unlad ng ekonomya at sa panlipunan at pangkulturang kabutihan ng mamamayan.

Halimbawa, tumatanggap ito mula sa China ng mga utang na mataas ang komersyal na tantos ng interes at mga suplay at serbisyo na depektibo subalit pinalabis ang presyo. Kaya naman sigurado na ang pagiging alipin ng bansa sa utang at pagsasanla ng mayayamang natural na rekurso ng Pilipinas, kapwa sa mga baybayin at sa ilalim ng West Philippine Sea. Inuulit nito ang kahangalang sinimulan ng rehimeng Arroyo mahabol ang mga proyektong pinalabis ang presyo at mga kasunduan sa utang na matataas ang interes kung saan ang pinakanakinabang ay ang malalaking kumprador at mga korap na burukrata sa dalawang gilid ng South China Sea (West Philippine Sea) sa matagalang kapinsalaan ng mamamayang Pilipino.

Patuloy na lumalala ang krisis ng pandaigdigang kapitalismo. Walang pagbawi mula sa pinansyal na pagkatunaw (*financial meltdown*) ng 2008 sa kabila ng labis-labis na pag-abuso sa utang sa antas ng mga guberno, korporasyon at mga tahanan. Ang pandaigdigang utang na naitala noong katapusan ng ikatlong kwarto ng 2017 ay USD 233 trilyon na mahigit tatlong beses ang laki sa pandaigdigang GDP. Hindi ito sustenable at napipinto ang pagputok nito at paglikha ng di hamak na mas malalang krisis sa ekonomya at pinansya. Sasabak ang lobo ng pandaigdigang pag-aari (*global asset bubble*). Samantala, ang mabilis na pagpapayaman ng iilang mga bansa at pamilya mula sa naghaharing uri at ang mabilis na pagbagsak sa karalitaan ng mahigit 90 porsyento ng sangkatauhan ay lumilikha ng ligalig sa lipunan at matinding polarisasyon (pagkakahati) ng mga uri (*class polarization*).

Tumitindi ang lahat ng mga batayang kontradiksyon sa mundo: yaong sa pagitan ng uring manggagawa at monopolyo burgesya sa mga industriyal na kapitalistang bansa, yaong sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan at ng aping mamamayan at bansa; at yaong sa hanay ng mga imperyalistang kapangyarihan. Ang estratehikong paghina ng US tungo sa panahon ng tuluyan nitong pagdausdos (*post-primacy period*) bilang panguhahing kapangyarihan at ang pag-angat ng China bilang industriyal na kapitalistang kapangyarihan sa bundok ng mga di-mabayarang pautang ay mga litaw na salik sa pagtindi ng tagisan sa hanay ng mga imperyalista para sa teritoryong pang-ekonomya at mga kliyenteng estado at sa pagkalat ng mga *proxy* at direktang gerang agresyon.

Ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista ay nagpapalala sa pangmatagalang krisis ng lokal na naghaharing sistema. Natutulak ang Pilipinas na mag-eksport ng paparami pang hilaw na materyales at murang lakas paggawa sa mas mababa pang presyo. Dalawampung porsyento ng pwersang paggawa ay wala na sa bansa at hinaharap nila sa ibayong dagat ang lumalakas na kamandag ng sobinismo, rasismo, pasismo at gera. Sa loob ng bansa, ang malalaking kumprador, panginoong maylupa at korap na burukrata ang umaagaw sa karamihan ng kita sa isang GDP na pinalobo ng pribado at pampublikong konstruksyon, kontra-produktibong paggastos ng guberno para sa operasyong burukratiko at militar at maramihang pagkonsumo na nakasalalay sa mga binibiling produkto sa labas o import at utang panlabas.

Napakataas ng aktwal na tantos ng disempleyo sa hanay ng mga manggagawa, mga di regular at mababa ang kalidad ng empleyo (*oddjobbers*) sa kalunsuran at mga nakapagtapos sa kolehiyo. Di hamak na mas mataas sa 60 porsyento ng mga manggagawang may trabaho ang maiikli lamang ang tagal ng kontrata at tumatanggap ng sahod na mababa sa pamantayan. Walang industriyalisasyong hihigop sa patuloy na lumalaking populasyon sa kanayunan at kalunsuran. Walang tunay na reporma sa lupa. Sa katunayan, papalawak ang mga lupaing inaagaw ng mga dayuhang korporasyon, malalaking kumprador, panginoong maylupa at burukrata kapitalista para sa ispekulasyon sa real estate, pagmimina, pagtotroso, mga plantasyong nakatuon sa eksport at produksyon ng *bio-ethanol*. Sa gayon, ang pinakabinibiktima ay ang mga magsasaka at pambansang minorya.

Mabilis na pinalala ng magkasabay na mga krisis ng pandaigdigang kapitalismo at lokal na malakolonyal at malapyudal na sistema ang kalagayan para lumakas at sumulong ang ligal na demokratikong kilusang masa at ang armadong rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan. Ang mga kalagayan ding ito ang maaaring maging dahilan para makipagkasundo ang GRP sa NDFP na muling buksan ang negosasyong pangkapayapaan at buuin at aprubahan sa pinakamaagang posibleng panahon ang CASER bilang tugon sa kagyat na kahilingan ng mamamayan para sa katarungang panlipunan, pag-unlad ng ekonomya at batayang mga reporma.

Labas sa muling pagbubukas ng negosasyong pangkapayapaan ng GRP at NDFP, ang librong ito ay maaaring magsilbing instrumento sa pagpukaw, pag-organisa at pagpakilos ng lahat ng pinagsasamantalahan at inaaping uri at sektor ng lipunang Pilipino tungo sa pagkakamit ng mas mabuti at mas maaliwalas na kinabukasan na may tunay na pambansang kasarinlan, demokrasya, katarungang panlipunan, pag-unlad ng ekonomya, progresong pangkultura at pandaigdigang pagkakaisa at kapayapaan.

Prof. Jose Maria Sison
Pangunahing Konsultant Pampulitika
National Democratic Front of the Philippines
Utrecht, The Netherlands
Enero 7, 2018

Maikling Sumada

Ang mga mungkahi ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) para sa Komprehensibong Kasunduan sa Repormang Panlipunan at Pang-ekonomya (Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms o CASER) ay mga hakbanging kongkreto at kayang tuparin tungo sa pagpapalaya ng mamamayang Pilipino sa karalitaan, pagsasamantala at pagkaatrasado.

Nakabatay ang mga ito sa kasalukuyang kalagayan ng Pilipinas. Isinasaalang-alang ng mga mungkahi ang mga umiiral na rekurso—likas, tao, teknolohikal at pinansyal—sampu ng kasalukuyang kapasidad ng ekonomya sa produksyon. Ito ang mga materyal na kondisyon para sa pag-unlad ng lipunan at ekonomyang Pilipino sa paraang umaasa-sa-sarili.

Nakabatay din ang mga ito sa patuloy na nagbabagong pandaigdigang konteksto. Iginigiit ng mungkahing CASER na ang pag-unlad sa ekonomya na makatarungan at bunsod ng lokal na pagsisikap ang siyang pinakaepektibong paraan ng paglalayag sa pandaigdigang ekonomyang ginulo ng deka-dekadang pag-iral ng neoliberal na globalisasyong patakaran ng malayang pamilihan. Kinikilala ng mga mungkahi na ang pangmatagalang pandaigdigang krisis at ang lumalakas na proteksyunismo ay lumulusaw sa prospek ng anumang uri ng paglago na bunsod ng pag-eeksport at pagsalalay sa dayuhan.

Subalit ang lumalawak na *multipolarity* (kalagayang marami ang *superpower*) at ang relatibong paghina ng imperyalismong US bilang nagsosolong *superpower* ay naglalalatag ng mga oportunidad para makamit ang mga kailangang dayuhang salik at sangkap para sa rasyunal at komprehensibong pambansang programa ng pagunlad ng lipunan at ekonomya. Ang gayong integretyed at komprehensibong paraan ng pag-unlad ay nagtataguyod, higit sa lahat, sa interes ng mamamayan. Pinahuhusay nito ang papel ng estado kasabay ng paglalagay sa mga organisasyong bayan sa sentro ng pagdedesisyon hinggil sa ekonomya. Makagagawa ng mga hakbang laban sa makapangyarihang mga grupong malaon nang sumasagka sa pag-unlad ng ekonomya.

Ito ay kagyat na programa para sa tunay na progreso sa lipunan at ekonomya. Makatotohanan ito sa loob ng kasalukuyang mga prosesong

politikal at ligal at maaaring ipatupad ng kasalukuyang administrasyon at ng anumang susunod na mga di-rebolusyonaryong gubyrno. Subalit maaari pa ring magbago ang mga mungkahi habang ang mga pakikibaka ng mamamayang Pilipino at ng milyun-milyong organisadong magsasaka, manggagawa at iba pang sektor ay sumusulong at naghahawan ng daan para sa mas malalaki pang pagbabago. Tulad sa maraming bagay, mapagpasya ang lakas ng demokratikong kilusang masa.

Dagdag dito, ang inaasahang mga resulta ng mungkahing CASER ay umaalinsunod sa 12-puntong programa ng NDFP at sa sosyalistang perspektiba para sa Pilipinas. Sa lahat ng ito, pinaninindigan ng NDFP na ang isang ekonomyang mas demokratiko at may kasarlan na ang nakikinabang ay mayorya ng mga Pilipino ang siyang pundasyon ng makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.

PREAMBULO

BAHAGI I. DEKLARASYON NG MGA PRINSIPYO

BAHAGI II. BATAYAN, SAKLAW, AT KAANGKUPAN

Inilalatag ng mga bahaging ito ang pangkalahatang balangkas ng kasunduan at itinatakda kung paano maipatutupad ang kasunduan. Kabilang dito ang: dahilan ng pag-uusap hinggil sa mga reporma sa lipunan at ekonomya para resolbahin ang mga ugat ng armadong tunggalian; layunin ng kasunduan; saklaw ng kasunduan; at pagsangguni sa ilang kaugnay na pandaigdigang ligal na instrumento hinggil sa mga karapatan sa ekonomya, lipunan at kultura.

BAHAGI III. PAGPAPAUNLAD SA PAMBANSANG EKONOMYA

Binabalangkas sa bahaging ito kung papaano nagiging pundasyon ng pambansang ekonomya ang maunlad na agrikultura at kanayunan katuwang ang pambansang industriyalisasyon. Isinasakatuparan ito nang may sapat na pagsasaalang-alang sa kapaligiran upang tiyakin ang mainam na kondisyon para sa kasalukuyan at darating na mga henerasyon.

A. REPORMANG AGRARYO AT PAG-UNLAD NG KANAYUNAN

Pinakamalaking bilang ng mga prodyuser na Pilipino ang mga magsasaka at ang agrikultura ang pinakamalaking sektor sa lokal na ekonomya. Iwawasto ng tunay na repormang agraryo ang pangkasaysayang mga inhustisya laban sa mga magsasaka. Ito rin ang susi para wakasan ang karalitaan sa kanayunan na pagsisimulan ng mabilis na pag-unlad ng kanayunan ng Pilipinas.

Bubuwagin ng repormang agraryo ang mga monopolyo sa lupa sa pamamagitan ng ekspropriasyon na may selektibong kumpensasyon. Saklaw nito ang lahat ng pribado at pampublikong lupang agrikultural, pangisdaan, palaisdaan at aquaculture habang kinikilala ang mga teritoryong ninuno (*ancestral domain*). Ipamamahagi nang libre ang lupa nang may mga hakbangin laban sa rekonsentrasyon. Itataguyod at isusulong ang mga karapatan ng mga magsasaka, kabilang ang mga manggagawang bukid at mamamalakaya, na magtamasa ng nakabubuhay na sahod, makataong kalagayan sa paggawa, mga benepisyo, at maging malaya sa usura.

Pauunlarin nito ang produksyong agrikultural nang may malalaking badyet para mapaunlad ang syensya at teknolohiya sa agrikultura, pautang sa agrikultura, irigasyon, post-harvest na pasilidad, mga kalsadang mag-uugnay ng mga sakahan sa pamilihan, at suportang pangmerkado. Ipagbabawal ang kumbersyon ng lupang ginagamit sa produksyon ng pagkain. Magtatamasa ng sapat na pagkain ang bansa.

Lubos na pauunlarin nito ang mga industriya sa kanayunan sa: niyog, asukal, tabako, pagpoproseso ng karne, pagpoproseso ng isda, pagpoproseso ng prutas, mga rekado at gulay, pagpoproseso ng asin at damong-dagat (*seaweeds*), produktong gatas (*dairy*), pagpoproseso ng balat, mga produktong abaka, kawayan at uway, damit at tela, pagpapalayok (*pottery*), mwebles at mga sekundaryong produkto (*by-product*) ng pagpoprosesong agrikultural.

Magtatamasa dito ng tunay na demokratikong partisipasyon ang mga magsasaka sa pagpapasya at sa ekonomya. Magkakaroon ng mga susing papel ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa at ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa pagpapatupad ng repormang agraryo. Gayundin,

magtatayo ng mga kooperatiba at asosasyong magsasaka. Bubuuin ang isang Joint Monitoring Committee on Agrarian Reform and Rural Development (JMC-ARRD) at aaprubahan ang Bagong Batas-Agraryo.

B. PAMBANSANG INDUSTRIYALISASYON AT PAG-UNLAD NG EKONOMYA

Mula't sapul ay itinuturing na ng NDFP na susi ang pambansang industriyalisasyon sa pag-unlad ng ekonomya. Kailangan ito sa paglilikha ng mga trabaho at hanapbuhay, pagpapataas ng kita, pagtugon sa mga batayang pangangailangan ng mamamayan, pagtitiyak sa mabilis at sustenidong paglago ng ekonomya, at pagkakamit ng kasarinlang pang-ekonomya laban sa imperyalistang dominasyon.

Pauunlarin ang mga prodyuser na Pilipino at ang lokal na kapital bilang mga pwersang tagapagbunsod ng pambansang kaunlaran. Aktibong itataguyod, poprotektahan at susuportahan ng estado ang malalaki, katamtamang-laki, maliliit at *micro* na empresang Pilipino. Pagkokombinahin sa ekonomya ang mga kumpanya sa sektor pampubliko, mga negosyo na may pinagsanib napampubliko at pribadong kapital at mga negosyong pag-aari ng mga indibidwal. Hihikayatin ang pagbubuo ng mga kooperatibang industriyal.

Pauunlarin ang mga industriyang Pilipino sa malawak na saklaw ng mga kalakal na pangkonsyumer, intermedya at pangkapital. Hakbang-hakbang itong gagawin sa loob ng ilang taon at kabibilangan ito ng: pagpoproseso ng mga mineral; yero; mga instrumento, makinarya at kasangkapan na pang-agrikultura at pang-industriya; transportasyon, laluna sa riles, mga bus at barko; kasangkapan na pangkuryente; mga elektronikong sangkap at kasangkapan; kasangkapang pwedeng kontrolin nang eksakto upang makapagbigay ng eksaktong resulta (*precision instruments*); materyales sa konstruksyon; mga kemikal at produktong kemikal; mga gamot; pagkain at inumin; at mga tela, damit at sapin sa paa; at biotechnology (paggamit ng mga buhay na organismo para lumikha ng gamot tulad ng bakuna at *antibiotic* at iba pang mga produkto).

Isabansa upang matiyak ang mga serbisyo para sa elektrisidad, tubig, telekomunikasyon at transportasyon para sa mamamayan at sa pangkalahatang pag-unlad. Isabansa rin ang pagmimina upang tiyakin ang rasyunal na pagkuha at paggamit ng mga rekursong mineral ng

bansa. Ang mga empresa sa lubhang kinakailangan at estratehikong mga industriyang ito ay magiging 60-100% pag-aari ng estado.

Pag-uugnayin ang mga rehiyon at sektor. Poprotektahan ang mga karapatan at kagalingan ng mga manggagawa at maayos na pamamahalaan ang epekto nito sa kapaligiran. Agresibong pauunlarin ang agham at teknolohiyang Pilipino nang may malalaking pamumuhunan at may pag-uugnay sa mga kumpanya, unibersidad at organisasyong masa.

Babaklasin ang dominasyon ng malalaking kapitalista na nagsasamantala sa ekonomya at nagpapanatili ritong atrasado. Isasailalim sa ekspropriasyon at isasabansa ang dayuhang monopolyong kapital sa mahahalaga at estratehikong mga industriya. Maaaring umabot ang dayuhang kapital nang hanggang 40% sa mga empresa na may pahintulot subalit ipapailalim ito sa regulasyon upang matiyak na tunay itong makapag-aambag sa pambansang kaunlaran. Babaguhin ang pinaglalaanan ng kapital at pag-aari ng malalaking burgis kumprador at itutuon ito sa pambansang industriyalisasyon at pagpapaunlad ng kanayunan. Kukumpiskahin ang nakaw na yaman ng mga burukrata kapitalista.

Lalahok ang mga manggagawa sa demokratikong pagpapasya upang proteksyunan at isulong ang kanilang mga karapatan at kagalingan. Magkakaroon ng mga unyon at konsehong manggagawa sa mga empresang industriyal at kumpanyang kapitalista. Ang pinansya para sa industriyalisasyon ay palilitawin mula sa mga bonong (*bonds*) industriyal, kumpensasyon sa mga panginoong maylupa, progresibong pagbubuwis, impok ng gobyerno, mga industriyal na sarplas ng gobyerno na muling ipinuhunan, at mga kumpiskadong ari-arian.

Kagyat na bubuuin ang Joint Monitoring Committee on National Industrialization and Economic Development (JMC-NIED) upang tiyakin ang epektibong implementasyon ng mga probisyon ng NIED.

K. PANGANGALAGA SA KAPALIGIRAN, REHABILITASYON AT KUMPENSASYON

Sa pagpapaunlad ng ekonomya, titiyakin ng NDFP na malusog ang likas na kapaligiran. Magbabalangkas ng pambansang patakaran

hinggil sa eksplorasyon, konserbasyon, rehabilitasyon at pagpapaunlad ng mga likas na yaman ng bansa, kabilang yaong nasa teritoryal na karagatan at eksklusibong sonang pang-ekonomya nito. Sa pagpaplanong pangkapaligiran sa kalunsuran at kanayunan, titiyakin ang pinakaminimum na posibleng kapal ng populasyon (*congestion*) at polusyon sa buong bansa. Una at pangunahin sa lahat, ang paggamit sa likas na yaman ng bansa ay reserbado para sa mamamayang Pilipino.

Sa produksyong agrikultural, titiyakin ang pagpapaunlad sa kanayunan at pambansang industriyalisasyon, tuluy-tuloy na paglaganap ng paggamit ng mga pamamaraan sa produksyon na hindi mapaminsala sa kapaligiran. Ito'y upang matiyak ang pinakamasinop na paggamit ng mga napapalitan at di-napapalitan (*renewable and non-renewable*) rekurso ng bansa. Gagawa ng mga angkop na hakbang para lutasin ang polusyon at pagtatapon ng basura. Ipatutupad ang mga nararapat na programa para maangkupan at maibsan ang mga epekto ng pagbabago ng klima.

Pangangalagaan ang lupa, tubig, mga halaman at hayop at iba pang likas na yaman ng bansa upang mapanatili ang mga ito. Magbubuo, magpapatupad at magtataguyod ng mga programa para sa tunay na rehabilitasyon at pagpapaunlad ng mga rekursong paubos na, marumi at nawasak, nang may sapat na pondong kukunin sa kumpensasyon para sa pagkawasak ng kapaligiran at mula sa pambansang gubyerno. Ang pagmimina at pagkuha ng yamang dagat ay isasailalim sa istriktong regulasyon. Ipagbabawal ang pag-angkin ng mga dayuhan sa mga imbensyon ng mga Pilipino gamit ang mga iskema sa *intellectual property*. Sa mga pagkakataong papayagan ang *patenting*, ito'y magiging eksklusibo para sa mga Pilipino, na may pagkiling sa kolektibong pag-aari.

Ititigil ang walang pakundangang pagsasamantala sa likas na yaman ng bansa ng mga hayok sa tubong dayuhan at lokal na kapitalista. Ipagbabawal ang lubhang mapaminsalang mga aktibidad sa pagmimina, agrikultura, industriya, paghahawan ng lupa, reklamasyon at mga katulad nito. Ipagbabawal din ang mga nakalalasang basura, maruruming kalakal, mga industriyang sanhi ng polusyon, kagamitang pandigma at mga katulad nito na mula sa mga dayuhan.

Pananagutin ang lahat ng nangwawasak sa kapaligiran, kabilang ang US at iba pang mga gubyerno, korporasyon, upisyal ng gubyerno at iba

pa. Tatanggap ng danyos ang mga komunidad, mga biktima at buhay pa nilang mga kamag-anak.

Magtatamasa ng tunay na demokratikong partisipasyon at pahintulot ang mga apektadong komunidad laluna ng mga pambansang minorya. Palalaganapin nang husto ang kamalayang pangkapaligiran sa pamamagitan ng sistemang pang-edukasyon, mga organisasyong masa, masmidya at mga organisasyong pangkapaligiran sa mga komunidad. Pakikilusin ang mamamayan upang protektahan at pamahalaan ang kapaligiran.

Kagyat na bubuuin ang Joint Monitoring Committee on Environmental Protection, Rehabilitation and Compensation (JMC-EPRC) para tiyakin ang epektibong implementasyon ng mga probisyon ng kasunduan hinggil sa EPRC.

BAHAGI IV. PAGTATAGUYOD SA KARAPATAN NG MAMAMAYAN

Dapat tiyakin at itaguyod ng sosyo-ekonomikong pag-unlad ang kagalingan ng mamamayan at paunlarin ang kanilang buong potensyal bilang mga taong may makabuluhang pamumuhay. May espesyal na diing ibibigay sa mga manggagawa, magsasaka, kababaihan, mga bata at kabataan, maralita sa kalunsuran at kanayunan, migranteng manggagawa, pambansang minorya, matatanda, may kapansanan at iba pang mga sektor na isinaisantabi , kabilang na ang mga pambansang negosyante, na siyang pinakapinagsasamantalahan o may pinakamaliit na pakinabang mula sa kasalukuyang sistemang sosyo-ekonomiko.

A. KARAPATAN NG NAGTATRABAHONG MAMAMAYAN

Dapat itaguyod ang mga karapatan ng nagtatrabahong mamamayan habang pinaunlad ang ekonomya. May karapatan ang lahat sa trabaho, kabuhayan at proteksyong panlipunan. Lahat ng nagtatrabaho ay may karapatan sa nakabubuhay na sahod, mga benepisyo, seguridad sa trabaho at makataong kalagayan sa paggawa, at sa demokratikong karapatang mag-organisa at magwelga.

Aakuin ng estado ang responsibilidad sa direktang pagbibigay ng: libreng edukasyon sa antas primarya, sekundaryo at tersyaryo;

libreng pangangalagang pangkalusugan mula antas primarya hanggang tersyaryo kabilang ang pagtataguyod sa komprehensibong batayang pangangalagang pangkalusugan sa antas ng komunidad; at abot-kayang pangmasang pabahay.

Gagarantiyahan ang pagbibigay ng abot-kaya at de-kalidad na tubig, kuryente, pangmasang transportasyon, at serbisyong telekomunikasyon, kabilang na ang libreng internet para sa mamamayan. Ang mga serbisyo at pasilidad na ito ay magiging pag-aari at pangangasiwaan ng estado at kokontrolin sa pamamagitan ng mga korporasyon ng estado o pakikisosyo sa mga pribadong empresa o kooperatiba. Patatakbuin ang mga ito nang may buo at epektibong partisipasyon ng mamamayan. Babaliktarin ang kasalukuyang pribatisasyon at deregulasyon ng mga pampublikong yutiliti at serbisyo.

Dapat tugunan ang mga pangangailangan ng mamamayan sa kanilang mga ispesikipong kalagayan. Kabilang dito ang pagtataguyod sa mga karapatan, interes at kagalingan ng mga Pilipino sa ibayong dagat habang winawakasan ang pagsalig ng ekonomya sa pag-eeksport ng murang paggawa. Masigasig na itataguyod ang pagkakapantay-pantay sa kasarian at proteksyon laban sa diskriminasyon sa kababaihan at iba pang kasariang nakararanas ng diskriminasyon. Gagawa ng mga probisyon para sa libreng *daycare* at *nursery*, murang pagkain at pampublikong labahan (*public laundry*) upang mapagaan ang gawaing bahay. Kikilalanin ang *same-sex* na kasal. Gagawing ligal ang diborsyo.

Titiyakin ang proteksyon ng mga bata; iwawaksi ang mga kondisyong nagbubunsod ng pagtatrabaho ng mga bata at magbibigay ng mga komprehensibong programa sa pangangalaga ng mga bata. Bibigyan ng mas malalaking oportunidad ang mga matanda at may kapansanan para maging aktibo at produktibo. Bubuuin ang unibersal na sistemang pensyon na popondohan ng buwis at hindi nangangailangan ng kontribusyon.

Magbibigay ng sapat na suporta ang estado sa paghahanda at pagresponde sa kalamidad. Itataguyod ang pagsisikap dito ng mga komunidad at ang paglahok ng mamamayan. Pananagutin ang mga upisyal ng gubyrno sa kanilang kapabayaang at korapsyon.

Kagyat na bubuuin ang Joint Monitoring Committee on Rights of Working People (JMC-RWP) upang tiyakin ang epektibong implementasyon ng mga probisyon ng RWP.

B. PAGTATAGUYOD SA PATRIYOTIKO, PROGRESIBO AT MAKA-MAMAMAYANG KULTURA

Tumatagos ang kultura sa lahat ng aspeto ng lipunan kabilang na ang sosyo-ekonomiko kaya may bisa itong maaaring sumagka o sumuporta sa mga repormang panlipunan at pang-ekonomya. Kung kaya itataguyod ang patriyotiko, progresibo at maka-mamamayang kultura na nagsusulong sa kritikal na pag-iisip at sumasalamin sa mga kalagayan, mithiin at pakikibaka ng mamamayan.

May susing papel sa kultura ang sistemang pang-edukasyon. Ang kurikulum, materyales at mga aktibidad nito ay isasailalim sa reoryentasyon upang baguhin ang naging pangunahing papel nitong magluwal ng pwersang paggawa na hinihingi ng mga grupong naghahabol ng tubo. Pauunlarin din ang isang mapagkakatiwalaang sistema sa impormasyong publiko at hihimukin ang mga pribadong telebisyon, radyo, pahayagan at iba pang daluyan ng masmidya na paunlarin ang kanilang nilalaman. Itataguyod ang kalayaan sa pananalita, pagpapahayag at impormasyon (*freedom of speech, expression and information*).

Itataguyod ang progresibong sining, musika, panitikan, teatro at pelikula. Kabilang dito ang pagpapalakas sa mga lokal na konseho ng sining at pagtatayo ng mga sentrong pangkomunidad para sa kultura at sining. Poprotektahan ang mga lugar na nagtatanghal ng ating kultura at kalikasan (*cultural and natural heritage sites*). Mas matatag at masiglang itataguyod ang pambansang wikang Filipino. Pangangalagaan ang lokal na ekonomyang kultural at itataguyod ang soberanya sa kultura.

Kagyat na bubuuin ang Joint Monitoring Committee on Promoting Patriotic, Progressive and Pro-People Culture (JMC-Culture) upang tiyakin ang epektibong implementasyon ng mga probisyon sa pagtataguyod ng patriyotiko, progresibo at maka-mamamayang kultura.

K. PAGKILALA SA LUPA AT TERITORYONG NINUNO NG MGA PAMBANSANG MINORYA

Kikilalanin ang mga lupa at teritoryong ninuno at ang natatanging pagkakakilanlan (*distinct identities*) ng mga katutubong mamamayan at ng Bangsamoro. Itataguyod ang karapatan ng mga pambansang minorya sa pagpapasya-sa-sarili. Tatamasahin nila ang karapatang pagpasyahan at paunlarin ang sarili nilang mga prayoridad at estratehiya habang isinasagawa ang mga hakbangin para tiyakin na makikinabang sila sa pambansang programa para sa sosyo-ekonomikong pag-unlad.

Itataguyod ang kanilang karapatan sa malaya at paunang pagpapahintulot batay sa sapat na impormasyon (*free, prior and informed consent*), at sa kolektibong pagpapasya. Aamyendahan ang mga maling batas at patakaran at ang mga ibinunga nito. Kabilang dito ang Indigenous Peoples' Rights Act (IPRA) na papalitan ng bagong batas na tunay na nagtataguyod sa mga karapatan ng mga pambansang minorya. Rerepasuhin ang mga titulo sa mga lupa at teritoryong ninuno at kakanselahin ang mga walang batayan na pag-angkin.

Gagawa ng mga hakbang para iwasto ang institusyunal na diskriminasyon. Kabilang dito ang mga hakbang na titiyak na ang sistemang pang-edukasyon, masmidya, sining at literatura at iba pang mekanismong pangkultura ay wastong naglalarawan sa mga pambansang minorya. Magkakaroon ng moratoryum sa mga bagong aplikasyon para sa mga proyekto sa pagmimina, dam, enerhiya, pagtotroso, plantasyon, ekoturismo at iba pa.

Kagyat na bubuun ang Joint Monitoring Committee on Recognition of Ancestral Lands and Territories of National Minorities (JMC-National Minorities) upang tiyakin ang epektibong implementasyon ng mga probisyon hinggil sa pagkilala sa mga lupa at teritoryong ninuno ng mga pambansang minorya.

BAHAGI V. SOBERANYA SA EKONOMYA PARA SA PAMBANSANG KAUNLARAN

Tinitiyak ng bahaging ito na ang mga patakarang makro-ekonomiko ay maggigiit ng pambansang soberanya, laluna ang soberanya sa ekonomya, at ng pambansang patrimonya. Batay dito ay makapaghahalaw ng

nilalaman mula sa pinakamalawak na hanay ng mga posisyong patriyotiko para sa pambansang sosyo-ekonomikong pag-unlad.

A. PANLABAS NA UGNAYAN SA EKONOMYA AT KALAKALAN

Magiging tunay na nagsasarili ang patakarang panlabas hinggil sa ekonomya. Sa pakikipag-ugnayang pang-ekonomya ng bansa, dapat maisulong ang pambansang pag-unlad sa lipunan at ekonomya sa halip na masagkaan ito.

Sa pagpapaunlad ng ekonomya, kailangan ang aktibong suporta, proteksyon at pagtataguyod ng estado sa mga Pilipinong empresang agrikultural, industriyal at panserbisyo. Isasailalim sa tamang regulasyon ang kalakalang panlabas at dayuhang pamumuhunan upang matiyak ang pangmatagalang kontribusyon nito sa pambansang kaunlaran.

Rerepasuhin ang lahat ng pandaigdigang kaayusan sa ekonomya na kinasasangkutan ng bansa laluna sa usapin ng paglikha ng kinakailangang puwang para sa mga patakarang pangkaunlaran. Kabilang dito ang iba't ibang kasunduan sa pamumuhunan, malayang kalakalan at pagsapi sa mga pandaigdigang organisasyon. Maaaring amyendahan, suspindihin o itigil, o bawiin pa nga kung kinakailangan, ang mga kasunduan at kumalas sa pagiging myembro ng mga samahang pandaigdig.

Gagamitin ang pagkontrol sa kapital upang itaguyod ang istabilidad sa pinansya at panatilihin ang kasarinlan sa lokal na pananalapi, tantos sa palitan ng salapi, at patakaran sa pinansya at sa kita at gastusing pangguberno. Pag-iibayuhin pa ang mga pagsisikap para tiyakin na ang dayuhang suportang pinansyal at teknikal ay nagsusulong ng pambansang kaunlaran.

Magbubuo ng mas mabubuting relasyon sa mga bayan ng East Asia, mga di-tradisiyunal na kapangyarihang pang-ekonomya, at mga bayan sa Third World na naggigiit ng kasarinlan. Pagsisikapang gawing mas nakatuon-sa-kaunlaran ang mga rehiyunal na kaayusan sa ekonomya.

Kagyat na bubuuin ang Joint Monitoring Committee on Foreign Economic and Trade Relations (JMC-FETR) upang tiyakin ang epektibong implementasyon ng mga probisyon ng FETR.

B. MGA PATAKARAN SA PINANSYA, PANANALAPI AT SA KITA AT GASTUSING PANGGUBYERNO

Babaguhin ang disenyo ng sistema sa pagbabangko at pinansya upang maituon ang mga rekurso ayon sa mga prayoridad sa pamumuhunan— pag-unlad sa agrikultura, industriyalisasyon sa kanayunan, lubhang mahahalaga at estratehikong industriya, prayoridad na lokal na pagmamanupaktura, imprastruktura, serbisyo at kagalingang panlipunan, at iba pa. Ito ay magiging pag-aari at kokontrolin ng sektor pampubliko at ng mga Pilipino.

Pasisiglahin ang pagbabangkong pangkaunlaran. Babaguhin ang oryentasyon ng mga bangkong pangkaunlaran ng gubyrno upang sistematisado nilang suportahan ang mga pambansang prayoridad sa pamumuhunan; ang mga bangko ng gubyrno na isinapribado ay muling isasabansa. Hihikayatin ang mga pribadong bangko na ituon ang kanilang pagpapautang sa mga prayoridad na sektor sa pamamagitan ng paglalaan ng mga tiyak na halaga mula sa kanilang mga pondong pautang, pagbibigay ng insentibo sa buwis at iba pang mga mekanismo.

Tatargetin ng mga patakaran sa pananalapi di lamang ang mga usapin ng implasyon at paglago ng ekonomya kundi ang pamumuhunan, empleyo at pagkakapantay-pantay ayon sa estratehikong programa sa ekonomya. Gagawing matatag ang piso ng Pilipinas sa pamamagitan ng sistema na pwedeng kontrolin ang tantos ng palitan (*managed exchange rate*), regulasyon sa kumbersyon ng salapi at kontrol sa kapital. Ipapailalim sa regulasyon ang pangungutang sa ibang bansa upang maitaguyod ang istabilidad sa pinansya, masuportahan ang pambansang kaunlaran, at matiyak ang kasarinlan sa lokal na patakaran sa pananalapi, tantos ng palitan, pinansya at sa kita at gastusing panggubyrno.

Radikal na babaguhin ang patakaran sa kita at gastusing panggubyrno para matiyak ang mga kailangang rekurso ng gubyrnong para sa serbisyonang panlipunan, pampublikong yutiliti, pamumuhunan ng gubyrno at pagbubuo ng kapital. Ipatutupad ang isang progresibong sistema sa pagbubuwis na may mas mababang buwis sa kita ng masa at maliliit na negosyo, at mas mataas na buwis sa kita ng mayayaman at malalaking korporasyon. Sa pangkalahatan ay babawasan ang mga buwis sa konsumo maliban sa mga luho at mga bagay na di kanais-nais sa

lipunan. Itataas ang buwis sa ari-arian, kitang kapital, mana, lupa at iba pang buwis sa yaman.

Lulutasin din ang pagtagas ng rekurso. Kabilang dito ang mga hakbangin laban sa pag-iwas sa buwis ng mga korporasyong transnasyunal, pangungurakot, katiwalian at di-episyenteng burukrasya.

Kagyat na bubuuin ang Joint Monitoring Committee on Financial, Monetary and Fiscal Policies (JMC-FMF) upang tiyakin ang epektibong implementasyon ng mga probisyon hinggil sa mga patakarang pampinansya, sa pananalapi at sa kita at gastusing panggubyrerno.

K. PAGPAPLANONG PANLIPUNAN AT PANG-EKONOMYA

Babalangkasin ang isang estratehiko at pangmatagalang plano sa sosyo-ekonomikong pag-unlad upang makapagtayo ng matitibay na lokal na pundasyong pang-ekonomya at tiyakin ang kagalingan ng mamamayang Pilipino. Pagtitibayin ng plano na inuuna ang mga target at layuning panlipunan sa halip na merkado. Ipatutupad ito sa pamamagitan ng mga limang-taong planong pang-ekonomya nang may taunang mga modipikasyon kung kinakailangan.

Ikokoordina at ipatutupad ang plano ng lahat ng departamento, ahensya at instrumentalidad ng gubyrerno. Ang implementasyon ay demokratikong pagpapasyahan, lantad sa publiko at may pananagutan sa lipunan. Magbabalangkas din ng mga ispesipikong programa sa panlipunan at pang-ekonomyang pag-unlad na naaalinsunod sa mga pangunahing seksyon at erya ng CASER.

Ang estratehikong plano ay babalangkasin ng Social and Economic Planning Commission (SEPC) na bubuuin ng pantay na bilang ng mga ekspertong nonominahan ng mga panel sa negosasyon ng GRP at NDFP. Magbubuo rin ng mga komite upang suportahan ang SEPC.

BAHAGI VI. PANGKALAHATANG MEKANISMO SA IMPLEMENTASYON

Nasa bahaging ito ang probisyon sa pagbubuo ng GRP-NDFP Social and Economic Oversight and Advisory Council (SEOAC). Ito ang mekanismo para sa pamamahala at pagmomonitor ng pangkalahatang

implementasyon ng kasunduan kabilang ang gawain ng mga komite at iba pang binuong entidad. Magiging responsable rin ito sa pagreresolba ng mga sigalot na nagmumula sa implementasyon ng kasunduan.

BAHAGI VII. MGA PINAL NA PROBISYON

Nasa bahaging ito ang mga probisyon sa implementasyon alinsunod sa kani-kanyang mga sistemang ligal, komun at hiwalay na tungkulin at responsibilidad, epektibidad, katibayan ng kasunduan at pagiging balido nito, at iba pa.

Burador na petsa Oktubre 23, 2017

**KOMPRESIBONG KASUNDUAN HINGGIL SA MGA
REPORMANG PANLIPUNAN AT PANG-EKONOMYA
SA PAGITAN NG GUBYERNO NG REPUBLIKA NG PILIPINAS AT NG
NATIONAL DEMOCRATIC FRONT OF THE PHILIPPINES**

Ang GUBYERNO NG REPUBLIKA NG PILIPINAS,

Kabilang ang departamentong ehekutibo at mga ahensya nito na mula
ngayo'y tatawaging "GRP"

at

Ang NATIONAL DEMOCRATIC FRONT OF THE PHILIPPINES,

Kabilang ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at ang Bagong Hukbong
Bayan (BHB) na mula ngayo'y tatawaging "NDFP"

Mula ngayo'y kolektibong tatawaging "mga Partido"

PREAMBULO

Dahil kinikilala na kailangan ang batayang mga reporma sa lipunan at ekonomya upang maitaguyod ang pambansang mga karapatan, interes at kagalingan ng mamamayan ng Pilipinas, at ang demokratikong mga karapatan at interes ng mamamayan kabilang ang sibil, pampulitika, pang-ekonomya, panlipunan at pangkulturang mga karapatan, at ang isang komprehensibong kasunduan kaugnay nito na mapagpasya sa paglalalatag ng batayan para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan;

Dahil kinikilala na ang lagapan na karalitaan at pang-istrukturang kawalang-katarungan bunga ng pagkaatrasado ng lokal na industriya at agrikultura, na nakaugat sa kolonyal na kasaysayan ng bansa at sa di-pantay nitong pakikipag-relasyong pang-ekonomya sa napakaunlad na kapangyarihang pang-ekonomya ng daigdig, ay sumagka sa panlipunan at pang-ekonomyang pag-unlad ng Pilipinas at nagluwal ng panlipunang ligalig at armadong tunggalian;

Dahil napagtanto na, sa ekonomya, kaya ng Pilipinas na umasa sa sarili dahil sa taglay nitong mahuhusay na pwersang paggawa, pwersa sa pangangasiwa at pagnenegosyo na maalam sa teknolohiya, at sa komprehensibo nitong base ng mga rekurso;

Dahil itinataguyod ang pambansang soberanyang pang-ekonomya at ang ekonomyang umaasa-sa-sarili at naglalayong protektahan, ikonserba at, hangga't praktikal, irekober ang pambansang patrimonya, pangalagaan ang kapaligiran, ipatupad ang repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon, at sa gayon ay ibunsod ang komprehensibo at sustenableng pag-unlad sa lipunan at ekonomya;

Dahil pinaniniwalaan na ang proteksyon at pagtataguyod ng mga karapatang sibil, pang-ekonomya at pangkultura ay esensyal para lubos na matamasa ang sibil at pampulitikang mga karapatan batay sa mga prinsipyo ng karapatang-tao at karapatang-bayan na katanggap-tanggap sa lahat;

Dahil pinagtatibay ang mga karapatan ng mamamayan sa katarungang panlipunan, kapayapaan, dignidad, pag-asenso at kalayaan mula sa pagsasamantala; at may layuning protektahan ang mga karapatan at interes ng mga manggagawa, magsasaka, kababaihan, mga bata, katutubong mamamayan at mga pambansang minoritya tulad ng mga Lumad at Moro, iba pang inaagrabyadong sektor, at mga pambansang negosyante;

Dahil batid na kailangang aktibong lumahok at itaguyod ang kanilang mga interes sa pagbabalangkas at pagpapatupad ng pambansang mga plano at

programang sosyo-ekonomiko upang maitayo ang isang lipunang makatarungan at maunlad;

Dahil inaako ang komun at hiwalay na mga tungkulin at responsibilidad para itaguyod ang mga reporma sa lipunan at ekonomya;

Dahil itinataguyod at tumatalima sa kapwa katanggap-tanggap na mga prinsipyo at mga layuning komun na nakasaad sa The Hague Joint Declaration ng Setyembre 1, 1992, sa Breukelen Joint Statement ng Hunyo 14, 1994 at sa kaugnay na pinagsanib na mga pahayag na nalagdaan na hanggang sa panahong ito;

Dahil lubos na batid ang pangangailangang magkaroon ng matitinong patakaran at epektibong mga mekanismo at hakbangin para itaguyod, pangalagaan at isulong ang mga karapatan sa lipunan, ekonomya at kultura, at magpatupad ng mga reporma sa lipunan at ekonomya;

Kaya ngayon, ang mga Partido ay taimtim at walang reserbasyong pumapasok sa Komprehensibong Kasunduang Hinggil sa mga Repormang Panlipunan at Pang-ekonomya.

BAHAGI I. DEKLARASYON NG MGA PRINSIPIO

Seksyon 1. Sa pakikipagnegosasyon at pakikipagkasundo, ang gumagabay na balangkas sa mga Partido ay ang kapwa katanggap-tanggap na mga prinsipyo ng pambansang soberanya, demokrasya at katarungang panlipunan, at ang kawalan ng prekondisyong salungat sa katangian at layunin ng negosasyong pangkapayapaan, tulad ng nakasaad sa The Hague Joint Declaration at muling pinagtibay sa Breukelen Joint Statement at mga sumunod na kasunduan.

Seksyon 2. Binubuo ng mga Partido ang komprehensibong kasunduang ito hinggil sa mga repormang panlipunan at pang-ekonomya para resolbahin ang batayang mga problema ng pagsasamantala, pagkaatrasado at lagapan na karalitaan upang mailatag ang batayan ng makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.

Seksyon 3. Pinagsisikapan ng mga Partido na pandayin ang pagkakaisa ng mamamayang Pilipino upang pawiin ang pangunahing mga sagka sa pag-asa-sa-sarili sa ekonomya, pambansang kasarinlan at panlipunang paglaya.

Seksyon 4. Naninindigan ang mga Partido na rerepasuhin at, kung kinakailangan, ay babaliktarin ang lahat ng patakaran, programa,

batas, kasunduan at tratadong pang-ekonomya na sumalungat sa layuning paunlarin ang lipunan at ekonomya at may masahol na epekto sa buhay ng mamamayang Pilipino.

- Seksyon 5.** Iginigiit ng mga Partido na kailangang gamitin ang buong potensyal ng mamamayan, partikular ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang batayang sektor, at ng kanilang mga organisasyon, sa pamamagitan ng pagrerespeto, pagtataguyod at pagsusulong ng kanilang karapatan sa epektibong paglahok sa lahat ng antas ng pagpapasya sa lipunan, pulitika at ekonomya.
- Seksyon 6.** Itinataguyod ng mga Partido ang kagalingan ng mamamayan, laluna ng mga manggagawa, magsasaka, mamamayang katutubo at mga pambansang minorya tulad ng mga Lumad at Moro, at iba pang mga batayang sektor bilang pangunahing konsiderasyon sa sustenableng paggamit sa pambansang patrimonya para maisakatuparan ang kaunlarang panlipunan at pang-ekonomya.
- Seksyon 7.** Nagkakasundo ang mga Partido na mula ngayo'y magsasagawa ng komun at hiwalay/unilateral na mga hakbang sa pagpapatupad ng repormang agraryo upang buwagin ang monopolyo sa lupa at maipamahagi nang libre ang lupa sa mga nagbubungkal.
- Seksyon 8.** Pinagtitibay ng mga Partido ang pangangailangang magpatupad ng patakaran at programa ng industriyalisasyon at pag-unlad sa agrikultura na may layuning likhain ang batayang mga kondisyon para sa komprehensibo, balansyado at umaasa-sa-sariling pag-unlad sa ekonomya sa pambansang saklaw.
- Seksyon 9.** Kinikilala ng mga Partido ang pangangailangan para sa mga patakarang papawi sa kalakaran ng paggamit sa katungkulan sa gubyerno para sa pribado, indibidwal o kolektibong pakinabang, kukontrol o rirenda sa pribadong lokal at dayuhang mga monopoly, at magbabawal sa pribadong lokal at dayuhang monopolyong kontrol sa ekonomya.
- Seksyon 10.** Nagkakasundo ang mga Partido na magsagawa ng rekonstruksyon at pagpapaunlad ng ekonomya alinsunod sa prinsipyo ng pagtitiyak sa kagalingan ng mamamayan, pagpapanatili ng balanse sa ekolohiya, pagtitiyak sa patuloy na muling pag-usbong ng mga likas na yamang napapalitan (*regeneration of renewable natural resources*) at ng matalinong paggamit ng mga rekursong di na napapalitan (*judicious use of non-renewable resources*).

Seksyon 11. Naninindigan ang mga Partido na itaguyod at protektahan ang mga karapatan at kagalingan ng mga manggagawa, magsasaka, kababaihan, bata at kabataan, maralita sa kalunsuran at kanayunan, migranteng manggagawa, mamamayang katutubo at mga pambansang minorya tulad ng Lumad at Moro, matatanda, may kapansanan at iba pang sektor na pinagsasamantalahan, agrabyado at biktima ng diskriminasyon.

Seksyon 12. Batid ng mga Partido na batay sa kasalukuyang kalagayang panlipunan at pang-ekonomya sa Pilipinas at sa pangkasaysayang karanasan ng mamamayang Pilipino, kinakailangan ang paglalapat ng mga prinsipyo ng pandaigdigang batas hinggil sa mga karapatang panlipunan, pang-ekonomya at pangkultura na katanggap-tanggap sa lahat, at ang tapat na pagtalima rito ng parehong Partido.

Seksyon 13. Binubuo, kung gayon, ng mga Partido ang Kasunduang ito upang pagtibayin ang mataman at nagpapatuloy nilang mutwal na komitment na icalang ang mga karapatang panlipunan, pang-ekonomya at pangkultra at sa gayo’y kilalanin ang kani-kanyang mabubuting intensyon na tumalima at pagtibayin ang gayong mga prinsipyo at karapatan.

BAHAGI II. BATAYAN, SAKLAW AT KAANGKUPAN

Seksyon 1. Tumutugon ang mga probisyon ng Kasunduang ito sa mga kongkretong malakolonyal at malapyudal na kalagayan at pundamental na usapin ng pambansa at panlipunang paglaya sa pamamagitan ng mga repormang panlipunan at pang-ekonomya.

Seksyon 2. Ang pangunahing mga layunin ng Kasunduang ito ay: a) itaguyod, pangalagaan, ipagtanggol at isulong ang soberanya sa ekonomya, b) ikonserba ang pambansang patrimonya at pangalagaan ang kapaligiran, k) magpatupad ng repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon, at d) isulong ang mga karapatan ng mamamayang nagtatrabaho (*working people*), kababaihan, katutubo at mga pambansang minorya tulad ng Lumad at Moro, sampu ng iba pang sektor ng lipunan na pinagsasamantalahan, inaapi, inaaglahi at agrabyado.

Seksyon 3. Sa pagpasok sa Kasunduang ito, ang GRP ay ginagabayan ng Konstitusyon nito, at ang NDFP, ng Gabay sa Pagtatatag ng Demokratikong Gubyernong Bayan at Programa para sa

Demokratikong Rebolusyong Bayan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Alinsunod dito, inaako ng mga Partido ang responsibilidad sa magkasanib at hiwalay na pagpapatupad sa Kasunduang ito.

- Seksyon 4.** Ang mga Partido ay ginagabayan ng mga prinsipyo at instrumento ng pandaigdigang batas na unibersal na katanggap-tanggap tulad ng International Covenant on Economic, Social and Cultural Rights of 1966, International Labor Convention of 1948 on Freedom of Association and Protection of the Right to Organize, at iba pang katulad o kaugnay na pandaigdigang mga kasunduan.
- Seksyon 5.** Haharapin, reserolbahin, at pipigilin ng mga Partido ang pinakaseryosong mga paglabag sa mga karapatang pang-ekonomya, panlipunan at pangkultura. Itataguyod nila ang prinsipyo na walang anumang estado, bayan, uri o grupo ang pahihintulutang isangkalan ang mga abstraktong karapatan ng indibidwal upang apihin at pagsamantalahan ang ibang estado, bayan, uri o grupo. Pangunahing layunin nito na kamtin ang katarungang panlipunan at ang kabutihan ng nakararami. Kikilos sila upang iwasto ang inhustisya at diskriminasyong ipinapataw sa mamamayang nagtatrabaho, kababaihan, katutubo at mga pambansang minority tulad ng Lumad at Moro, at iba pang sektor na pinagsasamantalahan, inaapi at inaaglahi.
- Seksyon 6.** Pinagkakasunduan ng mga Partido na bumuo o ibunsod ang pagbubuo ng isang awtoridad pampulitika na mapagkakatiwalaan at masasaligan ng mamamayan, at may kapangyarihang tiyakin na lubos na ipatutupad ng mga Partido ang Kasunduang ito. Ang gayong awtoridad pampulitika ay kabilang sa mga paksa ng negosasyon sa pagitan ng mga Partido sa ilalim ng adyenda hinggil sa mga repormang pampulitika at konstitusyunal alinsunod sa The Hague Joint Declaration at iba pang kasunod na mga kasunduan.
- Seksyon 7.** Igagalang ng mga Partido, sampu ng awtoridad pampulitikang bubuuin sa magkasanib nilang mga inisyatiba, ang pagiging sagrado ng mga kontrata (*inviolability of contracts*), bagamat maaari pa ring repasuhin, muling isailalim sa negosasyon at bawiin ang mga kontratang taliwas o may pag-iwas na ipatupad ang Kasunduang ito. Lahat ng kontratang matutukoy na kumontra o umiiwas sa pagpapatupad (*circumvent*) ng Kasunduang ito ay kagyat na babaliktarin, muling isasailalim sa negosasyon o kaya'y pawawalambisa.

BAHAGI III. PAGPAPAUNLAD SA PAMBANSANG EKONOMYA

Patuloy na nababahura ang ekonomya ng Pilipinas sa malapyudal at malakolonyal na pagkaatrasado. Ang pagkaatrasado ng bayan at masaklap na kalagayan ng mamamayang Pilipino ay pinalalala ng pagpapataw ng imperyalismong United States (US) at iba pang malalaking kapangyarihang pang-ekonomya ng mga patakarang sa malayang pamilihan ng neoliberal na globalisasyon mula dekada 1980.

Mayaman ang bayan sa mga rekursong pang-agrikultura, pangkagubatan, pangkaragatan at pang-enerhiya. Isa ito sa mga bansang pinakamayaman sa mga mineral sa buong daigdig, at taglay nito ang marami sa batayang mineral na kinakailangan upang makapagpaunlad ng industriya. Ang ating populasyon ay malawak ding pagmumulan ng produktibong pwersang paggawa at lokal na merkado.

Subalit ang ekonomya ay nananatiling atrasado, nakatuon sa agrikultura at may napakaliit na Pilipinong sektor pang-industriya. Mula dekada 1990, lalo lamang itong naging mababaw na ekonomyang nakatuon sa serbisyo at kalakalan kaysa sa isang ekonomyang lumilikha.

Bilang malapyudal na ekonomya, sinusuplayan nito ang dayuhang kapital at mga ekonomya ng murang paggawa at eksport na hilaw na materyal mula sa agrikultura at pagmimina, habang palagiang nag-aangkat ng mga sangkap pang-industriya, ekipong kapital, yaring produkto at agrikultural na kalakal. Tinitiyak ng mga nagsasamantala na konsentrado at naiipon sa kanila ang pakinabang ng ekonomya.

Ang lahat ng ito'y nagpapanatiling maralita sa milyun-milyong Pilipino at naglulugmok sa ekonomya sa pinakamalalang krisis sa buong kasaysayan nito. Laganap ang kawalan ng lupa ng mga magsasaka at ang pagkaatrasado ng kanayunan. Mas maraming Pilipino ang walang trabaho, nasa mga impormal na trabahong mababa ang kalidad, at higit kailanman ay napipilitang maghanap ng empleyo sa ibang bansa.

Upang mapaunlad ang pambansang ekonomya, kailangan ang isang estratehikong programang pang-ekonomya ng pagpapaunlad sa Pilipinas sa paraang nakatitindig-sa-sarili na sumasaklaw sa repormang agraryo, pagpapaunlad ng kanayunan, at pambansang industriyalisasyon na nagbibigay ng karampatang konsiderasyon sa kapaligiran. Nangangahulugan ito ng pagtatakwil sa neoliberalismo at pagpalit dito ng responsableng interbensyon ng estado at demokratikong partisipasyon ng masang Pilipino. Ang isang ekonomyang

tunay na demokratiko at may kasarinlan na pinakikinabangan ng mayorya ng mamamayang Pilipino ang siyang magiging pundasyon ng makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.



A. REPORMANG AGRARYO AT PAG-UNLAD NG KANAYUNAN

Sa kanayunan matatagpuan ang pinakamalalang malapyudal na pagkaatrasado sa bansa. Ang masang magsasaka, mga manggagawang bukid, mamamalakaya, katutubo, mga pambansang minorya at mga pamilya nila ay lugmok sa laganap na karalitaan, baon sa utang, at biktima ng matinding kagutuman at malnutrisyon.

Ito ay dahil sa nagpapatuloy na monopolyo sa lupa at iba pang pag-aari sa kanayunan ng mga panginoong maylupa at korporasyong agribisnes, kapwa dayuhan at lokal. Wala pa ring pag-aaring lupa o kontrol sa lupang sinasaka ang milyun-milyong magsasaka at pamilya nila, o kaya'y napipilitan silang pumasok sa mga trabahong mababa ang kita at walang kinalaman sa pagsasaka dahil sa kawalan ng lupa. Ang deka-dekada nang mga programa diumano sa repormang agraryo ay bigong ipamahagi nang makabuluhan ang lupa sa mga magsasaka o bigyan sila ng rekurso para gawing produktibo ang mga ito. Nananatiling nakatayo ang mga asyenda at plantasyon.

Ang liberalisasyon at deregulasyon sa agrikultura ay nagpalala sa kawalang-seguridad sa pagkain, nagpalaganap sa pagpapalit-gamit ng lupa, nagpatindi sa pang-aagaw ng lupa at panghihimasok ng mga korporasyon, nagpasahol sa malawakang reklamasyon ng lupa na nakaaapekto sa mga mamamalakaya, at

nagtutulak sa ispekulasyon sa lupa ng mga debeloper ng *real estate*. Nananatiling mababa ang produktibidad sa kanayunan o kaya'y nakasalig sa mga input at teknolohiyang mahal at mapaminsala sa kapaligiran na itinutulak ng mga dayuhang korporasyong agribisnes.

Kailangan ang tunay na repormang agraryo na may katuwang na pagpapaunlad sa kanayunan upang mapakawalan ang mga produktibong pwersa sa kanayunan at makamit ang pambansang industriyalisasyon. Inilalatag ng mga ito ang batayan para sa paglayang pang-ekonomya, pampulitika, panlipunan at pangkultura ng pinakamalaking uri sa lipunang Pilipino. Kabilang dito ang kababaihan sa kanayunan na biktima ng dobleng pasanin ng karalitaan at ng pagkaatrasadongipinapataw ng diskriminasyon, at maging ang mga katutubo at mga pambansang minoritya na marahas na itinatoboy mula sa kanilang teritoryong ninuno.

Maraming aral ang mahahalaw mula sa kanayunan kung saan gumagana ang Demokratikong Gubyernong Bayan (DGB) at nagpapatupad ng rebolusyonaryong programa nito sa repormang agraryo. Binibigyang-direksyon nito ang kolektibong pagsisikap ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika, Bagong Hukbong Bayan (BHB), mga rebolusyonaryong organisasyong masa ng mga magsasaka, kababaihan at kabataan sa kanayunan, mga katutubo at mga pambansang minoritya, kung kaya tinatamasa nito ang suporta at partisipasyon ng malawak na masa ng mamamayan.

ARTIKULO I

MGA GUMAGABAY NA PRINSIPYO

- Seksyon 1.** Bubuwagin ang monopolyo sa lupa at magtatakda ng mga paniguro laban sa panunumbalik ng monopolyo. Isasailalim sa ekspropriasyon ang mga lupang agrikultural at iba pang pamamaraan ng produksyon na pag-aari ng mga panginoong maylupa at korporadong sakahan. .
- Seksyon 2.** Ang lupang isinailalim sa ekspropriasyon ay ipamamahagi nang libre sa lahat ng nagbubungkal, magbubukid, manggagawang bukid, mamamalakaya at lahat ng nagnanais at may kakayahang magsaka ng lupa, nang may pagkiling para sa mga umukupa sa lupa bilang mga benepisyaryo, kasamá at nangungupahan (*leaseholder*).
- Seksyon 3.** Layunin ng repormang agraryo ang libreng pamamahagi ng lupa bilang paraan ng pagkakamit ng katarungang panlipunan. Titiyakin ng programa sa repormang agraryo na ang mga nagbubungkal o magsasaka, bilang mga indibidwal o kolektibo sa pamamagitan ng mga kooperatiba at mga katulad na organisasyon, ang siyang magkakaroon ng kontrol sa lupa.

Ang pagbayad ng amortisasyon, kabilang na ang interes sa lahat ng lupang saklaw ng dating mga batas ng GRP sa reporma sa lupa, ay isasaisantabi o patatawarin.

- Seksyon 4.** Magbibigay ang mga Partido ng kinakailangang mga suportang serbisyo na kinabibilangan ng, subalit di limitado sa produksyon, pag-ani, subsidyo at siguro matapos ang pag-ani, pautang na mababa ang interes at libreng irigasyon.
- Seksyon 5.** Ipatutupad ang patakaran ng ekspropriasyon na may kumpensasyon upang himukin ang mga panginoong maylupa na mamuhunan sa industriya at iba pang produktibong empresa. Aplikable rin ito sa mga panginoong maylupa na may subok nang rekord ng pagsuporta sa progresibong reporma sa lupa.
- Seksyon 6.** Itatakda ang kaangkupan, halaga at paraan ng kumpensasyon alinsunod sa magkasanib at hiwalay na tungkulin ng dalawang Partido at sa mahigpit na konsultasyon sa mga asosasyon ng mga magsasaka at ayon sa mga pamantayan at pangkalahatang gabay na nakabalangkas sa Kasunduang ito o sa isang bagong batas sa repormang agraryo na kasunod na pagkakaisahan ng mga Partido.
- Seksyon 7.** Kukumpiskahin ang mga lupang “maydungis” (*sullied*) o yaong mga lupang napatunayang nakuha sa pamamagitan ng mga paraang iligal at mapanlinlang kabilang ang, subalit di limitado sa, pang-aagaw ng lupa, pagpapanggap, pag-ikot sa mga batas sa repormang agraryo, pambabaluktot sa kasaysayan ng pagkakasamá, at sa paggamit ng dahas.
- Ang mga lupang abandonado at tiwangwang na lagpas sa lawak na pinahihintulutan ng Kasunduang ito ay isasailalim sa ekspropriasyon nang walang kumpensasyon.
- Seksyon 8.** Igagalang at kikilalanin ang karapatan ng mga pambansang minorya at katutubo sa kanilang lupa at teritoryong ninuno.
- Seksyon 9.** Itataguyod ng mga Partido ang pagpapatupad ng mga sistemang agrikultural na sustenable at nakabase sa komunidad at gumagamit ng lokal, nakabatay sa katutubong praktika sa pagsasaka, katanggap-tanggap sa kultura, at maka-kapaligiran.

ARTIKULO II

KAHULUGAN NG MGA TERMINO

Seksyon 1. Kahulugan ng mga Termino – Para sa Kasunduang ito, ang sumusunod na mga termino ay uunawain bilang:

- a) **Lupang agrikultural** – pumapatungkol sa lupa, anuman ang klasipikasyon nito, na angkop at nakalaan sa produksyong agrikultural at iba pang gamit na may kaugnayan sa agrikultura tulad ng bakahan at iba pang panghahayupan, *aquaculture*, kabilang ang tabing-dagat (*foreshore*), pastuhan, at lupa na agrikultural ang pangunahing gamit o may potensyal na gamitin sa agrikultura.
- b) **Alternatibong sistema sa kolateral na di-lupa** – pumapatungkol sa mga sistema sa kolateral para makapangutang nang hindi gumagamit ng lupa bilang kolateral; sa gayong mga sistema, ang ginagamit na kolateral ay mga pananim, panghahayupan o garantiyang panlipunan o yaong garantiya ng mga organisasyon o kooperatibang magsasaka o upisyal ng lokal na guberno na mababayaran ang utang.
- c) **Kapitalistang sakahan** – isang yunit ng produksyong agrikultural na pag-aari at kontrolado ng isang korporasyon o negosyante na namuhunan ng kapital sa sakahan at umuupa ng mga manggagawa kapalit ng sahod. Ang pinakalaganap na tipo ay ang plantasyon, na may signipikanteng pagkakaiba sa antas ng mekanisasyon ang iba't ibang sakahan. Ang lupang ginagamit sa pagsasaka ay maaaring inuupahan o pag-aari. Ang produksyon ay pangunahing nakatuon sa pagpapaluwal ng sapat na balik sa kapital at tubo.
- d) **Kumpiskasyon** – ay ang sapolitang (*compulsory*) pagkuha nang walang kumpensasyon sa pribadong mga lupang agrikultural at mga pag-aaring hindi lupa mula sa mga panginoong maylupa na napatunayang sangkot sa pang-aagaw ng lupa at iba pang seryosong krimen na may kaugnayan sa mga sigalot na agraryo. Aayon sa karampatang proseso (*due process*) ang kumpiskasyon.
- e) **Kolektibong pag-aari** – ay isang tipo ng pag-aari kung saan ang ari-arian ay pag-aaring buo ng isang grupo, sektor o uri, at kung saan nagrerelyebo ang mga myembro ng grupo, sektor o uri sa pagtatrabaho at paggamit ng mga kasangkapang pansakahan,

irigasyon, iba pang rekurso, at naghahati sa bunga at kita mula sa pag-aari.

- f) **Pagpapalit-tanim** – pumapatungkol sa pagbabago sa produksyon ng mga pananim, hal., mula pagtanim ng mga lokal na pangunahing produktong agrikultural tulad ng palay at mais tungo sa produksyon ng tinatawag na pananim na pang-eksport na mataas ang halaga tulad ng mga prutas, mga halamang *biofuel* (panggatong na mula sa pagpoproseso ng mga halaman), *oil palm*, goma at halamang palamuti.
- g) **Ekspropriasyon** – pumapatungkol sa sapilitang pagkuha sa mga pribadong lupang agrikultural at pag-aaring hindi lupa para sa gamit-publiko na may kinalaman sa operasyon ng agrikultural na aktibidad matapos ang pagbayad ng makatarungang kumpensasyon.
- h) **Magsasaka (*Farmer*)** – isang natural na tao na ang pangunahing kabuhayan ay pagsasaka ng lupa o ang produksyon ng mga tanim-pang-agrikultura, paghapanghahayupan, at pangisdaan, anuman ang katangian ng kanyang pag-aari o pag-ookupa sa lupa. Sa Kasunduang ito, maaari rin itong pumatungkol sa mga manggagawang bukid, mamamalakaya, katutubo, kababaihan sa kanayunan, at mga manggagawa sa mga bakahan at panghahayupan, *livestock farms aquaculture* at pastuhan. (*Tingnan din ang Magbubukid o Pesante*).
- i) **Manggagawang bukid** – isang tao na karaniwa’y walang pag-aaring lupa at kasangkapang pansakahan at umaasa nang buo o pangunahin sa pagbebenta ng kanyang lakas-paggawa bilang hanapbuhay. Kabilang din dito ang mga manggagawang bukid na may lupang sakahang itinakda ng kanilang panginoong maylupa, subalit ang kanilang netong ani ay hindi sapat para suportahan ang kani-kanilang mga pamilya. Kaya ang mga manggagawang bukid at iba pang myembro ng kanilang pamilya ay napipilitan pa ring magbenta ng kanilang lakas-paggawa sa mga panginoong maylupa at mga panggitna at mayayamang magsasaka.
- j) **Magsasakang mataas-taas ang kita (*Higher-income farmer*)** – pumapatungkol sa mga magsasakang may pag-aaring lupa at sapat na bilang ng mga kasangkapang pansakahan, hayop na pansakahan o makinarya at kumikita ng higit sa kinakailangang halaga para masuportahan ang mga pangangailangan ng kanilang pamilya.

- k) **Magkasanib na pagbubuo ng korporasyon (*Joint corporate undertaking*)** – pumapatungkol sa pakikipagnegosyo ng mga manggagawang bukid na may-ari ng lupa at ng Pilipinong may-ari na may mga pag-aaring di-lupa na hindi saklaw ng mga itinuturing na “nadungisang” lupain, at kung saan ang mga manggagawang bukid ang kumokontrol at nangangasiwa sa operasyon ng negosyo.
- l) **Magsasakang walang lupa** – pumapatungkol sa mga magsasakang walang pag-aaring lupa. Sa Kasunduang ito, saklaw ng termino ang mga magsasaka na may lupang pag-aari na hindi sapat para sa dami ng kanilang lakas-paggawa o may pag-aaring lupa na mababa ang kalidad kaya hindi sumasapat ang kanilang kita.
- m) **Panginoong maylupa** – isang tao na may pag-aaring lupa subalit hindi nagtatrabaho at ang hanapbuhay ay ang umasa nang buo o pangunahin sa upa sa lupa.
- n) **Monopolyo sa lupa** – sistema ng pag-aari at kontrol ng mga panginoong maylupa sa malalawak na lupain.
- ñ) **Pagpapalit-gamit ng lupa** – pumapatungkol sa proseso ng kumbersyon ng mga lupang agrikultural sa gamit komersyal, industriyal o residensyal. Sa Kasunduang ito, saklaw nito ang anumang hakbang ng may-ari ng lupa o *real estate developer* o kanilang ahente o kinatawan, na sa proseso ng kumbersyon ay nagkakait sa mga magsasaka ng kakayahang gamitin ang lupa sa agrikultura.
- ng) **Pag-aaring hindi lupa (*Non-land assets*)** – pumapatungkol sa mga pag-aaring nakapirmi o hindi mailipat (*immovable*) (bukod sa lupa) at pwedeng ilipat (*movable*) na ginagamit bilang pasilidad, ekwipo, *accessories* at iba pang mga istruktura, instrumento, at *improvements* na lubhang importante at kinakailangan sa produksyong agrikultural. Sa kaso ng mga bakahan at iba pang *livestock farms*, *aquaculture* at pastuhan, kabilang sa pag-aaring hindi lupa ang *breeding ponds* at sabsaban, kulungan ng isda, makina at ekwipo at iba pang *improvements*, istruktura at instrumento na lubhang mahalaga at kinakailangan sa kanilang operasyon, at ang mga baka, *livestock*, mga sugpo at isda, at lahat ng iba pang hayop na inaalagaan at pinalalaki roon.

- o) **Magbubukid o Pesante (*Peasant*)** – ang isang magsasaka o pesante ay maaaring ikategorisa bilang mayaman, panggitna o maralita. Sa kalakhan, ang mayayaman at panggitnang magsasaka ay may ilang pag-aaring lupa at sa maraming kaso ay nagpapaupa rin ng lupa. Ang mayayamang magsasaka ay umuupa rin ng sahurang paggawa at nagpapaupa ng mga hayop at kasangkapang pansakahan. Ang mga panggitnang magsasaka ay umaasa nang buo o pangunahin sa sariling paggawa bilang hanapbuhay. Ang mga maralitang magsasaka sa kalakhan o pangunahin, ay mga kasamá ng panginoong maylupa; wala silang lupa o mga hayop na pansakahan at kadalasa’y kulang ang kasangkapang pansakahan. Bahagi ng kita ng mga maralitang magsasaka ay nagmumula sa pagbebenta ng kanilang lakas-paggawa.
- p) **Kooperatibang magsasaka/pesante** – isang organisasyon ng mga magsasakang may maliliit na sakahan, o kung minsá’y mga pesante na walang lupa na kolektibong gumagampan ng trabaho o negosyong agrikultural para magtulungan sa produksyon at pagbebenta ng kanilang mga pananim at palakasin ang kanilang kapangyarihang makipagtawaran at magbenta.
- q) **Remonopolisasyon** – rekonsentrasyon sa mga panginoong maylupa ng mga lupaing ipinamahagi na sa mga magsasaka.
- r) **Lupaing “Maydungis”** – mga lupang naangkin sa pamamagitan ng mga paraang iligal at mapanlinlang, kabilang subalit hindi limitado sa, pang-aagaw ng lupa, pagpapanggap, pag-ikot sa mga batas sa repormang agraryo, pambabaluktot sa kasaysayan ng pagkakasamá, at paggamit ng pwersa at dahas.
- s) **Transnasyunal na korporasyon (*TNK*)** – pumapatungkol sa alinmang korporasyon na rehistrado at nagnenegosyo sa Pilipinas sa ngalan ng “mother corporation” sa ibang bansa, at may kapitalisasyong pinondohan nang buo o bahagya ng “mother corporation” nito.

ARTIKULO III

SAKLAW AT PAGLALAPATAN

Seksyon 1. Anuman ang produkto at kaayusan sa paghawak o paggamit sa lupa (*tenurial arrangement*), sasaklawin ng repormang agraryo ang lahat

ng pribado at pampublikong lupang agrikultural, kabilang ang mga lupang publikong angkop sa agrikultura. Sa partikular, sasaklawin nito ang sumusunod na lupain:

- a) Lahat ng pribadong lupaing nakatuon o angkop sa agrikultura kabilang ang mga plantasyon at malalaking komersyal na sakahang saklaw ng *leasehold*, *joint venture*, *non-land transfer* (hal., *stock distribution option*) at iba pang kasunduan at kontrata sa pamamahala at serbisyo;
- b) Lahat ng lupaing maaaring ilipat o ipamahagi na nasa larangang publiko (*alienable and disposable lands in the public domain*); tiwangwang at abandonadong lupa; pribadong lupang angkop sa agrikultura na nailit, nasekwester at naangkin ng GRP sa pamamagitan ng mga ahensya at instrumentalidad nito;
- c) Lahat ng komersyal na sakahan, na mga pribadong lupaing agrikultural na nakatuon sa produksyon ng mga pananim na pang-eksport, kabilang yaong mga dating hindi sinaklaw ng mga programa sa repormang agraryo ng GRP;
- d) Mga pastuhan at rantso at lupaing angkop sa pagsasaka subalit saklaw ng mga *lease* o kontrata sa upa para sa mga rantso at bakahan;
- e) Mga lupaing dati at kasalukuyang ginagamit bilang base militar at iba pang reserbasyong militar o mga bahagi nito na angkop sa agrikultura;
- f) Mga lupain ng mga eskwelahang pampubliko o pribado na angkop sa agrikultura na hindi aktwal, direkta at eksklusibong ginagamit sa edukasyon sa nagdaang limang (5) taon;
- g) Mga lupaing pag-aari at pinamamahalaan ng mga simbahan at institusyon ng simbahan na angkop sa agrikultura, na hindi aktwal, direkta at eksklusibong ginagamit, at napatunayang hindi kinakailangan sa praktika ng relihiyon;
- h) Mga lupaing saklaw ng mga proyektong panturismo, *golf course*, at yaong nasa loob ng *special economic zones* na angkop sa agrikultura; at
- i) Mga palaisdaan, sugpuan, *corporate fish pens* at *aquaculture farms* kabilang yaong hindi sinaklaw ng naunang mga programa sa reporma sa lupa ng GRP.

Seksyon 2. Ang mga Partido ay magpapatupad ng repormang agraryo nang tulad ng nakasaad sa Kasunduan, sa mga lupa at teritoryong ninuno ng mga katutubo at mga pambansang minorya nang naaayon sa bilis na ninanais ng mga katutubo at mga pambansang minorya. Titiyakin ng dalawang Partido na babaklasin ang panghihimasok at monopolyong kontrol ng mga pribadong korporasyon at indibidwal sa mga lupain at teritoryong ninuno, kabilang ang mga naghaharing uri na nagmamay-ari ng lupa mula sa hanay ng mga katutubo at mga pambansang minorya tulad ng Lumad at Moro.

ARTIKULO IV

PAMAMAHAGI AT PAGBEBENTA NG LUPA

Seksyon 1. Sa pamamahagi ng lupang agrikultural, ilalapat ng mga Partido ang prinsipyo ng katarungan at demokratikong konsultasyon sa mga asosasyong magsasaka batay sa mga sumusunod na konsiderasyon:

- a) ang kabuuang dami ng lupaing agrikultural na pwedeng ipamahagi sa erya;
- b) ang laki at pwersang paggawa ng benepisyaryong pamilya o sambahayan (*household*);
- c) ang kalidad at lokasyon ng lupang agrikultural, kabilang ang kakayahang umangkop sa mga kondisyon ng klima;
- d) tipo ng pananim na itatanim.
- e) disposisyon ng trabaho ng mga traktora sa sakahan, imbakan ng kasangkapang pansakahan (*tool sheds*), mga hayop na pansakahan, mga rantso, prutasan, palaisdaan at iba pa.

Seksyon 2. Hindi isasailalim sa ekspropriasyon ang mga surplus na lupa at iba pang kagamitan sa produksyon ng mayayaman at panggitnang magsasaka. Obligahin silang itaas ang sahod ng mga inuupahan nilang manggagawang bukid alinsunod sa mga pamantayang itinakda ng mga asosasyong magsasaka.

Seksyon 3. Pahihintulutan ang pagbebenta, pagsasanla o iba pang paraan ng pag-angkin ng iba (*encumbrance*) o anupamang moda ng paglilipat ng lupang ipinamahagi sa ilalim ng Kasunduang ito batay sa sumusunod:

- a) ang pagbebenta, pagsasanla o paglilipat ng ipinamahaging lupang agrikultural ay pahihintulutan lamang matapos ang sampung (10) taon;
- b) hindi ikukumbert ang lupa tungo sa hindi agrikultural na gamit;
- c) hindi ibebenta o isasanla ang lupa sa mga dating may-ari, mga nagpapautang at mga lokal na upisyal;
- d) papaburan ang mga kagyat na myembro ng pamilya at mga kamag-anak na nakahandang sakahin ang lupa at may kakayahang gawin itong produktibo, basta't ang lawak ng kanilang pag-aaring lupa ay hindi lalampas sa limit na itinatakda; at
- e) kapag walang kagyat na myembro ng pamilya, hihimukin ang asosasyon o kooperatibang magsasakang kinabibilangan ng benepisyaryong magsasaka na bilhin ang lupa para sa kooperatibisasyon.

Seksyon 4. Sasaklawin ng patakaran ng ekspropriasyon ang lupang bagamat pag-aari ng mga Pilipino ay ginagamit ng mga sakahang kapitalista na pag-aari ng dayuhan sa pamamagitan ng mga kasunduan sa upa o sa pagpapatanim. Depende sa mga negosasyong nagsasaalang-alang sa pambansang interes, maaaring manatili sa kamay ng mga nagmamay-arang Pilipino ang kanilang ari-ariang hindi lupa – mga makinaryang pansakahan, bodega, gusali, upisina, sasakyan, at mga katulad nito – at pumasok sa mga relasyong *joint corporate* o kooperatiba sa mga kooperatibang magsasaka o asosasyon ng mga manggagawang bukid.

Seksyon 5. Ang mga sakahang korporado na isinailalim sa ekspropriasyon ay hindi babaklasin at ipamamahagi, maliban na lamang sa mga pagkakataong ang pagbabaklas sa mga ito ay higit na kapaki-pakinabang para sa mga nagsasakang pesante/magsasaka. Sa halip, ang mga ito ay patatakbuhan ng isang kooperatiba o korporasyong kolektibong pag-aari ng isang asosasyon ng mga pesante/manggagawang bukid. Maaaring gumawa ng patakaran para matukoy kung dapat bawasan ang dami ng mga plantasyong nakatuon sa mga pananim na pang-eksport, pabor sa pamamahagi ng lupa at produksyon o pagpoproseso ng lokal na pagkain.

Seksyon 6. Kagyat na wawakasan ang mga kaayusang *lease* at *leaseback* sa mga dayuhang korporasyon sa malalawak na lupain o plantasyon at pawawalambisa ang mga kontratang kaugnay ng mga ito. Gagawing

pag-aari ng estado o pangangasiwaan ng mga kooperatiba ng mga manggagawang bukid ang mga plantasyong pinatakbo sa inuupahang mga lupaing publiko o pribado.

Seksyon 7. Habang hindi pa naipatutupad ang libreng pamamahagi ng lupang agrikultural, ang lahat ng mga tenante ay makatitiyak na makapagmamay-ari ng libreng mga lote para sa bahay mula sa kanilang panginoong maylupa.

ARTIKULO V

KUMPENSASYON AT GAMIT SA LUPA

Seksyon 1. Titiyakin ng mga Partido na ang mga may-ari ng mga lupaing isasailalim sa ekspropriasyon ay bibigyang-kumpensasyon at papayagang manatili sa kanila ang aabot sa limang (5) ektarya, basta't ang gayong lupa'y patuloy na itutuon sa produksyong agrikultural o iba pang gamit na may kinalaman sa agrikultura. Hindi saklaw ng probisyong ito ang mga lupaing napatunayang naangkin sa paraang di makatarungan at/o panlilinlang.

Seksyon 2. Sa pagtatakda ng kumpensasyon, magsasagawa ng konsultasyon sa pagitan ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa mga lupaing ito, at ng kasalukuyang may-ari o mga may-ari, at bibigyang-konsiderasyon ang sumusunod:

- a) kasaysaysan ng pagkakasamá;
- b) mga pakinabang sa lipunan at ekonomya na iniambag ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa lupa;
- c) halaga ng lupa nang ito'y bilhin;
- d) kasalukuyang halaga ng mga katulad na pag-aari;
- e) katangian ng lupa, aktwal na gamit at kita mula rito;
- f) mga pasilidad at makinarya, at sa kaso ng mga rantso at bakahan, ang dami at kalidad ng mga hayop dito ; at
- g) mga deklarasyon sa buwis, upa, kita at iba pang kinita at iniambag ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa pag-aari, at mga di nabayaranang buwis, utang at iba pang pananagutan.

Seksyon 3. Bubuo ang mga Partido ng angkop na entidad na magtatakda sa halaga ng kumpensasyon. Bubuuin ang kumpensasyon ayon sa sumusunod na mga moda o anumang kumbinasyon ng mga ito:

- a) bayad na salapi;
- b) mga sapi sa pamumuhunan o bono sa mga empresang industriyal o komersyal;
- c) kredit sa buwis, na maaaring gamitin sa anumang pagkakautang sa buwis; at
- d) pagkansela sa mga di bayad na utang mula sa anumang institusyong pinansyal ng GRP.

Seksyon 4. Ang mga propesyunal, migranteng manggagawa at retirado, at ang kagyat nilang mga tagapagmana, na nakakuha ng mga lupaing hindi lalampas sa labinlimang (15) ektarya nitong nagdaang sampung (10) taon ay tatanggap ng mas malaking kumpensasyon.

ARTIKULO VI

MGA REPORMANG PANDAGAT AT AKWATIKO

Seksyon 1. Ang mga pangisdaan at *aquaculture*, kabilang ang, subalit di limitado sa, mga palaisdaan, kural ng mga isda (fish pen) at baklad (fish corral), ay saklaw ng programa sa repormang agraryo ng Kasunduang ito, at ang repormang akwatiko ay di maihihiwalay at mahalagang bahagi ng programa sa repormang agraryo.

Seksyon 2. Ang mga baklad, kural at kulungan ng mga isda (fish cage) na hindi direkta at aktwal na pinatatakbo ng mga may-ari nito o ng mga kooperatiba ay isasailalim ng mga Partido sa ekspropriasyon. Ang mga isinapribadong erya sa baybaying dagat ay ibabalik sa larangang publiko (*public domain*) at gagamitin pangunahin bilang mga komunal na pangisdaan.

Seksyon 3. Ang mga pangisdaang munisipal na hanggang labinlimang (15) kilometro mula sa baybayin ay bibigyang-proteksyon mula sa malalaking komersyal na opereytor na may mga panlayag na mahigit limang (5) tonelada (*gross tons*).

Seksyon 4. Ang mga kasamá at sahurang manggagawa ng mga palaisdaan ay bubuuin bilang mga kooperatiba ng mamamalakaya at ang mga palaisdaan ay itatransorma bilang mga sakahang pag-aari ng estado o kaya'y kooperatiba.

Seksyon 5. Hindi isasailalim sa ekspropriasyon ang mga pangisdaan at mga erya sa *aquaculture* na pinatatakbo mismo ng mga may-ari nito at hindi lumalampas sa isang (1) ektarya. Kasabay ng mga palaisdaang pag-aari ng gubyrerno, bibigyan ang mga may-ari ng suportang estado sa teknolohiya, pautang at iba pang mga serbisyo at oobligahin silang bigyan ng sapat at makatarungang kumpensasyon ang kanilang mga manggagawa.

Seksyon 6. Ang mga ekwipo sa pangisdaan tulad ng sa mga baklad, kural, at malalaking kulungan ng mga isda (*fish pens*) na isinailalim sa ekspropriasyon ay ipamamahagi sa mga kooperatibang pamprodyuser na kinabibilangan ng mga manggagawa sa mga baklad, kural, at malalaking kulungan ng mga isda.

ARTIKULO VII

PROTEKSYON SA MGA KARAPATAN AT KAGALINGAN

Seksyon 1. Pagtutuunan ng pansin ng mga Partido ang lahat ng sanhi ng pagsasamantala sa lahat ng mga manggagawa sa agrikultura, sakahan at pangisdaan at isusulong at itataguyod ang kanilang mga karapatan at kagalingan sa usapin ng nakabubuhay na sahod, mga benepisyong salapi at hindi salapi, makataong kalagayan sa paggawa, kalusugan at kaligtasan, at iba pang mga benepisyo.

Magbibigay ng espesyal na atensyon sa nandarayuhang mga manggagawa sa agrikultura, tulad ng mga sakada, na biktima ng pinakamasasahol na kalagayan sa pamumuhay at paggawa, upang matiyak na iginagawad sa kanila ang mga karapatang dapat nilang tinatamasa.

Seksyon 2. Titiyakin ng mga Partido ang buong partisipasyon ng mga magsasaka sa pagdidirihe ng lahat ng patakaran at programang may kinalaman sa agrikultura at sa buong ekonomya.

Seksyon 3. Titiyakin ng mga Partido ang mga karapatan ng mga manggagawang bukid at manggagawa sa agrikultura sa mga establisimentong pinatatakbo ng mga kapitalista; kabilang sa mga karapatang ito ang *sickness*, *maternity*, *paternity* at *vacation leaves*, bayad sa pagreretiro, bayad sa obertaym at sigurong pangkalusugan.

- Seksyon 4.** Kikilalanin at titiyakin ng mga Partido ang karapatan ng mga manggagawang bukid at manggagawa sa agrikultura, katutubo, kababaihan at iba pang mamamayan sa kanayunan na magbuo ng mga unyon at kooperatiba. Itataguyod at susuportahan ng mga Partido ang pagbubuo o pag-oorganisa ng mga kooperatiba at organisasyong magsasaka, at magbibigay ng edukasyon at pagsasanay sa iba't ibang aspeto ng kooperatibismo, tulad ng organisasyon, pamamahala, pinansya at produksyon.
- Seksyon 5.** Ipagbabawal ng mga Partido ang kriminalisasyon ng mga sigalot at kasong agraryo. Ang mga kasong kriminal na isinama laban sa mga magsasaka na may kinalaman sa sigalot na agraryo ay iaatras o ibabasura, o aaregluhin, gamit ang batayang prinsipyo ng katarungang panlipunan na nagsasabing ang interpretasyon ng batas ay dapat palaging pabor sa mga maralita. Ang mga biktima ng *mistrial* at matagalang detensyon nang walang paglilitis ay bibigyang-kumpensasyon.
- Seksyon 6.** Magbibigay ang mga Partido ng libreng serbisyong pangkalusugan at libreng edukasyong publiko hanggang sa antas tersyaryo sa mga kolehiyong agrikultural at teknikal.

ARTIKULO VIII

MGA KOOPERATIBA, PAUTANG AT SUPORTANG SERBISYO

- Seksyon 1.** Magpapatupad ang mga Partido ng programa sa pagpapataas ng produktibidad sa produksyon ng pagkain para mapataas ang kita ng populasyon sa kanayunan at makamit ang suplay sapat-sasarili (*self-sufficient*), partikular sa pangunahing mga pananim na pagkain (*staple crops*), produktong pangisdaan at pandagat, at panghahayupan. Pangunahing itutuon ang produksyon sa pagtugon sa lokal na demand upang makamit ang pagsasarili sa usapin ng pagkain at makapagsuplayng hilaw na materyal para sa lokal na produksyong industriyal.
- Seksyon 2.** Upang makonsolida ang mga tagumpay sa repormang agraryo, mapataas ang produksyong agrikultural at lahat ng produksyong kaugnay nito, hihimukin, sasanayin, at susuportahan ng mga Partido ang mga benepisyaryo ng repormang agraryo, sampu ng iba pang mga magsasaka at manggagawa, para bumuo ng mga kooperatiba. Ang mga kooperatibang ito ay maaaring para sa pagtanim ng puno, prutasan, palaisdaan, manukan at panghahayupan, pamamahala ng

mga pastuhan (*grazing and pasture management*), pagkakarapintero, kolektibong paggamit ng mga hayop na pantrabaho at makinang pansakahan, mga industriya sa kanayunan, at iba pang mga larangan. Pamamahalaan ang mga ito ng mga asosasyong magsasaka sa kani-kanyang erya o lokalidad.

Ang mga benepisyaryo ng reporma sa lupa ay bibigyan ng suportang serbisyo sa produksyon at pagpoproseso ng mga pananim, pag-aalaga ng mga hayop, manok at isda, pautang, pagbebenta, subsidyo sa presyo, at pagsasanay sa angkop na teknolohiya.

Seksyon 3. Magsasagawa ang mga kooperatiba at asosasyong magsasaka ng mga aktibidad na magpapataas sa antas ng kamulatan hinggil sa kalagayang sosyo-pulitikal sa kanilang mga lokalidad at sa pambansang kalagayan.

Seksyon 4. Titiyakin ng mga Partido na ang mga asosasyong magsasaka, mamamalakaya at iba pang asosasyon ng mga prodyuser ay mabibigyan ng pautang na mababa o walang interes, o ng mga subsidyo upang mapalawak nila ang kanilang produksyon at mapataas ang produktibidad, para matiyak ang istableng suplay ng pagkain at iba pang produktong agrikultural para sa buong populasyon.

Seksyon 5. Isasailalim sa reoryentasyon ang Land Bank at mga *rural bank* at magiging pangunahin nilang layunin ang pagpopondo sa pagpapaunlad ng agrikultura at kanayunan laluna sa pagtatayo ng mga imprastrukturang pansakahan; suporta sa produksyon ng pagkain, kabilang ang *aquaculture* at panghahayupan; pagpapaunlad ng mga industriya sa kanayunan labas sa sakahan; paggamit ng dumi mula sa mga sakahan para sa enerhiya, pataba at iba pang alternatibong gamit; at pagbubuo ng mga kooperatiba. Ang mga utang ng mga benepisyaryong magsasaka sa Land Bank kaugnay ng amortisasyon sa lupa (alinsunod sa dating mga batas sa repormang agraryo) ay patatawarin.

Seksyon 6. Para mapataas ang produktibidad sa agrikultura, bibigyan ng tulong pinansyal ang mga kooperatiba at kolektibo sa anyo ng subsidyo sa produksyon para sa mga input sa pagsasaka (*farm inputs*) at sa pagbili o pag-upa ng makinarya at ekwpong pansaka.

Seksyon 7. Titiyakin ng mga Partido ang seguridad sa pagkain at sapat na suplay ng mga butil at pangunahing pananim. Ang mga presyo ay pananatilihin sa antas na kapaki-pakinabang at mapanghikayat

sa mga magsasakang prodyuser. Ang kinauukulang ahensya na mapagkakasunduan ng mga Partido ay magbabalangkang ng mga alituntunin para palakasin ang pamimili ng palay, mais at iba pang butil mula sa mga prodyuser matapos ang konsultasyon sa mga organisasyong magsasaka.

Seksyon 8. Magbibigay ang mga Partido ng siguro sa pananim at ang mga presyo ay itatakda sa antas na kapaki-pakinabang at mapanghikayat sa mga magsasaka at iba pang prodyuser sa agrikultura. Bibigyan din ang mga magsasaka ng *life insurance* at iba pang tipo ng siguro na sasaklaw sa kalusugan, kalamidad, perwisyo sa negosyo, at mga ari-arian. Hihikayatin at tutulungan ang mga magsasaka na magtayo ng sarili nilang mga kumpanya sa siguro o *mutual benefit associations*.

Seksyon 9. Sa panahon ng mga natural na kalamidad (hal., mapaminsalang mga bagyo, tagtuyot o baha), titiyakin ng mga Partido ang pamamahagi sa mga magsasaka ng libreng mga punla (*seedlings*) na hindi GMO. Tatanggap ng *relief*, pagkain at iba pang subsidyo ang mga magsasaka at mamamalakayang apektado ng kalamidad.

ARTIKULO IX

MGA IPINAGBABAWAL NA KILOS AT KALAKARAN

Seksyon 1. Ipagbabawal ang kumbersyon ng lupang agrikultural na nakatuon sa produksyon ng pagkain, maliban na lamang kung ang mga pananim ay ipoproseso para gamitin sa mga pambansang industriya tulad ng sa kemikal, gamot at produktong goma na isasailalim sa regulasyon sang-ayon sa pambansang planong sosyo-ekonomiko.

Seksyon 2. Isususpindi, rerepasuhin at, kung kinakailangan, babaliktarin ng mga Partido ang mga patakaran o programang nagpapahintulot sa kumbersyon ng mga lupaing agrikultural sa mga tinatawag na *industrial estate*, *urban-housing estates* at subdibisyon, resort na panturista, mga *golf course*, atpb. para sa kultibasyon ng mga pananim na pang-eksport at para sa *biofuel*. Hangga't kaya ay ibabalik sa gamit-agrikultural ang mga lupang pang-agrikultura na isinailalim sa kumbersyon.

Seksyon 3. Ititigil ng mga Partido ang laganap at walang pakundangang reklasipikasyon ng mga ispekulador at malaking *property developer* sa mga sakahan at ang kumbersyon ng mga ito para sa *real estate development*, turismo, pagmimina at *special economic zones*.

Seksyon 4. Wawakasan ng mga Partido ang pagpapalit-tanim at ang mapaminsalang reklamasyon ng lupa. Pinadadali ng pagpapalit-tanim ang pagtatayo o ibayong pagpapalawak ng mga lokal at multinasyunal na plantasyong agribisnes na nakatuon sa eksport, bagay na nagapagpapalala sa pang-aagaw ng lupa sa kanayunan, nagpapatindi sa pagsasamantala sa mga manggagawang pang-agrikultura at bumabagbag sa pambansang seguridad sa pagkain.

Seksyon 5. Gagawa ng mga hakbang ang mga Partido para mapigilan ang polusyon sa mga pangisdaan at magpapatupad ng mga hakbangin para maprotektahan ang mga ito.

Seksyon 6. Lalabanan, ipagbabawal at kalauna'y papawiin ng mga Partido ang usura at iba pang mapagsamantalang kalakaran sa kalakalan ng pang-agrikulturang mga *input* at produkto sa pamamagitan ng:

- a) Paghikayat sa masang magsasaka na magkaroon ng mga personal na impok;
- b) Paghikayat sa mga asosasyong magsasaka na mag-opereyt bilang asosasyong kooperatiba upang magkaroon ng mga impok at iba pang kita;
- c) Pagpapababa sa mga interes sa pautang tungong limampung (50) porsyento ng umiiral na tantos bilang paunang hakbang. Tuluy-tuloy itong babawasan hanggang sa maging bahagyang mas mataas na lamang sa umiiral na tantos na sinisingil ng mga bangko; at
- d) Pagkakansela sa lahat ng di makatarungang utang at muling pagkukwenta sa mga lumang utang na may limang (5) taon na, alinsunod sa mga tantos na itinakda (bahagyang mas mataas lamang sa umiiral na tantos na sinisingil ng mga bangko) at batay sa pagsang-ayon ng pangkalahatang asembliya ng asosasyong magsasaka.

Seksyon 7. Ipagbabawal at ipatitigil ng mga Partido ang mapagsamantalang mga kalakaran sa kalakalan (hal., pagmanipula sa presyo at ang sistemang resikada) upang tiyakin na ang mga magsasaka, manggagawang bukid, mamamalakaya at manggagawa sa mga sakahan at pangisdaan ay makatatanggap ng patas na presyo para sa kanilang mga produkto.

Seksyon 8. Istriktong ipagbabawal ang konstruksyon at pagtatayo ng mga kampo militar at detatsment ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) sa mga lupaing nakapailalim sa repormang agraryo.

ARTIKULO X

INDUSTRIYALISASYON SA KANAYUNAN

- Seksyon 1.** Ang mga Partido ay magtataguyod ng industriyalisasyon sa kanayunan na sumasalig sa mamamayan at pinamumunuan ng komunidad, na ang mga elemento ay kinabibilangan ng pag-angkla sa repormang agraryo at pagpapaunlad ng agrikultura, pagbatay sa mga lokal na kasanayan at kaalaman, masinop na paggamit ng lokal na hilaw na materyales at likas na yaman, at pagtataguyod ng mga bagong ideya, pamamaraan at produkto (*innovation*).
- Seksyon 2.** Pinagtitibay ng mga Partido na integral na bahagi ng programa sa repormang agraryo ang pagkakaroon ng mas maraming teknisyang pansaka at pasilidad sa pagsasanay, abot-kayang pautang sa agrikultura sa mga nagsasaka, mga kinakailangang pasilidad matapos ang pag-ani (*post-harvest facilities*), tulong sa merkado, libreng sistema sa irigasyon, at mga daang nag-uugnay ng mga sakahan sa pamilihan (*farm-to-market roads*). Pauunlarin ang angkop na mga teknolohiya at titiyakin ang mga garantiya sa presyo pabor sa mga magsasaka.
- Seksyon 3.** Magsasagawa ng mga hakbang ang mga Partido para suportahan ang pagpapahusay at pagpapaunlad ng produksyong agrikultural, tulad ng sa pagatasan, manukan at panghahayupan, sa tubo, palay, mais at iba pang butil, niyog, mga hibla, prutasan, mga gulay, halamang gamot at panrekado (*herbs and spices*), inumin, halamang ugat, produktong pangisdaan at pandagat, asin at damong-dagat (*seaweeds*), pananim para sa pagkain ng hayop (*forage and fodder crops*), goma, organikong pataba at iba pa.
- Seksyon 4.** Puprotektahan at ibayong pauunlarin ng mga Partido ang tradisyunal na pagpuproseso ng pagkain at mga industriya sa kanayunan na labas sa sakahan, tulad ng paghahabi, pagpapanday (*blacksmithing*), pagyayaring-kamay (*handicrafts*), pandayan (*foundry*), at *metalworking* sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong sa pagbebenta, pinansya at teknikal.

Seksyon 5. Pauunlarin ng mga Partido ang pagmamanupaktura ng mga input sa pagsasaka kabilang ang organikong pataba, pestisidyo at herbisidyo, mga kasangkapan at makinarya.

Seksyon 6. Ang sumusunod ay kabilang sa mga industriya sa kanayunan na pauunlarin:

- a) Industriya ng niyog
- b) Industriya ng asukal
- c) Industriya ng kakaw at kape
- d) Pagpuproseso ng karne
- e) Mga produktong gatas
- f) Pagpuproseso ng balat
- g) Mga produktong abaka
- h) Mga damit at tela
- i) Mwebles
- j) Kawayan at uway
- k) Pagpuproseso ng isda
- l) Pagpuproseso ng mga prutas, rekado at gulay
- m) Pagpuproseso ng mga sekundaryong produkto sa agrikultura
- n) Paghuhubog ng luad (*pottery*)
- o) Pagpuproseso ng asin at damong-dagat

Seksyon 7. Pauunlarin ng mga Partido ang lokal na syensya at teknolohiya sa agrikultura upang tumaas ang antas ng produktibidad at maitaguyod ang mga industriya sa kanayunan. Ang mga ito ay dapat may mas malaking kita kaysa gastos (*economically feasible*), di mapaminsala sa ekolohiya, angkop sa umiiral na kultura, makatarungan sa lipunan at makatao. Itataguyod kapwa ang mga tradisyunal at modernong teknolohikal na mga binhi at ang pagmamanupaktura ng mga input (kabilang ang mga organikong pataba, pestisidyo at herbisidyo), kasangkapan at makinarya sa sakahan, pati ang pag-aalaga ng mga manok at hayop.

Seksyon 8. Isasagawa ng mga Partido ang integrasyon ng lahat ng aspeto ng produksyon, distribusyon at pagpuproseso sa kanayunan upang matugunan ang mga pangangailangan ng mamamayan, lokal na industriya at ng lokal na ekonomya sa pangkalahatan. Pauunlarin ang panlipunang kapital tungo sa planado at sustenidong pagpapaunlad ng kanayunan.

Seksyon 9. Bibigyang-prayoridad sa pagpapalano at paglalaan ng badyet ang pagtatayo ng pisikal na imprastruktura sa kanayunan. Kabilang dito ang sumusunod:

- a) gumaganang (*viable*) mga sistema sa transportasyon, komunikasyon at impormasyon na mag-uugnay sa produksyon, distribusyon at konsumo;
- b) libreng sistema sa suplay ng irigasyon;
- c) libre o murang sistema sa paglilikha at pagsusuplay ng kuryente, laluna yaong mula sa napapalitang pinagmumulan ng enerhiya;
- d) mga pasilidad sa pagbobodega, pagpoproseso at preserbasyon ng mga produktong agrikultural at pangisdaan;
- e) mga pasilidad sa inuming tubig;
- f) kontrol sa baha at proteksyon laban dito;
- g) konserbasyon ng lupa kabilang ang pagkontrol sa pag kaka-uk-ok nito (*soil erosion*); at
- h) mga daungan para sa sasakyang pangisda.

Seksyon 10. Magkakaroon ng mayor na papel ang mga asosasyong magsasaka at mga komunidad sa kanayunan sa pagpapalano at pagpapatupad ng mga proyektong pang-imprastruktura sa kanayunan, at sa lahat ng iba pang programa tulad ng pautang at pag-alwan mula sa karalitaan (*poverty alleviation*).

ARTIKULO XI

IBA PANG MGA PROBISYON

Seksyon 1. Nagkakasundo ang mga Partido na kikilalanin ng estado ang makatarungang pag-angkin ng mga magsasaka at manggagawa sa agrikultura sa pondong *coco levy*, *sugar amelioration fund*, at *tobacco excise tax*.

- Seksyon 2.** Nagkakasundo ang mga Partido na rerepasuhin, aamyendahan, sususpindihin o wawakasan ng estado, alinman ang nararapat, ang lahat ng baylateral na tratado at kasunduan sa pamumuhunan, baylateral at rehiyunal na kasunduan sa malayang kalakalan (*free trade agreements o FTA*), at mga kasunduan sa ilalim ng multilateral na World Trade Organization (WTO) na hindi paborable sa pagkakamit ng pag-unlad sa agrikultura at kanayunan.
- Seksyon 3.** Nagkakasundo ang mga Partido na wakasan ang malawakang importasyon ng mga produktong agrikultural at pangisdaan, na nagkakait ng kabuhayan sa mga Pilipinong magsasaka at mamamalakaya at nagpapahina sa lokal na produksyon ng mga produktong ito.
- Seksyon 4.** Nagkakasundo ang mga Partido na ang mga organisasyong masa at asosasyong magsasaka kasama ang NDFP ay lalahok sa pagtitiyak at pagpapatupad (*enforcement and implementation*) ng repormang agraryo. Gagamitin ang lakas ng organisadong kilusan ng mga magsasaka, maralita sa kanayunan at nagtatrabahong mamamayan, kabilang ang mga wala at kulang ang trabaho sa pagtatayo ng imprastruktura para sa pagpapaunlad ng kanayunan, agrikultura at industriya.
- Seksyon 5.** Magtatayo ng Joint Agrarian Institute na ang mga tauha’y nominado ng parehong Partido sa mahigpit na pakikipagtulungan sa mga asosasyong magsasaka. Ang *institute* ay magdadaos ng mga pagsasanay at magsasagawa ng tuluy-tuloy na pananaliksik hinggil sa mga suliranin at sigalot na agraryo at sa patakaran sa repormang agraryo, at magrekomenda ng mga estratehiya para ibayong masustini ang pag-unlad sa agrikultura at kanayunan alinsunod sa iba pang mga probisyon ng CASER.
- Seksyon 6.** Nagkakasundo ang mga Partido na aakuin ng estado ang responsibilidad sa pagpapawalambisa sa Investors Lease Act, Agriculture and Fisheries Modernization Act (AFMA), Fisheries Code, Mining Act, Indigenous Peoples’ Rights Act (IPRA), at lahat ng iba pang mga batas, dikreto, kautusan, desisyon at mga iniisyu na hindi umaalinsunod sa Kasunduang ito.
- Seksyon 7.** Matapos ang rasonableng panahon mula sa pagkakapirma ng Kasunduang ito, aaprubahan ang isang bagong batas sa repormang agraryo na istriktong tatalima sa lahat ng Artikulo at Seksyon ng Bahagi IV ng Kasunduang ito. Sa pamamagitan ng kanilang mga panel sa negosasyon, pagkakasunduan ng mga Partido ang ispesipikong mga probisyon ng gayong batas.

- Seksyon 8.** Nagkakasundo ang mga Partido na kikilos ang Estado upang maisabatas at maipatupad ang mga kaugnay at komplementaryong reporma sa batas at patakaran bilang suporta sa batas agraryo at mga programa sa repormang agraryo sang-ayon sa nakalista sa Annex A ng Kasunduang ito.
- Seksyon 9.** Titiyakin ng GRP na may mailalaang sapat na pondo para sa pagpapatupad ng programa at sa mga suportang serbisyo.

ARTIKULO XII

MGA PROBISYON SA IMPLEMENTASYON

- Seksyon 1.** Ang mga Partido ay bubuo ng mekanismo na titiyak na ang Kasunduan sa Repormang Agraryo at Pag-unlad ng Kanayunan (Agreement on Agrarian Reform and Rural Development o ARRD) ay igagalang at epektibong ipatutupad.
- Seksyon 2.** Pagkakaisahan ng mga Partido ang isang iskedyul sa implementasyon at plano ng mgagawain na nagtatakda ng mga petsa at oras ng pagtutupad ng kanilang magkasanib at hiwalay na mga komitment sa ilalim ng Kasunduan sa ARRD. Kalakip nito bilang Annex B ang isang *sample schedule of implementation*.
- Seksyon 3.** Itatayo ang isang Joint Monitoring Committee on Agrarian Reform and Rural Development (JMC-ARRD) para sa koordinasyon ng hiwalay na implementasyon at pangangasiwa sa komun na gawain sa repormang agraryo at pag-unlad ng kanayunan ng GRP at NDFP bilang pagtalima sa Kasunduan sa ARRD.
- Seksyon 4.** Ang JMC-ARRD ay bubuuin ng apat (4) na myembro na pipiliin ng Panel ng GRP at apat (4) na myembro na pipiliin ng Panel ng NDFP. Magkakaroon ang JMC-ARRD ng mga magkatuwang na tagapangulo na magsisilbing pangunahing kinatawan ng mga Partido at mangungulo sa mga pulong.
- Seksyon 5.** Sumusunod ang mga gawain ng JMC-ARRD:
- a. Pagmomonitor sa mga hakbanging isinasagawa ng mga Partido upang ipatupad ang kanilang magkasanib at hiwalay na komitment at obligasyon sa ilalim ng Kasunduan sa ARRD alinsunod sa pinagkaisahang iskedyul ng implementasyon at plano ng mga gawain.

Bubuo ang mga Partido ng sistema ng pag-uulat na nagbibigay sa JMC-ARRD ng impormasyon hinggil sa mga batas o lehislyang naaprubahan, mga patakaran o regulasyong binuo, datos sa operasyon at iba pang hakbang at inisyatiba kabilang ang paglalaan ng mga rekurso upang maipatupad nila ang kanilang mga obligasyon sa ilalim ng Kasunduan sa ARRD, at mga amyenda nito, kung mayroon man.

- b. Pagbeberipika sa datos at impormasyong teknikal o operasyunal na isinasaad sa mga ulat sa pamamagitan, bukod sa iba pa, ng pagdaraos ng *on-site missions* upang makatulong sa pag-alam kung ang isang Partido ay tumatalima at kung hindi, ay aalamin ang antas, tipo at dalas ng hindi pagtalima.

Lalahok ang mga organisasyong masa at asosasyong magsasaka sa proseso ng beripikasyon at bibigyan ng malaking konsiderasyon ang kanilang ebalwasyon at pagsusuri sa signipikanteng epekto at masusukat na lawak ng pag-unlad sa kalagayang agraryo bunga ng implementasyon.

Sa teknikal na beripikasyon, maaaring maging bahagi ang independyenteng mga *sanggunian* (independent sources) para masuhayan ang pambansang datos at impormasyon.

- c. Tumanggap ng mga reklamo hinggil sa paglabag sa anumang probisyon ng Kasunduan sa ARRD o mga isinusumite kaugnay ng mga usapin sa hindi pagtalima.
- d. Imbestigahan ang mga reklamo hinggil sa paglabag sa anumang probisyon ng ARRD at mga usapin sa hindi pagtalima o kahirapan sa pagtalima.
- e. Magbigay ng payo, rekomendasyon o impormasyon, matapos ang pakikipagkonsultasyon sa partido, upang tulungan itong resolbahin ang mga kahirapan sa pagtalima.
- f. Repasuhin ang mga pangkalahatang kaso ng pagtalima.

Seksyon 6. Bubuuin ang isang konseho ng mga tagapayo na kinabibilangan ng mga myembro ng akademya, kinatawan ng mga organisasyong magsasaka at independyenteng tagamasid upang tulungan at payuhan ang JMC-ARRD sa pagrerepaso at pagmomonitor ng implementasyon ng mga probisyon ng ARRD at paghahalaw ng mga kongklusyong makabuluhan sa pagbubuo ng mga patakaran mula sa mga resulta ng beripikasyon at pagbabahagian ng mga karanasan.

- Seksyon 7.** Magbibigay ang JMC-ARRD sa GRP-NDFP Social and Economic Oversight and Advisory Council (SEOAC) na binuo alinsunod sa Bahagi V (Probisyon sa Implementasyon) ng CASER, ng mga regular na *briefings* at *updates* sa istatus ng implementasyon ng mga probisyon ng ARRD alinsunod sa iskedyul ng implementasyon at plano sa trabaho na pinagkaisahan ng mga Partido.
- Seksyon 8.** Anumang bagay o usapin kaugnay ng di-pagtalima sa mga probisyon ng ARRD o may kinalaman sa gawain ng JMC-ARRD ay ipapaabot sa SEOAC.
- Seksyon 9.** Sa loob ng animnapung (60) araw mula sa pagkakapirma ng kasunduan hinggil sa mga probisyon ng ARRD, babalangkasin ng JMC-ARRD kasama ang mga myembro ng SEOAC na binuo sa ilalim ng Bahagi V ng CASER, ang mga kinakailangang alituntunin at regulasyon para sa maayos na implementation ng mga probisyon nito. Aaprubahan ng mga panel sa negosasyon ng GRP at NDFP ang naturang alituntunin at regulasyon sa implementasyon sa loob ng di tatagal sa tatlung (30) araw matapos ito maisumite ng JMC-ARRD para maaprubahan.
- Seksyon 10.** Bubuo ang JMC-ARRD ng pinagsanib na kalihiman (*joint secretariat*) na magbibigay ng suportang istap. Ang bawat Partido ay maghihirang ng parehong bilang ng mga myembro sa *joint secretariat* na magsisilbi alinsunod sa kagustuhan ng partidong nagnomina sa kanila.
- Seksyon 11.** Gagawaran ng garantiya sa kaligtasan at imunidad ang mga myembro ng JMC-ARRD alinsunod sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees.
- Seksyon 12.** Bubuin ang JMC-ARRD sa loob ng labinlimang (15) araw matapos ang epektibidad ng mga probisyon ng ARRD sa CASER at patuloy itong iiral hangga't hindi nagpapasya ang alinmang Partido na lusawin ito sa pamamagitan ng pagpapadala sa kabilang Partido ng nakasulat na abiso hinggil sa paglulusaw o hangga't walang humahalili ritong mas permanenteng ahensya sa ilalim ng bagong awtoridad pampulitika na itatakda sa Comprehensive Agreement on Political and Constitutional Reforms (CAPCR) at ng Comprehensive Agreement on End of Hostilities and Disposition of Forces (CAEHDF).

Kahit malusaw ang JMC-ARRD, hindi malilibre ang alinmang Partido sa pagpapatupad ng mga obligasyon nito sa ilalim ng Kasunduang ito.

- Seksyon 13.** Maaaring repasuhin ng mga Partido sa pana-panahon ang mga probisyon ng Kasunduang ito hinggil sa ARRD para alamin kung may pangangailangang magkaroon ng dagdag na kasunduan o baguhin ang mga probisyon nito alinsunod sa mga sirkunstansya.
- Seksyon 14.** Anumang pagtatalo kaugnay ng interpretasyon o aplikasyon ng, at di-pagtalima sa, mga probisyon ng ARRD at mga bagay na may kinalaman sa gawain ng JMC-ARRD ay reresolbahin alinsunod sa Bahagi V at VII ng CASER.
- Seksyon 15.** Habang isinasagawa pa ang negosasyon hinggil sa iba pang sustantibong bahagi ng CASER, ang Kasunduang ito hinggil sa ARRD ay pipirmahan ng mga Panel sa Negosasyon at magkakabisa matapos aprubahan ng kani-kanyang mga prinsipal.



B. PAMBANSANG INDUSTRIYALISASYON AT PAG-UNLAD NG EKONOMYA

Kailangan ang pambansang industriyalisasyon upang tiyakin ang kabuhatan ng masa, matugunan ang kanilang mga batayang pangangailangan, siguruhin ang mabilis at sustenidong paglago ng ekonomya, at kamtin ang kasarinlang pang-ekonomya laban sa imperyalistang dominasyon. Taglay ng Pilipinas ang likas na yaman at mamamayang may kasanayan para makamit ito. Maraming batayang mineral dito na kinakailangan para sa pag-unlad ng industriya. Narito rin ang ilampung milyong manggagawa, magsasaka, syentista at teknolohista, at ang iba pang mamamayang Pilipino.

Subalit ang tunay na progreso sa industriya at pag-unlad sa ekonomya ay sinasagkaan ng mga dayuhang monopolyo kapitalista at malalaking burgis kumprador. Ayaw ng mga imperyalista na mawala sa kanila ang bansang pinagmumulan ng murang hilaw na materyales at lakas-paggawa at nagsisilbing bihag na merkado para sa kanilang mga produkto at serbisyong industrial. Ayaw ng mga kumprador na mawala sa kanila ang tubo na kinakamal nila sa pagpapadulas (*facilitate*) ng gayong imperyalistang pagsasamantala.

Pinalalala ng neoliberal na globalisasyon ang pagkaatrasado ng industriya at ilampung libo nang tagapagmanupaktura ang nagsara nitong nagdaang dekada

lamang. Marami sa mga naiiwan ay nasa semimanupaktura na lamang. Mayroon ding malawakang denasyunalisasyon sa pagmamanupaktura kung saan ang mga dayuhang transnasyunal na korporasyon at mga subkontraktor ang siya nang gumagawa ng kalakhan ng produkto ng pagmamanupaktura sa bansa.

Dapat basagin ang baluktot na padron ng neokolonyal na produksyon. Makapag-aambag lamang sa pambansang pagpapaunlad ang mga rekursong likas at tao ng bayan kung may mga kumpanyang Pilipino na maramihang gumagawa ng mga produktong kapital, intermedya at pangkonsyumer (*capital, intermediate and consumer goods*).

Ang pambansang industriyalisasyon ay nangangailangan ng aktibong interbensyon at proteksyon ng estado, pagpapalawak at integrasyon ng lokal na merkado, pagtitiyak ng pagkakawing-kawing (*linkages*) ng buong ekonomya at pagpapaunlad ng lokal na syensya at teknolohiya.

Dapat maging tagapagbunsod ng pambansang kaunlaran ang mga prodyuser na Pilipino at ang lokal na kapital. Kabilang dito ang patriyotikong pambansang burgesya, mas maliliit na empresa at yaong mga nagsisimula pa lamang at naghahangad ng industriyalisasyon. Napakahalaga ng mamamayan, laluna ang uring manggagawa, bilang mga pangunahing tagapaglikha ng ekonomya, at pinakaimportanteng benepisyaryo ng pag-unlad sa industriya, mga tagapamandila ng syensya at teknolohiya at pangunahing pwersang pampulitikang nagtutulak ng pambansang progreso.

ARTIKULO I

PANGKALAHATANG MGA PROBISYON PARA SA PAMBANSANG INDUSTRIYALISASYON

Seksyon 1. Nagkakasundo ang mga Partido na abutin ang pambansang industriyalisasyon sa pamamagitan ng pagpapaunlad at pagkakamit ng kapasidad na lumikha ng mga produktong pangkonsyumer, intermedya at kapital.

Seksyon 2. Layunin ng pambansang industriyalisasyon ang maabot ang empleyo para sa lahat, mapataas ang tunay na halaga ng sahod, tuluy-tuloy na mapahusay ang antas ng pamumuhay bawasan ang di pagkakapantay-pantay at pawiin ang karalitaan. Itinataas nito ang antas ng syensya at teknolohiya, pinalalawak ang lokal na demand at iniintegreyt ang rehiyunal na produksyon at mga merkado upang magkaroon ng iisang pambansang sistema ng produksyon.

- Seksyon 3.** Nagkakasundo ang mga Partido na para magkaroon ng komprehensibo at integretyed na programa sa pambansang industriyalisasyon, dapat sistematikong ikonsidera ang sumusunod:
- a) umiiral na pwersa sa paggawa, mga kasanayan, likas na yaman, teknolohiya at kapasidad;
 - b) mga kawing na pasulong at pabalik (*forward and backward linkages*) sa pagitan ng mga primarya, sekundaryo at tersaryong sektor, maging sa pagitan ng mga rehiyong heograpiko;
 - k) iba't ibang tagal bago makamit ang pag-unlad (*varying gestation periods*) at iba't ibang kapasidad sa pagtitipid sa gastos habang papalaki ang produksyon (*varying scale economies*);
 - d) pagtugon sa mga kagyat at batayang pangangailangan ng mamamayan habang pinalalawak ang potensyal para sa pangmatagalan at estratehikong pakinabang; at
 - e) mga epekto sa kapaligiran. Yugtu-yugtong ipatutupad ang pambansang industriyalisasyon, na may karampatang konsiderasyon sa inisyal at namumuo pang mga kalagayan, at isusulong ito nang may mulat na pagkakawing-kawing at programadong pagpapaunlad sa hanay ng produksyong mababa ang teknolohiya at malaki ang pangangailangan sa lakas-paggawa, midyum na produksyon hanggang sa produksyong gumagamit ng mataas na antas ng teknolohiya (*hightech*) at malaki ang pangangailangan sa kapital.

Seksyon 4. Tinitiyak ng pambansang industriyalisasyon na balansyado ang paglago, kung saan ang mga industriyang mabigat at may mataas na teknolohiya (*heavy and high-technology industries*) ang nangungunang salik, ang agrikultura ang base ng ekonomya, at ang mga industriyang magaan at midyum (*light and medium industries*) ang magsisilbing tagapagtulay na salik (*bridging factor*) na kagyat na lilikha ng mga batayang produktong pangkonsyumer para sa mamamayan at mga produktong pamprodyuser (*producer goods*) na kinakailangan sa agrikultura.

Seksyon 5. Mabilis na pauunlarin ang mga industriyang mabigat at may mataas na teknolohiya (*hightech* industry) para maging nangungunang salik sa komprehensibo at balansyadong pag-unlad ng ekonomya. Isasailalim sa reoryentasyon ang umiiral na mga industriya mula sa kasalukuyang pagpoprosesong nakasalig-sa-import at mababa ang dagdag-halaga at kalakha'y para sa eksport/reeksport o paggawa ng mababang kalidad at mumurahing produkto. Ang mga Partido ay:

- a) May komitment na bigyang-prayoridad ang paglikha at/o pagpapalawak ng isang modernong Pilipinong sektor ng industriya na nagpoprodyus ng mga produktong kapital at intermedya;
- b) May komitment na itayo ang mabibigat at midyum na industriya na lumilikha ng *base metals* (tulad ng bakal, tingga, tanso atbp.), batayang kemikal, petrokemikal, gamot, makinarya, *precision instruments*, elektroniks, at durableng produktong pangkonsyumer.
- c) Kumikilala na ang mga industriyang ito ay mahalaga para matiyak na ang paglikha ng mga produktong pangkonsyumer at produktong pamprodyuser para sa kanayunan–kabilang ang mga makinarya at ekwipong pansakahan, at mga bodega at pasilidad pamproseso matapos ang ani–ay masusustini sa pangmatagalan.

Seksyon 6. Pinagkakasunduan ng mga Partido na gawing base ng ekonomya ang agrikultura. Ipatutupad ang tunay na repormang agraryo at pagpapaunlad sa kanayunan upang magampanan ng sektor pang-agrikultura ang kritikal na papel nito sa pambansang industriyalisasyon at mapakawalan ang mabuting siklo (*virtuous circle*) ng lumalawak na demand at tumataas na produktibidad, sa partikular:

- a) Pagsusuplay ng pagkain para sa populasyon sa kanayunan at kalunsuran;
- b) Pagsusuplay ng hilaw na materyales para sa industriyang Pilipino;
- c) Paglilikha ng malawak na merkado para sa mga gawa sa bansa na produktong pangkonsyumer at produktong pamprodyuser laluna sa gitna ng matagalang pandaigdigang krisis at mas makikitid na merkado sa eksport; at
- d) Bilang pagmumulan ng maaaring ipuhunan na surplus na galing sa mas mataas na antas ng produktibidad ng mga magsasaka at iba pang manggagawa sa kanayunan.

Seksyon 7. Isasailalim sa reoryentasyon ang industriyang magaan mula sa kasalukuyang pagpuproseso ng mga produktong pang-eksport na dominado ng mga dayuhan, nakasalig sa import at mababa ang dagdag-halaga, tungo sa pagiging nagtutulay na salik para sa kagyat na paglikha ng mga batayang produktong pangkonsyumer para

sa buong mamamayan at mga produktong pamprodyuser tulad ng input sa pagsasaka (*agricultural inputs*), kasangkapan at magaan na makinaryang kinakailangan ng sektor pang-agrikultura. Ang mga Partido ay:

- a) Kumikilala na ang pagtugon sa mga batayang pangangailangan ng mamamayan, laluna ng batayang masa, ay tumitiyak sa suporta ng masa para sa itinutulak na industriyalisasyon;
- b) May komitment na palawakin ang mga industriya ng mga esensyal na produktong pangkonsyumer upang tiyakin ang malawak na suplay ng mga pangangailang pangkonsyumer; at
- c) Nagkakasundong bigyan ng prayoridad ang pagpoproseso ng mga butil at cereal (*grains and cereals*), prutas at gulay, karne at manok, *aquaculture* at pangisdaan, inumin at produktong gatas (*beverages and dairy products*), damit at sapatos, at pangmasang pabahay.

Seksyon 8. Hihikayatin ng mga Partido ang lokal at mas mataas na antas na pagpuproseso ng mga hilaw na materyal ng bansa para bumuo ng mga yaring produkto, tulad ng, subalit di limitado sa, mga mineral, produktong mula sa gubat at nakabatay sa agrikultura (hal., mga produkto ng niyog, asukal, tabla (*lumber*) at mga katulad nito kapalit ng kasalukuyang patakaran at kalakaran ng produksyon ng hilaw na materyal para sa eksport.

Seksyon 9. Gagawa ang mga Partido ng mga hakbang para sapat na matugunan ng produksyong industriyal ang pangangailangan ng mga magsasaka sa konsumo at produksyon at mabuo ang mga kawing sa pagitan ng produksyong pansakahan, imprastrukturang agrikultural, input sa industriya (*industrial inputs*), at *agro-processing*.

Seksyon 10. Titiyakin ng mga Partido na bibigyang-prayoridad ng pambansang industriyalisasyon ang kabutihan ng mamamayan, laluna ang masang manggagawa at magsasaka. Tutugunan nito ang mga pangangailangan ng mamamayan at hihimukin ang kanilang demokratikong partisipasyon. Hindi ito mag-iipon ng kapital o kikilos sa paraang makaaagrabyado sa mga magsasaka at manggagawa.

Seksyon 11. Kinikilala at pagtutuunan ng pansin ng mga Partido ang matinding epekto (*impact*) ng industriyalisasyon sa kapaligiran, at bibigyan nila ng atensyon ang sumusunod:

- a) Maksimum na paggamit sa bansa ng mga hilaw na materyal na matatagpuan sa bansa;

- b) Pagtuon ng pansin sa mapaminsalang epekto ng mga prosesong industriyal sa kapaligiran at kalusugan ng mamamayan; at
- c) Pinaka- masinop (*most efficient*) na gamit, proteksyon at rekoberi ng mga rekurso ng bayan, alinman ang angkop.

Seksyon 12. Magkasama na magdidisenyo ang mga Partido ng programa sa pambansang industriyalisasyon, na naglalalatag ng pundasyon ng pag-unlad sa industriya nang may kagyat na maisasakatuparang mga proyektong industriyal subalit nagtatakda rin ng landas na tatahakin sa pagkakamit ng pangmatagalang industriyalisasyon.

Seksyon 13. Ang mga industriyang itinuturing na esensyal sa paglikha ng lokal na baseng industriyal para sa pambansang industriyalisasyon ay: susuportahan sa pamamagitan ng paglilibre sa buwis, paglilibre sa taripa (*import duties*), pagbibigay ng insentibo sa pautang at pamumuhunan, at paggawad ng mga kontrata sa *government procurement*; poprotektahan sa pamamagitan ng mga taripa, kota o pagbabawal sa import, at mga kontrol sa palitan ng salapi; at isusulong sa pamamagitan ng iba pang mga hakbangin kung kinakailangan.

Seksyon 14. Ang mga pinapaborang industriya at empresa sa ilalim ng Seksyon 13 sa itaas ay isasailalim sa regulasyon upang makontrol ang pagmomonopolyo at matiyak ang pagpapahusay sa produktibidad. Magtatakda ng mga pamantayan sa paggampan (*performance*) na istriktong ipatutupad upang matiyak ang kanilang ambag sa industriyalisasyon. Matamang mag-uugnayan ang estado at mga empresang industriyal upang mapaghusay ang daloy ng impormasyon, masusing maipatupad ang mga patakaran, at tiyaking may malilina na alituntuning umaalinsunod sa pangangailangan ng pambansang industriyalisasyon.

Seksyon 15. Isasailalim sa regulasyon ang pag-iimport ng mga produkto at serbisyo upang hindi mailagay sa disbentahe ang pambansang industriyalisasyon at para mabigyang-prayoridad ang pag-iimport ng kinakailangang teknolohiya, ekwipong pang-industriya, at iba pang rekisito ng estratehikong programa sa industriyalisasyon.

Seksyon 16. Kinikilala ng mga Partido na ang mga probisyon ng mga pandaigdigang kasunduan sa ekonomya tulad ng sa pamumuhunan, “pantay na pagtrato sa mga produktong gawa rito at sa ibang bansa (*national treatment*),” “patas at makatarungang pagtrato,”

pagtatratado bilang “pinakapinapaburang nasyon (*most favored nation* o MFN) at iba pa ay umaagrabyado sa mga empresang Pilipino at nagbabawal sa iba’t ibang patakarang kinakailangan para sa pambansang industriyalisasyon. Upang makamit ang pambansang industriyalisasyon at kaunlaran, aamyendahan, sususpindihin o wawakasan, alinman ang angkop, ang lahat ng baylateral na tratado at kasunduan sa pamumuhunan, baylateral at rehiyunal na kasunduan sa malayang kalakalan (*free trade agreements* o FTA), at kasunduan sa ilalim ng multilateral na World Trade Organization (WTO).

Seksyon 17. May komitment ang mga Partido na magbuo ng mga relasyon sa mga multilateral na organisasyon at mga gubyernong sumusuporta sa pambansang industriyalisasyon.

ARTIKULO II

KAHULUGAN NG MGA TERMINO

Seksyon 1. Kahulugan ng mga Termino – Sa Kasunduang ito, uunawain ang sumusunod na mga termino bilang:

- a) **Burukrata kapitalista** – ay mga kinatawang pampulitika ng mga uring malalaking burgis kumprador at panginoong maylupa na umaakto rin bilang mga lokal na tagapamahala (*managers*) ng imperyalismo. Kaiba sa dalawang mapagsamantalang uring ito, nagpupundar o nagpapalawak ang mga burukrata kapitalista ng kanilang kayamanan sa pamamagitan ng paggamit ng kanilang kapangyarihang pampulitika. Sila ay kapitalista dahil pinananatili nila ang buong gubyerno bilang malaking pribadong empresa na pinagkukunan nila ng malalaking pribadong tubo.
- b) **Kartel** – ay isa sa mga anyo ng monopolyong asosasyon kung saan ang mga lumalahok ay kaiba sa isa’t isa at nagsasarili subalit nagtitipon upang magkaisa hinggil sa mga presyo at suplay sa merkado ng kanilang mga produkto at serbisyo at iba pang galaw ng merkado na makabuluhan sa pagkakamal ng monopolyong supertubo at pagpapalakas ng kanilang dominanteng pusisyon.
- c) **Malaking burgesya kumprador** – ay mga lokal na kapitalista na nag-aari o kumokontrol ng malalaking empresa o kumpanya na pangunahing nagsasagawa ng, o kaya’y nakikinabang mula sa pag-eeksport ng lokal na hilaw na materyales at mga semi-manupaktura, kabilang ang mga operasyon ng pandaigdigang mga linya sa produksyon (*global production lines*) na gumagamit

ng murang lakas-paggawa, at pag-iimport ng mga yaring produkto. Nakakawing sila sa mga dayuhang monopolyo kapitalista at sa mga pyudal na pwersa sa kanayunan. Ang uring ito ang siyang nakapagtitipon ng pinakamalaking kapital sa bansa dahil sa papel nito bilang pangunahing ahente sa kalakalan at pinansya ng US at iba pang imperyalistang bansa.

- d) **Mga produktong pangkonsyumer, intermedya at kapital** – ay mga produkto o serbisyong kinakategorya ayon sa kanilang gamit. Ang mga produktong pangkonsyumer, na kung minsang tinatawag na pinal na produkto, ay binibili at ginagamit ng mga konsyumer para sa kanilang mga pangangailangan; ilang halimbawa ay pagkain, aplayans sa bahay at *gadget* na elektroniko. Ang mga produktong pamprodyuser ay may dalawang tipo–intermedya at kapital–na binibili at ginagamit ng mga prodyuser para lumikha ng mga pinal na produkto. Ang mga produktong intermedya ay ginagamit sa proseso ng produksyon at nagiging bahagi ng pinal na produkto; ilang halimbawa ang yero, industriyal na kemikal, at sangkap na elektroniko. Ang mga produktong kapital ay ginagamit sa paglikha ng mga produkto at serbisyo subalit hindi nauubos sa proseso ng produksyon; ilang halimbawa ang gusali, kasangkapan, makinarya, at ekwipo.
- e) **Ekspropriasyon** – ay ang pagkuha ng estado o mga awtoridad nito ng pag-aari mula sa pribadong may-ari nito para sa gamit-publiko at para sa interes ng isang takdang uri o ng buong lipunan, sa pamamagitan ng pwersa kung kinakailangan, at nang may pahintulot man o wala ang may-ari.
- f) **Dayuhang monopolyo kapitalista** – nagmamay-ari o kumukontrol ng malalaking kumpanya o empresa, naghahari sa merkado, at humahawak sa malaking bahagi ng produksyon at pagbebenta ng partikular na produkto upang makakuha ng monopolyong supertubo.
- g) **Mga kawing, pabalik at pasulong (*Linkages, backward and forward*)** – pumapatungkol ito sa mga ugnayan sa pagitan ng sunud-sunod na yugto ng produksyon (*production chain*) kung saan dumadaloy ang mga aktibidad pang-ekonomya (mga produkto, serbisyo, teknolohiya, salapi, impormasyon at iba pang salik) ng magkakaibang mga industriya, kumpanya at empresa. Ang mga ugnayang pabalik ay nakatutok sa mga suplayer ng mga input habang ang mga ugnayang pasulong ay nakatutok sa mga gumagamit ng produkto, kabilang ang mga konsyumer.

- h) **Mga kawing, horisontal** – pumapatungkol sa pagtutulungan ng mga kumpanyang nasa parehong antas o yugto ng *production chain* kung saan may inter-aksyon sila upang makamit ang layunin sa produksyon na hindi kakayanin ng iisa o iilang mga kumpanyang nagsasarili.
- i) **Mga empresang *micro*, maliit, midyum** – ay mga empresang kinikilala batay sa laki ng kanilang mga pag-aari o dami ng kanilang mga empleyado. Sa batayan ng pag-aari: empresang *micro* (pag-aaring hindi lalagpas sa Php3 milyon); maliit (Php3,000,001-Php15 milyon); midyum (Php15,000,001-Php100 milyon). Sa batayan ng dami ng empleyado: empresang *micro* (1-9 empleyado); maliit (10-99 empleyado); midyum (100-199 empleyado). Ang mga empresang lagpas dito ay itinuturing na ‘malalaking’ empresa.
- j) **Pagsasabansa (*nationalization*)** – ay ang paglilipat ng pag-aari o kontrol ng mga kumpanya, empresa o mayor na sangay ng industriya o komersyo mula pribado tungo sa estado. Sa kalakhan, ito ay magiging 100% pag-aari ng estado subalit sa ilang kaso ay maaaring magkaroon ng minorityang pribadong sapi nang hanggang 40% tulad ng kung ang pribadong kapital, teknolohiya, ekspertong kaalaman, at iba pang ambag sa pambansang pagpapaunlad ay kinakailangan. Mas papaburan ang mga Pilipino sa paglalaan ng pribadong sapi subalit kung ito’y mapupunta sa dayuhang kapital, magkakaroon ng mga karagdagang paniguro tulad ng dagdag na rekisito sa pamamahala, hatian sa tubo, pagsasalin ng teknolohiya, pagbili ng estado o mga Pilipino sa mga saping ito sa paglaon, at iba pang kinakailangang hakbang.
- k) **Pambansang burgesy** – ay mga lokal na kapitalista na bumubuo ng panggitnang saray sa pagitan ng malalaking burgis kumprador at petiburgesy. Sila ang mga kapitalista, anuman ang laki, na kadalasan, subalit di palaging may maliliit at midyum na kumpanya at empresa, sa kalunsuran at kanayunan na interesado sa pambansang industriyalisasyon.
- l) **Natural na monopoly** – nangyayari ito kapag ang kaya lamang isustini ng merkado para sa isang partikular na produkto o serbisyo ay hindi hihigit sa isa o kaya ay iilang kumpanya lamang. Karaniwan itong nangyayari kapag rekisito sa industriya ang napakalaking pirmi o panimulang gastos kung kaya hindi na praktikal na magkaroon ng mahigit sa isa o iilang kumpanya,

tulad sa kaso ng maraming yutiliti kung saan ang merkado ay kayang sumuporta sa iilang prodyuser lamang. Pwede ring magkaroon ng mga natural na monopolyo sa mga industriya na nangangailangan ng hilaw na materyales na napakabihira, o espesyalisadong teknolohiya o iba pang kakaibang salik para makapag-opereyt.

- m) **Negatibong listahan** – listahan ito ng mga larangan ng pamumuhunan at/o aktibidad pang-ekonomya na reserbado sa mga Pilipino.
- n) **Scale economies o economies of scale** – Nangyayari ito kapag ang pagtaas sa antas ng produksyon ay nagbubunga ng kaukulang katipiran sa gastos sa produksyon. Bumababa ang abereyds na gastos sa produksyon habang lumalaki ang bolyum ng produksyon.
- ñ) **Mga nagmamanupaturang maliliit at midyum ang antas** – ay mga empresang maliliit at midyum na sangkot sa pagmamanupaktura.
- ng) **Estratehikong industriya** – ay mga industriya, kumpanya at empresa na may mga produkto at serbisyon malawakan at matindi ang epekto sa buhay pang-ekonomya kung kaya kritikal sa maayos na pagtakbo ng ekonomya, pambansang pagpapaunlad at soberanya sa ekonomya. Kabilang dito, halimbawa, ang mga industriyang may mga produktong nagsisilbing esensyal na input sa paglikha ng malawak na hanay ng mga produkto at serbisyo.

ARTIKULO III

BASAGIN ANG DOMINASYON NG MGA IMPERYALISTA AT KUMPRADORSA EKONOMYA

Seksyon 1. Babasagin ng mga Partido ang dominasyon sa ekonomya ng mga dayuhang monopolyo kapitalista at malalaking burgis kumprador at magpapatupad ng programa sa pamumuhunan na nagtataguyod sa pambansang industriyalisasyon. Subalit babaguin ang direksyon ng pamumuhunan ng malalaking kumprador tungo sa mga proyektong industriyal alinsunod sa patakaran ng pambansang industriyalisasyon. Maaaring payagang mamuhunan ang mga dayuhang mamumuhunan, basta't pumapayag sila sa prinsipal na pusisyon ng pampublikong sektor at mga Pilipinong mamumuhunan at sa pagsalin ng kinakailangang teknolohiya sa loob ng rasonableng panahon.

Seksyon 2. Ang direktang puhunan at iba pang ari-ariang nag-aakyat ng tubo na pag-aari ng mga dayuhang monopolyo kapitalista mula sa US, Japan at iba pang bansa na nasa lubhang mahahalaga at estratehikong industriya (*vital and strategic industries*) ay isasailalim sa ekspropriasyon at isasabansa. Ang ililibre lamang dito ay yaong may mga katangi-tanging rekord sa usapin ng pagtatrato sa mga manggagawa, pagsasalin ng teknolohiya, akses sa mga produkto o merkado, at iba pang ambag sa pambansang ekonomya ayon sa itinatakda ng isang ispesipikong plano sa ekonomya. Ang disposisyon ng mga produktibong pag-aari o komersyal na empresa ay idadaan sa negosasyon na nagsasaalang-alang sa pambansang interes.

Seksyon 3. Istriktong isasailalim sa regulasyon ang dayuhang pamumuhunan upang matiyak na nag-aambag ito sa pambansang industriyalisasyon sa usapin ng pagsasalin ng teknolohiya, akses sa mga produkto at merkado, muling pamumuhunan sa bansa (*domestic reinvestment*), at iba pang katulad na pakinabang. Hindi kailanman pahihintulatang lumabis sa 40 porsyento ang dayuhang sapi sa anumang empresa.

Maglalabas ng mga negatibong listahan kung saan ipagbabawal ang dayuhang pamumuhunan alinsunod sa mga pangangailangan ng pambansang industriyalisason at ng estratehikong programang pang-ekonomya.

Seksyon 4. Babaklasin ang mga kartel at operasyong komersyal ng malalaking kumprador at burukrata kapitalista at ang kanilang ari-arian ay isasailalim sa ekspropriasyon. Kabilang, subalit di limitado rito, ang kanilang mga operasyong nakasalig sa import at nakatuon sa eksport na sumisikil sa pambansang industriyalisasyon at ang kanilang mga sapi sa mahahalaga at estratehikong empresa at pinagkukunan ng hilaw na materyales. Idadaan sa negosasyong nagsasaalang-alang sa pambansang interes ang disposisyon ng mga produktibong ari-arian o empresang komersyal na ito. Kukumpiskahin ang mga nakaw na yaman ng mga burukrata kapitalista.

Seksyon 5. Ang paraan ng kumpensasyon sa mga puhunan at pag-aaring isinailalim sa ekspropriasyon ay idadaan sa negosasyon alinsunod sa mga pangangailangan ng pambansang industriyalisasyon at pangkalahatang kaunlarang panlipunan at pang-ekonomya.

Seksyon 6. Nagkakasundo ang mga Partido na ang pagpapaunlad sa kapasidad sa industriya ng mga Pilipino ang siyang pinakapektibong paraang pang-ekonomya para mapigilan ang panunumbalik ng

dominasyon ng mga imperyalista at kumprador. Bibigyang-suporta ang pambansang burgesya at mas maliliit na pribadong may-ari ng pamamaraan ng produksyon, kabilang ang mga empresang *micro*, maliliit at midyum para sa kanilang mga pagsisikap, produktibidad at pagkamalikhain. Ang mga umiiral na empresa at mga nagsisimula pa lamang ay bibigyan ng kinakailangang insentibo at suporta sa mga larangan kung saan magiging pinakaproduktibo ang kanilang mga inisyatiba at hihimukin din silang makisosyo sa estado sa mga mayor na proyekto. Gagawa ng listahan ng mga tukoy na susing industriya na may pambansang kabuluhan at magbabalangkas din ng mga kaukulang patakaran upang mapaunlad ang mga ito nang may kaukulang konsiderasyon sa mga kondisyon sa merkado.

Seksyon 7. Ang mga kooperatiba ng mga mala-manggagawa, manggagawa, magsasaka, maliliit at midyum na nagmamanupaktura ay hihikayatin at susuportahan sa pamamagitan ng mga insentibong dagdag pa sa ibinibigay na sa pambansang burgesya at mas maliliit na pribadong may-ari ng mga pamamaraan ng produksyon.

Seksyon 8. Nagkakasundo ang mga Partido na bigyang-bwelo (*jumpstart*) ang proseso ng pambansang industriyalisasyon sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga prayoridad na proyektong industriyal na: nakabatay sa umiiral na pwersang paggawa, kasanayan, likas na yaman, teknolohiya at kapasidad; mayroon na o madaling makapagpapatupad ng mga makabuluhang pasulong at pabalik na kawing; makatutugon sa ilan sa pinakakagyat at batayang pangangailangan ng mamamayan; makapagtatag ng pundasyon para sa pangmatagalan at estratehikong kaunlaran. Kukuha rin sila at magpapaunlad ng modernong kaalaman at teknolohiya upang tiyakin ang produksyon alinsunod sa pinakaepisyenteng mga proseso at mabuksan ang posibilidad para sa bagong mga produkto at teknolohiya. Gagawa ng panimulang listahan ng tukoy na mga susing industriya na may pambansang kabuluhan at magbabalangkas ng mga kaukulang patakaran upang paunlarin ang mga ito, nang may kaukulang konsiderasyon sa mga kalagayan sa merkado.

ARTIKULO IV

MGA MODA NG PAG-AARI AT PAGLAHOK NG MGA ORGANISASYONG MASA

- Seksyon 1.** Pinagtitibay ng mga Partido na ang mga tipo ng empresang sosyo-ekonomiko ay maaaring nakapailalim sa sektor pampubliko, sosyohan ng pampubliko at pribadong sektor, kooperatiba, o indibidwal na negosyo alinsunod sa kung ano ang makapagtitiyak na ang pangkalahatang produksyon at distribusyon ay nakatuon sa pagkakamit ng pangkalahatang layuning panlipunan at pang-ekonomya. Bukod sa iba pa, kabilang dito ang konsiderasyon sa pag-iral ng mga natural na monopolyo at *scale economies*.
- Seksyon 2.** Kinikilala ng mga Partido ang kahalagahan ng pagsasabansa upang mabuo ang estratehikong kapasidad ng estado na ituon sa kapakinabangan ng mayorya ng mamamayan ang potensyal na taglay ng mga rekursong likas at tao ng bansa, at tiyakin na ang itinatakhang mga lokal na patern ng produksyon at konsumo ay umaalinsunod sa mga lokal na pangangailangan at kapasidad.
- Seksyon 3.** Nagkakasundo ang mga Partido na isasabansa ng estado ang lubhang mahahalaga at estratehikong empresa at mga pangunahing pinagkukunan ng hilaw na materyales. Kabilang subalit di ito limitado sa:
- a) Pampublikong yutilidad sa enerhiya, tubig at sanitasyon, pangmasang transportasyon, telekomunikasyon at serbisyong koreyo (*postal services*)
 - b) Pakyawan (*wholesale*) at panlabas na kalakalan
 - c) Pagmimina, *quarrying* at pagpoproseso ng mga mineral.
- Seksyon 4.** Gagawing pangunahing konsiderasyon ng mga yutilidad na pag-aari at pinatatakbo ng estado ang kagalingan ng mayorya ng mga Pilipino at ang pangkalahatang layuning panlipunan at pang-ekonomya sa halip na makitid na pribadong tubo. Ang mga isinabansang yutilidad ay magsusuplay ng abot-kaya, de-kalidad at masasaligang serbisyo sa mamamayan at pambansang ekonomya; kabilang subalit hindi ito limitado sa abot-kayang tubig at sanitasyon, abot-kayang kuryente, abot-kayang pangmasang transportasyon, abot-kayang serbisyong pangkomunikasyon at libreng akses sa internet, at abot-kayang serbisyong koreyo. Isasaalang-alang ng isinabansang pagmimina ang pag-unlad ng mga lokal na komunidad, ang malaking epekto nito sa

kapaligiran, at ang pangangailangang pang-ekonomya at panlipunan ng buong bansa.

- Seksyon 5.** Ang industriya ng tingi na kalakalan (*retail trade industry*) ay magiging 100% pag-aari ng mga Pilipino para tiyakin ang pambansang kontrol sa distribusyon ng mga produkto at serbisyo.
- Seksyon 6.** Kinikilala ng mga Partido na ang nagtatrabahong mamamayan ay may napakahalagang (*pivotal*) papel sa produksyon at, sa partikular, ang mga manggagawa ay may sentral na papel sa pambansang industriyalisasyon. Dagdag dito, kinikilala ang halaga ng mga unyon at konsehong manggagawa sa pagtitiyak ng mas malawak na demokrasya sa mga empresang industriyal at sa mga sakahang pinatatakbo sa pamamaraang kapitalista.
- Seksyon 7.** Ang lahat ng mga empresang industriyal at sakahang pinatatakbo sa pamamaraang kapitalista ay magkakaroon ng mga konsehong manggagawa at ang mga kinatawan nila ay uupo sa lupon ng mga direktor o *trustees* at lalahok sa pagtatakda ng patakaran at sa pamamahala. Ang awtoridad ng mga konsehong manggagawa sa paggawa ng mga patakaran at pagpapasya ay sasaklaw sa produksyon, *marketing*, at pangkalahatang pamamahalang pang-organisasyon. Minamabuti na ang mga unyon ang bumuo ng mga konsehong manggagawa subalit maaari ring ang mga manggagawa ang direktang mag-organisa ng mga ito.
- Seksyon 8.** Ibayong palalakasin ang paglahok ng mga manggagawa sa pagpapatakbo ng industriya sa pamamagitan ng panghihikayat sa, at pagbibigay ng insentibo para sa kolektibong pag-aari at kontrol ng mga empresa.
- Seksyon 9.** Kapag gustong ipagbili ng isang pribadong empresa ang mga pag-aari nito, dapat ialok muna ito sa mga kooperatiba o kolektibo ng mga manggagawa at ialok lamang sa iba kung tatanggihan ito ng mga manggagawa. Magbibigay ng suporta ang estado sa anyo ng suportang pinansya, pamamahala at teknikal sa mga kooperatiba o kolektibo ng mga manggagawa na magpapasyang bilhin ang mga pag-aaring ito nang may intensyong gawing produktibo muli ang kumpanya.
- Seksyon 10.** Hihikayatin ang mga kooperatibang nakabase sa komunidad at ang mga pagsisikap ng mga komunidad na sumusuporta sa programa ng industriyalisasyon at pag-unlad ng kanayunan at tumutugon sa pangangailangan ng mamamayan para sa abot-kaya, de-kalidad at

masasaligang produkto at serbisyo. Pangangasiwaan sila ng mga organisasyong bayan, kanilang mga organo ng kapangyarihang pampulitika at ng estado.

Seksyon 11. Kinikilala ng mga Partido na ang mga serbisyong panlipunan tulad ng edukasyon, kalusugan, pabahay, at sigurong panlipunan ay mahalaga sa paglahok at kagalingan ng nagtatrabahong mamamayan kung kaya dapat itong maging kahanay ng programa ng industriyalisasyon at pambansang pagpapaunlad. Palalakasin ang mga sistema ng pampublikong edukasyon, kalusugan, pabahay at sigurong panlipunan at isasailalim sa regulasyon ang mga serbisyong panlipunang nagmumula sa pribadong sektor alinsunod sa Bahagi IV ng Kasunduang ito.

ARTIKULO V

INTEGREYTED NA REHIYUNAL AT SEKTORAL NA PAG-UNLAD

Seksyon 1. Nagkakasundo ang mga Partido na palaganapin ang mga industriya sa iba't ibang rehiyon ng bansa alinsunod sa umiiral na likas na yaman, bentahe sa paglalapit ng mga tao at kumpanya sa isa't isa sa mga syudad at sentro ng industriya (*agglomeration economies*), at iba pang makabuluhang sirkunstansyang pang-ekonomya. Kung kinakailangan ay gagawa ng mga hakbang para maipamahagi sa iba't ibang lugar (*geographically disperse*) ang mga pakinabang ng progresong pang-ekonomya upang matiyak ang pambansang kaunlarang panlipunan at pang-ekonomya at matiyak din na hindi masyadong kumakapal ang populasyon ng mga syudad.

Seksyon 2. Oorganisahin ang mga industriya upang tiyakin ang mga kawing na bertikal (pasulong, pabalik) at horisontal na pinakaepisyente at pinakapektibong makakapagkoordinata sa daloy ng mga produkto, serbisyo, tao, teknolohiya, at kapital. Ang mga kawing na pasulong at pabalik ay yaong nasa pagitan ng mga empresang sangkot sa sunud-sunod na yugto ng produksyon o bilang mga mamimili (*buyers*), tagapagbigay ng kinakailangang suporta (*ancillaries*), subkontraktor o tagasuplay ng mga serbisyo; ang mga kawing na horisontal ay mga sosyohan (*joint ventures*), kooperasyon at kolaborasyon sa pagitan ng mga empresa.

Seksyon 3. Nagkakasundo ang mga Partido na layunin ng produksyong industriyal na sapat na tugunan ang mga pangangailang

pangkonsumo at pamproduksyon ng mga magsasaka. Susuportahan nito ang mekanisasyon, modernisasyon at pagpapataas ng produktibidad sa agrikultura upang magkaroon ng maksimum na akumulasyon ng kapital at matiyak ang seguridad sa pagkain. Bubuuin at pauunlarin ang mga kawing sa pagitan ng produksyong pansakahan, agrikultural na imprastruktura, mga industriyal na input, at *agro-processing*.

Seksyon 4. Kagyat na bubuuin ang industriyal na kapasidad sa paglikha ng mga produktong pamprodyuser sa kanayunan, laluna ng ekwipong pang-agrikultura, bilang unang yugto sa proseso ng mekanisasyon ng agrikultura at pagpapataas sa antas ng produktibidad sa agrikultura. Kabilang subalit di ito limitado sa mga kasangkapang-kamay (*hand tools*), kagamitang pansakahan (*farm implements*), mga bombang pang-irigasyon (*irrigation pumps*), magagaan na motor, pataba na mula sa mga patay na halaman at hayop (*biomass*), mga pinaunlad na binhi at pagkain ng hayop at mga katulad nito.

Seksyon 5. Magiging batayan ng industriyalisasyon sa kanayunan ang pagpapalawak sa mga merkado sa kanayunan at ang modernisasyon ng agrikultura upang dumami ang mga aktibidad sa pagmamanupaktura at makapaglikha ng oportunidad sa empleyo sa kanayunan. Pauunlarin at palalawakin ang pampublikong imprastruktura, pasilidad at iba pang kawing sa pagitan ng kanayunan at kalunsuran upang maitaguyod at mahikayat ang mga industriya sa kanayunan.

Seksyon 6. Titiyakin ng mga Partido ang mas mataas na antas ng pagkakapantay-pantay sa pulitika at ekonomya sa pagitan ng iba't ibang rehiyon sa bansa. Titiyakin nila ang partisipasyon ng lahat ng rehiyon at organisasyong bayan sa pagdedesiyon hinggil sa mga bagay na may kinalaman sa kanila at maglalaan ng angkop na mga rekurso para sa pagpapaunlad ng mga relatibong nahuhuling rehiyon.

Seksyon 7. Magbabalangkas at magpapaunlad ng ispesipikong mga integretyed na plano para sa sosyo-ekonomikong pag-unlad ng Cordillera, Bangsamoro, kabundukan ng Mindanao, maliliit na isla at iba pang mga eryang may partikular na kalagayang sosyo-kultural at pang-ekonomya sa konteksto ng komprehensibo at integretyed na programa sa pambansang industriyalisasyon at sa integretyed na mga planong pagkaunlaran ng mga rehiyon at sektor.

ARTIKULO VI

PAGPAPAUNLAD NG SYENSYA AT TEKNOLOHIYANG PILIPINO

- Seksyon 1.** Kinikilala ng mga Partido na ang pagpapaunlad sa kakayahan ng bansa sa syensya at teknolohiya ay esensyal na requisito para sa mabilis at sustenidong pagpapalawak ng kapasidad sa produksyon at bibigyan ito ng malaking importansya. Titiyakin nila ang sapat na suplay ng mga taong may kasanayan, may kakayahan at progresibo na nakatuon sa mga pangangailangang Pilipino, at ititigil ang pagtagas ng talento (*brain drain*) na pinakikinabangan lamang ng mga dayuhang interes.
- Seksyon 2.** Kinikilala ng mga Partido na ang eksklusibong kontrol ng mga dayuhang monopolyo kapitalista sa mga susing industriyal na teknolohiya ay mayor na salik sa pananatiling atrasado ng mga lokal na prosesong industriyal. May komitment sila na magsagawa ng mga aktibong hakbang upang mabasag ito tulad ng mas agresibong gamit ng obligadong paglilisensya (*compulsory licensing*), paggigiit ng mas maikling epektibidad ng mga *patent*, pagpapababa sa *licensing royalties*, at iba pa upang suportahan ang pagsasalin ng teknolohiya at hikayatin ang pangmatagalang pag-unlad ng teknolohiya.
- Seksyon 3.** Gagawa ng mga hakbang ang mga Partido upang itaguyod ang pananaliksik at pagpapaunlad sa mga batayan at *applied sciences*. Sustenidong mamumuhunan sa pagpapaunlad ng lokal na syensya at teknolohiya, kasama ang mga hakbang para protektahan ito, sa aktibong pagsisikap na mapahusay ang lokal na kapasidad sa produksyon. Kabilang dito ang:
- a) Paglalaan ng sapat na rekurso para sa mga programang magpapaunlad sa imprastruktura ng bansa sa syensya at teknolohiya upang maiwasto ang pangkasaysayan at kasalukuyang pagpapabaya rito;
 - b) Pagtitiyak ng sapat na suplay ng mga taong may kasanayan, may kakayahan at progresibo na nakatuon sa mga lokal na pangangailangan at prayoridad sa halip na nakatuon sa mga dayuhang korporasyon at sa *brain drain* sa pamamagitan ng:
 - i. Pagpapaunlad at pagpapalaganap ng kumprehensibong mga kurikulum sa mga batayang syensya, *engineering*, modernong tekniko at pamamahala sa agrikultura;

- ii. Pagtatayo ng kinakailangang imprastrukturang pang-edukasyon (hal. mga guro at instruktur, paaralan at iba pang *learning center* at pasilidad) nang may partikular na halagang ibinibigay sa pagpapalawak sa mga kurso sa syensya at *engineering* sa mga unibersidad at kolehiyo ng estado at sa eskwelahang bokasyunal-teknikal;
 - iii. Pagtatayo ng *institute* sa pagsasanay ng mga manggagawa na susuporta sa industriyalisasyon;
 - iv. Pagbibigay ng insentibo sa mga estudyante sa anyo ng mga *scholarship* at iba pang kinakailangang suporta at pagbibigay ng daluyan para sa kanilang mga kasanayan na naayon sa pambansang interes; at
 - v. Pagbubuo ng programang magbibigay-pagkakataon sa mga syentista sa ibayong dagat na may kasanayan at kaalamang eksperto na mag-integreyt sa lokal na produksyon (*balik scientists*).
- k) Pagbibigay ng sapat na rekurso sa pananaliksik at pagpapaunlad kapwa sa batayan at *applied sciences* at *engineering* nang may espesyal na atensyon sa pagpapaunlad ng sektor pang-agrikultura.

Seksyon 4. Titiyakin ng mga Partido na ang mga bunga ng syensya at teknolohiyang Pilipino ay ginagamit ng mga lokal na empresang pang-ekonomya. Hihikayatin at bibigyang-sikad ang aktibong partisipasyon ng mga produktibong empresa at organisasyong masa sa pagpapaunlad ng syensya at teknolohiya bilang mga tagagamit at mga pinagmumulan mismo ng pumapasok na mga bagong ideya, pamamaraan at produkto (*innovation*).

Seksyon 5. Bibigyang-prayoridad ng mga Partido ang pag-eempleyo sa mga Pilipinong syentista, teknolohista at manggagawa sa lahat ng mga empresa. Kapag wala pang mga kwalipikadong Pilipino, maaaring mag-empleyo ng mga dayuhang eksperto subalit sa loob lamang ng di lalampas sa limang (5) taon, at sa panahong ito'y isasalin nila nang buo at lubusan ang kanilang kaalaman at kasanayan sa mga kahalili nilang Pilipino.

Seksyon 6. Kinikilala ng mga Partido ang mga oportunidad para mapaunlad ang lokal na kakayahan sa pamamagitan ng selektibong paghahalaw mula sa ekspertong kaalaman ng mga dayuhan sa syensya at teknolohiya. Kung kinakailangan, ang lokal na kaban ng kaalamang teknolohikal ay maaaring dagdagan sa pamamagitan ng paggamit ng tauhan at

ekwipo mula sa ibayong dagat, sa pamamagitan ng pagpasok sa mga kasunduan sa ibang mga bansa para sa pagbabahagian ng teknolohiya at pagpapaunlad sa teknolohiya, at pagpapadala ng mga Pilipino sa ibayong dagat para matuto sa abanteng teknolohiya sa layong iangkop ang mga ito sa ating mga pangangailangan at kakayahan. Ang mga Partido ay bubuo ng mga relasyon sa ibang mga bansa na magtataguyod sa lokal na kakayahan sa syensya at teknolohiya.

Seksyon 7. Gagawa ng sarbey ng mga katutubong teknolohiya na makabuluhan at iangkop, partikular sa lokal na pagpoproseso ng mga hilaw na materyales sa agrikultura at industriya, na may layong gamitin, palawakin pa at paghusayin ang paggamit nito.

Seksyon 8. Kinikilala ng mga Partido ang praktikalidad ng paggamit ng mga iangkop na teknolohiya nang hindi isinasaisantabi ang pangangailangan ng pangkalahatang pagpapaunlad ng teknolohiya at pagkakaroon ng pangmatagalang oryentasyon ng matalino (*judicious*) na pagpapaunlad at paggamit ng mataas na teknolohiya.

Seksyon 9. Itatayo ng mga Partido ang kinakailangang imprastruktura sa pagpapasok ng bagong mga ideya, pamamaraan at produkto (*innovation infrastructure*) tulad ng pambansang lambat sa *broadband* at magbibigay ng suporta sa pananaliksik at pagpapaunlad sa empresang maliliit at midyum kabilang yaong mga nagsisimula pa lamang.

ARTIKULO VII

PAGPINANSYA SA PAMBANSANG INDUSTRIYALISASYON

Seksyon 1. Nagkakasundo ang mga Partido na ang pondo para sa pambansang industriyalisasyon ay maaaring palitawin mula sa:

- a) Ari-arian ng mga dayuhang monopolyo kapitalista, malalaking kumprador at burukrata kapitalista na kumpiskado at isinailalim sa ekspropriasyon;
- b) Paglalabas ng mga bonong industriyal mula sa pambansa at mga lokal na gubyrno;
- c) Muling pagpuhanan ng mga surplas na industriyal ng mga empresa ng gubyrno;
- d) Paghihikayat sa mga magsasaka na ipuhanan sa mga proyektong industriyal ang mga surplas mula sa tumataas na produktibidad sa agrikultura;

- e) Paghihikayat sa mga panginoong maylupa na ipuhunan ang kanilang natanggap na kumpensasyon sa mga proyektong industriyal;
- f) Bahagi ng pinataas na buwis sa kita ng mga dayuhan at kumprador na korporasyon at mayayamang pamilya, at pinataas na buwis sa lupa ng mga panginoong maylupa;
- g) Bahagi ng pinataas na buwis sa yaman, kitang kapital at mana ng mayayamang pamilya;
- h) Bahagi ng pinataas na buwis sa konsumo ng nakalalasing na inumin, produktong tabako, sugal at mga luhong produkto at serbisyo;
- i) Impok mula sa anumang utang na isinailalim sa renegotasyon o tinalikuran; at
- j) Impok mula sa mas mababang gastusin ng GRP laluna sa tauhan at operasyong militar.

Seksyon 2. Nagkakasundo ang mga Partido na isailalim sa reoryentasyon ang Development Bank of the Philippines (DBP) at Land Bank of the Philippines (LBP) upang maipatupad ang gawain ng pagbabangkong pangkaunlaran sa pagpopondo ng mga pampublikong yutilidad, serbisyo, at imprastruktura, repormang agraryo at pagpapaunlad sa kanayunan, at pambansang industriyalisasyon. Magbibigay sila ng suportang pinansyal sa mga industriyal na proyekto sa kalunsuran at kanayunan na panandalian, midyum at pangmatagalan (*short-, medium- and long-term*).

Seksyon 3. Maglalaan ang mga komersyal na bangko ng di bababa sa 50 porsyento ng kanilang pondong pautang sa mga prayoridad at susing proyektong industriyal, nang may di bababa sa 20 porsyentong itututok sa empresang maliliit at midyum.

Seksyon 4. Nagkakasundo ang mga Partido na magbuo ng pondo para sa pamumuhunan sa industriya o espesyalisadong mga pondo para suportahan ang mga rekisito sa pamumuhunan ng programa sa pambansang industriyalisasyon. Magmumula ang pondo sa mga lokal na pampubliko at pribadong institusyong pinansyal, mga empresa at mga indibidwal. Kabilang subalit hindi ito limitado sa mga pondong ipinagkatiwala sa gubyerno (*government fiduciary funds*).

- Seksyon 5.** Nagkakasundo ang mga Partido na magbuo ng mga upisyal na relasyong pang-ekonomya upang suportahan ang pambansang industriyalisasyon. Bukod sa iba pa, kabilang sa mga relasyong ito ang mga bagong kaayusan para sa pagpapaunlad ng pinansya, ayudang teknikal, pagbabahagian ng teknolohiya, at mga proyektong imprastruktura; pwede ring pag-aralan ang pagpapalalim ng mga baylateral na relasyon sa mga mapagkaibigang gubyerno at iba pang internasyunal na entidad para sa mga ispesipikong proyektong industriyal. Mas papaburan ang upisyal na ayudang pangkaunlaran (*official development assistance* o ODA) na hindi nakatali at nakabatay sa pinakapaborableng kundisyong kunsesyunaryo (*concessionary terms*).
- Seksyon 6.** Hihikayatin ang mga Pilipinong migranteng manggagawa, imigranteng may lahing Pilipino, at iba pang mga Pilipino sa ibayong dagat na mamuhunan sa mga bonong industriyal na nasa dayuhang salapi (*foreign exchange-denominated industrial bonds*) para mas madagdagan pa ang pondo sa pag-aangkat ng mga kinakailangang ekwipong industriyal at iba pang rekisito ng estratehikong programa sa industriyalisasyon.

ARTIKULO VIII

NATIONAL ECONOMIC DEVELOPMENT COORDINATION COUNCIL (NEDCC)

- Seksyon 1.** Nagkakasundo ang mga Partido na itayo, sa loob ng tatlong (3) buwan mula sa epektibidad ng CASER, ang isang National Economic Development Coordination Council (NEDCC) upang matiyak ang implementasyon ng programa para sa pambansang industriyalisasyon at para mabuo ang pambansang konsensus para rito. Lalahok sa Council ang mga Partido at mga organisasyong masa, industriyalista, akademya at ang masmidya.
- Seksyon 2.** Ikokoordina ng NEDCC ang lahat ng mga kinauukulang mayor na departamento at awtoridad ng gubyerno sa pagpapatupad ng pambansang industriyalisasyon. Magsisilbi rin itong mekanismo para sa direkta at nagpapatuloy na koordinasyon ng mga Partido sa, at sa hanay ng, mga industriyalista, organisasyong masa laluna ng mga konsehong manggagawa, at ng akademya.
- Seksyon 3.** Sa loob ng anim (6) na buwan mula sa pagkakatatag nito, magbabalankas ang NEDCC ng pangmatagalang estratehikong programa para sa pambansang industriyalisasyon kabilang ang una nitong limang-taong plano sa implementasyon. Ang planong ito ang:

- a) Magdedetalye ng mga patakaran at hakbangin upang masuportahan ang mga tinukoy na susing proyektong industriyal, at mga pamantayan sa paggampan (*performance*) para makatanggap ng tuluy-tuloy na suporta ang mga sektor at proyekto;
- b) Magtutukoy ng panggagalingan ng pinansya at magtatakda ng mga prayoridad sa pamumuhunan;
- c) Lilikha ng mga mekanismo para sa sustenidong pakikipagtulungan sa akademya hinggil sa syensyang pang-industriya at pagpapaunlad ng teknolohiya;
- d) Magtatakda ng mga parametro sa pakikipag-ugnayan sa dayuhang kapital at mga pandaigdigang institusyon upang masuportahan ang pambansang industriyalisasyon;
- e) Magmumungkahi ng kinakailangang mga pagbabago sa pagpapalano ng patakarang pang-industriya at sistema ng implementasyon ng estado; at
- f) Magbabalangkas ng planong pangkomunikasyon upang mabuo ang pampublikong konsensus para sa pambansang industriyalisasyon.

ARTIKULO IX

PAPAL NG BHB AT MGA PROGRESIBO AT REBOLUSYONARYONG ORGANISASYONG MASA

Seksyon 1. Ang BHB at mga organisasyong masa ay mag-aambag ng kanilang kaalaman, kasanayan at lakas-paggawa sa konstruksyon ng imprastrukturang publiko at mga pabrika para sa pagpapaunlad ng industriya sa kanayunan, kabilang na sa empresang maliliit at midyum, at para suportahan ang mga kabuhayan sa kanayunan.

ARTIKULO X

PAPAL NG DEMOBILISADONG TAUHANG MILITAR NG GRP

Seksyon 1. Maaaring imobilisa ang militar ng GRP at mga *engineering brigades* nito para sa obras publikas (*civil works*) at konstruksyon ng imprastruktura bilang suporta sa pagpapaunlad ng industriya. May karapatan ang mga demobilisadong tropa ng GRP na lumahok at makinabang sa reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon.

ARTIKULO XI

KAUGNAY NA REPORMA SA LEHISLASYON AT PATAKARAN

- Seksyon 1.** Nagkakasundo ang mga Partido na ibabasura o papawiin ng Estado ang lahat ng mga batas, kautusan at nilabas (*issuances*) na hindi naaayon o taliwas sa mga probisyon ng Kasunduang ito hinggil sa pambansang industriyalisasyon ng ekonomyang Pilipino.
- Seksyon 2.** Nagkakasundo ang mga Partido na gumampan ng magkasanib at hiwalay na tungkulin at responsibilidad sa pagpapatupad ng pambansang industriyalisasyon at pagpapaunlad sa ekonomya sa paraang nakatitindig-sa-sarili. Kalakip nito bilang Annex D-NIED ang isang inisyal na listahan ng mga batas, kautusan at nilabas (*issuances*) na hindi umaayon sa pambansang industriyalisasyon.

ARTIKULO XII

PAGPAPATUPAD NG MGA PROBISYON

- Seksyon 1.** Bubuo ang mga Partido ng mekanismo upang matiyak na ang Kasunduan hinggil sa Pambansang Industriyalisasyon at Kaunlarang Pang-ekonomya (National Industrialization and Economic Development o NIED) ay rerespetuhin at ipatutupad.
- Seksyon 2.** Pagkakasunduan ng mga Partido ang isang iskedyul sa implementasyon at plano sa trabaho na tumutukoy sa mga petsa at oras ng pagtutupad ng mga magkasanib at hiwalay na komitment sa ilalim ng kasunduan hinggil sa NIED na ilalakip sa Kasunduang ito bilang Annex E.
- Seksyon 3.** Bubuuin ng mga Partido ang Joint Monitoring Committee on National Industrialization and Economic Development (JMC-NIED) para ikoordina ang magkahiwalay na implementasyon at pangasiwaan ang komun na gawain ng pambansang industriyalisasyon at pagpapaunlad ng ekonomya bilang pagtalima sa Kasunduang ito hinggil sa NIED.
- Seksyon 4.** Ang JMC-NIED ay bubuuin ng apat (4) na myembrong pipiliin ng Panel ng GRP at apat (4) na myembrong pipiliin ng Panel ng NDFP. Magkakaroon ang JMC-NIED ng magkatuwang na mga tagapangulo na magiging pangunahing kinatawan ng mga Partido at mangungulo sa mga pulong.

Seksyon 5. Sumusunod ang mga gawain ng JMC-NIED:

- a. Imonitor ang implementasyon ng mga Partido ng kanilang magkasanib at hiwalay na komitment at obligasyon sa kasunduan hinggil sa NIED;
- b. Beripikahin ang datos at teknikal at operasyunal na impormasyong nakasaad sa mga ulat ng mga Partido;
- c. Tumanggap at mag-imbestiga ng mga reklamo hinggil sa paglabag sa anumang probisyon hinggil sa NIED o mga isinumite kaugnay sa mga usapin sa di-pagtalima;
- d. Magbigay ng payo, rekomendasyon o impormasyon para resolbahin ang mga kahirapan sa pagtalima; at
- e. Repasuhin ang mga pangkalahatang kaso ng pagtalima.

Seksyon 6. Magtatayo ang mga Partido ng konseho ng mga tagapayo na binubuo ng mga myembro ng kaugnay na mga organisasyong masa, industriyalista, akademya, independyenteng eksperto at masmidya para tulungan at payuhan ang JMC-NIED sa pagmomonitor at pagrerepaso sa implementasyon ng kasunduan hinggil sa NIED at paghahalaw ng mga kongklusyong may implikasyon sa pagbubuo ng mga patakaran mula sa mga resulta ng beripikasyon at pagbabahagian ng mga karanasan.

Seksyon 7. Magbibigay ang JMC-NIED sa GRP-NDFP Social and Economic Oversight and Advisory Council (SEOAC), na binuo sa ilalim ng Bahagi V (Mga Probisyon sa Implementasyon) ng CASER, ng mga regular na *briefings at updates* sa istatus ng implementasyon ng mga probisyon ng NIED alinsunod sa iskedyul sa implementasyon at plano sa trabaho na pinagkaisahan ng mga Partido.

Seksyon 8. Anumang bagay o usapin na may kinalaman sa di-pagtalima sa mga probisyon ng NIED o sa gawain ng JMC-NIED ay iaangat sa SEOAC.

Seksyon 9. Sa loob ng animnapung (60) araw mula sa pagkakapirma ng NIED, babalangkasin ng JMC-NIED katuwang ang mga myembro ng SEOAC na binuo sa ilalim ng Bahagi V ng CASER ang kinakailangang mga alituntunin at regulasyon para sa wastong implementasyon ng mga probisyon nito. Aaprubahan ng mga panel sa negosasyon ng GRP at NDFP ang naturang mga alituntunin at regulasyon sa implementasyon nang di lalampas sa tatlung (30) araw mula sa pagsusumite sa kanila nito ng JMC-NIED para maaprubahan.

- Seksyon 10.** Bubuo ang JMC-NIED ng magkasanib na kalihiman (*joint secretariat*) para magbigay ng suportang istap. Ang bawat Partido ay maghihirang ng pantay na bilang ng mga myembro sa *joint secretariat* na magsisilbi hangga't gusto ng partidong nagnomina rito.
- Seksyon 11.** Gagawaran ang mga myembro ng JMC-NIED ng mga garantiya sa kaligtasan at imunidad tulad ng nakasaad sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG).
- Seksyon 12.** Oorganisahin ang JMC-NIED kapag may epektibidad na ang mga probisyon ng CASER sa NIED. Patuloy itong iiral hangga't di ito nilulusaw ng alinmang Partido sa pamamagitan ng pagpapadala sa kabilang Partido ng nakasulat na abiso ng paglulusaw o hangga't hindi ito pinapalitan ng mas permanenteng ahensya sa ilalim ng bagong awtoridad pampulitika na itatakda sa Comprehensive Agreement on Political and Constitutional Reforms (CAPCR) at sa Comprehensive Agreement on End of Hostilities and Disposition of Forces (CAEHDF).
- Ang paglulusaw sa JMC-NIED ay hindi mangangahulugan ng pag-aabandona ng alinmang Partido sa mga karapatan at tungkulin sa ilalim ng kasunduang ito.
- Seksyon 13.** Nagkakasundo ang mga Partido na magbibigay ng badyet at mga rekurso ang estado sa pagpapatupad ng kasunduan hinggil sa NIED.
- Seksyon 14.** Pana-panahon ay maaaring repasuhin ng mga Partido ang mga probisyon ng kasunduan hinggil sa NIED para alamin kung may pangangailangang magbalangkas ng dagdag na kasunduan o amyendahan ang mga probisyon nito kapag hinihingi ng mga sirkunstansya.
- Seksyon 15.** Anumang sigalot kaugnay ng interpretasyon, aplikasyon at di-pagtalima sa mga probisyon ng NIED at mga bagay na may kinalaman sa gawain ng JMC-NIED ay resolbahin alinsunod sa Bahagi V at VII ng CASER.
- Seksyon 16.** Habang isinasailalim pa sa negosasyon ang iba pang sustantibong bahagi ng CASER, pipirmahan ng mga Panel sa Negosasyon ang kasunduan hinggil sa NIED at magkakabisa ito kapag inaprubahan ng kani-kanyang prinsipal.



K. PANGANGALAGA, REHABILITASYON AT KUMPENSASYON PARA SA KAPALIGIRAN

Taglay ng Pilipinas ang isa sa pinaka-*biodiverse* (may iba't ibang uri ng mga buhay na organismo) at pinakamayamang kapaligiran sa buong mundo; subalit nananatili itong isa sa mga bansang may pinakanagdarahop na ekonomya. May karapatan ang mamamayan sa konserbasyon, proteksyon at pagpapahusay ng kanilang kapaligiran at paggamit nito para sa pagpapaunlad ng kanilang ekonomya.

Ang pangunahing salik na nangwawasak sa kapaligiran ay ang sabwatan ng mga imperyalista, kumprador burgesya at burukrata kapitalista sa pagsasamantala sa likas na yaman ng bansa para magkamal ng tubo sa kapinsalaan ng kagalingan ng mamamayan. Pinatitindi ng pagkawasak ng kapaligiran ang mga kalamidad at binabagbag ang mga prospek para sa pangmatagalang kaunlaran. Ang pinakapumapasan ng bigat ng lahat ng ito ay ang mga magsasaka, mamamalakaya, pambansang minoritya at mga maralitang komunidad sa kalunsuran.

May milyun-milyong ektarya ng matabang lupa ang bansa. Mayroon itong malawak na hanay ng mga halaman at hayop, sa kabila ng mabilis na nagninipis na kagubatan. Nasa mga tangrib (*coral reef*) nito ang ilan sa pinakamatataas na antas ng *biodiversity* sa karagatan sa buong mundo. Mayaman ito sa iba't ibang klaseng rekursong mineral at marami-raming mapagkukunan ng enerhiya.

Subalit ang mahahalagang rekursong ito ay dinadambong at sinisira at humaharap ngayon ang Pilipinas sa seryosong ekolohikal na delubyo (*serious ecological meltdown*). Nagninipis ang kagubatan. Sinasalaula ang mga tangrib, *seagrass beds*, bakawan at ang mayamang *biodiversity* ng karagatan ng bansa. Umaabot na sa peligrong antas ang polusyon sa hangin at tubig sa kalunsuran.

Sinasaid ng korporadong pagmimina ang ating mga mineral at winawasak ang kagubatan at kabundukan. Itinataboy ang mga pambansang minority mula sa kanilang mga komunidad at lupang ninuno. Nawawala ang kritikal na mga rekurso para sa pambansang industriyalisasyon.

Pinasasahol ito ng pagbabago ng klima habang ang mga patern ng panahon (*weather patterns*) ay nababago at ang mga bulnerableng sektor ay naiiwang depensahan ang mga sarili sa mga epekto nito nang walang suporta mula sa estado. Subalit bigo ang GRP na pigilan ang walang pakundangan, mapandambong at ganid-sa-tubong pagsasamantala sa mga likas na yaman ng ating bansa.

Dapat tiyakin sa pagpapaunlad ng kanayunan at pambansang industriyalisasyon ang balansyadong gamit, konserbasyon, at pagpapaunlad sa kapaligiran. Dapat wakasan ang neokolonyal na pagdambong sa bansa at ang likas na yaman ay dapat gamitin para sa tunay na kaunlarang pang-ekonomya na pinakikinabangan ng mamamayan. Dapat maglagay ng mas marami pang mga batas at regulasyon hinggil sa kapaligiran at istriktong ipatupad ang mga ito upang maprotektahan ang mamamayan at matiyak ang mga rekurso para sa mga darating na henerasyon.

ARTIKULO I

MGA PRINSIPIO NG PANGANGALAGA SA KAPALIGIRAN AT PAGPAPAUNLAD SA EKONOMYA

Seksyon 1. Nagkakasundo ang mga Partido na ang proteksyon, konserbasyon at matalinong gamit ng likas na yaman ang kinakailangang mga sangkap ng mga patakaran sa sosyo-ekonomikong pag-unlad at integral ang balanse sa ekolohiya sa pambansang pagpapaunlad. Alinsunod dito, magpapatupad sila ng komprehensibo at

balansyadong pambansang patakaran para sa mga likas na yaman ng bansa at lahatang-panig na eksplorasyon, konserbasyon, at pagpapaunlad nito upang maiwasto ang patern ng neokolonyal na palitan ng hilaw na materyales at mga manupaktura na nagresulta sa walang pakundangang pagkakasaid at pinatinding pagkuha ng mga likas na yaman ng bansa.

- Seksyon 2.** May komitment ang mga Partido na ipatupad ang pambansang pagpapaunlad nang may karampatang konsiderasyon sa pangangalaga at episyenteng gamit ng mga napapalitan at dinapapalitang rekurso ng bansa, kabilang na yaong nasa teritoryal na karagatan at eksklusibong sonang pang-ekonomya nito, at magpatupad ng mga hakbang para matiyak ang malusog na natural na kapaligiran. Magiging mahalagang sangkap ng pagpapaunlad ng ekonomya ang balanse sa ekolohiya. Itataguyod ang mga palakad sa agrikultura at industriya na hindi makasasama sa ekolohiya upang matamo ang sustenableng produksyon.
- Seksyon 3.** Titiyakin ng mga Partido na ang lupa, mga mineral, katubigan, mga halaman at hayop at iba pang likas na yaman ay reserbado para sa, at ginagamit ng, mamamayang Pilipino, na siyang pangunahing tagagamit nito.
- Seksyon 4.** Titiyakin ng mga Partido ang demokratikong konsultasyon at ang partisipasyon ng mga apektadong komunidad, laluna sa mga teritoryong ninuno ng mga katutubong mamamayan, sa paggamit ng ating mga likas na yaman.
- Seksyon 5.** Magsasagawa ang mga Partido ng makatwirang pagpapalano at pagsosona sa kalunsuran at kanayunan, kasabay ng maayos na pagpaplanong pangkapaligiran para sa konstruksyon ng mga kalsada, pasilidad sa pampublikong transportasyon at mga gusali upang maibsan ang sobrang pagkapal ng populasyon at polusyon sa bawat erya at rehiyon.

ARTIKULO II

KAHULUGAN NG MGA TERMINO

Seksyon 1. Kahulugan ng mga Termino – Para sa Kasunduang ito, ang sumusunod na mga termino ay uunawain bilang:

- a) Napapalitan at di napapalitang rekurso (*renewable and non-renewable resources*) – Ang mga napapalitang rekurso

ay anumang rekurso na maaaring mapalitan sa loob ng takdang panahon o buhay, kabilang na ang enerhiyang mula sa *geothermal*, hangin, araw, tubig at/o *biofuels*. Ang mga di napapalitanang rekurso ay yaong mga rekurso na hindi na maaaring palitan tulad ng langis, mga reserba ng *natural gas*, *coal*, at *uranium* para sa enerhiyang nukleyar.

- b) Pagkawala ng biodiversity – pagkakapinsala o pagkakawasak ng mga esensyal na serbisyong ibinibigay ng kalikasan na nagbubunga ng pagkakabaklas ng mga tanikala ng pagkain at lokal na ekosistema at paglala ng epekto ng pagbabago ng klima, bukod sa iba pa.
- c) Transboundary waste – naipong peligroso at iba pang klaseng basura na resulta ng anumang paggalaw mula sa isang erya na ayon sa Basel Convention ay “nasa pambansang hurisdiksyon ng isang Estado na patungo sa o dumaraan sa isang eryang nasa pambansang hurisdiksyon ng ibang Estado o patungo o dumaraan sa isang erya na wala sa pambansang hurisdiksyon ng anumang Estado, basta’t di bababa sa dalawang Estado ang sangkot sa paggalaw.”
- d) Non-fossil na pinagmumulan ng enerhiya – kabilang dito ang mga napapalitan at alternatibong pinagmumulan ng enerhiya na hindi sumasalig sa pagsusunog ng karbon, langis o *natural gas* tulad ng *geothermal* (mula sa internal na init ng lupa), hangin, araw, tubig at *biofuels*.

ARTIKULO III

MGA HAKBANGIN PARA PAMAHALAN ANG KAPALIGIRAN AT MATIYAK ANG KAKAYAHANG BUMANGON

Seksyon 1. Magsasagawa ng edukasyon ang mga Partido para itaguyod ang kamalayang pangkapaligiran at mga gawaing hindi mapaminsala sa ekolohiya sa hanay ng mamamayan sa pamamagitan ng kanilang mga organisasyong masa, masmidya, sistemang paaralan at mga organisasyong pangkapaligiran sa komunidad. Magiging integral na bahagi ng kurikulum sa edukasyon ang kamalayang pangkapaligiran.

Seksyon 2. Patutulungin ang mga lokal na komunidad sa pamamagitan ng mga organisasyong pangkapaligirang nakabase sa komunidad sa pagsasagawa ng mga aktibidad na nakatutok sa pangangalaga at pamamahala sa kapaligiran.

Seksyon 3. Nagkakasundo ang mga Partido na magpatupad ng pambansang patakaran sa paggamit ng lupa na naaayon sa mga layunin ng repormang agraryo, pagpapaunlad sa kanayunan at pambansang industriyalisasyon upang mapag-alaman at mapaunlad ang mga seksyon ng lupang angkop sa gamit agrikultural, industriyal, reserbasyon, paglilibang at iba pang gamit, maiwasan ang pang-aagaw (*alienation*) ng mga lupaing ninuno, bana (*marsh*), lawa, ilog at mga katulad nito at matiyak ang pag-unlad na sostenido at nakatitindig-sa-sarili at ang balanse sa ekolohiya.

Seksyon 4. Isasagawa ang rehabilitasyon at pagpapaunlad ng mga likas na yaman sa pamamagitan ng:

- a) Pagbabawal sa paggamit ng mga rekurso ng karagatan na nasaid na, nasira ng polusyon o ng mga komersyal at dayuhang sasakyang pangisda hangga't hindi pa bumabalik sa dati ang dami ng mga isda.
- b) Pagpapatupad ng programa para sa rehabilitasyon at pangangalaga ng mga *watershed area* at paglalaan ng sapat na suportang pambadyet para sa mga kampanya sa muling pagtatanim ng mga puno sa kalbong kagubatan (*reforestation*) at paglikha ng bagong kagubatan (*afforestation*) nang may sapat na diing ibinibigay sa paggamit ng katutubong sarihay (*species*) ng mga puno at pagmomonitor at balidasyon dito ng mga komunidad at organisasyong bayan;
- c) Pagsasagawa ng mga programa para sa kagyat na rehabilitasyon ng mga ilog na hindi na nakabubuhay ng mga hayop at halaman (*biologically dead*). Ihihinto ng mga Partido ang konstruksyon ng mga megadam na nanghihimasok at nangwawasak sa kagubatan at ekosistemang agrikultural; at
- d) Pagsasagawa ng isang programa upang maibsan ang pagkawala ng *biodiversity* sa pamamagitan ng pagpepreserba sa mga kritikal na erya.

Seksyon 5. Magbubuo ang mga Partido ng isang programang magtutuon ng pansin sa problema ng polusyon, pagkontrol at pagtatapon ng basura at kakulangan ng ligtas na suplay ng tubig. Bubuuin ang isang komprehensibong sistema at serbisyo sa pagtatapon ng *sewage* (dumi tulad ng ihi at tae na dumadaloy sa mga imburnal). Ang mga *watershed areas* ay kagyat na idedeklarang protektadong mga erya at gagawing prayoridad sa rehabilitasyon at reporestasyon.

Magsasagawa ng mga kagyat na hakbangin upang mabawasan o mapawi ang polusyon sa tubig na industriyal at agrokemikal ang pinagmumulan.

- Seksyon 6.** Isasailalim ng mga Partido sa regulasyon at gagawing minimal ang pagtatapon ng basura at mga sekundaryong produkto nito at hihikayatin ang paggamit ng materyales na organiko at pwedeng gamiting muli (*recyclable*) sa paggawa ng mga produkto at pagbibigay ng serbisyo. Kagyat nilang ipasasara ang mga umiiral na nakabuyangyang na tambakan ng basura (*open dumpsites*). Pananagutin at gagawing responsable ang mga pribadong korporasyon sa pamamahala ng kanilang basurang industriyal at nakalalason, kabilang ang *transboundary waste*. Itataguyod ang paghihiwalay (*segregation*), pagko-compost at pag-recycle na nakabase sa komunidad.
- Seksyon 7.** Itataguyod ng mga Partido ang paggamit ng lokal na napapalitang enerhiya habang tinitiyak ang kontrol at pag-aari ng mamamayan sa mga ito. Bibigyan ng mga subsidyo at insentibo ang mga komunidad at konsyumer at mga tagagawa ng mga produkto at tagasuplay ng mga serbisyo na gumagamit ng enerhiya mula sa napapalitang mga rekurso.
- Seksyon 8.** Magpapatupad ang mga Partido ng pambansang plano at programa para palakasin ang kapasidad at kapabilidad ng ating mamamayan at mga komunidad na umangkop sa malalaking epekto ng pagbabago ng klima, kapwa kagyat at yaong matatagalan pa ang epekto. Upang maibsan ang epekto ng pagbubuga ng karbon, ang mga aktibidad kaugnay ng mga mineral, enerhiya at agrikultura ay gagamit ng produksyong sustainable at di mapaminsala sa klima. Magpapaunlad ng mga paraan, teknolohiya at produktong mababa ang antas ng ginagamit na karbon.
- Seksyon 9.** Pananagutin ng mga Partido ang mayayamang industriyalisadong bansa para sa kanilang responsibilidad sa pagbabago ng klima sa pamamagitan ng paggigiit ng mga komitment na may katibayang ligal para kagyat at makabuluhan nilang bawasan ang pagbubuga ng *greenhouse gases*, at magbayad ng danyos (*reparation*) sa mga bansa sa Third World para sa kanilang mga inisyatibang maibsan ang mga epekto ng pagbabago ng klima at makaangkop sila rito.
- Seksyon 10.** Nagkakasundo ang mga Partido na ang mga mamamayan at komunidad na apektado ng mga sakuna, malawakang polusyon at kontaminasyon bunga ng operasyong pagtotroso, pagmimina,

enerhiya, korporasyong agro-kemikal, establisimentong militar at mga katulad nito ay bibigyang-kumpensasyon. Ang mga indibidwal at korporasyong napatunayang responsable ay magkakaroon ng kriminal na pananagutan at parurusahan. Magsasagawa ng kagyat na aksyon ang mga Partido upang lutasin ang mga kaso ng pamamaslang sa mga tagapagtaguyod ng kapaligiran, at bibigyang-kumpensasyon ang kanilang mga kamag-anak.

Seksyon 11. Titiyakin ng mga Partido ang kakayahang bumangon laluna ng mga batayang komunidad sa harap ng matitinding epekto ng klima. Titiyakin nila ang sapat na ayuda at danyos, ang pagpapatupad sa komunidad ng mga hakbang upang mabawasan ang mga peligrong dulot ng kalamidad, at makaangkop ang mamamayan sa klima, at ang katarungang panlipunan para sa *climate refugees* tulad ng mga nakaligtas sa Bagyong Yolanda.

Seksyon 12. Magtatayo ang mga Partido ng sistema na magsasagawa ng malaliman, malawak at masaklaw na pagtatasa sa matitinding epekto sa kapaligiran ng mga aktibidad pang-ekonomya na makaaapekto sa kapaligiran at kaligtasan ng mamamayan. Oobligahin ang mga kumpanya na maglaan ng *cash bonds* para sa sigurong pangkapaligiran bilang paniyak sa bawat pagmumulan ng polusyon o sakuna. Oobligahin ang mga kumpanya, kontratista at mayhawak ng permit na isailalim sa rehabilitasyon ang mga nagambalang erya pabalik sa kalagayang ligtas ang kapaligiran. Ang mga kumpanya, kontratista at mayhawak ng permit na gumawa ng anumang paglabag sa mga kondisyon ng kanilang mga permit ay haharap sa pananagutang kriminal at parurusahan.

Seksyon 13. Nagkakasundo ang mga Partido na kagyat na ibabasura o babawiin ang lahat ng mga batas, kautusan, nilabas (*issuances*) at programa na tumutungo sa pagkawasak ng kapaligiran at pang-aagaw ng mga dayuhang kumpanya at lokal na burukrata sa lupa, tulad ng National Integrated Protected Areas System (NIPAS), mga programang pinopondohan ng mga imperyalista tulad ng Natural Resource Management Program (NRMP)-Integrated Forest Management Agreement (IFMA), at ang Mining Act of 1995.

Nagkakasundo ang mga Partido na aamyendahan, isususpindi o wawakasan ng estado, alinman ang aplikable, ang mga baylateral at rehiyunal na FTA, tulad ng Japan-Philippines Economic Partnership Agreement (JPEPA), na nagtataguyod sa pandarambong ng mga likas na yaman at sa polusyon ng kapaligiran.

ARTIKULO IV

WAKASAN ANG MGA GAWAING MAPAMINSALA SA KAPALIGIRAN

- Seksyon 1.** Ipagbabawal ng mga Partido ang mga gawaing mapaminsala sa ekolohiya na tulad ng, subalit di limitado sa, walang pakundangang paghahawan at pagpapatag ng lupa, walang pakundangang *open-pit mining* at *quarrying*, malawakang reklamasyon, at produksyon ng iisang uri ng tanim na pang-eksport (*export monocrop production*). Paparusahan at haharap sa kriminal na pananagutan ang mga responsable sa pagkakawasak ng ekolohiya na ibinubunsod ng gayong mga gawain.
- Seksyon 2.** Ipagbabawal ang pagtotroso para sa eksport habang isasailalim sa regulasyon ang komersyal na pagtotroso para sa lokal na gamit. Ang lahat ng pagtotroso ay eksklusibong reserbado para sa mga Pilipino.
- Seksyon 3.** Kagyat na ipagbabawal ng mga Partido ang pagtatambak ng ibang mga bansa ng kanilang nakalalasang basura tulad ng *biohazards*, *computer scrap*, gamit na baterya, *PVC scrap*, basurang nukleyar at mga katulad na materyal. Igigiit ang kumpensasyon sa pinsalang idinulot ng mga ito sa mamamayan at kanilang kapaligiran.
- Seksyon 4.** Ipagbabawal ng mga Partido ang pagpasok ng mga teknolohiyang mapanganib at mga industriyang sanhi ng polusyon—na inililipat ng mga industriyalisadong bansa mula sa kanilang pinagmulang bayan—maging ang pagpasok ng mga peligosong produkto at praktika sa agrikultura.
- Seksyon 5.** Sa pagtatayo ng mga plantang lumilikha ng kuryente at iba pang proyektong imprastruktura tulad ng mga dam na *hydroelectric*, bibigyang-konsiderasyon ang matitinding epekto sa kapaligiran at iiwasan nila ang dislokasyon laluna ng mga magsasaka at pambansa at etnikong minoritya.
- Seksyon 6.** Ipagbabawal ng mga Partido ang mga aksyong militar na tumatarget sa mga sibilyang populasyon at nangwawasak sa kapaligiran, tulad ng walang pakundangang pambobomba mula sa ere at panganganyon, paglalason sa mga pinagkukunan ng tubig, paggamit ng mga sandatang *biochemical*, at panununog ng mga pananim, at mga katulad nito. Ang mga magsasagawa nito ay magkakaroon ng kriminal na pananagutan, parurusahan at pagbabayaran ng kumpensasyon sa mga nasaktan at namatay at para sa pagkakawasak o pagkacapinsala ng mga ari-arian at mahahalagang bagay. Tatanggap ng buong kumpensasyon ang mga biktima o kanilang nabubuhay pang mga kamag-anak.

- Seksyon 7.** Pagbabawalan ng mga Partido ang mga pwersang militar ng US na patuloy na gamitin ang Pilipinas bilang base para sa kanilang mga sundalo at imbakan ng kanilang mga sandata, bala, suplay at iba pang kagamitang pandigma, lantad man ang dahilan tulad ng *forward deployment*, o gamit na sangkalan ang pagsasanay-militar, pagdaan, pagbisita, pagkuha ng suplay at iba pang gawa-gawang dahilan.
- Seksyon 8.** Hindi papayagan ng mga Partido ang anumang bansa na gamitin ang Pilipinas bilang imbakan ng anumang uri ng gamit pandigma o sandata at bala tulad ng nuklyear, biolohikal, kemikal at iba pang mga sandata na malawakang pamuksa (*weapons of mass destruction*).
- Seksyon 9.** Pananagutin ng mga Partido ang gubyrno ng US para sa polusyon at pagkakawasak ng lupa, tubig at iba pang rekursu, at sa kapaligiran sa dating mga base militar ng US at iba pang bahagi ng bansa.

ARTIKULO V

REGULASYON SA PAGMIMINA AT PAGKUHA NG YAMANG DAGAT

- Seksyon 1.** Ang lahat ng operasyong pagmimina ay isasailalim sa regulasyon ng mga Partido upang tiyakin ang pangangalaga sa kapaligiran, magkaroon ng panlipunang kumpensasyon para sa nilikhang gambala at pinsala, at lokal na pinoproseso ang mga rekursong mineral hanggang sa sekundaryo at tersyaryong yugto ng produksyong industriyal. Bago simulan ang gayong mga operasyon, magsasagawa ng demokratikong konsultasyon at kakamtin ang pahintulot ng mga mamamayan sa mga komunidad na kagyat at direktang apektado.
- Seksyon 2.** Isasagawa lamang ang pagmimina sa mga panahon at lugar na may sapat na probisyon para sa pangangalaga at pagrekober sa kapaligiran. Magdaraos ng demokratikong konsultasyon sa mamamayan ng mga komunidad na apektado ng operasyong pagmimina at lalahok sila sa pagtatakda ng angkop at makatarungang panlipunang kumpensasyon para sa pinsala o pagkawasak na nagawa na. Rerespetuhin ang mga karapatan ng mga manggagawa at titiyakin ang ligtas na kalagayan sa paggawa sa mga operasyong pagmimina.
- Seksyon 3.** Ipagbabawal ng mga Partido ang pagmimina sa mga eryang kritikal ang kapaligiran tulad ng mga ekosistema sa maliliit na isla at baybayin, primaryang kagubatan (*virgin forests*) at *watersheds* at sa mga primera klaseng kalupaang agrikultural at mga eryang nakatakda para sa produksyon ng pagkain.

- Seksyon 4.** Ipagbabawal din ng mga Partido ang pagtatambak ng basura ng mina (*mine wastes and tailings*) sa mga ilog, lawa at dagat. Titiyakin nila na ang mga epekto ng pagmimina sa mga lugar labas sa minahan ay hindi maglalagay sa disbentahe sa mga erya sa ilawod (*downstream*).
- Seksyon 5.** Titiyakin ng mga Partido na ang produksyon at pagdebelop sa mga mineral ay makatutulong sa pagpapaunlad ng lokal na industriya at sa modernisasyon ng agrikultura. Bibigyan ng suportang teknikal ang maliliit na minero tungo sa integrasyon nila sa isang isinabansang industriya sa pagmimina. Ang mga umiiral na permit para sa maliitang pagmimina ay rerepasuhin at babawiin yaong mapatutunayang ginagamit ng mga dayuhan at lokal na kumpanya bilang daluyan ng pandarambong sa pagmimina.
- Seksyon 6.** Pangangalagaan ang yamang dagat ng bansa sa mga karagatang pangkapuluan (*archipelagic waters*), teritoryal na karagatan at eksklusibong sonang pang-ekonomya nito at ang gamit nito'y eksklusibong reserbado para sa mga Pilipino. Isasailalim sa regulasyon at superbisyon ang gamit nito alinsunod sa mga prinsipyo ng sustenableng pag-unlad at katarungang panlipunan. Mas papaburan dito ang mga kooperatibang palaisdaan, maralitang mangingisda at manggagawang mamamalakaya sa mga ilog, lawa, look (*bay*) at laguna (*lagoon*).

ARTIKULO VI

PAGBABAWAL SA PAG-AGAW (*ALIENATION*) NG LIKAS NA YAMAN AT KONTROL SA MGA PATENT

- Seksyon 1.** Magsasagawa ang mga Partido ng mga hakbang upang protektahan ang mga indibidwal at kolektibong kaparatan sa mga rekursong biolohikal at intelektwal ng bansa. Maglalaan sila ng sapat na mekanismo para garantiyahan ang makaratungan, patas at epektibong partisipasyon ng mga Pilipino, laluna ng mga lokal na komunidad, sa mga proseso ng pagpapasya kaugnay ng paggamit ng mga rekursong ito at mga pakinabang mula rito.
- Seksyon 2.** Nagkakasundo ang mga Partido na ipagbawal ang pag-angkin ng mga dayuhang ahensya sa mga komun at ligaw na uri (*wild varieties*) ng mga halaman at hayop sa pamamagitan ng mga kumbensyon sa pag-aaring intelektwal hinggil sa pagpapatent ng mga henetikong katangian (*genetic properties*) at teknolohikal na pagpoproseso. Sa

mga kasong pinahihintulutan ito, ang pagpatent ng mga halaman at hayop sa teritoryo ng Pilipinas ay magiging eksklusibong pribilehiyo ng mga Pilipino, nang may pagpabor sa mga kaayusan sa kolektibong pag-aari.

Seksyon 3. Ipagbabawal ng mga Partido ang pagpapatent ng búhay o ang eksklusibong pag-angkin sa anumang anyo ng buhay, bahagi nito o nagmula (*derivative*) rito.

ARTIKULO VII

MGA PROBISYON SA PAGPAPATUPAD

Seksyon 1. Nagkakasundo ang mga Partido na lumikha ng mekanismo para tiyakin na ang Kasunduan hinggil sa Pangangalaga, Rehabilitasyon at Kumpensasyon para sa Kapaligiran (Agreement on Environmental Protection, Rehabilitation and Compensation o EPRC) ay rerespetuhin at epektibong ipatutupad.

Seksyon 2. Pagkakaisahan ng mga Partido ang isang iskedyul sa implementasyon at plano sa trabaho na nagtatakda ng mga petsa at panahon para sa paggampan ng kanilang magkasanib at hiwalay na mga komitment sa ilalim ng Kasunduan hinggil sa EPRC at ilalakip sa nasabing Kasunduan bilang Annex F.

Seksyon 3. Bubuuin ng mga Partido ang Joint Monitoring Committee on Environmental Protection, Rehabilitation and Compensation (JMC-EPRC) upang ikoordina ang magkahiwalay na implementasyon at pangasiwaan ang komun na gawain sa pangangalaga, rehabilitasyon at kumpensasyon para sa kapaligiran bilang pagtalima sa Kasunduan ito hinggil sa EPRC.

Seksyon 4. Ang JMC-EPRC ay bubuuin ng limang (5) myembrong pipiliin ng Panel ng GRP at limang (5) myembrong pipiliin ng Panel ng NDFP. Magkakaroon ang JMC-EPRC ng mga magkatuwang na tagapangulo na magiging pangunahing mga kinatawan ng mga Partido at mangungulo sa mga pulong.

Seksyon 5. Sumusunod ang magiging gawain ng JMC-EPRC:

- a. Imonitor ang implementasyon ng mga Partido sa kanilang mga magkasanib at magkahiwalay na komitment at obligasyon sa kasunduan hinggil sa EPRC;

- b. Beripikahin ang datos at teknikal o operasyunal na impormasyong nakasaad sa mga ulat ng mga Partido;
- c. Tumanggap at mag-imbetiga ng mga reklamo hinggil sa paglabag sa anumang probisyon sa kasunduan hinggil sa EPRC o mga isinumite hinggil sa mga usapin ng di-pagtalima;
- d. Magbigay ng payo, rekomendasyon o impormasyon para resolbahin ang mga kahirapan sa pagtalima;
- e. Superbisahin ang Scientific and Technical Working Group at Environmental Rehabilitation Working Group na binuo sa kasunduang ito; at
- f. Repasuhin ang mga pangkalahatang kaso ng pagtalima.

Seksyon 6. Magtatayo ang mga Partido ng konseho ng mga tagapayo na bubuun ng mga myembro ng kaugnay na mga organisasyong masa, industriyalista, tagapagtaguyod ng kapaligiran, organisasyong di-gubyerno, akademya, independyenteng eksperto at masmidya para tulungan at payuhan ang JMC-EPRC sa pagmomonitor at pagrerepaso ng implementasyon ng kasunduan hinggil sa EPRC at paghahalaw ng mga kongklusyong makabuluhan sa pagbubuo ng patakaran mula sa mga resulta ng beripikasyon at pagbabahagian ng mga karanasan.

Seksyon 7. Bubuo rin ang mga Partido ng isang Scientific and Technical Working Group (STWG) mula sa akademya at mga independyenteng eksperto na nominado ng mga Partido para magsagawa ng pambansang imbentaryo ng mga likas na yaman ng bansa mula sa antas-*micro* hanggang -*macro*, at bumuo ng pambansang lagakan ng datos hinggil sa likas na yaman at iba't ibang uri ng buhay na organismo (*national natural resource and biodiversity database*). Bibigyang-prayoridad ng imbentaryo ang mga rekursong kritikal na kinakailangan sa agrikultural na pag-unlad at pambansang industriyalisasyon, o batay sa mga syentipikong prayoridad sa mga susing sarhiy sa bawat ekosistema sa bansa. Ang mga umiiral na imbentaryo sa mga institusyong publiko tulad ng State Universities and Colleges at iba pang ipunan ng makabuluhang kaalaman at impormasyon ay titipunin ng Working Group.

Momobilisahin ng mga Partido ang mga makabuluhang institusyon sa syentipikong pananaliksik kasabay ng mga komunidad, akademya, organisasyong di-gubyerno, at iba pang may malaking interes (*stakeholders*) sa pagbubuo ng pambansang imbentaryo, kabilang

ang paggamit ng *open knowledge satellite imagery* at iba pang mga teknolohiya.

- Seksyon 8.** Magmumungkahi rin ang STWG ng mga direksyon sa pananaliksik at magkokoordina ng mga umiiral na pananaliksik sa paglilikha ng materyales na hahalili sa mga rekursong di napapalitan na makabuluhan sa mga pangangailangan ng kasalukuyang mga target sa industriyalisasyon.
- Seksyon 9.** Magbubuo rin ang mga Partido ng isang Environmental Rehabilitation Working Group (ERWG) upang tiyakin ang lubos na implementasyon ng mga hakbanging-rehabilitasyon sa kasunduang ito. Ang ERWG ay pangangasiwaan ng GRP-NDFP Social and Economic Oversight and Advisory Council (SEOAC) na binuo sa ilalim ng Bahagi V (Mga Probisyon sa Implementasyon) ng kasunduang ito.
- Seksyon 10.** Magbibigay ang JMC-EPRC sa GRP-NDFP Social and Economic Oversight and Advisory Council (SEOAC) ng regular na mga *briefing* at *update* hinggil sa istatus ng implementasyon ng mga probisyon ng EPRC alinsunod sa iskedul sa implementasyon at plano sa trabaho na pinagkasunduan ng mga Partido.
- Seksyon 11.** Anumang bagay o usapin na may kinalaman sa di-pagtalima sa mga probisyon ng EPRC o may kinalaman sa gawain ng JMC-EPRC ay iaangat sa SEOAC.
- Seksyon 12.** Sa loob ng animnapung (60) araw mula sa pagkakapirma ng kasunduan hinggil sa EPRC, babalangkasin ng JMC-EPRC katuwang ang mga myembro ng SEOAC na binuo sa ilalim ng Bahagi V ng CASER ang kinakailangang mga alituntunin at regulasyon para sa maayos na implementasyon ng mga probisyon nito. Aaprubahan ng mga panel sa negosasyon ng GRP at NDFP ang naturang mga alituntunin at regulasyon sa implementasyon nang di lalampas sa tatlumpung (30) araw mula sa pagsusumite sa kanila nito ng JMC-EPRC para maaprubahan.
- Seksyon 13.** Bubuo ang JMC-EPRC ng magkasanib na kalihiman (*joint secretariat*) na magbibigay ng suportang istap. Ang bawat Partido ay maghihirang ng parehong bilang ng mga myembro sa *joint secretariat* na magsisilbi alinsunod sa kagustuhan ng partidong nagnomina sa kanila.
- Seksyon 14.** Gagawaran ang mga myembro ng JMC-EPRC ng mga garantiya sa kaligtasan at imunidad tulad ng nakasaad sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG).

Seksyon 15. Oorganisahin ang JMC-EPRC kapag may epektibidad na ang mga probisyon ng CASER hinggil sa EPRC. Iiral ito hangga't hindi nilulusaw ng alinmang Partido sa pamamagitan ng pagpapadala sa kabilang Partido ng nakasulat na abiso ng paglulusaw o hangga't hindi ito pinapalitan ng mas permanenteng ahensya sa ilalim ng bagong awtoridad pampulitika na itatakda sa Comprehensive Agreement on Political and Constitutional Reforms (CAPCR) at Comprehensive Agreement on End of Hostilities and Disposition of Forces (CAEHDF).

Ang paglulusaw sa JMC-EPRC ay hindi mangangahulugan ng pag-aabandona ng alinmang Partido sa mga karapatan at tungkulin sa ilalim ng kasunduang ito.

Seksyon 16. Nagkakasundo ang mga Partido na magbigay ng badyet at rekurso sa pagpapatupad ng kasunduan hinggil sa EPRC.

Seksyon 17. Pana-panahon ay maaaring repasuhin ng mga Partido ang mga probisyon ng kasunduan hinggil sa EPRC para alamin kung may pangangailangang magbalangkas ng dagdag na kasunduan o amyendahan ang mga probisyon nito kapag hinihingi ng mga sirkunstansya.

Seksyon 18. Anumang sigalot kaugnay ng interpretasyon, aplikasyon at di-pagtalima sa mga probisyon ng EPRC at mga bagay na may kinalaman sa gawain ng JMC-EPRC ay reresolbahin alinsunod sa Bahagi V at VII ng Kasunduang ito.

Seksyon 19. Habang isinasailalim pa sa negosasyon ang iba pang sustantibong bahagi ng CASER, pipirmahan ng mga Panel sa Negosasyon ang kasunduan hinggil sa EPRC at magkakabisa ito kapag inaprubahan ng kani-kanyang prinsipal.

BAHAGI IV. PAGTATAGUYOD SA KARAPATAN NG MAMAMAYAN

Kailangan ang mga repormang panlipunan at pang-ekonomya upang paunlarin ang pambansang ekonomya at itaguyod ang karapatan ng mamamayan sa katarungang panlipunan, kapayapaan, dignidad, prosperidad at kalayaan laban sa pagsasamantala. Itinataguyod ng tunay na sosyo-ekonomikong pag-unlad ang kagalingan ng mamamayan at pinauunlad ang kanilang buong potensyal bilang mga taong nabubuhay nang makabuluhan. Saklaw nito ang mga manggagawa, magsasaka, kababaihan, kabataan at mga bata, mga maralita sa kalunsuran at kanayunan, mga migranteng manggagawa, mga pambansang minoritya, matatanda, may kapansanan, at lahat ng iba pang isinasaisantabing sektor, kabilang ang mga pambansang negosyante.

Kailangan ng mga komprehensibong hakbangin upang mapagtuunan ng pansin ang sistemikong pagsasamantala at pang-aapi sa ilalim ng malapyudal at malakolonyal na ekonomya. Dapat itaguyod ang mga karapatan at kagalingan ng nagtatrabahong mamamayan laban sa makasariling mga aksyon ng dayuhang monopolyo kapital, burgesyia kumpador, at panginoong maylupa na naghahari sa ekonomya, at laban din sa estadong nagtatanggol sa mga naghaharing uring ito. Dapat itaguyod ang patriyotiko, progresibo at maka-mamamayang kultura upang malawakang maipatupad ang sosyo-ekonomiko, pampulitika at pangkulturang pagpapaunlad na nakatuon sa masa. Dapat kilalanin na ang mga lupa at teritoryong ninuno ng mga pambansang minoritya ay pundamental sa kanilang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili o awtonomya at sa kanilang mga kultura.



A. KARAPATAN NG MAMAMAYANG NAGTATRABAHO (WORKING PEOPLE)

Ang sosyo-ekonomikong pagkaatrasado at ang pangmatagalang krisis ay nagbubunga ng sistematikong paglabag sa mga karapatan ng mamamayang nagtatrabaho at ng lansakang pagpapabaya ng estado sa kanilang kagalingan. Pinalalala ito ng mga neoliberal na patakaran ng liberalisasyon, pribatisasyon, at deregulasyon. Ang mamamayang Pilipino ang siyang may pinakamalaking ambag sa ekonomya ngunit may pinakamabigat na pasakit dito at ang mayorya ay lubhang naghihikahos.

Hindi sapat ang mga trabaho at kabuhayang nililikha ng malapyudal at malakolonyal na ekonomya. Humaharap ang ilampung milyong Pilipino sa malawakang disempleyo, nabubuhay nang isang kahig-isang tuka bilang mga mala-manggagawa sa kalunsuran o kanayunan o napipilitang mag-ibayong dagat at sumuong sa mahihirap na sirkunstansya. Ang mga nakakakita ng empleyo ay nakikipagbuno sa mabababang sahod, kakarampot na benepisyo, kontraktwalisasyon, mapang-aping kalagayan sa paggawa, at paglabag sa batayang mga karapatan sa paggawa tulad ng pag-oorganisa at pagwewelga.

Pinagkakaitan ng lupa at iba pang mga yaman sa kanayunan ang mga magsasaka, manggagawang bukid at mamamalakaya, bagay na pumupwersa sa kanilang ibenta ang kanilang lakas-paggawa at produkto sa mapagsamantalang mga presyo. Subalit napipilitan naman silang bumili ng mga produktong pinalabis ang presyo at hawak sila sa leeg ng mga usurero. Dinadambong ng mga dayuhan at lokal na naghaharing uri ang likas na yaman sa mga komunidad ng mga pambansang minorya.

Pinalalala ng neoliberalismo ang pagpapabaya ng estado sa responsibilidad nitong tiyakin na ang lahat ng Pilipino ay tumatamasa ng batayang mga serbisyong panlipunan at pampublikong yutilidad na kinakailangan para sa minimum na mga pamantayan sa disenteng pamumuhay. Habang tumatagal, lalong hindi kinakaya ng mayorya ng mamamayan ang komersyalisadong edukasyon, pangangalagang kalusugan at pabahay. Pamahal nang pamahal ang pribatisadong kuryente, tubig at transportasyon bukod sa hindi ito maakses ng mga nakatira sa mahihirap kung kaya't hindi mapagtutubuang (*unprofitable*) mga komunidad sa kanayunan at kalunsuran.

Biktima ng diskriminasyon ang kababaihan na nasa mas malalalang sirkunstansyang sosyo-ekonomiko kumpara sa kalalakihan, bukod sa may dagdag na pasanin na mga gawaing reprodiktibo at pag-aasikaso ng mga pangangailangan sa bahay. Ang mga bata at matatanda mula sa hanay ng mamamayang nagtatrabaho ay pinagkakaitan ng espesyal na proteksyon, kagalingan at kalingang kinakailangan nila. Hindi nagbibigay ang estado ng sapat na atensyon sa mamamayang nagtatrabaho na siyang pinakabulnerable sa, at apektado ng, mga kalamidad.

ARTIKULO I

KAHULUGAN NG MGA TERMINO

Seksyon 1. Para sa Kasunduang ito, ang sumusunod na mga termino ay uunawain bilang:

- a. **Mamamayang nagtatrabaho (*working people*)** – pumapatungkol sa kababaihan at kalalakihang magsasaka, manggagawang bukid, manggagawa, mala-manggagawa, mga empleyado sa pribado at pampublikong sektor, at kababaihan at kalalakihan sa iba't ibang propesyon at okupasyon (hal., edukador, praktisyuner sa masmidya, artista at manggagawang pangkultura). Sa kaso ng mga magsasaka at mala-manggagawa, saklaw din ng termino ang kanilang mga pamilya.

- b. **Mala-proletaryado o mala-manggagawa** – pumapatungkol sa mamamayang nagtatrabaho na nagbebenta ng kanilang lakas-paggawa sa batayang partaym sa mga kapitalista at iba pang mga employer o nagtatrabaho para sa sarili (*self-employed*) sa mga empresang *micro* na may napakakaunting pamamaraan ng produksyon. Madalas din nilang ialok ang kanilang mga serbisyo gamit ang simple nilang mga kasangkapan o namimili at nagbebenta ng mga produkto gamit ang anumang kakaunting pondong nakukuha nila. Bahagi sila ng reserbang hukbo ng paggawa na walang trabaho dahil sa atrasado, agrikultural at pre-industriyal na katangian ng ekonomyang Pilipino; sila yaong hindi matanggap bilang mga regular na sahurang manggagawa sa mga empresang industriyal o bilang mga regular na kasamá sa kanayunan. Inaagawan sila ng anumang pag-aari nila at biktima ng kulang na kumpensasyon (*undercompensation*), iregular na trabaho, mabababang kita at kawalang-seguridad. Mayorya sa mala-proletaryado ay mga maralita at mala-nag-aaring mga pesante at mahihirap na mamamalakaya; sa kalunsuran, sila ang mga naglalako (*ambulant vendors*), drayber ng pedikab, kasambahay at maraming iba pa.
- c. **Sistemang dalawang-susun (*two-tiered system*)** – isang sistemang sahurang para sa mga manggagawa sa pribadong sektor. Ang unang susun ay ang *floor wage*–na itinatakda ng gubyerno ayon sa umiiral na hangganan ng karalitaan sa isang rehiyon at dapat ipatupad ng lahat ng kumpanya. Ang pangalawang susun ay ang *productivity-based wage*–na itinatakda ng mga indibidwal na kumpanya ayon sa produktibidad ng mga manggagawa at dapat mas mataas sa *floor wage*. Sa ilang pagkakataon, ang bagong *floor wage* na itinatakda ng gubyerno ay mas mababa pa sa dating umiiral na minimum na sahod sa isang rehiyon, kung kaya kabawasan sa sahod ang resulta.
- d. **Neoliberal na rasyunalisasyon at reorganisasyon** – mga hakbanging ipinatutupad kapwa ng mga kumpanya at gubyerno para diumano’y paunlarin ang kanilang mga empleyado simula dekada 1980 at 1990 bilang bahagi ng mga patakarang neoliberal o “globalisasyon ng malayang pamilihan.” Para sa mga kumpanya sa pribadong sektor, ang layunin ay gawing minimal ang gastos, maksimisahin ang lakas-paggawa ng mga manggagawa at palakihin ang tubo. Para sa mga gubyerno, ang layunin ay gawing minimal ang mga subsidyo, maksimisahin

ang trabaho ng mga empleyado at palakihin ang mga impok, at kadalasa'y kasabay nito ang pribatisasyon ng mga pag-aari ng estado at deregulasyon ng mga takbo (*functions*) ng merkado. Ang mga patakarang ito ay nangangahulugan ng malawakang pagbabawas ng manggagawa at pinatinding pagsasamantala sa mga manggagawa at empleyado.

ARTIKULO II

MGA KARAPATAN NG MGA MAGSASAKA, MANGGAGAWANG BUKID AT MAMAMALAKAYA

- Seksyon 1.** Titiyakin ng mga Partido ang mga karapatan ng mga magsasaka, manggagawang bukid at mamamalakaya, at gagawa ng mga hakbang para wakasan ang mapagsamantalang mga kalakaran sa agrikultura, mga pang-aabuso at pagpapabaya sa kanayunan. Nasa ubod nito ang pagkilala sa karapatan ng mga magsasaka na mag-ari ng lupang kanilang sinasaka at magkaroon ng libreng akses sa likas na yaman at kapital upang magamit nila ang mga ito sa pagpapaunlad ng agrikultura at ng kanayunan.
- Seksyon 2.** Titiyakin ng mga Partido na tatamasahin ng mga manggagawang bukid ang parehong mga karapatan sa paggawa na iginagawad sa iba pang nagtatrabong mamamayan.
- Seksyon 3.** Kikilalanin at itataguyod ng mga Partido ang mga karapatan ng mga magsasaka, manggagawang bukid at mamamalakaya na magbuo ng mga organisasyon at asosasyon upang igiit ang kanilang mga karapatan at itaguyod ang kanilang kagalingan.

ARTIKULO III

MGA KARAPATAN NG MGA MANGGAGAWA AT MGA EMPLEYADO SA PRIBADO AT PAMPUBLIKONG SEKTOR

- Seksyon 1.** Titiyakin ng mga Partido ang karapatan ng mga manggagawa at mga empleyado sa pribado at pampublikong sektor na tumanggap ng pambansang minimum na sahod at sweldo na nakabatay sa gastos sa pamumuhay (*cost of living*). Kabilang, subalit di ito limitado sa pagwawakas sa patakarang rehinyunalisasyon ng sahod at sistemang dalawang-susun at pagtatanggal ng lahat ng mabibigat na buwis at kaltas.

- Seksyon 2.** Itataguyod ng mga Partido ang karapatan ng mga manggagawa at mga empleyado sa pribado at pampublikong sektor na magkatrabaho at magtamasa ng seguridad sa trabaho sa pamamagitan ng, subalit di limitado sa, pagwawakas sa kontraktwalisasyon at paggagarantiya sa lubos na empleyo at patas na oportunidad. Nagkakasundo ang mga Partido na wawakasan ng GRP ang neoliberal na rasyunalisasyon at reorganisasyon ng burukrasya na nagreresulta sa malawakang tanggalan sa trabaho ng mga empleyado ng gubyerno.
- Seksyon 3.** Titiyakin ng mga Partido ang mga karapatan ng mga manggagawa at mga empleyado sa pribado at pampublikong sektor na organisahin ang kanilang sarili bilang unyon, konsehong manggagawa, pederasyon at kompederasyon, kolektibong makipagtawaran at makipagnegosasyon, magwelga at maglunsad ng mga sama-samang aktibidad para isulong ang kanilang mga karapatan at interes. Kabilang, subalit di ito limitado sa, pagwawakas sa patakarang nagbabawal sa pag-uunyon at pagwewelga laluna sa mga *special economic zone* kabilang ang mga *export processing zone (EPZ)*, *free trade zone*, *industrial estate (IE)*, at iba pang mga engklabong pang-ekonomya, ang kanselasyon ng kapangyarihan ng kalihim sa paggawa ng GRP sa Assumption of Jurisdiction at iba pang kapangyarihan at awtoridad sa ilalim ng mga umiiral na batas at patakaran na ginagamit para sikilin ang karapatan ng mga manggagawa sa malayang pananalita, asembleya at kolektibong aksyon.
- Seksyon 4.** Kikilalanin at itataguyod ng mga Partido ang karapatan ng mga unyon sa sektor pampubliko na magwelga. Mangangahulugan din ito ng pagbabasura sa hangganan sa insentibo na ipinapataw sa mga *collective negotiation agreements* at sistemang insentibo na nakabatay sa perpormans, na bumabagbag sa kanilang mga karapatang mag-union, magwelga at kolektibong makipagtawaran.
- Seksyon 5.** Titiyakin ng mga Partido ang makataong kalagayan. Kabilang subalit di ito limitado sa, pagtalima sa 8-oras na araw ng paggawa, pagwawakas sa mga iskemang magpapahaba sa oras ng paggawa, pagtataguyod sa mga pamantayan sa kalusugan at kaligtasan, at pagwawakas sa sekswal at iba pang mga anyo ng harasment sa trabahuan. Mangangahulugan din ito ng pagwawakas sa mapang-aping mga kalakaran sa paggawa tulad ng “walang *break*,” mga sistemang kota, pag-*shortcut* sa mga pamantayan sa kaligtasan at mga katulad nito.

Seksyon 6. Titiyakin ng mga Partido na patuloy na tataglayin at tatamasahin ng mga manggagawa at mga empleyado sa pribado at pampublikong sektor ang mga pinaghirapang (*earned*) benepisyo, kapwa yaong nakatakda at nakamit sa pakikipagtawaran. Tatanggap ang mga manggagawa at mga empleyado sa pribado at pampublikong sektor ng mga pensyon, sapat na *relief* at alawans sa panahong wala silang trabaho at sila’y may kapansanan, at iba pang katulad na mga benepisyo mula sa isang epektibong sistema sa panlipunang proteksyon. Kikilos sila tungo sa pagbubuo ng isang unibersal na sistemang pensyon.

Seksyon 7. Nagkakasundo ang mga Partido na pagtibayin, itaguyod, protektahan at isulong ang lahat ng mga karapatang nakasaad sa Artikulong ito na kinikilala na sa lokal at pandaigdigang saklaw.

ARTIKULO IV

KARAPATAN NG MGA MALA-MANGGAGAWA

Seksyon 1. Titiyakin ng mga Partido ang mga karapatan ng mga mala-proletaryado o mala-manggagawa sa regular at may bayad na empleyo (*regular and gainful employment*), nakabubuhay na sahod, suporta at proteksyon sa kabuhayan, mga benepisyo at panlipunang proteksyon, at iba pang mga karapatan sa paggawa na iginagawad sa mga regular na manggagawa at empleyado.

ARTIKULO V

KARAPATAN NG MGA NAGTATRABAHO SA IBA’T IBANG PROPESYON AT OKUPASYON

Seksyon 1. Titiyakin ng mga Partido para sa mga taong nagtatrabaho sa iba’t ibang propesyon at okupasyon, nagtatrabaho man sila para sa sarili o ineempleyo ng iba, ang sapat na kita, proteksyong panlipunan at karapatang mag-organisa ng sarili. Tatanggap din sila ng suporta at ayuda para paunlarin ang kanilang mga kasanayan at abilidad bilang suporta sa pagpapaunlad ng pambansang ekonomya.

ARTIKULO VI

MGA KARAPATAN NG MGA MANGGAGAWA SA IBAYONG DAGAT

- Seksyon 1.** Kikilos ang mga Partido upang mapawi ang patakaran at kalakaran ng pag-eeksport ng murang paggawa at magpapatupad ng mga hakbangin upang mareintegreyt ang mga manggagawang Pilipino sa ibayong dagat sa pamamagitan, halimbawa, ng repormang agraryo, pagpapaunlad sa kanayunan at pambansang industriyalisasyon na lumilikha ng lokal na mga oportunidad para sa empleyo at kabuhayan.
- Seksyon 2.** Poprotektahan at itataguyod ng mga Partido ang mga karapatan ng mga Pilipinong nasa ibayong dagat bilang mga manggagawa at migrante sa *host country*. Kabilang subalit di limitado dito ang paggarantiya laban sa pwersahang pagtatrabaho, mga kalakarang kontra-union at kontra-organisasyon, mababa o nababalam na sahod, diskriminasyon, karahasang pisikal, saykolohikal at sekswal, at iba pang mga anyo ng pang-aabuso. Rerepasuhin ng GRP ang patakarang panlabas nito hinggil sa mga Pilipinong migrante at imigrante, na nakasaad sa mga kasunduang baylateral at relasyong diplomatiko sa mga gubyrerno ng mga *host country*, sa layong itaguyod ang mga karapatan, kagalingan at proteksyon ng mga migrante.
- Seksyon 3.** Kikilos ang mga Partido upang maging pormal ang ligal na istatus ng mga di-dokumentadong Pilipino sa ibayong dagat upang mapag-ibayo ang kanilang pagtamasa ng mga karapatan bilang mga manggagawa at migrante sa kanilang mga *host country*.
- Seksyon 4.** Magpapatupad ng mga hakbang ang mga Partido upang iwasto ang kalagayan ng mga problemadong (*distressed*) manggagawang Pilipino, kapwa nakabase sa lupa at naglalayag (*land-based and seafaring*), laluna, subalit di limitado sa, mga nasa kulungan at *death row*. Pabibilisan ng GRP ang pagbibigay ng ayudang ligal at ng libre at episyenteng paraan ng pagpapabalik sa bansa ng mga problemadong Pilipinong manggagawa sa ibayong dagat, dokumentado man o hindi.
- Seksyon 5.** Magpapatupad ang mga Partido ng mga hakbangin para protektahan ang mga Pilipinong manggagawa sa ibayong dagat laban sa pang-aabuso kaugnay ng rekrutment at deployment kabilang ang, subalit di limitado sa, *trafficking*, ilegal na rekrutment, at matataas na

placement fee. Kabilang dito ang mabilis na pagsasakdal sa mga lumalabag sa mga karapatan ng mga migrante.

Seksyon 6. Wawakasan ng GRP ang lahat ng kaltas at mabibigat na singilin ng GRP, tulad ng obligadong kontribusyon sa Philhealth, na ipinapataw sa mga Pilipinong manggagawa sa ibayong dagat.

Seksyon 7. Titiyakin ng mga Partido na tumatanggap ang mga Pilipinong manggagawa sa ibayong dagat ng sapat na serbisyong panlipunan at pangkagalingan kabilang ang *death and disability coverage*, *social work assistance*, ayudang ligal, pagbabalik sa bansa sa mga kalagayang gipit, *counselling*, *domestic reintegration*, mga pensyon at iba pang benepisyo sa proteksyong panlipunan. Kabilang subalit di ito limitado sa pagtitiyak sa makatarungang paggamit sa *trust fund* ng mga migranteng manggagawa na nakalagak sa Overseas Workers' Welfare Administration (OWWA). Gagawa ng mga hakbang ang GRP para wakasan ang maling paggamit, pang-aabuso at korapsyon sa pondo ng OWWA kabilang ang pagkakaroon ng pananagutang sibil at kriminal at paggagawad ng karampatang parusa sa mga gumagawa nito.

ARTIKULO VII

KARAPATAN NG KABABAIHAN AT PAGKAKAPANTAY-PANTAY SA KASARIAN

Seksyon 1. Kinikilala ng mga Partido na kalahati ng bilang ng mga nagtatrabahong mamamayan na pinagsasamantalahan, inaapi at biktima ng kapabayaan ay kababaihan at ang pangmatagalang krisis at patakarang neoliberal ay may ibayong bigat sa kababaihang nagtatrabaho. May komitment silang agresibong itaguyod ang pagkakapantay-pantay sa kasarian at protektahan ang mga karapatan ng kababaihan at ibang sektor na nakararanas ng diskriminasyon sa kasarian.

Seksyon 2. Titiyakin ng mga Partido na ang kababaihang magsasaka ay may pantay na karapatang mag-ari ng lupa sa pamamagitan ng repormang agraryo at pantay na oportunidad na maging myembro at lider ng mga kooperatiba sa kanayunan. Kabilang subalit di ito limitado sa pagbibigay-atensyon sa akses ng mga balo at solong ina sa pag-aari ng lupa at iba pang sistema ng suportang agrikultural sa pamamagitan ng pagbibigay ng libreng serbisyo sa pagtititulo, libreng ayudang ligal sa pagtititulo, at iba pang angkop na subsidyo. Dapat ding bigyan ng karampatang pagkilala ang di-bayad na gawain

sa pamilya at bigyan ito ng angkop na pagpapahalaga partikular sa mga manggagawa sa agrikultura at mga industriyang nakabase sa bahay.

- Seksyon 3.** Titiyakin ng mga Partido na tinatamasa ng kababaihan ang pantay na oportunidad sa empleyo at kabuhayan, pantay na bayad para sa pantay na trabaho, at mga garantiya laban sa diskriminasyon at harasment. Tatamasa ng makahulugan at epektibong partisipasyon at representasyon ang kababaihan sa mga konsehong manggagawa, unyong manggagawa at iba pang pormasyong manggagawa sa loob ng kilusang paggawa at mga ahensya ng gubyernong may kaugnayan sa paggawa.
- Seksyon 4.** Titiyakin ng mga Partido na ang kababaihang nagtatrabaho ay may karapatan sa anim-na-buwang *maternity leave* na may bayad at ang kanilang mga partner ay may karapatan din sa sampung araw na *paternity leave* na may bayad.
- Seksyon 5.** Titiyakin ng mga Partido ang komprehensibong pangangalagang pangkalusugan para sa kababaihan. Babaliktarin ng GRP ang patakaran nitong pribatisasyon at korporatisasyon ng mga pampublikong ospital na, bukod sa iba, ay nagpapahina sa pangangalaga sa kalusugan ng mga ina at bata. Titiyakin nito ang mga badyet upang makapaglaan ng sapat na pasilidad at tauhan para sa ligtas na panganganak at iba pang ligtas na opsyon kabilang ang panganganak sa bahay sa tulong ng mga tradisyunal na komadronang dumaan sa mahusay na pagsasanay at may kakayahan. Babawiin ang patakaran ng GRP na nagbabawal sa panganganak sa bahay.
- Seksyon 6.** Pawawalambisa ng GRP ang Reproductive Health Law at sa halip ay magpapatupad ng programang tumitiyak sa komprehensibong pangangalaga sa kalusugan ng kababaihan, kalusugang reproduktibo, at *sex education* para sa nakababatang mga babae (*young women*).
- Seksyon 7.** Titiyakin ng mga Partido na may akses ang kababaihan sa sapat at abot-kayang pabahay na kabilang subalit di limitado sa, pagbibigay sa mga tahanang pinamumunuan ng kababaihan ng espesyal na suportang pinansyal para maakses ang mga programa sa pabahay kailanman ito kailanganin.
- Seksyon 8.** Titiyakin ng mga Partido ang mga serbisyong panlipunang makapagpapagaan sa gawaing bahay at iba pang tungkulin sa pamilya ng kababaihan na tulad ng, subalit di limitado sa, murang pagkain (*low-cost meals*), serbisyo sa pampublikong labahan (*public*

laundry services), libreng mga *day-care center* at *nursery* at mga ipunan ng gatas pang-ina (*milk banks*).

Seksyon 9. Titiyakin ng mga Partido na ang mga babaeng namumuno sa tahanan at mga solong magulang ay tatanggap ng lahat ng kinakailangang mga benepisyo at serbisyong panlipunan, kabilang subalit di limitado sa edukasyon at pangangalaga sa kalusugan ng mga bata.

Seksyon 10. Poprotektahan ng mga Partido ang kababaihan at lahat ng iba pang kasariang biktima ng diskriminasyon sa kasarian laban sa lahat ng anyo ng karahasan. Kabilang subalit di ito limitado sa, pag-iinstitusyunalisa ng mga kampanya sa kamulatang publiko hanggang sa batayang antas, pagtatayo ng mga *crisis center* na magbibigay ng libreng ligal na ayuda at serbisyong *psycho-social* sa mga biktima, pagpapagana ng mga *violence against women (VAW) desks* sa lahat ng barangay, at pagpapalakas sa kapasidad ng mga embahada ng Pilipinas na humawak ng mga kaso ng VAW sa hanay ng mga migranteng manggagawa. Rerepasuhin ng mga Partido ang lahat ng kaso ng VAW na ang responsable ay mga pwersang militar ng US at iba pang mga bansa upang tiyakin ang katarungan para sa mga biktima at mga pamilya nila.

Seksyon 11. Magpapatupad ng mga hakbang ang mga Partido para wakasan ang diskriminasyon at harasment laban sa mga bakla, lesbyan at iba pang katulad na sektor. Kabilang subalit hindi ito limitado sa pagbabawal ng mga makaisang-panig na pagpapasya (*bias*) sa pag-eempleyo, sahod/sweldo, pagtatanggal sa trabaho at iba pang kalakaran sa empleyo, sa pag-aakses sa serbisyong panlipunan at sa iba pang larangan ng buhay publiko.

Seksyon 12. Kinikilala ng mga Partido ang sibil na karapatan sa kasal, anuman ang piniling kasarian. Gagawing ligal ng GRP ang kasal ng mga pareho ang kasarian at titiyakin na ang mga karapatan sa pamilya at mga indibidwal na proteksyon ay itinataguyod sa gayong mga kasal sa pamamagitan ng mga kaukulang pag-amyenda sa Family Code nito at pagpapatupad ng iba pang kinakailangang mga hakbang.

Seksyon 13. Kinikilala ng mga Partido ang diborsyo bilang paraan para sa mga mag-asawa, laluna sa mga babae, na wakasan ang kasal sa mga mapang-abusong asawa. Gagawing ligal ng GRP ang diborsyo sa pamamagitan ng paggawa ng kinauukulang mga pag-amyenda sa Family Code nito at pagpapatupad ng iba pang mga kinakailangang hakbang.

ARTIKULO VIII

KARAPATAN NG MGA BATA

- Seksyon 1.** Titiyakin ng mga Partido ang maayos na pangangalaga at pagpapaunlad sa mga bata, at kinikilala ang pangangailangang tiyakin na ang mga magulang ay dapat magkaroon ng sapat na empleyo at nakabubuhay na kita at naibibigay sa kanila ang sapat na mga serbisyong panlipunan.
- Seksyon 2.** Magbubuo ang mga Partido ng programa ng libre at komprehensibong pangangalaga sa mga bata, na tumitiyak sa pagtugon sa mga pangangailangan sa nutrisyon at pangangalagang pangkalusugan. Magbibigay ng libreng serbisyong *day-care* at primarya at sekundaryong edukasyon dahil karapatan ng mga bata na tamasahin ito.
- Seksyon 3.** Kikilos ang mga Partido upang pawiin ang mapagsamantalang kalakaran ng mga kapitalista at panginoong maylupa sa pagpapatrabaho sa mga bata. Titiyakin din ng mga Partido na ang mga bata ay hindi nagtatrabaho sa mapanganib na mga kalagayan.
- Seksyon 4.** Magsasagawa ang mga Partido ng mga hakbang para wakasan ang iba't ibang anyo ng pagsasamantala at pang-aabuso sa mga bata, kabilang subalit di limitado sa pagpapabaya, sekswal at pisikal na karahasan, at pang-aabusong sikolohikal o emosyunal. Ang mga gagawa nito ay magkakaroon ng kriminal na pananagutan at tatanggap ng mabigat na parusa.
- Seksyon 5.** Magsasagawa ang mga Partido ng malawakang programa sa kagalingang panlipunan para sa mga batang lansangan. Kabilang subalit di ito limitado sa pagtugon sa mga pangangailangang pang-ekonomya ng kanilang mga magulang at pamilya, paglalatatag ng kondisyon para sa maayos na pangangalaga at pagpapaunlad sa kanila, serbisyo sa rehabilitasyon, edukasyon at pagsasanay, at mga katulad nito.
- Seksyon 6.** Hihikayatin ng mga Partido ang karapatan ng mga bata na mag-organisa ng sarili. Hihimukin ang mga bata na lumahok sa mga kolektibong pagsisikap upang maprotektahan ang mga interes nila at ng kanilang mga komunidad, nang hindi inaalis ang paggabay ng kanilang mga magulang sa gayong mga inisyatiba at pagsisikap.

ARTIKULO IX

KARAPATAN NG MATATANDA

- Seksyon 1.** Kinikilala ng mga Partido ang mga karapatan ng matatanda at ang mahahalagang ambag na maaari nilang ibigay sa lipunan batay sa kanilang kolektibong karanasan at naipong dunong. Bibigyan ang matatanda ng kinakailangang suportang pinansyal at panlipunan at mga oportunidad upang patuloy na maging aktibo at produktibo.
- Seksyon 2.** Magtatayo ang mga Partido ng mga pasilidad at magbibigay ng serbisyong nakabase sa komunidad na tumutugon sa pangangailangan ng matatanda sa pabahay, kalusugan, libangan, produksyon at iba pa.
- Seksyon 3.** Bubuuin ng mga Partido ang isang unibersal na sistemang pensyon na popondohan ng mga buwis at hindi nangangailangan ng kontribusyon. Patataasin ang benepisyong pensyon ng lahat ng retirado at iaayon ito sa nakabubuhay na sahod at gastos ng pamumuhay.

ARTIKULO X

MGA KARAPATAN NG MGA TAONG MAY KAPANSANAN

- Seksyon 1.** Kinikilala ng mga Partido ang mga karapatan ng mga taong may kapansanan. Gagawa sila ng hakbang upang lumikha ng mga oportunidad para sila'y maging produktibo at magkaroon ng kaganapan alinsunod sa kanilang potensyal at mga abilidad. Kabilang subalit di ito limitado sa pagbibigay ng espesyalisadong edukasyon, pagsasanay at mga pasilidad.
- Seksyon 2.** Gagawa ng mga hakbang ang mga Partido upang wakasan ang diskriminasyon laban sa mga taong may kapansanan, kabilang ang pagbabawal sa diskriminasyon sa pag-eempleyo, sahod/sweldo, pagtatanggal sa trabaho, at iba pang kalakaran sa pag-eempleyo, at titiyakin ang akses nila sa mga serbisyong panlipunan at iba pang larangan ng buhay publiko.

ARTIKULO XI

KARAPATAN NG MGA BILANGGO

- Seksyon 1.** Titiyakin ng mga Partido na ang lahat ng mga bilanggo ay tinatrato nang may paggalang sa kanilang likas na dignidad at halaga bilang tao at hindi sila isasailalim sa parusang malupit at di karaniwan. Tatrathuhin sila ayon sa kanilang mga pangangailangan, nang walang diskriminasyon.
- Seksyon 2.** Kinikilala ng mga Partido na ang pangangalaga sa kalusugan ng mga bilanggo ay responsibilidad ng estado, at dapat itong ipantay sa antas ng pangangalagang umiiral sa komunidad. Kikilos ang mga Partido upang mapaunlad ang kalagayan ng pamumuhay sa detensyon, kabilang yaong may kinalaman sa pagkain at nutrisyon, kalinisan, sanitasyon, temperatura, ilaw, bentilasyon at iba pang kondisyon.
- Seksyon 3.** Tatalima ang mga Partido sa International Standard Minimum Rules for the Treatment of Prisoners at lahat ng iba pang kaugnay at aplikableng pamantayan ng UN sa pagpigil sa krimen at sa katarungang pangkrimen. Magsasagawa ng mga hakbang para mapaunlad ang mga kalagayan sa detensyon, maibsan ang siksikan sa mga kulungan, maitaguyod ang mas malaking akses sa mga mekanismo sa hustisya at ligal na depensa, at masuportahan ang mga programa sa rehabilitasyon at reintegrasyon sa lipunan.

ARTIKULO XII

PAGBIBIGAY NG SERBISYONG PANLIPUNAN AT PAMPUBLIKONG YUTILIDAD

- Seksyon 1.** Nagkakasundo ang mga Partido na babaliktarin ng GRP ang patakaran nito ng pagsasapribado sa serbisyong panlipunan at yutilidad pampubliko na nakakapagpamahal sa mahahalagang serbisyong ito at nagkakait sa nagtatrabahong mamamayan ng akses dito. Aakuin ng estado ang responsibilidad sa direktang pagbibigay ng serbisyong panlipunan sa nagtatrabahong mamamayan, sa pagpapahusay ng kalidad ng mga serbisyong ito at sa pagtataguyod sa mga karapatan at kagalingan ng mga nagbibigay ng gayong mga serbisyo. Ang mga yutilidad ay mahahalaga at estratehikong empresa na magiging pag-aari at patatakbuin ng estado.
- Seksyon 2.** Itataguyod at poprotektahan ng mga Partido ang karapatan ng mga pambansang minority sa sapat na batayan at panlipunang serbisyo at wawakasan ang pangkasaysayang pagkakait ng mga serbisyo at

pagpapabaya ng gubyrno. Magkakaroon ng sapat at naaangkop na serbisyong pangkalusugan, pang-edukasyon, pantransportasyon at telekomunikasyon ang mga komunidad ng mga pambansang minorya.

ARTIKULO XIII

KARAPATAN SA EDUKASYON

- Seksyon 1.** Itataguyod at isusulong ng mga Partido ang karapatan ng mamamayan sa edukasyon. Ang edukasyon ay isang pangunahing responsibilidad ng estado at bibigyan ng akses dito ang lahat ng Pilipino. Babaliktarin at wawakasan ang patakaran ng komersyalisasyon at pribatisasyon ng edukasyon at ang lahat ng neoliberal na reporma sa edukasyon.
- Seksyon 2.** Titiyakin ng mga Partido ang libheng edukasyon sa primarya, sekondaryo, tersyaryo at teknikal-bokasyunal na antas, at ang sistema ng pampublikong eskwelahan bilang pangunahing tagapagbigay ng edukasyon. Alinsunod dito, tataasan ang badyet ng mga pampublikong eskwelahan sa lahat ng antas habang ipagbabawal sa buong sistemang pang-edukasyon ang pagpapataw ng napakataas na matrikula at iba pang bayarin sa eskwelahan.
- Seksyon 3.** Titiyakin ng mga Partido na ang edukasyon ay patriyotiko, syentipiko, nakatuon-sa-masa at demokratiko upang makapagpaunlad ng kritikal na pag-iisip at komitment sa lipunan, nang may diwang pangkasaysayan na sumusuporta sa pambansang ekonomya, nagtataguyod sa mga karapatan ng mamamayan at nagkakamit ng soberanyang pang-ekonomya para sa pambansang kaunlaran.
- Seksyon 4.** Nagkakasundo ang mga Partido na ibabasura ng GRP ang programang K-to-12 na nagpapatindi sa pribatisasyon at komersyalisasyon ng edukasyong Pilipino. Pangunahing nagsisilbi ang programang K-to-12 sa pangangailangan at interes ng mapagsamantalang mga dayuhang monopolyo kapitalista at lokal na korporasyon, at nagpapataw ng dagdag na pasanin sa mahihirap na pamilya dahil sa mas magastos na edukasyon. Pawawalambisa rin ang lahat ng kontra-kaunlaran at dikta-ng-dayuhan na mga programa at patakarang pang-edukasyon tulad ng Education Act of 1982, General Education Reform Program at mga katulad nito.
- Seksyon 5.** Titiyakin ng mga Partido na ang mga edukador, guro at *non-academic personnel* ay nakatatanggap ng nakabubuhay na sahod at sweldo at sapat na benepisyo, nagtatrabaho nang disentang dami ng

oras nang may makataong kalagayan, at may seguridad sa empleyo. Bibigyan din sila ng libreng pagsasanay at iba pang suporta upang makaakses sa mas mataas na antas ng pagkatuto (*higher learning*), mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagtuturo at mapaghusay ang kalidad ng pagtuturo.

Seksyon 6. Itataguyod ng mga Partido ang mga demokratikong karapatan at kagalingan ng mga mag-aaral, kabilang subalit di limitado sa mga karapatang mag-organisa at magtipon, bumuo ng mga konsehong mag-aaral, magtamasa ng kalayaan sa paghahayag at maglimbag ng mga independyenteng pahayagang mag-aaral, representasyon sa pinakamatataas na *policy-making body* ng mga eskwelahan, at mabigyang-kalutasan ang kanilang mga hinaing.

Seksyon 7. Itataguyod at isusulong ng mga Partido ang karapatan sa edukasyon ng mga katutubo at mga pambansang minoritya. Titiyakin nila na itataguyod ng edukasyon ang paggalang sa kanilang mga lupa at teritoryong ninuno at mag-aambag sa kanilang paggigiit ng kanilang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili. Dapat tumugon ang edukasyon sa kanilang mga pangangailangan at kalagayan, kumilala at gumalang sa kanilang kultura at mga tradisyon, at tumulong sa pagpapaunlad ng kanilang tradisyunal na kaalaman at kalakaran sa edukasyon. Upisyal na kikilalanin at susuportahan ng GRP ang mga eskwelahang nakabase sa komunidad na itinayo ng mga pambansang minoritya at kagyat na ititigil ang mga operasyong militar at paramilitar sa, at laban sa, gayong mga eskwelahan.

ARTIKULO XIV

KARAPATAN SA KALUSUGAN

Seksyon 1. Isusulong at itataguyod ng mga Partido ang karapatan ng mamamayan sa kalusugan. Magbubuo sila ng isang tunay na unibersal na sistema sa kalusugang publiko na nagbibigay ng libre, komprehensibo at de-kalidad na serbisyong pangkalusugan sa lahat. Babaliktarin ang patakaran ng korporatisasyon ng pampublikong serbisyong pangkalusugan at iba pang anyo ng pribatisasyon.

Seksyon 2. Itatayo ang libreng serbisyong pangkalusugan sa primarya, sekundaryo at tersaryong antas. Bibigyang-prayoridad ang pag-iwas sa sakit, mas mahusay na nutrisyon at pagpapalano ng pamilya.

Seksyon 3. Nagkakasundo ang mga Partido na magtuon ang estado sa pagbibigay ng direktang serbisyo sa lahat ng antas ng pangangalagang pangkalusugan at iiwas sa pagbibigay-prayoridad

sa sigurong pangkalusugan tulad ng PhilHealth. Titiyakin ng mga Partido ang pagkakaroon ng serbisyong pangkalusugan at ang akses dito, laluna sa kanayunan sa pamamagitan ng pagtitiyak na mayroong mga tauhan at pasilidad-medikal at mga gamot sa mga komunidad sa kanayunan.

- Seksyon 4.** Ang mga integretyed na sistemang pangkalusugan ay magtutuon sa sustenidong pag-iwas sa sakit sa pamamagitan ng komprehensibong primaryang pangangalagang pangkalusugan na nakabase sa komunidad na nagbibigay ng de-kalidad na serbisyong pangkalusugan at nagbibigay-pansin din sa nutrisyon, akses sa tubig, pabahay, edukasyon, empleyo at mga kabuhayan, at iba pang mga salik na may epekto sa kalusugan.
- Seksyon 5.** Titiyakin ng mga Partido na ang mga manggagawang pangkalusugan, at mga tauhang medikal at *non-medical* ay tumatanggap ng nakabubuhay na sahod at sweldo, may sapat na benepisyo, nagtatrabaho nang disenteng dami ng oras na may makataong kalagayan sa paggawa, at may seguridad sa empleyo. Bibigyan din sila ng libreng pagsasanay at iba pang suporta para mapaunlad ang kanilang kaalaman; at iba pang mga suportang serbisyo. Bibigyan sila ng sapat na oportunidad para tugunan ang mga pangangailangang pangkalusugan ng pinakamalaking bilang ng mga Pilipino.
- Seksyon 6.** Gagamitin, pauunlarin at itataguyod ng mga Partido ang mga tradisyunal, alternatibo at katutubong praktis sa pangagamot sa mga komunidad, at poprotektahan sila laban sa di makatarungang atake ng mga sistema ng *intellectual property rights* at kumpetisyon mula sa imported na mga gamot.
- Seksyon 7.** Titiyakin ng mga Partido na ang problema ng pang-aabuso sa droga ay tatrathin bilang usaping pangkalusugan at sa gayo'y dapat magtayo ng epektibo at nakasasapat na programa sa rehabilitasyon.

ARTIKULO XV

KARAPATAN SA PABAHAY

- Seksyon 1.** Isusulong at itataguyod ng mga Partido ang karapatan ng mamamayan sa sapat at abot-kayang pabahay. Magpapatupad sila ng plano sa pagpapaunlad ng kalunsuran na kabibilangan ng distribusyon ng populasyon sa iba't ibang rehiyon at pagbawas sa kapal ng populasyon sa kalunsuran kaakibat ng repormang agraryo, pagpapaunlad sa kanayunan at pambansang industriyalisasyon.

Alinsunod dito, magpapatupad ang mga Partido ng komprehensibo at pambansang programa sa pangmasang pabahay para sa nagtatrabahong mamamayan, laluna ang maralita sa kalunsuran at mga mala-manggagawa. Isasailalim ng programa sa reoryentasyon ang mga ahensyang pabahay ng estado at titiyakin ang partisipasyon ng mamamayan sa pagpapalano at pamamahala ng pangmasang pabahay, kabilang ang pagsosona at pagpapaunlad sa kalunsuran.

Seksyon 2. Ipagbabawal ng mga Partido ang demolisyon ng mga maralitang komunidad sa kalunsuran at ang dislokasyon ng mga naninirahan dito maliban na lamang kung may sapat na reloksyon, na maaaring katangian ng pagpapaunlad sa mismong komunidad o reloksyon sa loob din mismo ng syudad.

Seksyon 3. Sa lahat ng planong reloksyon, dapat magkaroon muna ng demokratikong konsultasyon sa mga apektadong maralitang komunidad sa kalunsuran. Magbibigay ang mga Partido ng sapat na ayuda sa paglilipat ng mga irerelokeyt, at titiyakin na may sapat na pabahay, yutilidad, empleyo o kabuhayan at serbisyong panlipunan sa mga erya na paglilipatan. Mananatili ang mga maralitang setler sa kalunsuran sa lupang kanilang inookupahan hangga't hindi natutupad ang gayong mga kondisyon.

ARTIKULO XVI

KARAPATAN SA TUBIG

Seksyon 1. Titiyakin ng mga Partido na ang nagtatrabahong mamamayan ay nagtatamasa ng kanilang karapatan sa tubig at may tiyak na akses sa abot-kayang serbisyo sa tubig at sanitasyon. Babaliktarin ng estado ang pribatisasyon ng yutilidad at serbisyo sa tubig sa Metro Manila at mga prubinsya at babawiin ang mga kontrata at kasunduang konsesyon sa mga pribadong konsesyunaryo sa tubig. Ang lahat ng pag-aari at operasyon ng mga pribadong konsesyunaryo sa tubig ay ibabalik sa pag-aari at pamamahala ng estado.

Seksyon 2. Titiyakin ng mga Partido ang lubos na partisipasyon ng mamamayan sa pagpapalano at pamamahala ng kanilang mga yutilidad sa tubig, kabilang ang operasyong pinansyal at pagtatakda ng bayad sa tubig.

ARTIKULO XVII

SERBISYONG PANG-ENERHIYA

- Seksyon 1.** Titiyakin ng mga Partido na ang nagtatrabahong mamamayan ay may akses sa sapat at istableng suplay ng kuryente na abot-kaya. Magiging responsable ang estado sa paglikha, transmisyon at distribusyon ng *power* at kuryente. Babaliktarin ng GRP ang patakaran nito ng pribatisasyon at deregulasyon ng mga *generation plant, power grid, transmission line, distribution unit* at kooperatiba sa elektrisidad. Ibasasura ang Electric Power Industry Reform Act (EPIRA) hinggil sa pribatisasyon at deregulasyon ng kuryente.
- Seksyon 2.** Pinagtatibay ng mga Partido na ang paglikha, transmisyon at distribusyon ng kuryente ay magiging pag-aari ng estado o pampublikong empresa, kung saan ang pamamahala at kontrol ng estado ay mapapailalim sa National Power Corporation (NPC) na pag-aari ng estado. Ang mga empresa sa kuryente ay maaaring maging pag-aari o kontrolado sa pamamagitan ng mga korporasyon ng estado, kabilang ang pakikisosyo sa mga pribadong *provider* o kaya'y kooperatiba sa elektrisidad sa ilalim ng epektibong regulasyon ng estado.
- Seksyon 3.** Titiyakin ng mga Partido ang lubos na partisipasyon ng mga komunidad at organisasyong bayan sa pagpapalano at pamamahala ng mga yutilidad sa kuryente, kabilang ang pagpapatakbo ng mga ito at pagtatakda ng bayad sa kuryente.
- Seksyon 4.** Itataguyod ng mga Partido ang paggamit ng mga napapalitang pinagmumulan ng enerhiya sa mga komunidad sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga proyektong solar, *mini-hydro* at *micro-hydro* at *biomass* sa mga asosasyong nakabase sa komunidad at mga lokal na kooperatiba sa elektrisidad.

ARTIKULO XVIII

SISTEMA SA PANGMASANG TRANSPORTASYON

- Seksyon 1.** Titiyakin ng mga Partido ang sistema sa pangmasang transportasyon na madaling gamitin, mahusay at ligtas at may abot-kayang pamasaha para sa nagtatrabahong mamamayan na tumutugon sa mga pangangailangan ng pambansang kaunlarang pang-ekonomya tulad ng nakasaad dito. Babaliktarin ang patakaran ng pribatisasyon at deregulasyon sa sektor ng transportasyon na sumasaklaw sa

riles, mga *tollway*, daan, tulay, pantalan, paliparan at iba pang imprastrukturang pantransportasyon.

- Seksyon 2.** Pinagtitibay ng mga Partido na ang sistema ng pangmasang transportasyon ay isasailalim sa pag-aari, pamamahala at kontrol ng publiko o estado. Ang mga yutilidad ng pampublikong transportasyon ay maaaring maging pag-aari o kontrolado ng publiko. Maaaring payagan ang sosyohan ng mga pribadong *provider* at kooperatibang pantransportasyon, sa ilalim ng epektibong regulasyon ng estado.
- Seksyon 3.** Titiyakin ng mga Partido ang buo at epektibong partisipasyon ng mamamayan, mga komunidad at organisasyong bayan, sa pagpapalano at pamamahala ng sistema sa transportasyon, kabilang subalit di limitado sa, pagtatakda ng mga pamasaha at pamamahala sa trapiko.
- Seksyon 4.** Magbabalankas at magpapatupad ang mga Partido ng komprehensibong programang pantransportasyong panlupa, pandagat at pangkahanginan na tumitiyak sa abot-kayang pamasaha, nagbibigay ng mga byaheng sapat ang regularidad at dalas at tumitiyak sa kaligtasan ng mga pasahero, habang binibigyang-konsiderasyon ang pulu-pulong katangian ng bansa. Tutugunan ng programa ang mga pangangailangan ng pagpapaunlad sa kanayunan at pambansang industriyalisasyon alinsunod sa nakasaad dito.
- Seksyon 5.** Nagkakasundo ang mga Partido na kagyat na pawawalambisa ng GRP ang mga kontrata at kasunduan sa konsesyon na ang epekto ay paglilipat ng pag-aari at/o kontrol ng estado sa Light Rail Transit (LRT) at Metro Rail Transit (MRT) sa Metro Manila tungo sa mga pribadong korporasyon.

ARTIKULO XIX

SERBISYONG PANGKOMUNIKASYON

- Seksyon 1.** Titiyakin ng mga Partido ang maaasahang serbisyong telekomunikasyon na may abot-kayang bayad para sa nagtatrabahong mamamayan, kabilang ang libreng internet, na susuporta sa pagpapaunlad ng pambansang ekonomya tulad ng nakasaad dito. Gagawa ng mga hakbang ang mga Partido upang paunlarin ang serbisyong telekomunikasyon bilang serbisyong publiko sa ilalim ng pag-aari, pamamahala at kontrol ng publiko o estado.

Seksyon 2. Pinagtitibay ng mga Partido na ang imprastrukturang telekomunikasyon ay maaaring maging pag-aari at kontrolado ng estado. Maaaring payagan ang pakikisosyo sa mga pribadong *provider* o kooperatiba sa ilalim ng epektibong regulasyon ng estado.

Seksyon 3. Titiyakin ng mga Partido ang buo at epektibong partisipasyon ng mamamayan, mga komunidad at organisasyong bayan sa pagpapalano at pamamahala ng serbisyong telekomunikasyon, kabilang subalit di limitado sa pagtatakda ng bayad at iba pang bagay, depende sa pangangailangan.

ARTIKULO XX

PAMAMAHALA SA BASURA (WASTE MANAGEMENT)

Seksyon 1. Titiyakin ng mga Partido ang isang sistema ng pamamahala sa basura na pag-aari, kontrolado at pinamamahalaan ng Estado at nagbibigay ng karampatang konsiderasyon sa matitinding epekto sa kapaligiran at istatus pangkalusugan ng mga komunidad. Titiyakin din nila ang libreng pangongolekta ng basura, wastong paghihiwalay (*segregation*) ng basura, at maayos na pagtatapon ng basura. Hihikayatin ang mga komunidad at pamamahay na paunlarin ang mga pasilidad sa *pagre-recycle*, *pagko-compost* at mga katulad na pasilidad.

ARTIKULO XXI

KAHANDAAN AT PAGRESPONDE SA SAKUNA

Seksyon 1. Titiyakin ng mga Partido ang kahandaan sa sakuna at pagresponde rito at iwawasto ang malaon nang pagpapabaya sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na suporta sa kahandaan sa kalamidad, kagyat na pagresponde at pamamahagi ng *relief*, at komprehensibong rehabilitasyon, rekonstruksyon at rekoberi. Dahil sa pagkilala sa pangunahing responsibilidad ng estado sa mabilis na paghahanda at pagresponde sa sakuna, nagkakasundo silang ipagbawal ang pribatisasyon ng anumang aspeto nito upang huwag makompromiso ang pagdadala ng serbisyo o mabigyan ang mga pribadong grupong naghahabol ng tubo ng labis-labis na impluwensya sa mga lugar na nasalanta. Nagkakasundo din sila na ibabasura ng GRP ang balangkas nitong ‘Build Back Better’ para sa rekonstruksyon at rekoberi na sa aktwal ay pumapabor sa mga *real estate developer* sa kapinsalaan ng maralitang mga biktima ng kalamidad.

- Seksyon 2.** Ibayong pauunlarin at itataguyod ng mga Partido ang mga pagsisikap sa proteksyon at rehabilitasyon ng kapaligiran na nakabatay sa komunidad, kabilang ang proteksyon at rehabilitasyon ng kapaligiran. Magpapaunlad sila ng sistema sa sibil na depensa na kinabibilangan ng mga organisasyong masa upang mapawi ang panghihimasok ng mga dayuhan, laluna ng militar, sa pagresponde sa kalamidad.
- Seksyon 3.** Nagkakasundo ang mga Partido na magbalangkas ng plano sa rehabilitasyon at rekonstruksyon na naaangkop sa partikularidad at ispesipikong mga peligrong kinakaharap ng mga komunidad at kahanay ng repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon. Buo at epektibong lalahok ang mga apektadong mamamayan, komunidad at organisasyong bayan sa pagpapalano at pamamahala ng rehabilitasyon, rekonstruksyon at rekoberi ng kanilang mga komunidad.
- Seksyon 4.** Titiyakin ng mga Partido na ang lahat ng biktima ng mga kagipitan (*emergency*) ay tatanggap ng kagyat at sapat na suportang pinansyal, materyal, moral at sayko-sosyal at ng napapanahong rehabilitasyon, rekonstruksyon at rekoberi, kabilang subalit di limitado sa, ayuda sa anyo ng tirahang pang-*emergency* at pangkabuhayan, pagbabalik ng mga serbisyong panlipunan at pampublikong yutilidad, at rekonstruksyon ng mga napinsala o nawasak na imprastruktura at pasilidad.
- Seksyon 5.** Nagkakasundo ang mga Partido na kagyat na aaksyon ang GRP upang remedyuhan ang nagdudumilat na pagpapabaya sa mga biktima laluna ng mga bago pa lamang na sakuna alinsunod sa mga eryang tinukoy sa Seksyon 3 sa itaas. Kagyat itong maglalaan ng pondo para sa rehabilitasyon at tatanggalin ang mga balakid sa mga pagsisikap na magpatupad ng rehabilitasyon. Ang mga upisyal na mapapatunayan na lansakang nagpabaya o sangkot sa korapsyon sa alokasyon, disposisyon at pamamahagi ng pondong pangkalamidad ay magkakaroon ng pananagutang kriminal at sibil at isasakdal.

ARTIKULO XXII

MGA PROBISYON SA IMPLEMENTASYON

- Seksyon 1.** Bubuo ang mga Partido ng mekanismo na titiyak na ang Kasunduan sa mga Karapatan ng Nagtatrabahong Mamamayan (Agreement on Rights of Working People o RWP) ay igagalang at epektibong ipatutupad.
- Seksyon 2.** Pagkakaisahan ng mga Partido ang isang iskedyul sa implementasyon at plano sa trabaho na nagtatakda ng mga petsa at oras ng pagtutupad ng kanilang magkasanib at hiwalay na mga komitment sa ilalim ng Kasunduan sa RWP, na ilalaki bilang Annex G.
- Seksyon 3.** Itatayo ng mga Partido ang isang Joint Monitoring Committee on Rights of the Working People (JMC-RWP) para sa koordinasyon ng hiwalay na implementasyon at pangangasiwa sa komun na gawain hinggil sa karapatan ng nagtatrabahong mamamayan bilang pagtalima sa Kasunduan sa RWP.
- Seksyon 4.** Sa loob ng tatlong (3) buwan mula sa petsa ng pagkakapirma ng Kasunduang ito, pagkakaisahan ng mga Partido ang komposisyon, gawain, mekaniks at lohistika ng JMC-RWP at ang iskedyul ng implementasyon at plano sa trabaho na nagtatakda ng panahon ng pagtupad ng kani-kanilang mga komitment sa ilalim ng Kasunduan sa RWP.
- Seksyon 5.** Habang isinasagawa pa ang negosasyon hinggil sa iba pang sustantibong bahagi ng CASER, ang Kasunduang ito hinggil sa RWP ay pipirmahan ng mga Panel sa Negosasyon at magkakabisa matapos aprubahan ng kani-kanyang mga prinsipal.



B. PAGTATAGUYOD SA PATRIYOTIKO, PROGRESIBO AT MAKA-MAMAMAYANG KULTURA

Nagluluwal ang malapyudal at malakolonyal na sistema ng di-syentipiko at atrasado, kolonyal at di patriyotiko, at elitista at makasariling kultura. Dahil sa atakeng neoliberal, bumaon at tumindi na ito sa pamamagitan ng impluwensya ng sistemang edukasyon at relihiyon, masmidya at mga sining. Monopolisado ng mga dayuhan at malalaking lokal na korporasyon ang produksyong pangkultura at kontrolado nila ang mga daluyan nito kung kaya nadidiktahan nila ang nilalaman at direksyon.

Dinisenyo ang sistemang pang-edukasyon upang magluwal ng pwersang paggawa na may kasanayan at sapat ang pag-unawa sa Ingles na siyang hinihingi ng mga ganid-sa-tubong grupo at dayuhang monopolyo kapitalismo. Hindi ito nakatuon sa pambansang kaunlaran at progresong panlipunan.

Ang dominanteng masmidya ay pag-aari, kontrolado at dominado ng mga dayuhang imperyo sa midya at malalaking lokal na midya upang ipagtanggol ang mga interes pang-ekonomya ng mga naghaharing uri at itaguyod ang kanilang mga pananaw sa pulitika. Ang diumano’y mas demokratikong *social media* (Facebook, Twitter atbp.) ay dominado rin ng malalaking korporasyon sa masmidya.

Sinasalamin at itinataguyod ng sining at panitikan ang pagsasamba sa dayuhan, pagkadekadente, eskapismo, pyudal na pag-iisip, sobinismo at konsumerismong gaya-gaya sa pamumuhay ng mayayaman. Ginagawang kalakal (*commodified*) ang kultura at isinusulong ang konsepto ng mga “malikhaing industriya” para mapakinabangan ang pagkamalikhain ng mga Pilipino at mapagtubuan ang mga ito.

Hinuhubog ang kulturang Pilipino upang itaguyod ang neoliberalismo. Sa halip na punahin at ilantad ang mga problemang panlipunan, pang-ekonomya, pampulitika at pangkultura na likha ng neoliberalismo, nililinanang nito ang pagkakami, kawalan ng pakialam at pananahimik. Pinipigilan nito ang mamamayang kumawala sa pyudal na pag-iisip at kolonyal na pagkakaalipin. Ginugulo nito at ginagawang manhid ang nagtatrabahong mamamayan sa paglaban sa pang-aapi at pagsasamantala at pakikibaka para sa radikal na pagbabago para sa kanilang interes at kagalingan.

Dapat itaguyod ang patriyotiko, progresibo at maka-mamamayang kultura sa pamamagitan ng komprehensibong programa sa pagpapaunlad ng kultura. Dapat nitong itaguyod ang isang kulturang pangmasang tumutugon sa mithiin ng mamamayan para sa pag-unlad—kabilang ang pakikibaka para sa repormang agraryo, pagpapaunlad sa kanayunan, pambansang industriyalisasyon, pangangalaga sa kapaligiran, karapatan ng mamamayan, at soberanya at kasarinlang pang-ekonomya. Dapat itaguyod at suportahan ang mga Pilipinong edukador, praktisyuner sa masmidya, artista at manggagawang pangkultura.

ARTIKULO I

PROGRAMA PARA ISULONG ANG PAG-UNLAD SA KULTURA

Seksyon 1. Kinikilala ng mga Partido ang kritikal na halaga ng pagtataguyod ng mga patriyotiko at progresibong ideya o pag-iisip sa lahat ng mga Pilipino upang matamo ang mga layunin ng pambansang kaunlaran. Para sa Kasunduang ito, ang ‘patriyotiko at progresibo’ ay mangangahulugan, maglalaman o kaya papatungkol sa mga esensyal na elemento o pagpapahalagang ito:

- a) Nagtataguyod ng syentipiko, maka-masa at demokratikong kultura;

- b) Naglililang ng patriyotismo, pagmamahal sa bayan, at soberanya;
- c) Nagtataguyod ng kritikal na pag-iisip;
- d) Sumasalamin sa tunay na kalagayan, interes at mithiin ng mamamayan;
- e) Nagtataguyod sa mga karapatan at mithiin ng mamamayan para sa pambansang kaunlaran, kabilang ang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ng mga katutubo at ng Bangsamoro; at
- f) Nagtataguyod ng paggigiit ng mamamayan ng, at organisadong pakikibaka para sa, kanilang mga karapatan at kagalingan.

Seksyon 2. Magpapatupad ang mga Partido ng patriyotiko at progresibong programa sa pagpapaunlad ng kultura na sumasaklaw sa sistemang pang-edukasyon, masmidya at komunikasyon, sining at panitikan, syensya at teknolohiya, relihiyon, at mga pagpapahalaga (*values*) bukod pa sa wika at mga simbulo, isports, at paglilibang. Bibigyan ng kaukulang reoryentasyon ang mga daluyan at instrumentong pangkultura. Aako ng aktibong papel ang estado para tiyakin ang Pilipinisasyon, o ang proseso ng pagbabaliktad sa mga impluwensyang kolonyal at pyudal, at ang demokratikong kontrol sa mga daluyan at instrumentong ito.

Seksyon 3. Itataguyod ng GRP sa lahat ng mga ahensya ng gubyerno ang pagpapalano, pagpoprograma at pagbabadyet na kumikilala sa kultura (*culture-responsive*) at titiyakin ng mga Partido na ang mga ito ay nakaugnay sa mga pagsisikap na umunlad ng mga sektor at komunidad na nasa laylayan ng lipunan.

Seksyon 4. Isusulong at itataguyod ng mga Partido ang soberanya sa kultura at susuportahan ang lokal na ekonomyang kultural sa pamamagitan ng mga singil sa *equity*, kota, taripa, pagluluwag sa buwis at iba pang katulad na hakbangin kung kinakailangan, laluna subalit di lamang para sa lokal na musika at pelikula. Istriktong ipatutupad ang pagbabayad ng *equity fees* ng mga dayuhang manananghal bilang batayang iskema para protektahan ang interes ng mga Pilipinong manananghal at artista.

Seksyon 5. Palalakasin ng mga Partido ang mga lokal na konseho sa sining at itataguyod ang demokratikong partisipasyon ng mga manggagawang pangkultura at artistang nakabase sa komunidad sa pagpoprograma, pagbabadyet at pagbibigay ng serbisyo.

Seksyon 6. Isusulong at susuportahan ang turismong nakatuon-sa-mamamayan at nakabase sa komunidad na nagpapaunlad ng pagkilala, paggagap at paggalang sa kasaysayan, buhay-komunidad, mga kaugalian at tradisyon, at lokal na kapaligiran. Saklaw nito ang mga *guided tours*, palitang kultural/edukasyunal, *homestay programs* at mga katulad nito.

Seksyon 7. Kinikilala ang mga serbisyong may kaugnayan sa turismo bilang lehitimong pinagmumulan ng kabuhayan at kita ng mamamayan. Subalit ang mga ito ay isasailalim sa istriktong regulasyon upang mapangalagaan ang integridad ng mga kulturang pambansa, lokal at katutubo, ang karapatan ng mga mamamayang nagtatrabaho at kanilang mga pamilya laluna ang mga babae at bata, at ang kapaligiran. Ipagbabawal ng mga Partido ang mga negosyong may kaugnayan sa turismo na lansakang lumalabag sa mga karapatan ng mamamayan at yaong sa paghahabol ng tubo ay nagiging sanhi ng mga disbalanse at pinsala sa ekolohiya.

ARTIKULO II

PAGTATAGUYOD NG EDUKASYONG PATRIYOTIKO, SYENTIPIKO AT MAY ORYENTASYONG MASA

Seksyon 1. Titiyakin ng mga Partido na ang oryentasyon ng sistemang pang-edukasyon ay katulad ng nakasaad sa Seksyon 3 ng Artikulo XII sa Bahagi IV sa itaas at napapahusay ang mga pamantayan sa edukasyon. Saklaw nito ang kurikulum, balangkas ng kurso (o silabus), mga libro at iba pang materyal pang-edukasyon at pang-instruksyon, mga aktibidad na labas sa kurikulum, pagsasanay at mga programa ng integrasyon sa komunidad ng mga mag-aaral at guro, at iba pang kaugnay na mga aspeto ng edukasyon sa lahat ng antas, na pawang gagawan ng kaukulang mga pagbabago.

Seksyon 2. Magdidisenyo ang mga Partido ng kurikulum na nag-uugnay-ugnay ng iba't ibang larangan ng pag-aaral (*integrative learning curriculum*), na, bukod sa iba pa ay:

- a) Mas makatotohanang sumasalamin sa mga riyalidad ng lipunang Pilipino;
- b) Nagtutuon sa muling pag-aaral ng kasaysayan mula sa punto de bista ng mamamayang Pilipino at ng kanilang mayamang tradisyon ng paglaban at pagkilos para sa pagbabago;

- c) Nagwawasto ng lahat ng mga istorikal na rebisyunismong pinalaganap ng US at ng lokal na naghaharing uri;
- d) Nagtataguyod sa komun na pamanang pangkultura ng mamamayang Pilipino, identidad at pagiging bansa habang iginagalang at itinataguyod ang iba't ibang mga kultura;
- e) Balansyado, nakasentro sa komunidad, walang pagtatangi, walang diskriminasyon, patas sa usapin ng kasarian at may kamulatang pangkapaligiran;
- f) Isinasanib ang kasaysayan sa mga asignatura ng agham panlipunan, makataong sining (*humanities*), wika at Pilipino upang mas komprehensibong maitaguyod ang demokrasya, patriyotismo at kasarinnan;
- g) Nagdidiin sa papel ng syensya at teknolohiya sa pagsasakatuparan ng tunay na kaunlaran sa lipunan at ekonomya at pagtataguyod ng kabutihan ng lipunan; at
- h) Humahasa sa mga artista, syentista, inhinyero, agrikulturista, doktor at mga katulad nila para sa mga layunin ng pambansang pagpapaunlad.

Seksyon 3. Itataguyod ng mga Partido ang karapatan ng mga pambansang minorya sa edukasyon na magbibigay sa kanila ng kakayahang mag-ambag nang mas malaki sa pagpapayabong ng isang tunay na pambansang kultura.

Sekson 4. Titiyakin ng mga Partido na may de-kalidad na maagang edukasyon (*early education*) at sustenidong programa sa literasiya sa bawat barangay.

Seksyon 5. Magbibigay ang mga Partido ng buong suporta sa pananaliksik at pagpapaunlad na sumusuporta sa mga layunin ng repormang agraryo, pagpapaunlad sa kanayunan at pambansang industriyalisasyon.

ARTIKULO III

PAGBUBUO NG MASMIDYANG PROGRESIBO AT MAY ORYENTASYONG MASA

Seksyon 1. Itataguyod ng mga Partido ang patriyotiko at progresibong kultura sa pamamagitan ng mga Pilipinong industriya sa masmidya kabilang subalit di limitado sa brodkasting, paglalathala, musika,

pelikula, *software* at mga katulad nito. Gagawa ng mga hakbang upang ang mga industriyang pangmidyang ito ay makapagbibigay ng masasaligang impormasyon at pagsusuri, maghihikayat ng patriyotismo, magtataguyod ng kritikal na pag-iisip at hihimok ng direktang pagkilos ng mamamayan.

- Seksyon 2.** Itatayo, susuportahan at pauunlarin ng mga Partido ang isang masasaligang sistema sa impormasyong publiko na patatakbuhin ng mga organisasyong bayan sa masmidya na may independyenteng *editorial control* sa pagpoprograma at nagbibigay ng balita, ugnayang publiko (*public affairs*) at iba pang makabuluhang mga programa na may patriyotiko at progresibong nilalaman. Magiging tunay na pambansa ang saklaw ng pagpoprograma.
- Seksyon 3.** Titiyakin ng mga Partido na ang pribadong mga lambat sa masmidya ay may inilalaang oras sa brodkas, bahagi ng programa at mga buong programa na may makabansa at progresibong nilalaman. Isasailalim din ng estado sa regulasyon ang nilalaman ng mga patalastas at ang oras sa brodkas na inilalaan sa mga ito sa layong pigilan ang pagpapalaganap ng kolonyal na mentalidad, pagsasamba sa dayuhan, konsumerismo at iba pang katulad na di kanais-nais na pagpapahalaga.
- Seksyon 4.** Itataguyod ng mga Partido ang mga karapatan at kalayaang kaugnay ng pananalita, pamamahayag, pagpapahayag at impormasyon (*speech, press, expression and information*). Kabilang subalit di ito limitado sa kagyat na pagpapawalambisa sa batas na lumikha sa Movie and Television Review and Classification Board (MTRCB) at pagbubuwag dito at sa iba pang mekanismo sa pagsesensor, dekrimalisasyon ng libelo, kabilang ang libelo sa internet sa ilalim ng Cybercrime Prevention Act of 2012, na mga perpektong instrumento para patahimikin at iharas ang mga mamamahayag at supilin ang malayang ekspresyon at pananalita, at pagsasabatas ng tunay na mga batas hinggil sa kalayaan ng impormasyon at kalayaan sa pamamahayag.

ARTIKULO IV

PAGTATAGUYOD NG PATRIYOTIKO, PROGRESIBO AT MAKA-MAMAMAYANG SINING AT PANITIKAN

- Seksyon 1.** Kinikilala ng mga Partido at nagkakasundo silang itaguyod ang umiiral na patriyotiko at progresibong sining, musika, panitikan, teatro, pelikula, brodkasting at iba pang obrang nilikha ng mga rebolusyonaryo at patriyotikong artista, prodyuser pangkultura at mga manggagawang pangkultura sa batayang antas laluna yaong mula sa nagtatrabahong mamamayan. Magbibigay sila ng pondo at iba pang anyo ng suporta at insentibo para sa mas mararami pang produksyon at mas malawak pang pagpapalaganap ng gayong mga produktong kultural at malikhain na sumasalamin sa mga kalagayan at mithiin ng mamamayan.
- Seksyon 2.** Magtatayo ang mga Partido ng *multi-functional* na mga Sentrong Pangkomunidad para sa Kultura at Sining sa antas ng rehiyon, lunsod at barangay. Magsisilbi itong mga lugar kung saan libre o abot-kaya ang pagpapalabas ng mga pelikula, produksyong teatro, sosyo-kultural at etnograpihong mga eksibit, *literary events*, programa sa pagsasanay, palihan (*workshops*), mga simposyum at lektura, maliliit na *cultural festivals*, at iba pang katulad na mga aktibidad. Kalaunan, magiging mga rehiyunal na hayskul pansining ang mga ito, na may malapit na ugnay sa mga lokal na tradisyon at komunidad.
- Seksyon 3.** Susuportahan ng mga Partido ang pagpapaunlad at pagpapalaganap ng pambansang wikang Filipino sa pamamagitan ng mas aktibong pagsusulong ng gamit nito sa upisyal na komunikasyon, pagtuturo sa lahat ng antas at sa lahat ng larangan ng kaalaman, at sa masmidya. Magpapatupad ang GRP ng malawakang programa sa paglilimbag at pagpapalaganap ng mga obrang pampanitikan at teknikal na nasa wikang Filipino at iba pang wikang Pilipino, kabilang ang mga obrang pampanitikan at teknikal na nasa ibang mga lenggwahe.
- Seksyon 4.** Ang paggamit ng iba pang mga mayor na lenggwaheng Pilipino ay itataguyod din sa edukasyon, masmidya, at literatura. Hihikayatin din ang pagsasalain sa iba't ibang lokal na wika.
- Seksyon 5.** Itataguyod, poprotektahan at ipepreserba ng mga Partido ang mga *cultural and natural heritage sites* sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga hakbanging pipigil sa pagkakawasak at pagnanakaw nito at pagpapalaki ng pondo ng gubyrno para sa rehabilitasyon at pagbubuo ng kamalayang publiko. Irerekober at babawiin ang mga *cultural artefacts* na dinambong ng mga dayuhan at/o inangkin ng mga pribadong grupo.

ARTIKULO V

PAGSUSULONG SA MGA KARAPATAN AT KAGALINGAN NG MGA EDUKADOR, PRAKTISYUNER SA MASMIDYA, ARTISTA AT MANGGAGAWANG PANGKULTURA

- Seksyon 1.** Itataguyod ng mga Partido ang mga karapatan ng mga edukador, praktisyuner sa masmidya, artista at manggagawang pangkultura bilang bahagi ng nagtatrabahong mamamayan. Kabilang subalit di ito limitado sa pagwawakas sa laganap subalit mapagsamantalang kontraktwalisasyon at sistemang talento sa mga sektor pangkultura na ito at sa pagsusulong ng regularisasyon.
- Seksyon 2.** Titiyakin ng mga Partido na itatayo ang isang saklaw-industriyang pambansang unyon ng mga manggagawa sa masmidya upang protektahan ang kanilang mga karapatan at kagalingan, mapaunlad ang kanilang mga kasanayan at propesyunalismo, at matiyak ang prinsipyadong (*ethical*) pagkilos, mapigil ang korapsyon at maitakda ang mga pamantayan sa bawat midyum. Ang unyong ito ay magkakaroon ng karapatang makipagtawaran sa mga may-ari ng mga kumpanya ng midya sa ngalan ng mga manggagawa sa midya.
- Seksyon 3.** Isusulong at itataguyod ng mga Partido ang mga karapatang sibil at pampulitika ng mga edukador, manggagawa sa masmidya, artista at manggagawang pangkultura. Gagawa sila ng kagyat na mga hakbang para lutasin ang mga kaso ng pamamaslang, harasment at iba pang pang-aatake sa mga mamamahayag, manggagawa sa masmidya, at mga manggagawang pangkultura sa batayang antas. Ang mga responsable ay magkakaroon ng pananagutang kriminal at parurusahan.
- Seksyon 4.** Nagkakasundo ang mga Partido na tiyakin ang suporta at pagkilala at pigilin ang pagsesensor at panunupil ng mga obra ng mga praktisyuner sa midya at mga independyenteng artista.

ARTIKULO VI

MGA PROBISYON SA IMPLEMENTASYON

- Seksyon 1.** Bubuo ang mga Partido ng mekanismo na titiyak na ang Kasunduan sa Pagtataguyod sa Patriyotiko, Progresibo at Maka-Mamamayang Kultura (Agreement on Promoting Patriotic, Progressive and Pro-People Culture o Culture) ay igagalang at epektibong ipatutupad.
- Seksyon 2.** Pagkakaisahan ng mga Partido ang isang iskedyul sa implementasyon at plano sa trabaho na nagtatakda ng mga petsa at oras ng pagtutupad ng kanilang magkasamang at hiwalay na mga komitment sa ilalim ng Agreement on Culture, na ilalaki bilang Annex H.
- Seksyon 3.** Itatayo ng mga Partido ang isang Joint Monitoring Committee on Promoting Patriotic, Progressive and Pro-People Culture (JMC-Culture) para sa koordinasyon ng hiwalay na implementasyon at pangangasiwa sa komun na gawain sa pagtataguyod ng patriyotiko, progresibo at maka-mamamayang kultura bilang pagtalima sa Agreement on Culture.
- Seksyon 4.** Sa loob ng tatlong (3) buwan mula sa petsa ng pagkakapirma ng Kasunduan ito, pagkakaisahan ng mga Partido ang komposisyon, gawain, mekaniks at lohistika ng JMC-Culture at ang iskedyul ng implementasyon at plano sa trabaho na nagtatakda ng panahon ng pagtutupad ng kani-kanilang mga komitment sa ilalim ng Agreement on Culture.
- Seksyon 5.** Habang isinasagawa pa ang negosasyon hinggil sa iba pang sustantibong bahagi ng CASER, ang Agreement on Culture na ito ay pipirmahan ng mga Panel sa Negosasyon at magkakabisa matapos aprubahan ng kani-kanyang mga prinsipal.



K. PAGKILALA SA LUPA AT TERITORYONG NINUNO NG MGA PAMBANSANG MINORYA

Ang mga pambansang minorya ay kolektibong pumapatungkol sa mahigit 100 etno-linggwistikong grupo ng mamamayang katutubo (*indigenous people* o IP) at sa Bangsamoro na bumibilang sa humigit-kumulang 16 porsyento ng populasyon. Lumitaw sila bilang espesyal na grupo matapos ang mahabang istorikal na proseso ng minoritisasyon at pambansang pang-aapi mula sa panahon ng kolonyalisasyong Espanyol at US hanggang sa kasalukuyan.

Ipinagpapatuloy ng mga ahente ng estado ang pang-aagaw ng lupa at pagtataboy pabor sa dayuhan at korporadong pandarambong sa likas na yaman sa mga lupa at teritoryong ninuno. Winawasak at sinasalaula ang mga katutubong organisasyong panlipunan, kultura at tradisyon, at mga komunidad upang bigyang-daan ang mga pribado at dayuhang grupo sa pagmimina, pagtotroso, korporadong plantasyon, mega-dam at mga katulad nito.

Binibiktima ang mga pambansang minorya ng mas matinding karalitaan at pagsasaisantabi at mas pinagkakaitan din ng akses sa mga lugar, grupo o pribilehiyo (*marginalization and exclusion*). Kabilang sila sa mga pinakanaghihikahos na sektor sa pagsasaka sa kanayunan, may pinakamababang

prayoridad sa pagbibigay ng mga serbisyong panlipunan, at binibiktima ng paglalarawang nakabatay sa pirmido at masyadong pinasimpleng imahe (*stereotyping*), pagkiling (*prejudice*) at misrepresentasyon sa pulitika.

Sila ang pinupuruhan ng militarisasyon na nagbibigay-daan sa pagsasamantala sa mga likas na yaman, pagpapatupad ng mga mapaminsalang proyekto at rumerenda sa paglaban ng komunidad. Tumutungo ito sa seryosong mga paglabag sa kolektibo at indibidwal na mga karapatang-tao tulad ng malawakang pagpapalikas, walang pakundangang pambobomba, pagkawasak ng kabuhayan, pang-aalipusta at pamamaslang.

Ilang ulit nang tinangka ng GRP na pwersadong payapain (*pacify*) ang mga katutubo at Moro at sugpuin ang rebolusyonaryong pagkilos, kabilang ang lumalaking armadong sesesyon sa hanay ng mamamayang Moro. Kabilang dito ang paglikha ng mga rehiyong awtonomus na pinamumunuan ng naghaharing uri at mga burukrata, parsyal na awtonomya sa Bangsamoro at ang Indigenous Peoples Rights Act (IPRA).

Pinatitindi lamang ng mga ito ang pambansang pang-aapi at lalong pinagaganit ang dayuhan at pyudal na kontrol sa mga likas na yaman, di-pagkilala sa mga lupa at teritoryong ninuno, at mas hayagang sabwatan ng mga naghaharing uri na katutubo at Moro.

Dapat magkaroon ng mga positibong hakbang na pumapabor sa mga pambansang minorya upang iwasto ang mahabang kasaysayan ng diskriminasyon at pagpapabaya laban sa kanila, kilalanin ang kanilang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili o awtonomya at kanilang mga kultura at tulongan silang bumangon sa antas ng komun na kabutihan at komun na progreso ng buong bansa.

ARTIKULO I

PAGKILALA SA KARAPATAN SA PAGPAPASYA-SA-SARILI

Seksyon 1. Kinikilala at itinataguyod ng mga Partido ang karapatan ng mga katutubong mamamayan at ng Bangsamoro sa pagpapasya-sa-sarili. Ang karapatang ito para malayang itakda ang kanilang istatus pampulitika at malayang magpatupad ng kanilang pag-unlad sa ekonomya, pulitika at kultura sa bilis na sila mismo ang magtatakda, at nang walang imposisyon at panghihimasok mula sa labas ay sumasaklaw sa awtonomya, pamamahala sa sarili sa loob ng isang bansang estado (*nation-state*), paggamit ng lenggwahe at pagsunod sa mga kaugalian at tradisyon, kalayaan sa pananampalataya at pagtamasa ng mga ispesipikong karapatang nakatakda sa mga batas

at proseso ng estadong bansa. Natatandaan din ng mga Partido na ang iginigiit na sesesyon ng Bangsamoro ay pagsusulong ng kanilang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili.

- Seksyon 2.** Iginagalang ng mga Partido ang partikular na sirkunstansya ng Bangsamoro sa Mindanao at titiyakin ang rehiyunal na awtonomya sa mga erya na may konsentrasyon ang mamamayang Moro at, sa mga erya na hindi sila konsentrado subalit may malaki-laking presensya, ay titiyakin ang kanilang demokratikong representasyon sa pamamahala.
- Seksyon 3.** Walang pasubaling kinikilala ng mga Partido ang mga lupain at teritoryong ninuno ng mga katutubong mamamayan at Bangsamoro. Kabilang, subalit di ito limitado sa, pagtataguyod ng kanilang kolektibong pag-aari o pangangalaga, alinman ang angkop, at paggamit, pagpapaunlad at pangangasiwa sa gayong mga lupain, teritoryo at rekursong naroroon.
- Seksyon 4.** Kikilalanin at itataguyod ng mga Partido ang karapatan ng mga pambansang minorya sa kolektibong pag-aari. Aamyendahan, o kung kinakailangan, ay ibabasura ng estado ang IPRA na nakapagpapadali sa panghihimasok ng mga korporasyon sa mga lupang ninuno at ang epekto’y nakapagbigay sa iilang pribadong indibidwal ng pag-aari at kontrol ng mga lupaing komunal.
- Seksyon 5.** Itataguyod ng mga Partido ang karapatan ng mga pambansang minorya sa malaya at paunang pagpapahintulot batay sa sapat na impormasyon (*free, prior and informed consent* o FPIC) at sa kolektibong pagpapasya hinggil sa anumang proyekto at programang pangkaunlaran na may epekto sa kanila. Kabilang dito ang pagtitigil ng GRP sa anumang hakbang na bumabagbag sa karapatang ito tulad ng panlilinlang, taktikang manghati-at-maghari at tahasang harasment.
- Seksyon 6.** Kikilalanin at titiyakin ng mga Partido ang paglahok ng mga pambansang minorya sa paglikha ng mga batas at patakaran at sa lahat ng antas ng pamamahala. Rerepasuhin ng mga Partido at, kung kinakailangan, ay ibabasura ang mga patakaran at kautusang administratibo ng gubyerno na naglilimita o nagpapahina sa representasyon ng mga pambansang minorya sa pagdedesisyon at pamamahala.
- Seksyon 7.** Kikilalanin, gagalangin at bibigyang-kakayahan ng mga Partido ang mga katutubo at Bangsamoro na magpaunlad ng kanilang sariling mga sistemang pampolitika; at gagawa ng mga hakbang

para mapigilan ang misrepresentasyon sa pulitika at pagbabagbag sa gayong mga sistema. Kikilalanin nila ang mga sosyo-pulitikal na istruktura na umiiral sa mga komunidad ng mga pambansang minorya, na kabilang subalit di limitado sa mga organisasyong nagpapahayag ng umiiral na mga programang pampulitika para sa kanilang mga pakikibaka.

Seksyon 8. Nagkakasundo ang mga Partido na amyendahan o ibasura ang lahat ng mga batas, kautusan at nilabas (*issuances*) na hindi naaayon o taliwas sa mga patakaran at hakbangin hinggil sa mga pambansang minorya na nakasaad sa Kasunduang ito. Kabilang, subalit di ito limitado sa, mga probisyon sa Konstitusyon ng 1987 at sa IPRA na lumalabag sa likas na karapatan ng mga pambansang minorya na pangalagaan o ariin at gamitin, paunlarin at pangasiwaan ang kanilang mga lupain at teritoryong ninuno.

Seksyon 9. Nagkakasundo ang mga Partido na tiyakin ang pagpapasa ng isang bagong batas na nagtataguyod sa karapatan ng mga pambansang minorya sa pagpapasya-sa-sarili at sa kanilang mga lupain at teritoryong ninuno, kumikilala sa mga karapatan ng mga katutubo at Bangsamoro, at nagbibigay ng tunay na representasyon sa mga pambansang minorya sa pamamahala. Alinsunod dito, nagkakasundo ang mga Partido na, bukod sa iba pa'y babaklasin ng estado ang National Commission on Indigenous People (NCIP) na hindi tunay na kumakatawan sa mga kolektibong desisyon ng mga katutubo.

ARTIKULO II

PAGLAHOK SA PAGPAPAUNLAD NG EKONOMYA

Seksyon 1. Titiyakin ng mga Partido na ang mga katutubo at Bangsamoro ay makikinabang mula sa estratehikong programang pang-ekonomya ng pagpapaunlad sa Pilipinas sa paraang nakatitindig-sa-sarili, sa pagpapaunlad ng kanayunan, at sa pambansang industriyalisasyon sang-ayon sa nakasaad sa Kasunduang ito. Kabilang dito ang pagpapaunlad ng kanayunan at lokal na industriyalisasyon sa kanilang mga lupa at teritoryong ninuno nang may karampatang konsiderasyon sa kanilang ispesipikong mga sirkunstansya sa lipunan, kultura, pulitika at ekonomya.

Seksyon 2. Kinikilala ng mga Partido ang karapatan ng mga pambansang minorya na magtakda at magpaunlad ng mga prayoridad at estratehiya para sa kanilang pag-unlad kabilang subalit di limitado

sa paggamit ng mga likas na yaman sa kanilang mga teritoryo. Anumang pagkuha ng mga likas na yaman sa mga lupain at teritoryong ninuno ay pagpapasyahan kasama ang mga kinauukulang pambansang minorya at mga organisasyon nila at gagamitin kapwa sa lokal at pambansang pagpapaunlad kahanay ng komprehensibong programa para sa estratehikong pagpapaunlad ng ekonomya, kabilang ang pambansang industriyalisasyon.

- Seksyon 3.** Magpapatupad ang mga Partido ng mga programang mangangalaga, maglilining at magpapaunlad sa kapaligiran ng mga pambansang minorya para sa kagalingan ng mamamayan.
- Seksyon 4.** Nagkakasundo ang mga Partido na ibabasura at babawiin ng estado ang lahat ng mapanlinlang, mapang-api at nagdidiskriminang batas at patakarang pang-ekonomya na nagpapatadali sa pang-aagaw ng lupa, pandarambong at pangwawasak sa mga lupa at teritoryong ninuno. Nagkakasundo rin silang repasuhin ang lahat ng umiiral na kasunduan at kontrata, kabilang ang mga hindi pa aprubadong aplikasyon sa pagmimina, pagtotroso, konstruksyon ng dam, *geothermal*, plantasyon at iba pang mga negosyo at proyekto, at kakanselahin yaong mga kasunduan at kontratang lumalabag sa karapatan sa FPIC, mapangwasak sa mga komunidad at sa kapaligiran, at lumalabag sa mga kolektibong karapatan ng mga pambansang minorya. Magkakaroon ng moratoryum sa mga bagong aplikasyon para sa gayong mga negosyo at proyekto habang hindi pa nakukumpleto ang pagrerepaso.
- Seksyon 5.** Nagkakasundo ang mga Partido na repasuhin at imbestigahan ang lahat ng Certificate of Ancestral Land Titles (CALT), Certificate of Ancestral Domain Title (CADT), at Ancestral Domain Sustainable Development Protection Plan (ADSDPP) upang mapag-alaman kung makatotohanan ang mga ito sa usapin ng lawak at saklaw, lokasyon at mga katulad nito. Nagkakasundo silang kanselahin ang mga bogus at maanomalyang titulo at ibalik ang mga lupaing ninuno na mapanlinlang na iginawad ng mga ahensya ng GRP sa mga huwad na umaangkin nito.
- Seksyon 6.** Nagkakasundo ang mga Partido na isailalim sa rehabilitasyon ang mga eryang dumaan sa pagmimina at napasamâ ang kapaligiran at hanapan ng kumpensasyon ang mga komunidad na apektado ng pagmimina, pagtotroso at iba pang operasyon sa mga lupa at teritoryong ninuno. Ang mga indibidwal, empresa at korporasyong responsable rito ay magkakaroon ng kriminal na pananagutan at parurusahan.

ARTIKULO III

PROTEKSYON LABAN SA LAHAT NG ANYO NG DISKRIMINASYON AT PAGLABAG SA KARAPATAN

- Seksyon 1.** Gagawa ng mga hakbang ang mga Partido upang mapawi ang institusyunal na diskriminasyon laban sa mga pambansang minorya sa sistemang pang-edukasyon, masmidya, sining at panitikan, at iba pang institusyong pangkultura at panrelihiyon. Kabilang subalit di ito limitado sa pagtitiyak na ang kasaysayan, kalagayan, mga karapatan at mithiin ng mga pambansang minorya ay angkop na sinasaklaw sa akademikong kurikulum, silabus, mga libro, pagsasanay at iba pang kaugnay na aspeto ng edukasyon sa lahat ng antas.
- Seksyon 2.** Itataguyod ng mga Partido ang paggalang sa katutubong kultura at relihiyon at gagawa ng mga hakbang para mabigyang-kakayahan ang mga pambansang minorya na mapaunlad ito para mapagyaman ang kanilang pambansang pamana at dangal. Gagawa ng hakbang ang mga Partido para wakasan ang komersyalisasyon at pagsasalaula nito, na kabilang subalit di limitado sa pagwawakas sa mga pagdiriwang (*festivals*) na di angkop at may maling paglalarawan (*misrepresentation*) at pagtitigil sa mga proyektong ekoturismo na nagsasamantala sa kulturang katutubo para lamang mapagkakitaan ito.
- Seksyon 3.** Titiyakin ng mga Partido ang paggalang sa buhay, kalayaan at seguridad ng mga pambansang minorya. Wawakasan ng GRP ang militarisasyon ng mga lupa at teritoryong ninuno at ang perwisyong idinudulot nito sa buhay pang-ekonomya, panlipunan at pangkultura.
- Seksyon 4.** Wawakasan ng mga Partido ang paramilitar na rekrutment sa mga tribo at komunidad na nambabaluktot at gumagamit sa tradisyunal na mga sistema sa depensa at lumilikha ng alitan at pagkakahati-hati. Kagyat na babaklasin ang mga umiiral na grupong paramilitar.
- Seksyon 5.** Titiyakin ng mga Partido na ang katutubo at Bangsamoro ay protektado laban sa diskriminasyon nasaan man sila, tulad kung nakahiwalay sila dahil sa hurisdiksyong pampulitika at administratibo o nakakalat sa iba't ibang barangay, munisipalidad, prubinsya at rehiyon, o nasa labas ng kanilang mga lupa at teritoryong ninuno sa anumang dahilan.
- Seksyon 6.** Nagkakasundo ang mga Partido na aamyendahan o babawiin ang lahat ng batas, kautusan at nilabas (*issuances*) na nagdidiskrimina laban sa mga pambansang minorya at lumalabag sa kanilang

mga karapatang nakasaad sa Kasunduang ito. Gagamitin nila ang pandaigdigang mga pamantayan, partikular ang UN Declaration on the Rights of Indigenous Peoples (UNDRIP) at ang Declaration on the Rights of Minorities bilang mga sanggunian sa Kasunduang ito.

ARTIKULO IV

MGA PROBISYON SA IMPLEMENTASYON

- Seksyon 1.** Bubuo ang mga Partido ng mekanismo na titiyak na ang Kasunduan sa Pagkilala sa mga Lupa at Teritoryong Ninuno ng mga Pambansang MINorya (Agreement on Recognition of Ancestral Lands and Territories of National Minorities o National Minorities) ay igagalang at epektibong ipatutupad.
- Seksyon 2.** Pagkakaisahan ng mga Partido ang isang iskedyul sa implementasyon at plano sa trabaho na nagtatakda ng mga petsa at oras ng pagtutupad ng kanilang magkasanib at hiwalay na mga komitment sa ilalim ng Agreement on National Minorities, na ilalakip bilang Annex I.
- Seksyon 3.** Itatayo ng mga Partido ang isang Joint Monitoring Committee on Recognition of Ancestral Lands and Territories of National Minorities (JMC-National Minorities) para sa koordinasyon ng hiwalay na implementasyon at pangangasiwa sa komun na gawain sa pagkilala sa mga lupa at teritoryong ninuno ng mga pambansang minorya bilang pagtalima sa Agreement on National Minorities.
- Seksyon 4.** Sa loob ng tatlong (3) buwan mula sa petsa ng pagkakapirma ng Kasunduang ito, pagkakaisahan ng mga Partido ang komposisyon, gawain, mekaniks at lohistika ng JMC-National Minorities at ang iskedyul ng implementasyon at plano sa trabaho na nagtatakda ng panahon ng pagtupad ng kani-kanilang mga komitment sa ilalim ng Agreement on National Minorities.
- Seksyon 5.** Habang isinasagawa pa ang negosasyon hinggil sa iba pang sustantibong bahagi ng CASER, ang Agreement on National Minorities na ito ay pipirmahan ng mga Panel sa Negosasyon at magkakabisa matapos aprubahan ng kani-kanyang mga prinsipal.

BAHAGI V. SOBERANYANG PANG-EKONOMYA PARA SA PAMBANSANG KAUNLARAN

Palagian nang tinutugunan ng patakarang pang-ekonomya ng Pilipinas ang mga pangangailangan ng mga kolonyalista at neokolonyalista—sa ilalim man ng kolonyalismong Espanyol, paghaharing kolonyal ng US, o neokolonyalismong US matapos ang “kasarinlan.” Binuo at pinaganit ng imperyalismong US ang oryentasyong pangmerkado ng ekonomya, na mula dekada 1940 hanggang dekada 1970 ay tumiyak sa mga espesyal na pribilehiyo para sa mga produkto at kapital na Amerikano habang tuluy-tuloy na isinasailalim sa liberalisasyon ang ekonomya.

Sa panahon ng neoliberalismo, ang mga patakaran ng bansa ay idinidikta ng International Monetary Fund (IMF) at World Bank, ipinapataw sa pamamagitan ng mga tinatawag na programa sa baylateral na ayuda laluna ng US, at ginagawang rekisito sa pamamagitan ng mga multilateral at baylateral na kasunduang nagtataguyod sa malayang kalakalan (*free trade agreements o FTA*) kabilang yaong nasa ilalim ng mas malawakang World Trade Organization (WTO), at ipinagpipilitan ng pandaigdigang sistema sa pinansya. Ilang dekada na ring nililintang ang isang solidong kwerpo ng mga neoliberal na teknokrata at tagasuportang Pilipino.

Sistematikong binuksan ng mga patakaran sa neoliberal na globalisasyon ang ekonomya sa di-patas na kumpetisyon, na nagreresulta sa makaisang-panig na dayuhang pagsasamantala sa mga rekurso at lakas-paggawang Pilipino, at pagkakapigil ng mga hakbangin para sa pag-unlad ng pambansang ekonomya. Bunga nito’y dinaranas ng mamamayang Pilipino ang pinakamatinding karalitaan at pagsasamantala.

Winawasak ng liberalisasyon sa kalakalan at pamumuhuan ang lokal na agrikultura at pagmamanupaktura. Hindi pinaunlad ng dayuhang pamumuhunan ang ekonomya, at bagkus ay nagsisilbi itong isa sa pangunahing mga paraan ng pagsasamantala ng imperyalismo sa paggawa, likas na yaman at mga merkado ng bansa. Ang mga patakaran sa pinansya, pananalapi at sa kita at gastusing pangguberno (*financial, monetary and fiscal policies*) ay dinisenyo para tugunan ang mga pangangailangan ng dayuhang pinansyal na kapital, malalaking monopolyong korporasyon at ang lokal na nagsasamantalang uri sa halip na ang mamamayan.

Ang guberno, na may malalawak na kapangyarihan at awtoridad sa ekonomya, ay nagsisilbi sa interes ng mga dayuhan at lokal na naghaharing uri sa kanilang paghahabol ng tubo sa halip na bigyang-atensyon ang mga pangangailangan ng mamamayang Pilipino.

Kailangan ang mga patakarang makro-ekonomiko na naggigiit ng pambansang soberanya, laluna ng soberanyang pang-ekonomya at ng pambansang patrimonya. Kabilang dito ang pinakamalawak na hanay ng mga mga opsyong patriyotiko para sa pambansang sosyo-ekonomikong pag-unlad. Kailangan ang isang pambansang planong sosyo-ekonomiko upang makamit ang tunay na pambansang kaunlaran.



A. PANLABAS NA RELASYONG PANG-EKONOMYA AT PANGKALAKALAN

Ang panlabas na relasyong pang-ekonomya at pangkalakalan ng Pilipinas ay neokolonyal, kumontra sa pag-unlad ng bansa, at nagkokompromiso sa karapatan at kagalingan ng mamamayang Pilipino. Pumapabor ang mga patakarang dinisenyo ng imperyalista sa dayuhang monopolyo kapital at sumusupil sa lokal na produksyon upang palagiang madambong at masamantala ng mga dayuhan ang mga rekursong tao at likas na yaman ng bansa.

Hindi kayang makipagpaligsahan ang mga produktong gawa sa Pilipinas sa dayuhang mga produkto na dinadala sa merkado dahil sa patakaran ng liberalisasyon sa kalakalan at pagtatanggal ng mga proteksyong taripa at di-taripa. Samantala, pinahihintulutan ng liberalisasyon ng dayuhang pamumuhunan na gamitin ng dayuhang kapital ang mga rekursong agrikultural ng bansa, mga depositong mineral at murang lakas-paggawa nang walang anumang ambag sa pagpapaunlad ng lokal na produktibong kapasidad.

Nakikinabang ang dayuhang monopolyo kapital sa atrasadong ekonomyang agrikultural. Pwede nitong gamitin ang lupa at iba pang mga rekursong agrikultural at mga hilaw na materyal nang hindi nakikipagkumpetensya sa mga Pilipinong prodyuser sa kanayunan. Nakikinabang din ito sa hindi signipikanteng lokal na industriya. Malaya nitong nagagamit ang mga lokal na mineral at murang lakas-paggawa at nakapaghahari sa merkado para sa mga produkto at serbisyong industriyal nang walang kumpetisyon mula sa lokal na kapital.

Hindi nagbibigay ng lokal na trabaho at hanapbuhay ang atrasadong agrikultura at industriya kaya natutulak ang milyun-milyong Pilipino na mangibang-bansa bilang pinakamahalagang eksport ng bansa at isa sa pinakamura at pinakapinagsasamantalang mga migranteng manggagawa sa mundo.

Winawasak ng mga patakarang neoliberal ang lokal na ekonomya. Subalit ang tunguhin pa rin ng GRP ay pag-ibayuhin pa ang neoliberal na liberalisasyon ng kalakalan at pamumuhunan sa pamamagitan ng Asia Pacific Economic Cooperation (APEC), integrasyon sa ekonomya sa ilalim ng Association of Southeast Asian Nations (ASEAN), at dagdag pang mga *free trade agreement* (FTA) kabilang ang Regional Comprehensive Economic Partnership (RCEP), US-Philippines FTA at European Union-Philippines FTA.

Sa gitna ng pangmatagalang pandaigdigang krisis, mas kagyat higit kailanman ang pangangailangan na magpatupad ang Pilipinas ng malayang panlabas na patakaran sa ekonomya na nagtataguyod ng pambansang kaunlaran. Nagsisimula ito sa pagpigil at pagbaliktad sa laganap na neoliberal na globalisasyon sa lokal na ekonomya at pagpapatupad ng estratehikong planong pang-ekonomyang may tiyak na layunin (*purposive strategic economic plan*).

ARTIKULO I

MGA PANGKALAHATANG PROBISYON SA PANLABAS NA RELASYON SA EKONOMYA

Seksyon 1. Magpapatupad ang mga Partido ng independyenteng patakaran sa panlabas na kalakalan at pamumuhunan na nagtataguyod sa estratehikong programang pang-ekonomya ng pagpapaunlad sa Pilipinas sa paraang nakatitindig-sa-sarili, pagpapaunlad sa kanayunan, at pambansang industriyalisasyon. Titiyakin ng patakarang ito na ang mga rekurso at produksyon ng bansa, kabilang yaong nasa teritoryong pandagat at eksklusibong sonang pang-ekonomya ng Pilipinas, ay nagbibigay-prayoridad sa mga lokal na pangangailangan at nag-aambag imbes na sumasagka sa pambansang pagpapaunlad ang mga dayuhang mamumuhunan.

- Seksyon 2.** Itinatakwil ng mga Partido ang mga patakaran ng liberalisasyon ng kalakalan at pamumuhunan, pribatisasyon, at deregulasyon na dikta ng mga dominanteng bansang kapitalista at ng kanilang mga multilateral na ahensya tulad ng International Monetary Fund (IMF), World Bank, Asian Development Bank (ADB), at World Trade Organization (WTO). Isasagawa nila ang mga kinakailangang hakbang para baligtarin ang denasyunalisasyon ng ekonomya.
- Seksyon 3.** Nagkakasundo ang mga Partido na wakasan ang mga patakaran ng neokolonyal na kalakalan at pamumuhunan na nagpapanatiling atrasado sa ekonomya. Kinikilala nila na ang mga patakarang ipinapahayag sa mga FTA, *bilateral investment treaties* (BIT) at lokal na mga batas sa ekonomya ng bansa ay nagpapanatili sa bansa bilang tagaluwas ng hilaw na materyales at rekursong tao pangunahin para sa pakinabang ng mga dayuhang ekonomya, lugar ng murang paggawa para sa pagmamanupaktura at serbisyong dominado ng mga dayuhan at may mababang dagdag-halaga, at bihag na merkado para sa mga dayuhang produkto at teknolohiya.
- Seksyon 4.** Nagkakasundo ang mga Partido na pag-iba't ibahin (*diversify*) ang mga katuwang sa kalakalan at relasyong pamumuhunan ng Pilipinas at basagin ang pagiging palaasa sa ekonomya ng United States at Japan. Bukod sa iba pa, ang layunin ay samantalahin ang lumalakas na kumpetisyon at ang mga oportunidad para sa mas epektibong pakikipagtawaran para makakuha ng pinakamalalaking bentahe sa pandaigdigang merkado. Iiwasan ang pagiging palaasa sa panibagong mga dayuhang kapangyarihan.
- Seksyon 5.** May komitment ang mga Partido na buuin ang relasyon sa mga gubyerno at organisasyong multilateral na sumusuporta sa pambansang pag-unlad ng Pilipinas at sa kagalingan ng mamamayan. Bukod sa iba pa, kabilang dito ang pagtitiyak na itinataguyod, pinangangalagaan at isinusulong ang mga karapatan ng mga Pilipino sa ibayong dagat.
- Seksyon 6.** Itataguyod ng mga Partido ang kasarinlan sa ekonomya sa pamamagitan ng pagbubuo ng mas malalapit na relasyon at pakikipagtulungan sa ekonomya na kapaki-pakinabang sa isa't isa sa mga kalapit-bansa sa East Asia—habang iwinawasto ang di-balansyadong mga relasyon tulad ng sa China, Japan at South Korea—at iba pang mga bansa sa labas ng rehiyon, kabilang ang mga bansa sa BRICS (Brazil, Russia, India, China at South Africa) gayundin ang iba pang mga bansang naggigiit ng soberanya at kasarinlan.

Seksyon 7. Nagkakasundo ang mga Partido na bumuo ng mga upisyal na relasyong pang-ekonomya para suportahan ang pambansang pagpapaunlad. Kabilang subalit di ito limitado sa bagong mga kaayusan sa pinansyang pangkaunlaran, teknikal na ayuda, pagbabahagian ng teknolohiya, at mga proyektong imprastruktura; pag-aaralan ang pagbubuo ng mga bago at mas malalalim na baylateral na relasyon sa mga mapagkaibigang gubyerno para sa mga ispesipikong proyektong industriyal. Papaburan ang upisyal na ayudang pangkaunlaran (*official development assistance o ODA*) na hindi nakatali at nakabatay sa pinakapaborableng kundisyong kunsesyunaryo (*concessionary terms*).

Seksyon 8. Nagkakasundo ang mga Partido na protektahan at suportahan ang mga agrikultural na prodyuser, kumpanyang industriyal at empresang panserbisyo na pag-aari ng mga Pilipino, laban sa panlabas na kalakalan at pamumuhunan. Bibigyan sila ng kinakailangang mga insentibo, subsidyo at suporta upang makapagpapaunlad at makapagpalakas.

ARTIKULO II

PAGBAWI SA SOBERANYA SA PATAKARAN

Seksyon 1. Nagkakasundo ang mga Partido na kuwestyunin ang mga probisyon ng mga pandaigdigang kasunduan sa ekonomya na nakasasama sa mga prodyuser na Pilipino at nagbabawal sa iba't ibang patakarang kinakailangan sa pagpapaunlad ng kanayunan at pambansang industriyalisasyon. Isasagawa ng GRP ang kaukulang mga pag-amyenda, pagsususpindi, o pagwakas, alinman ang aplikable, sa mga kaugnay na baylateral na tratado at kasunduan sa pamumuhunan, baylateral at rehiyunal na FTA, at mga kasunduan sa ilalim ng multilateral na WTO.

Seksyon 2. Rerepasuhin at, kung kinakailangan para sa pambansang pagpapaunlad, ay iaatras ang pagiging myembro ng bansa sa mga pandaigdigang institusyong pang-ekonomya tulad ng International Monetary Fund (IMF), World Bank (WB), WTO at Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC) na nilikha upang protektahan ang mga interes pang-ekonomya ng mga dominanteng kapangyarihang kapitalista.

- Seksyon 3.** Itinatakwil ng mga Partido ang dayuhang panghihimasok sa pagbubuo ng mga lokal na patakarang pang-ekonomya. Kakanselahin ang mga utang panlabas at ODA na kabilang sa mga kondisyon ay pagpapatupad ng ilang patakaran. Wawakasan ang mga programang multilateral at baylateral na nanghihimasok sa lokal na pagbubuo ng patakaran sa ekonomya, tulad ng ginagawa ng United States Agency for International Development (USAID).
- Seksyon 4.** Nagkakasundo ang mga Partido na basagin ang dominasyon sa ekonomya ng mga dayuhang monopolyo kapitalista na sumasagka sa programang pang-ekonomyang nagtataguyod sa pambansang kaunlaran. Isasailalim sa ekspropriasyon at isasabansa ang mga direktang puhunan at iba pang ari-ariang nag-aakyat ng tubo na pag-aari ng mga dayuhang monopolyo kapitalista mula sa US, Japan at iba pang dayuhang monopolyo kapitalista na nasa mahahalaga at estratehikong industriya (*vital and strategic industries*), tulad ng nakasaad sa Seksyon 2 ng Artikulo III sa Bahagi III.B.
- Seksyon 5.** Itinatakwil ng mga Partido ang di-demokratikong mga proseso ng Investor-State Dispute Settlement (ISDS) na kumikiling sa mga dayuhang mamumuhunan, nagbibigay sa mga dayuhang monopolyo kapital ng mga karapatang lagpas sa ibinibigay sa mga Pilipinong mamumuhunan at mamamayan, at sumisikil sa pleksibilidad ng gubyernong magpatupad ng mga regulasyon. Aaregluhin ang mga sigalot kaugnay ng mga dayuhang korporasyon sa mga proseso sa lokal na korte o kaya’y sa mga entidad na may kapangyarihang kahalintulad ng mga hukuman (*quasi-judicial*).

ARTIKULO III

INDEPENDYENTENG PATAKARAN SA PANLABAS NA KALAKALAN AT PAMUMUHUNAN

- Seksyon 1.** Nagkakasundo ang mga Partido na suportahan, pangalagaan at itaguyod ang mga Pilipinong empresang agrikultural, industriyal at panserbisyo na itinuturing na esensyal sa paglikha ng pambansang ekonomyang nakatitindig-sa-sarili sa pamamagitan ng sumusunod: paglilibre sa buwis, paglilibre sa taripa, paglilibre sa mga bayarin sa pag-iimport, insentibo sa pautang at pamumuhunan, at mga kontrata sa pagsusuplay ng mga produkto at serbisyo sa gubyerno (*government procurement contracts*); pagpapataw ng mga hakbanging taripa at di-taripa, at mga kontrol sa dayuhang salapi at kapital; at iba pang mga hakbang, kung kinakailangan.

- Seksyon 2.** Nagkakasundo ang mga Partido na isailalim sa regulasyon ang anumang kinakailangang dayuhang pamumuhunan upang tiyakin na nakapag-aambag ito sa pambansang pagpapaunlad sa usapin ng pagsasalin at pagkuha ng teknolohiya, akses sa mga produkto o merkado, muling pamumuhunan sa bansa, at iba pang katulad na pakinabang para sa estratehikong pagpapaunlad ng ekonomya ng bansa.
- Seksyon 3.** Isasailalim sa regulasyon at superbisyon ang lahat ng dayuhang pamumuhunan sa usapin ng kalakaran sa pag-eempleyo, matitinding epekto (*impact*) sa lipunan at kapaligiran, pagpepresyo sa mga produkto, akses sa kapital, pagbabalik ng tubo sa bansang pinanggalingan (*profit repatriation*), at iba pang usaping makabuluhan sa pag-aambag nito sa pambansang pagpapaunlad.
- Seksyon 4.** Hindi kailanman papayagang lumabis sa 40 porsyento ang dayuhang sapi sa anumang empresa. Dagdag dito, magpapatupad ng mga hakbangin laban sa mga iskema tulad ng paggamit ng *dummies*, pagupo ng pare-parehong mga tao sa lupong pangasiwaan ng iba't ibang kumpanya (*interlocking directorates*), mga prenteng korporasyon (*shell corporations*) at iba pa na may layong ikutan ang rekisito sa nasyunalidad.
- Seksyon 5.** Nagkakasundo ang mga Partido na ang mga *export-processing zone* at *industrial enclave* na nagpapanatili sa neokolonyal na katangian ng ekonomya at nanunupil sa mga manggagawa ay isasailalim sa reoryentasyon upang maitaguyod ang pambansang industriyalisasyon at ang pagmamanupaktura ng mga produkto sa paraang nakatitindig-sa-sarili upang matugunan ang mga lokal na pangangailangan.
- Seksyon 6.** Nagkakasundo ang mga Partido na magpatupad ng mga kontrol sa kapital upang itaguyod ang istabilidad sa pinansya at mapanatili ang kasarinlan sa lokal na patakaran sa pananalapi, sa tantos sa palitan, sa pinansya, at sa kita at gastusing panggubyerno. Kabilang sa mga kontrol sa daloy ng ispekulatibong kapital ang mga buwis sa pagpasok at paglabas ng kapital, mas istriktong rekisito sa reserbang dayuhang salapi, kontrol sa dayuhang salapi, limitasyon sa kantidad, restriksyon sa mga transaksyon kaugnay ng mga bono, sapi at mga katulad nito (*securities and equity transactions*), at iba pa kung kinakailangan.
- Seksyon 7.** Nagkakasundo ang mga Partido na isailalim sa regulasyon, ayon sa pangangailangan, ang pag-iimport ng mga produkto at serbisyo upang hindi maagrabyado ang pambansang pagpapaunlad.

Bibigyang-prayoridad ang pag-iimport ng kinakailangang teknolohiya, ekwipong industriyal, at iba pang mga rekisito ng estratehikong programa sa pagpapaunlad ng ekonomya.

Seksyon 8. Nagkakasundo ang mga Partido na isailalim sa regulasyon, depende sa pangangailangan, ang pag-eeksport ng mga produkto at serbisyo upang tiyaking nakakamit ang mga layunin ng estratehikong programa sa pagpapaunlad ng ekonomya. Sasaklawin ng mga hakbangin sa pagtataguyod at pagkokontrol ng mga eksport ang paglilisensya, subsidyo at buwis, utang at pautang, mga pagbabawal, at iba pa batay sa pangangailangan. Sasamantalahin ang mga oportunidad sa pag-eeksport basta't ito'y hindi makaaagrabyado sa pagtugon sa mga lokal na pangangailangan at makapag-aambag sa pambansang pagpapaunlad sa ekonomya sang-ayon sa estratehikong programang pang-ekonomya.

Seksyon 9. Ang lokal na kabang-yaman ng syensya at teknolohiya ay dadagdagan ng mga Partido ng dayuhang syensya at teknolohiya alinsunod sa nakasaad sa Seksyon 6 ng Artikulo VI sa Bahagi III.B.

Seksyon 10. Gagawa ang mga Partido ng magkasanihan o kani-kanyang representasyon at magsusumite ng mga ulat at rekomendasyon hinggil sa mga usaping pang-ekonomya, panlipunan at pangkultura na saklaw ng Kasunduang ito sa United Nations (UN) Economic and Social Council, sa International Labor Organization (ILO) at iba pang kaugnay na ahensya ng UN na may kinalaman sa mga Kumbensyon ng UN hinggil sa mga karapatang sibil at pampulitika, at sa mga karapatang panlipunan, pang-ekonomya at pangkultura.

ARTIKULO IV

MGA PROBISYON SA IMPLEMENTASYON

Seksyon 1. Bubuo ang mga Partido ng mekanismo na titiyak na ang Kasunduan sa Panlabas na Relasyon sa Ekonomya at Kalakalan (Agreement on Foreign Economic and Trade Relations o FETR) ay igagalang at epektibong ipatutupad.

Seksyon 2. Pagkakaisahan ng mga Partido ang isang iskedyul sa implementasyon at plano sa trabaho na nagtatakda ng mga petsa at oras ng pagtutupad ng kanilang magkasanihan at hiwalay na mga komitment sa ilalim ng Kasunduan sa FETR, na ilalakup bilang Annex J.

- Seksyon 3.** Itatayo ng mga Partido ang isang Joint Monitoring Committee on Agreement on Foreign Economic and Trade Relations (JMC-FETR) para sa koordinasyon ng hiwalay na implementasyon at pangangasiwa sa komun na gawain sa panlabas na relasyon sa ekonomya at kalakalan bilang pagtalima sa Kasunduan sa FETR.
- Seksyon 4.** Sa loob ng tatlong (3) buwan mula sa petsa ng pagkakapirma ng Kasunduang ito, pagkakaisahan ng mga Partido ang komposisyon, gawain, mekaniks at lohistika ng JMC-FETR at ang iskedyul ng implementasyon at plano sa trabaho na nagtatakda ng panahon ng pagtupad ng kani-kanilang mga komitment sa ilalim ng Kasunduan sa FETR.
- Seksyon 5.** Habang isinasagawa pa ang negosasyon hinggil sa iba pang sustantibong bahagi ng CASER, ang Kasunduang ito hinggil sa FETR ay pipirmahan ng mga Panel sa Negosasyon at magkakabisa matapos aprubahan ng kani-kanyang mga prinsipal.



B. MGA PATAKARAN SA PINANSYA, PANANALAPI AT SA KITA AT GASTUSING PANGGUBYERNO

Ang mga kalagayang malapyudal at malakolonyal ay lumilikha ng sistema kung saan kinukulimbat (*misappropriated*) ang mga surplus sa ekonomya at nagiging konsentrado ito sa iilan. Kakaunti lamang ang naiwan sa pamumuhunan para mapaunlad ang ekonomya at matugunan ang pangangailangan ng mamamayan. Dapat magkaroon ng sistematikong pagpapalano at aktibong interbensyon at regulasyon ng estado upang mapakawalan ang potensyal pang-ekonomya ng bansa para makapagluwal ng mga surplus at makatwirang magamit ang mga ito.

Dapat ituong ng sistema sa pagbabangko at pinansya ang mga rekurso alinsunod sa mga prayoridad sa pamumuhunan—sa pagpapaunlad ng agrikultura, industriyalisasyon ng kanayunan, mahahalaga at estratehikong mga industriya, prayoridad sa lokal na pagmamanupaktura, imprastruktura, serbisyo at kagalingang panlipunan, at iba pa. Bigo ang kasalukuyang mga bangko sa pagpapaunlad na gawin ito dahil walang estratehikong plano sa pagpapaunlad at dahil na rin sa kanilang makitid na paghahabol ng mabilis na tubo.

Dapat ding suportahan ng mga patakaran sa pananalapi ang pambansang pagpapaunlad. Di maaaring nakatuon sa merkado at dinidiktahan ng mga kagustuhan ng mga pandaigdigang merkado sa kapital ang mga tantos ng interes at sistema ng palitan sa dayuhang salapi dahil sumusuporta lamang ito sa tubong pinansyal at patern ng neokolonyal na produksyon sa halip na sa pangmatagalang pagpapaunlad ng Pilipinas.

Ang mga neoliberal na patakaran ng GRP sa kita at gastusing panggubyrno ay nagdudulot ng napakaraming masasamang epekto. Nababawasan ang kita ng gubyrno dahil sa mga kaltas sa taripa at liberalisasyon ng kalakalan, kaltas sa buwis ng mayayaman at malalaking korporasyon, insentibo sa buwis para sa mga dayuhang mamumuhunan, at pribatisasyon maging ng mga empresang may potensyal na mag-akyat ng kita. Lalong nagiging regresibo ang sistema sa pagbubuwis at sumasalig na lamang sa mga buwis sa konsumo na ipinapataw sa mayoryang mahihirap sa halip na direktang buwis sa kita at kayamanan ng mayayaman.

Pinalalala ito ng malawakang mga gastusing hindi produktibo kabilang ang pagbabayad ng interes sa mga utang na pabigat at di makatarungan, sobrasobrang gastos-militar, at lansakang kawalan ng kasinupan sa burukrasya. Matindi rin ang pangungurakot at katiwalian, na malaon nang depekto ng sistema sa kita at gastusing panggubyrno (*fiscal system*).

Ang nakatuon-sa-merkadong pamamahala ng Bangko Sentral sa sistemang pinansyal ay tumutugon pangunahin sa mga pangangailangan ng dayuhang monopolyo kapital at mga lokal na naghaharing uri. Ang sistemang pinansyal, at ang mga patakaran sa pananalapi at sa kita at gastusing panggubyrno ay dapat ituon sa pagsuporta sa estratehikong programa sa pambansang pagpapaunlad.

ARTIKULO I

PAGPONDO SA PAMBANSANG PAGPAPAUNLAD

Seksyon 1. Nagkakasundo ang mga Partido na magpatupad ng patakaran sa pinansya na magsisilbi sa pangkalahatang pag-unlad ng lipunan at sa layuning ito ay gumawa ng mga hakbang para magkaroon ng epektibong pamamahala sa sektor sa pinansya. Nagkakasundo ang mga Partido na umiwas sa lubos na pagsalig sa merkado sa pagmomobilisa at paglalaan ng mga rekursong pinansyal at sa paggamit ng pribadong kitang pinansyal bilang palatandaan ng tagumpay sa pamumuhunan, na kapwa sumasagka sa balansyado at komprehensibong pambansang pag-unlad. Titiyakin nilang mayroong

istable at pangmatagalang pinansya para sa lubhang mahahalagang programa at proyektong pangkaunlaran.

- Seksyon 2.** Nagkakasundo ang mga Partido na palakasin ang imprastrukturang institusyunal at panregulasyon ng lokal na sistemang pinansyal upang epektibo nitong matupad ang gawain nitong suportahan ang mga layunin ng pambansang pagpapaunlad.
- Seksyon 3.** Nagkakasundo ang mga Partido na ireorganisa at baguhin ang direksyon ng Bangko Sentral, mga bangko at iba pang institusyon sa pinansya para masuportahan nila ang mga patakaran at programa ng repormang agraryo, pagpapaunlad sa kanayunan, at pambansang industriyalisasyon. Sa superbisyon ng sistemang pampinansya, titiyakin ng Bangko Sentral na ang mga estratehikong sektor ng ekonomya ay nakatatanggap ng pinansya at ang mga tantos sa interes, tantos sa palitan ng salapi, mga reserbang dayuhang salapi at suplay ng salapi ay pinamamahalaan alinsunod sa pangkalahatang plano sa sosyo-ekonomikong pag-unlad.
- Seksyon 4.** Babaguhin ang oryentasyon ng mga bangko para matupad ang gawain ng bangkong pangkaunlaran na pagpipinansya sa mga pampublikong yutilidad, serbisyo at imprastruktura at mga proyekto sa repormang agraryo, pagpapaunlad ng kanayunan at pambansang industriyalisasyon. Kung kinakailangan para sa pambansang pagpapaunlad, bibigyang-konsiderasyon at itatayo ang mga bagong espesyalisadong bangko ng gubyerno, kooperatiba sa pautang, serbisyong *microfinance* at iba pang institusyong pinansyal o pondong pampuhunan para suportahan ang ispesipikong mga estratehikong sektor at industriya.
- Seksyon 5.** Nagkakasundo ang mga Partido na isailalim sa reoryentasyon ang Land Bank of the Philippines (LBP) at mga *rural bank* para suportahan ang mga kooperatiba, kolektibo, asosasyong magsasaka at produksyong agrikultural sa pangkalahatan alinsunod sa tunay na repormang agraryo at pagpapaunlad sa kanayunan, tulad ng nakasaad sa Kasunduang ito. Gayundin, isasailalim sa reoryentasyon ang Development Bank of the Philippines (DBP) para mabigyang-prayoridad ang mga proyektong industriyal ng pampublikong sektor at mga negosyanteng Pilipino, at ang subsidyaryo nitong Al-Amanah Islamic Investment Bank of the Philippines ay susuporta sa sosyo-ekonomikong pagpapaunlad ng mga eryang Moro ng Southern Mindanao.
- Seksyon 6.** Muling isasabansa ng mga Partido ang Philippine National Bank (PNB) at babaguhin ang oryentasyon nito sa layong maitaguyod ang pangkalahatang pagpapaunlad ng lipunan at ekonomya.

- Seksyon 7.** Iwawasto ng mga Partido ang pangkasaysayang pagpapabaya sa pangangailangan sa pautang ng mga magsasaka, mamamalakaya at iba pang asosasyon ng mga prodyuser, gayundin ng mga empresang maliliit at midyum. Titiyakin nila na ang mga komersyal na bangko ay naglalaan ng takdang bahagi ng kanilang pondong pautang upang makapagbigay ng mga pautang na mababa ang interes para sa repormang agraryo, pagpapaunlad ng kanayunan at mga proyektong industriyal ayon sa itinatakda ng Kasunduang ito. Hihimukin ang direktang pagpapautang sa mga prayoridad na sektor at mga stratehikong kumpanya sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga insentibo sa buwis at iba pang mga hakbang kung kinakailangan.
- Seksyon 8.** Nagkakasundo ang mga Partido na magiging pag-aari at kontrolado ng pampublikong sektor at mga Pilipino ang sistemang pampinansya na sumasaklaw sa mga bangko, *investment houses*, *security firms*, kumpanya sa siguro, kumpanya sa *financing*, *savings and loan associations*, *credit unions* at iba pang katulad na mga institusyong pinansyal at mga *intermediaries*.
- Seksyon 9.** Isasailalim sa ekspropriasyon ang mga dayuhang puhunan at pag-aari sa mga institusyong pinansyal. Ang disposisyon ng mga ito ay idadaan sa negosasyon alinsunod sa pambansang interes. Ang paraan ng kumpensasyon ng mga puhunan at pag-aaring isinailalim sa ekspropriasyon ay idadaan sa negosasyon alinsunod sa mga pangangailangan ng pangkalahatang pagpapaunlad ng lipunan at ekonomya.
- Seksyon 10.** Nagkakasundo ang mga Partido na magpatupad ng mga hakbangin para hikayatin at itaguyod ang pamumuhunan ng mga surplus mula sa tumataas na produktibidad sa agrikultura tungo sa programa sa pambansang industriyalisasyon.
- Seksyon 11.** Nagkakasundo ang mga Partido hinggil sa pagbubuo ng mga konsehong manggagawa bilang rekisito sa lahat ng institusyong pinansyal at *intermediaries* ng gubyerno, na may mga kinatawang uupo sa lupon ng mga direktor o *trustees* at lalahok sa pagbabalangkas ng patakaran at sa pamamahala. Ang awtoridad ng mga konsehong manggagawa sa pagbabalangkas ng mga patakaran ay sasaklaw sa mga pangkalahatang usaping pang-organisasyon. Maaaring pagpilian ng mga manggagawa kung direkta nilang bubuuin ang konsehong manggagawa o gagawin ito sa pamamagitan ng kanilang unyon.

ARTIKULO II

INDEPENDYENTENG PATAKARAN SA PANANALAPI AT TANTOS NG PALITAN

- Seksyon 1.** Nagkakasundo ang mga Partido na ituon ang patakaran sa pananalapi sa pagtitiyak na ang mga antas ng pamumuhunan at gastusin ay umaalinsunod sa mga layunin ng pagpapaunlad sa kanayunan, pambansang industriyalisasyon at pagpapahusay sa kagalingan ng mamamayan. Pagtutuunan ng pansin ng mga target ng patakaran sa pananalapi di lamang ang mga usapin ng implasyon at paglago ng ekonomya kundi ang pamumuhunan, empleyo at pagkakapantay-pantay alinsunod sa estratehikong programa sa ekonomya.
- Seksyon 2.** Nagkakasundo ang mga Partido na gawing istable ang piso ng Pilipinas sa pamamagitan ng sistema kung saan pwedeng kontrolin ang tantos ng palitan, regulasyon sa kumbersyon ng salapi at kontrol sa kapital.
- Seksyon 3.** Isasailalim ng mga Partido sa regulasyon ang pampubliko at pribadong utang panlabas upang matiyak na ito ay sumusuporta sa pambansang pagpapaunlad, at tiyakin ang kasarinlan sa lokal na patakaran sa pananalapi, tantos ng palitan, pinansya at sa kita at gastusing pangguberno. Kokontrolin ang pangkalahatang pagsalig sa utang panlabas sa pamamagitan ng pagtatakda ng mga limit sa laki ng bagong utang panlabas, pagpapataw ng buwis sa utang panlabas, at iba pang mga kinakailangang hakbang. Isasailalim sa regulasyon ang utang panlabas ng mga lokal na kumpanya, at bibigyang-prayoridad ang mga utang na pangmatagalan at may mababang interes (*long-term low interest*) na mapupunta sa mga sektor na prayoridad sa pambansang pagpapaunlad.
- Seksyon 4.** Nagkakasundo ang mga Partido na magpatupad ng mga kinakailangang hakbang para maiwasan ang malawakang paglalabas ng kapital sa bansa, pagtataguyod ng istabilidad sa pinansya, at pagtitiyak na mayroong sapat na kapital para sa lokal na pamumuhunan, pagpapalago ng ekonomya at pambansang industriyalisasyon. Kabilang, subalit di ito limitado sa paglalagay ng hangganan sa *portfolio investments* at mga *foreign currency account* sa ibayong dagat, pagpapataw ng buwis sa paglalabas ng salapi, istriktong rekisito sa pag-uulat, at iba pang kontrol sa kapital. Mahigpit na ipagbabawal ang pagsasagawa ng mga transaksyong hindi sinasalamain sa mga talaan ng netong kita (*off-balance sheet activities*).

ARTIKULO III

PATAKARAN SA KITA AT GASTUSING PANGGUBYERNO (*FISCAL POLICY*) PARA SA SOSYO-EKONOMIKONG PAGPAPAUNLAD

- Seksyon 1.** Magpapatupad ang mga Partido ng *fiscal policy*—na sumasaklaw sa pagpapalitaw ng kita at paggastos ng gubyrerno—na umaalinsunod sa pangkalahatang pagpapalano sa ekonomya at mga estratehikong hakbang para mapaunlad ang pambansang ekonomya. Bukod sa iba pa, kabilang dito ang pagmomobilisa at pagtutuon ng pondo sa repormang agraryo, pagpapaunlad ng kanayunan at pambansang industriyalisasyon.
- Seksyon 2.** Hindi ibibilang sa *fiscal policy* ang mga hakbanging pagtitipid na nagsasalin ng mga pasanin sa krisis pang-ekonomya at pampinansya sa balikat ng nagtatrabahong mamamayan at, bagkus, ay ibibilang dito ang paggamit ng mga pangkagipitang hakbanging pampasikad (*emergency expansionary measures*) sa panahong nanghihina ang ekonomya.
- Seksyon 3.** Nagkakasundo ang mga Partido na bigyang-prayoridad ang gastos-publiko para sa libre o abot-kayang edukasyon at pangangalagang kalusugan, subsidyo sa pensyon at iba pang benepisyo sa sigurong panlipunan, pagpopondo ng mga pampublikong yutilidad sa tubig, kuryente at transportasyon, at pamumuhunan ng estado sa imprastruktura at mga prayoridad na produktibong sektor. Kabilang subalit di ito limitado sa paggastos sa edukasyon nang di bababa sa anim (6) na porsyento ng GDP, paggastos sa pangangalagang kalusugan nang di bababa sa limang (5) porsyento ng GDP, at proteksyong panlipunan nang di bababa sa 15 porsyento ng GDP.
- Seksyon 4.** Nagkakasundo ang mga Partido na gamitin ang pagbubuwis, pangungutang ng gubyrerno, depisit na pagpinansya at mga surplus ng mga empresang publiko para tumaas ang pamumuhunan ng gubyrerno at ang pagbubuo ng kapital upang pabilisin ang pagpapaunlad ng ekonomya at makapaglikha ng mas maraming trabaho para sa mamamayan.
- Seksyon 5.** Nagkakasundo ang mga Partido na magpatupad ng progresibong sistema sa pagbubuwis na nakabatay sa kakayahang magbayad ng mamamayan, kung saan yaong mga grupong mas matataas ang kita ay hihingan ng mas malaking absolutong halaga ng buwis at mas malaki ring porsyento ng pangkalahatang buwis. Layon nitong magpalitaw ng pondo ng gubyrerno para sa gastusing publiko sa mga

serbisyong panlipunan, serbisyong pang-ekonomya, at iba pang mga serbisyong publiko gayundin para bawasan ang di pagkakapantay-pantay, makatarungang maipamahagi ang nailuluwal na yaman, at mapigilan ang di makatarungang akumulasyon at konsentrasyon ng kapangyarihang pang-ekonomya sa kamay ng iilan.

Seksyon 6. Babawasan ang buwis sa kita ng maralitang mga pamilya at maliliit at midyum na mga empresa habang yaong sa mga korporasyong dayuhan at kumprador, panginoong maylupa at mayayaman ay tataasan.

Seksyon 7. Aalisin ang *value-added tax* (VAT) at mga *excise tax* na ipinapataw sa mga batayang produkto at serbisyo na kinokonsumo ng mga nagtatrabahong mamamayan habang ang mga buwis sa mga luhong produkto at serbisyo ay tataasan. Ang mga buwis sa mga nakalalasing na inumin, produktong tabako, sugal at iba pang bagay na di kanais-nais sa lipunan o ekonomya ay tataasan.

Seksyon 8. Ang mga buwis sa yamang akumulado o bunga ng transaksyon ay tataasan sa pamamagitan ng mas matataas na buwis sa pag-aari, kitang kapital, at mana (*inheritance and estate taxes*).

Seksyon 9. Nagkakasundo ang mga Partido na repasuhin at amyendahan, kung kinakailangan, ang mga programa sa insentibo sa buwis kaugnay ng mga lantad na layunin nitong palakihin ang pamumuhunan, palawakin ang ekonomya, at pabilisin ang paglago gayundin ang signipikanteng epekto (*impact*) ng lahat ng ito sa kita ng gubyrerno.

Seksyon 10. Gagawing rasyunal ang mga tantos sa buwis ng mga korporasyong transnasyunal (*transnational corporations* o TNC) alinsunod sa pambansang interes. Upang mapigilan ang *transfer pricing* at iba pang mga iskema para mabawasan at maiwasan ang mga bayaring buwis, magpapatupad ng mga awdit at bubuwisan ang mga *service fee, royalty, interest expense, management fee*, at iba pang singiling binabayaran ng mga TNC sa mga kaugnay na partido sa ibayong dagat.

Seksyon 11. Itataas ng mga Partido ang mga buwis sa pangangalakal ng dayuhang salapi, paglilipat ng mga sapi at iba pang mabilisang mga pandaigdigang pribadong pagpapadaloy ng kapital.

Seksyon 12. Nagkakasundo ang mga Partido na bawasan ang utang panlabas ng gubyrerno at ang pagsalig sa utang panlabas. Ang panibagong panlabas na utang ay lilimitahan lamang sa paglilikom ng kinakailangang pondo upang mapinansyahan ang estratehikong

programa sa pagpapaunlad ng ekonomyang Pilipino sa paraang nakatitindig-sa-sarili, mapaunlad ang kanayunan, at makamit ang pambansang industriyalisasyon.

Seksyon 13. Kagyat na rerepasuhin ang mga utang panlabas ng gubyrerno upang malaman kung alin-alin dito ang dapat kanselahin, huwag muna bayaran, isailalim sa renegosasyon o sampahan ng kaso sa korte. Itatakwil ang mga utang na may kaakibat na panloloko at nakuha nang hindi dumadaan sa karampatang proseso o dahil lamang sa hiling ng maiimpluwensyang tao (*behest loan*) at ang iba pang pabigat na pantang ay idadaan sa renegosasyon. Magkakaroon ng kriminal at sibil na pananagutan at isasakdal ang mga taong pumasok sa gayong mga utang panlabas o gumamit nito para sa pribadong pakinabang.

Seksyon 14. Kagyat na pawawalambisa ang batas hinggil sa awtomatikong paglalaan ng badyet para bayaran ang mga utang panlabas ng gubyrerno (PD1177).

Seksyon 15. Nagkakasundo ang mga Partido na kagyat na bawasan ang mga alokasyon sa badyet para sa militar at ituon ang maiimpok sa mga serbisyong panlipunan at pang-ekonomya tulad ng edukasyon, kalusugan, pampublikong pabahay, pangmasang transportasyon at mga katulad nito.

Seksyon 16. Tatanggalin at ipagbabawal ng mga Partido ang arbitraryo at di kinakailangang mga garantiya ng gubyrerno sa mga pribadong tubo, kabilang ang, subalit di limitado sa, paggarantiya sa tubong mapapawi dahil sa regulasyon (*regulatory risk guarantees*), iskema para punuan ang depisit ng mga kumpanya (*deficit payments schemes*), obligasyon sa kontrata na bayaran ang mga pabigat na singilin (*contractually binding onerous fees and charges*), at paggarantiya ng gubyrerno sa mga pribadong utang (*sovereign guarantees of private debt*).

Seksyon 17. Lalabanan ng mga Partido ang pangungurakot at katiwalian (*graft and corruption*) at kagyat na magpapatupad ng mahihigpit na hakbangin upang pawiin ang pinakalaganap na mga anyo nito. Ipagbabawal ang sistemang *pork barrel*, anuman ang anyo nito, nasa loob man o labas ng badyet. Magtatakda ng mga dagdag na paniguro laban sa pangungurakot at katiwalian na kabilang subalit di limitado sa pagbabawal sa dinastiya sa pulitika at sa nepotismo. Magpapatupad ng mas malalakas na mekanismo para imbestigahan at isakdal ang mga korap na upisyal ng gubyrerno at kanilang mga

pribadong kasabwat. Magkakaroon ng pananagutang kriminal at sibil ang mga mandarambong at iba pang katulad nilang sumasabotahe sa ekonomya.

Seksyon 18. Nagkakasundo ang mga Partido na ibukas sa buong pagsubaybay ng publiko (*full public monitoring*) ang pinansyang pampubliko laluna ang proseso ng pagbabadyet. Palalaksin ang pagiging bukas at ang pag-ako ng responsibilidad (*transparency and accountability*) sa lahat ng sistemang pinansyal at operasyon na pampubliko, kabilang subalit di limitado sa mga pakikipagtransaksyon nito sa mga pribadong kontratista.

Seksyon 19. Nagkakasundo ang mga Partido na maglunsad ng malalakas na kampanya sa lahat ng mga sibil na ahensya, institusyon at organisasyon laban sa lahat ng anyo ng kawalan ng kasinupan (*inefficiency*) na lansakang nakakabawas sa epektibidad ng iba't ibang instrumento sa pagpapalano ng ekonomya at nakakadagdag sa malawakang burukratikong paglulustay.

Seksyon 20. Nagkakasundo ang mga Partido na pawalambisa o bawiin ang lahat ng mga batas, kautusan at nilabas (*issuances*) na hindi umaayon o taliwas sa nakasaad sa itaas na mga patakaran at hakbangin tulad ng Presidential Decree on Offshore Banking, Banking Law of 1994, RA 7721 na nagliliberalisa sa pagpasok at saklaw ng operasyon ng mga dayuhang bangko, ang Comprehensive Tax Reform Program, at ang ibang matutukoy pa.

ARTIKULO IV

MGA PROBISYON SA IMPLEMENTASYON

Seksyon 1. Bubuo ang mga Partido ng mekanismo na titiyak na ang Kasunduan sa mga Patakaran sa Pinansya, Pananalapi at Kita at Gastusing Pangguberno (Agreement on Financial, Monetary and Fiscal Policies o FMF) ay igagalang at epektibong ipatutupad.

Seksyon 2. Pagkakaisahan ng mga Partido ang isang iskedyul sa implementasyon at plano sa trabaho na nagtatakda ng mga petsa at oras ng pagtutupad ng kanilang magkasanib at hiwalay na mga komitment sa ilalim ng Kasunduan sa FMF, na ilalaki bilang Annex K.

- Seksyon 3.** Itatayo ng mga Partido ang isang Joint Monitoring Committee on Financial, Monetary and Fiscal Policies (JMC-FMF) para sa koordinasyon ng hiwalay na implementasyon at pangangasiwa sa komun na gawain sa patakaran sa pinansya, pananalapi at kita at gastusing panggubyrerno bilang pagtalima sa Kasunduan sa FMF.
- Seksyon 4.** Sa loob ng tatlong (3) buwan mula sa petsa ng pagkakapirma ng Kasunduang ito, pagkakaisahan ng mga Partido ang komposisyon, gawain, mekaniks at lohistika ng JMC-FMF at ang iskedyul ng implementasyon at plano sa trabaho na nagtatakda ng panahon ng pagtupad ng kani-kanilang mga komitment sa ilalim ng Kasunduan sa FMF.
- Seksyon 5.** Habang isinasagawa pa ang negosasyon hinggil sa iba pang sustantibong bahagi ng CASER, ang Kasunduang ito hinggil sa FMF ay pipirmahan ng mga Panel sa Negosasyon at magkakabisa matapos aprubahan ng kani-kanyang mga prinsipal.



K. HINGGIL SA PAGPAPLANONG PANLIPUNAN AT PANG-EKONOMYA

ARTIKULO I

PAMBANSANG PLANONG SOSYO-EKONOMIKO

Seksyon 1. Magbabalangkas ang mga Partido ng estratehikong pangmatagalang plano sa sosyo-ekonomikong pagpapaunlad upang ipundar ang malakas na lokal na pundasyong pang-ekonomya at matiyak ang mga karapatan at kagalingan ng mamamayang Pilipino. Ipatutupad ito sa loob ng maraming limang-taong planong pang-ekonomya nang may mga taunang modipikasyon kung kinakailangan.

Seksyon 2. Pinagtitibay sa pambansang planong sosyo-ekonomiko na ang mga layunin at target-panlipunan ay nangingibabaw sa merkado. Itatakda nito ang pangkalahatang paglalaanan ng rekurso, antas at komposisyon ng produksyon, at tubo ng mga salik ng produksyon.

Sa gayong pagtatakda ay maaaring bigyan ng konsiderasyon ang mga presyo at kantidad na bunsod ng merkado subalit hindi ito ang mapagpasya.

Seksyon 3. Titiyakin ng mga patakaran, programa at hakbanging nakapaloob sa plano ang sumusunod:

- a) Balansyadong paglago sa hanay ng mabibigat na industriya, agrikultura, at magagaan na industriya.
- b) Balansyadong paglago sa pagitan ng pamumuhunang kapital at kagalingang panlipunan.
- c) Makatarungang pamamahagi ng mga ganansya ng ekonomya sa mga tao, uri at heograpikong rehiyon.
- d) Pagpapahusay sa produktibidad sa pamamagitan ng sapat na suportang teknolohikal gayundin ng direktang mga insentibo at parusa (*sanctions*).

Seksyon 4. Ikokoordina at ipatutupad ang plano sa lahat ng mga departamento, ahensya at iba pang instrumentalidad ng guberno. Ang pagpapatupad ay gagawin sa paraang demokratiko, bukas sa publiko at may pananagutan sa lipunan.

Seksyon 5. Magbabalangkas ang mga Partido ng ispesipikong mga programa sa pangkaunlarang panlipunan at pang-ekonomya para ipatutupad ang mga probisyon ng Kasunduang ito:

- a) Programa sa Repormang Agraryo at Pagpapaunlad ng Agrikultura
- b) Programa sa Pambansang Industriyalisasyon
- c) Programa sa Pagpapaunlad ng Syensya at Teknolohiyang Pilipino
- d) Programa para sa Isinabansang Kuryente
- e) Programa para sa Isinabansang Yutilidad sa Tubig
- f) Programa sa Isinabansang Pangmasang Transportasyon
- g) Programa para Palakasin ang Pamublikong Sistemang Pangkalusugan
- h) Programa para Palakasin ang Pamublikong Sistemang Pang-edukasyon

- i) Programa para Tiyakin ang Pampublikong Pangmasang Pabahay
- j) Programa para Itaguyod ang Patriyotiko, Progresibo at Makamamayang Kultura
- k) Programa para Tiyakin ang mga Karapatan ng Nagtatrabahong Mamamayan
- l) Programa para Itaguyod ang Pagkakapantay-pantay sa Kasarian
- m) Programa para sa Pangangalaga at Rehabilitasyon ng Kapaligiran
- n) Programa sa Kahandaan at Pagresponde sa Kalamidad
- ñ) Programa sa Panlabas na Relasyon hinggil sa Kalakalan at Pamumuhunan para sa Pambansang Kaunlaran
- ng) Programa para sa Isinabansang Pagbabangko at Pinansya
- o) Programa sa Independyenteng Patakaran sa Pananalapi at Tantos ng Palitan
- p) Programa para sa Progresibong Sistema sa Pagbubuwis at Piskal na Responsibilidad
- q) Programa sa Pagkilala ng mga Lupa at Teritoryong Ninuno ng mga Pambansang Minorya

ARTIKULO II

ANG KOMISYON SA PAGPAPLANONG PANLIPUNAN AT PANG-EKONOMYA

Seksyon 1. Bubuuin ang Komisyon sa Pagpaplanong Panlipunan at Pang-ekonomya (Social and Economic Planning Commission o SEPC) upang magbalangkas ng estratehikong plano para sa sosyo-ekonomikong pagpapaunlad alinsunod sa pangkalahatang mga layunin ng pagbubuo ng malakas na lokal na pundasyong pang-ekonomya at pagtitiyak sa mga karapatan at kagalingan ng mamamayang Pilipino.

Seksyon 2. Ang SEPC ay kabibilangan ng mga eksperto at espesyalista sa iba't ibang larangan ng aktibidad na may mga magkatuwang na tagapangulo at magkatuwang na pangalawang tagapangulo. Magkakaroon ito ng tig-tatlong (3) myembrong pipiliin ng dalawang Partido.

- Seksyon 3.** Maghahanda ang SEPC ng pangkalahatang plano sa implementasyon para sa lahat ng mga programa at proyektong nakahanay sa Artikulo I, Seksyon 5 sa itaas matapos ang pakikipagkonsultasyon sa lahat ng mga susing taong may malaking interes dito kabilang ang mga organisasyong masa at asosasyong magsasaka.
- Seksyon 4.** Ilalatatag ng mga *action plan* ang pagkakahanay-hanay ng mga gawain ayon sa kahalagahan (*hierarchy of tasks*), tutukuyin ang mga responsableng partido, magtatakda ng riyalistikong *timetable*, magtutukoy ng kinakailangang tauhan at pondo, at magbibigay ng sumada ng mga pangunahing aksyong isasagawa sa bawat programa o proyekto.
- Seksyon 5.** Magbubuo ng Committee on Plan Projects at Program Evaluation Committee para tulungan ang SEPC sa implementasyon at ebalwasyon ng mga nakaprogramang plano.
- Seksyon 6.** Rerepasuhin ng Committee on Plan Projects ang mga *action plan* na inihanda ng mga departamento at ahensya ng gubyrerno at isasailalim sa superbisyon at pagmomonitor ang kanilang implementasyon. Aakto ang Committee bilang ugnay (*liaison*) ng SEPC sa mga departamento at ahensya ng gubyrerno.
- Seksyon 7.** Ang Committee on Plan Projects ay kabibilangan ng mga eksperto sa mga programang nakahanay sa Artikulo I, Seksyon 5 sa itaas. Upo rin sa Committee ang mga kinatawan ng mga organisasyong masa, asosasyong magsasaka at iba pang susing tao at grupong may malaking interes dito. Magkakaroon ito ng mga magkatuwang na tagapangulo na magiging pangunahing mga kinatawan ng mga Partido at magkatuwang na mangungulo sa mga pulong. Magkakaroon din ito ng tig-tatlong (3) myembrong pipiliin ng dalawang Partido.
- Seksyon 8.** Regular na gagawan ng ebalwasyon ng Program Evaluation Committee ang mga pag-unlad na nakakamit sa pagpapatupad ng bawat yugto ng plano. Magsusumite ito ng mga ulat sa SEPC hinggil sa mga resulta ng ebalwasyon nito. Pwede itong gumawa ng mga ebalwasyon ng trabahong nagawa sa mismong mga erya kung saan may proyekto ang komunidad at magrekomenda ng modipikasyon sa mga patakarang at hakbangin na maaaring kailanganin bunga ng ebalwasyon.
- Seksyon 9.** Kabibilangan ang Program Evaluation Committee ng mga eksperto sa mga programang nakahanay sa Artikulo I, Seksyon 5 sa itaas.

Uupo rin sa Committee ang mga kinatawan ng mga organisasyong masa, asosasyong magsasaka at iba pang susing tao at grupong may malaking interes dito. Magkakaroon ito ng mga magkatuwang na tagapangulo na magiging pangunahing mga kinatawan ng mga Partido at magkatuwang na mangungulo sa mga pulong. Magkakaroon din ito ng tatlong (3) myembrong pipiliin ng Panel ng GRP at tatlong (3) myembrong pipiliin ng Panel ng NDFP.

Seksyon 10. Maglalabas ang SEPC ng mga *progress report* hinggil sa implementasyon ng mga limang-taong planong pang-ekonomya at magrekomenda ng mga kinakailangang modipikasyon sa patakaran at hakbangin na nagbibigay-konsiderasyon sa mga resultang tinatanaw ng kabuuang programang pangkaunlaran.

Seksyon 11. Oorganisahin ang SEPC at ang Committee on Plan Projects at Committee on Project Evaluation kapag epektibo na ang Kasunduang ito at patuloy itong iiral hangga't hindi nagpapasya ang alinmang Partido na lusawin ito sa pamamagitan ng pagpapadala sa kabilang Partido ng nakasulat na abiso hinggil sa paglulusaw o hangga't walang humahalili ritong mas permanenteng ahensya sa ilalim ng bagong awtoridad pampulitika na itatakda sa Comprehensive Agreement on Political and Constitutional Reforms (CAPCR) at ng Comprehensive Agreement on End of Hostilities and Disposition of Forces (CAEHDF).

BAHAGI VI. PANGKALAHATANG MEKANISMO SA IMPLEMENTASYON

Seksyon 1. Bubuuin ang GRP-NDFP Social and Economic Oversight and Advisory Council (SEOAC) upang pangasiwaan at imonitor ang pangkalahatang implementasyon ng CASER at ang gawain ng mga Joint Monitoring Committee (JMC) at iba pang entidad na binuo sa ilalim ng Kasunduan. Magbibigay din ng payo ang SEOAC at magsusumite ng mga rekomendasyon sa mga Panel sa Negosasyon hinggil sa anumang aspeto ng pagpapatupad ng Kasunduang ito.

Seksyon 2. Magiging responsable ang GRP-NDFP SEOAC sa pagtutuon ng pansin sa anumang sigalot kaugnay ng implementasyon ng CASER at gawain ng mga JMC.

Seksyon 3. Kabibilangan ang GRP-NDFP SEOAC ng tig-tatlong (3) myembro mula sa bawat JMC na binuo sa ilalim ng kasunduang ito, na pipiliin ng dalawang Partido.

Ang GRP-NDFP SEOAC ay magsisilbing isang komiteng tagapangasiwa na kinabibilangan ng tagapangulo ng bawat Partido na magsisilbing kani-kanyang pangunahing kinatawan at magkatuwang na mangungulo sa mga pulong. Ang komiteng tagapangasiwa ay kabibilangan ng tatlong (3) myembro mula sa bawat Partido.

- Seksyon 4.** Magpapatupad ang SEOAC ng isang plano sa trabaho at angkop na mga kalakaran sa pagtatrabaho. Ang mga magkatuwang na tagapangulo ang magtatawag ng pulong ng plenaryo. Regular na magpupulong ang SEOAC at magdedesisyon sa pamamagitan ng konsensus.
- Seksyon 5.** Sa una ay reresolbahin ng GRP-NDFP SEOAC sa pamamagitan ng mga kumperensya ang anumang sigalot na may kinalaman sa interpretasyon, aplikasyon o pagtalima sa Kasunduan. Kapag bigo itong resolbahin ang usapin, idudulog ng SEOAC ang usapin sa mga Panel sa Negosasyon na siyang magresolba rito.
- Seksyon 6.** Pagkakasunduan ng mga Partido ang mga Alituntuning magpapahusay sa pagtalima sa Kasunduan at ang mga kasagutan sa kaso ng di-pagtalima. Matutulungan ng mga Alituntunin ang mga Partido, JMC, organisasyong masa, asosasyong magsasaka, at lahat ng iba pang makabuluhang tao at grupong may malaking interes dito sa pagpapahusay at pagsuporta sa pagtalima sa Kasunduan. Padadaliin ng mga Alituntunin ang pagkokonsidera sa mga usapin sa pagtalima matapos maging epektibo ang Kasunduan at maghihikayat ito ng mga epektibong paraan ng pagtalima. Kalakip ng Kasunduang ito ang mungkahing mga Alituntunin.
- Seksyon 7.** May di-pagtalima sa Kasunduan kapag ang isang Partido, sa salita o gawa, ay nagpapakita ng intensyong huwag ipatupad ang lahat o sustantibong bahagi ng mga obligasyon nito sa ilalim ng Kasunduan, o ipatupad ito sa paraang malaki ang pagkakaiba sa mga rekisito ng Kasunduan.
- Seksyon 8.** Titiyakin ng GRP na ang lahat ng mga probisyon ng mga pambansang batas ay naaayon o iniaayon sa mga probisyon ng Kasunduang ito. Sa gayon, hindi maaaring isangkalan ng GRP ang mga probisyon sa mga pambansang batas bilang dahilan ng kabiguan nitong ipatupad ang mga komitment nito sa ilalim ng Kasunduan.
- Seksyon 9.** Magkakaroon ng kinatawan ang SEOAC sa pangkalahatang Consultative Council na tinanataw sa CAPCR.

Seksyon 10. Maaaring pumasok ang mga Partido sa mga dagdag na kasunduan o kaayusan kung ito’y kinakailangan at naaangkop.

BAHAGI VII. MGA PINAL NA PROBISYON

- Seksyon 1.** Aaprubahan ng mga prinsipal ng GRP at NDFP ang Kasunduang ito sa loob ng isang (1) buwan matapos ito pirmahan at gawing pinal ng mga panel sa negosasyon at buo at kagyat itong magiging epektibo oras na maaprubahan ng mga prinsipal.
- Seksyon 2.** Inoobliga ng Kasunduang ito ang mga Partido na magsagawa ng mga kinakailangang hakbanging unilateral upang maipatupad nila ang anumang probisyon na nangangailangan ng modipikasyon o pag-aamyenda ng kani-kanyang konstitusyon, patakaran at batas.
- Seksyon 3.** Nagkakasundo ang mga Partido na, anuman ang maging takbo at resulta ng negosasyong pangkapayapaan, ang mga probisyon ng Kasunduang ito na nagtataguyod sa mga karapatang pang-ekonomya, panlipunan at pangkultura ng mamamayan ay mananatiling buo ang bisa (*remain in full force and effect*).
- Seksyon 4.** Nagkakasundo ang mga Partido sa kahalagahan at kakagyatan ng pag-aaprubang sa Kasunduang ito upang mapagtuunan ng pansin ang mga panlipunan at pang-ekonomyang ugat ng malaon nang umiiral na armadong labanan at mahawan ang daan sa negosasyon hinggil sa mga repormang pulitikal at konstitusyunal.
- Seksyon 5.** May bisa ang Kasunduang ito sa GRP at NDFP at mga susunod sa kanila (*respective successors*). Anumang pagbabago sa anyo ng istrukturang pampulitika, gubyerno at awtoridad sa loob ng GRP ay hindi makaaapekto sa bisa at pagiging balido ng Kasunduang ito.
- Seksyon 6.** Walang anumang probisyon sa Kasunduang ito o aplikasyon nito ang makaaapekto sa istatus pampulitika at ligal ng mga Partido alinsunod sa The Hague Joint Declaration. Pagkatapos nito, ang Kasunduang ito ay mapapailalim sa Comprehensive Agreement on Political and Constitutional Reforms at Comprehensive Agreement on End of Hostilities and Disposition of Forces. Anumang pagbanggit sa Kasunduang ito ng mga tratadong pinirmahan ng GRP at mga batas at prosesong ligal ay hindi makasasama (*prejudice*) sa anumang paraan sa integridad pampulitika at pang-organisasyon ng NDFP.

Seksyon 7. Upang mapalaki at mapalakas ang ligal at moral na pwera at epekto ng Kasunduang ito, ang mga kinatawan ng gubyernong nagsisilbing *host* sa mga pormal na negosasyon gayundin ang Secretary General ng UN, ang UN Economic and Social Council at ang UN Commission on Human Rights ay lalagda sa Kasunduang ito bilang mga saksi kapag pipirmahan na ito ng mga panel sa negosasyon ng parehong Partido.

SAKSI KAYO, pinipirmahan namin ang Kasunduang ito ngayong _____,
_____ sa _____.

ANNEX A - ARRD

INISYAL NA LISTAHAN NG NDFP NG MGA IMINUMUNGKAHING BATAS AT EXECUTIVE ISSUANCES KAUGNAY NG REPORMANG AGRARYO AT PAGPAPAUNLAD NG KANAYUNAN

1. Bagong mga batas hinggil sa Tunay na Repormang Agraryo

Naglalayong magmungkahi ng mga amyenda sa House Bill No. 555 (Genuine Agrarian Reform Bill or GARB) upang mapabilang ang mga aytem o probisyong nakapaloob sa CASER na wala sa GARB o nangangailangan ng pagdidiin, tulad ng:

- a. Mas malawak na saklaw at paglalapatan (*scope and coverage*) ng repormang agraryo (hal., mga kampo militar, institusyong pang-edukasyon atbp.);
- b. Idadagdag sa paraan ng pagtatakda/pagkompyut ng kumpensasyong ibabayad sa mga panginoong maylupa ang mga pakinabang sa lipunan at ekonomya na iniambag ng mga magsasaka;
- c. Idadagdag sa moda ng pagbabayad ng kumpensasyon sa mga panginoong maylupa ang mga bono sa mga empresang industriyal o komersyal;
- d. Mas mataas na kumpensasyon sa mga propesyunal, migranteng manggagawa at retirado na may mga lupang sinaklaw ng repormang agraryo. Hindi dapat na bababa ang kumpensasyon sa abereyds na *tax assessment* sa nagdaang 3 taon;
- e. Mga mekanismo para sa pamamahagi sa mga kooperatibang magsasaka ng mga korporadong sakang isinailalim sa ekspropriasyon;
- f. Hinggil sa *marine and aquatic reforms*;
- g. Pangangalaga sa mga karapatan at kagalingan ng mga manggagawa sa sakahan at pangisdaan – pagkakaroon ng nakabubuhay na sahod, makataong kalagayan sa paggawa, kalusugan at kaligtasan at iba pang benepisyong pangkagalingan at karapatang organisahin ang sarili;
- h. Pagpapatawad sa mga utang (di lamang amilyar o iba pang kaugnay na buwis/singilin) ng mga benepisyaryong magsasaka kaugnay ng amortisasyon ng lupa sa Landbank of the Philippines;

- i. Pagbabawal sa pagpapalit-gamit ng mga lupang agrikultural na nakatutok sa produksyon ng pagkain. Pagbabalik ng mga naipailalim sa pagpapalit-gamit pero angkop pa rin sa gamit-agrikultural;
- j. Hinggil sa industriyalisasyon ng kanayunan; at
- k. Pagwawakas/pagbawi ng mga kasunduang baylateral na may kaugnayan sa agrikultura na nagbibigay ng disbentahe sa pagkakamit ng kaunlaran sa agrikultura at kanayunan.

Nota: Ang mga mungkahing probisyon ay maaaring isumite sa House Committee on HB 555 bilang mga amyenda sa GARB.

2. “Isang Batas na nag-uutos sa Libreng Pamamahagi ng Lupa sa Lahat ng Pribado at Pampublikong Lupang Agrikultural Kabilang Yaong Lupaing nasa Public Domain at angkop sa Agrikultura at iba pang gamit, na tatawagin ding “Batas sa Libreng Pamamahagi ng Lupa” o “Free Land Distribution Act.”

Layunin ng batas na ito na tiyakin na ang mga lupang agrikultural na isinailalim sa ekspropriasyon kabilang ang mga lupaing nasa *public domain* na angkop sa agrikultura ay ipapamahagi nang libre at walang anumang bayad sa lahat ng mga nagsasaka, magsasaka, manggagawang bukid, manggagawang pang-agrikultura, mamamalakaya, at lahat ng iba pang nagnanais at may kakayahang magsaka ng lupa, nang pumapabor sa mga umookupa na sa lupa bilang mga benepisyaryo, tenante at nangungupahan (*leaseholders*). Ang layunin ng repormang agraryo ay ang libreng pamamahagi ng lupa bilang paraan ng pagkakamit ng katarungang panlipunan.

Layunin din ng batas na garantiyahan na ang kinakailangang mga suportang serbisyo na kabilang ang, subalit di limitado sa, produksyon, pag-ani, mga subsidyo matapos ang pag-ani at seguro (*insurance*), pautang na mababa ang interes, at libreng irigasyon ay ibibigay pabor sa mga benepisyaryo.

3. “Batas na Nagbibigay ng Komprehensibong mga Suportang Serbisyo pabor sa mga Benepisyaryo ng Repormang Agraryo at para sa iba pang layunin.”

Layunin ng batas na ito na magbigay sa mga benepisyaryo ng repormang agraryo ng mga komprehensibong suportang serbisyo tulad ng libreng irigasyon, pautang, subsidyo sa pataba, seguro sa pananim (*crop insurance*), bukod sa iba pa. Bibigyan ang mga benepisyaryo ng reporma sa lupa ng suportang serbisyo sa produksyon at pagpoproseso ng mga pananim, hayupan, manukan, at isda, *marketing*, suporta sa presyo, at pagsasanay-teknikal sa angkop na teknolohiya. Bibigyan sila ng ayudang pampinansya sa anyo ng mga subsidyo sa produksyon para

sa mga sangkap sa pagsasaka (*farm inputs*), at pambili o pampaupa ng makinayang pansakahan at bibigyan ng kasangkapan ang mga kooperatiba at kolektibo.

Aalukin din ng pautang na mababa o walang interes o kaya'y mga subsidyo ang mga asosasyong magsasaka at iba pang asosasyon ng mga prodyuser upang sila'y makapagpalawak ng kanilang produksyon at makapagpataas ng produktibidad at matiyak ang matatag na suplay ng pagkain at iba pang mga produktong agrikultural para sa buong populasyon.

Magbibigay ng seguro sa pananim at itatakda ang mga presyo sa antas na kapaki-pakinabang at mapanghikayat sa mga magsasaka at iba pang prodyuser sa agrikultura. Bibigyan din ang mga magsasaka ng *life insurance* at iba pang uri ng insyuran na sumasaklaw sa kalusugan, kalamidad, perwisyo sa negosyo at pag-aari.

4. “Batas na nagsasailalim sa Repormang Agraryo sa mga reserbasyong Militar o mga Bahagi nito na hindi aktwal na ginagamit para sa layunin kung bakit ito ginawang reserbasyon, at mga lupang pag-aari ng mga Eskwelahan, Kolehiyo at Unibersidad na nakatiwangwang o hindi aktwal na ginagamit sa Edukasyon at pagpapamahagi ng mga ito sa mga kwalipikadong Benepisyaryo.”

Layunin ng iminumungkahing batas na palawakin ang saklaw ng repormang agraryo sa pamamagitan ng pagbilang ng mga lupaing nakapailalim sa mga reserbasyong militar at unibersidad at kolehiyo ng estado na angkop sa agrikultura at hindi aktwal, direkta at eksklusibong ginagamit sa mga layuning militar at edukasyunal. Layunin din nitong magbigay ng pinasimpleng proseso sa pagpapasaklaw/pagkuha ng naturang mga lupain at mga kwalipikasyon ng mga benepisyaryong magsasaka, gayundin ang badyet o pagmumulan ng pondo para sa implementasyon ng batas na ito.

5. “Batas na Bumabawi (*Revoking*) sa Lahat ng Umiiral na Agribusiness Venture Agreements sa mga lupang ibinigay pabor sa mga Benepisyaryo ng Repormang Agraryo at para sa iba pang layunin.”

Layunin ng batas na ito na ipawalangbisa ang lahat ng umiiral na *agribusiness venture agreements* (AVA) sa mga lupang ibinigay pabor sa mga benepisyaryo ng repormang agraryo. Layunin ng mga AVA na lusutan ang mga batas sa repormang agraryo dahil ang kontrol sa malalawak na lupain ay ibinigay sa mga korporasyon at/o panginoong lupa kung kaya ipinagkakait ang mga karapatan ng mga benepisyaryo ng repormang agraryo sa ibinigay na lupa.

6. Kumpiskasyon ng mga lupaing “nadungisan” (*sullied*)

Layunin ng iminumungkahing batas na ibigay ang makatarungang remedyo ng kumpiskasyon o pag-agaw nang walang kumpensasyon sa mga pribadong lupaing agrikultural na naangkin sa pamamagitan ng pamamaraang iligal at may kaakibat na panloloko (*fraudulent*), kabilang subalit di limitado sa pang-aagaw ng lupa, misrepresentasyon, paglusot sa mga batas sa repormang agraryo, pambabaluktot sa kasaysayan ng *tenancy*, at sa pamamagitan ng pwersa at dahas. Ang pangungumpiska ay dadaan sa nararapat na proseso (*due process*).

Habang ang iminumungkahing Genuine Agrarian Reform Bill (HB No. 555) ay may ilang makabuluhang probisyon hinggil sa kumpiskasyon, may pangangailangan pa ring amyendahan ang komposisyon ng entidad na bibigyan ng responsibilidad upang ipatupad ang kumpiskasyon. Sa halip na ang People’s Coordinating Council for Agrarian Reform (PCCAR), kailangang itakda ang angkop na awtoridad pampulitika na titiyak sa epektibong implementasyon ng kumpiskasyon.

7. “Kautusang Ehekutibo Blg. 129-B” – Nag-aamyenda sa Kautusang Ehekutibo Blg. 129-A na Nagpapalawak at Nagpapalakas sa Mandato ng Departamento sa Repormang Agraryo (Department of Agrarian Reform o DAR) at para sa iba pang Layunin.

Layunin ng kautusang ehekutibong ito na palawakin at palakasin ang mandato ng DAR na saklawin ang kapangyarihan sa (1) libreng pamamahagi ng lupa sa lahat ng nagsasaka, magsasaka, manggagawang bukid, manggagawa sa agrikultura, mamamalakaya, at lahat ng iba pang nagnanais at may kakayahang magsaka ng lupa, nang may pagpabor sa mga umookupa na sa lupa bilang mga benepisyaryo, tenante at nangungupahan (*leaseholders*); (2) pagtatakda ng kumpensasyong ibabayad sa mga may-ari ng lupa; at (3) pagpatawad sa di bayad na amortisasyon ng mga benepisyaryong magsasaka.

Babaguhin/aamyendahan ng kautusang ehekutibo ang sumusunod na mga seksyon ng Kautusang Ehekutibo Blg. 129-A, na magiging:

SEKSYON 4. *Mandato*. – Ang Departamento ay magiging responsable sa pagpapatupad ng Comprehensive Agrarian Reform Program at, sa gayong layunin, awtorisado itong:

- a) Kunin, itakda ang halaga, at hati-hatiin sa mga sakahang pampamilya o iorganisa bilang mga sakahang kolektibo o kooperatiba at paunlarin ang mga lupang **pampubliko at pribado para libre itong ipamahagi sa mga nagsasaka, magsasaka, manggagawang bukid, mamamalakaya, at lahat ng iba pang nagnanais at may kakayahang sakahin ang lupa, nang may pagpabor sa mga umookupa na sa lupa bilang mga benepisyaryo, tenante at nangungupahan (*leaseholders*).**

X x x

- e) Bigyang-daan ang kumpensasyon ng mga may-ari ng lupa na saklaw ng repormang agraryo;

Sa pagtatakda ng kumpensasyon, magsasagawa ng mga konsultasyon sa pagitan ng mga magsasaka at manggagawa sa mga lupaing ito at ng kasalukuyang may-ari/mga may-ari at bibigyang-konsiderasyon ang sumusunod:

- a) **kasaysayan ng tenancy;**
b) **mga benepisyong panlipunan at pang-ekonomyang naiambag na ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa pag-aari;**
c) **nagastos sa pagbili ng lupa;**
d) **kasalukuyang halaga ng gayong mga pag-aari;**
e) **katangian at aktwal na gamit ng lupa at iniaakyat na kita nito;**
f) **mga pasilidad at makinarya, at sa kaso ng mga rantso at bakahan, ang bilang at kalidad ng mga hayop (livestock) dito; at**
g) **mga deklarasyon sa buwis, upa, kita at iba pang pinaghirapan (earnings) at kontribusyon ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa pag-aari, at mga di-bayad na buwis, utang at iba pang pasanin.**

X x x

- g) **Patawarin o huwag nang singilin (waive) ang mga di-bayad na amortisasyon kabilang ang interes sa lahat ng lupa pabor sa mga benepisyaryong magsasaka.**

X x x

- k) **Aprubahan o di aprubahan ang kumbersyon, restructuring o readjustment ng mga lupang agrikultural tungo sa gamit na di-agrikultural[Mungkahing burahin ang seksiyong ito.]**

x x x

SEKSYON 5. Mga kapangyarihan at gawain. -- Alinsunod sa mandato ng Departamento, at upang tiyakin ang matagumpay na implementasyon ng Comprehensive Agrarian Reform Program, awtorisado ang departamento na:

X x x

8. **“Kautusang Ehekutibo: PAGBIBIGAY-AWTORIDAD SA DEPARTMENT OF AGRARIAN REFORM (DAR) NA MAGSAGAWA NG BUO AT KOMPREHENSIBONG IMBENTARYO AT PAG-ALAM SA LAHAT NG MGA LUPANG AGRIKULTURAL PARA SA PAMAMAHAGI NITO SA MGA KWALIPIKADONG BENEPISYARYONG MAGSASAKA, KUNG SAAN ANG MAKAKALAP NA DETALYADONG DATOS AY GAGAMITIN**

SA PAGPAPAIBAYO SA PATAKARAN NG REPORMANG AGRARYO AT PAGPAPAUNLAD SA KANAYUNAN, AT PARA SA IBA PANG MGA LAYUNIN”

Layunin ng iminumungkahing kautusang ehekutibo na bumuo ng *database* ng saklaw at laki ng mga pribadong lupaing agrikultural para maipamahagi sa mga benepisyaryong magsasaka alinsunod sa mga layunin ng repormang agraryo at pagpapaunlad sa kanayunan. Layunin nitong mangalap ng detalyadong datos at gawing sistematiko ang mga pamamaraan at alituntunin na gagamitin sa pagtutukoy ng mga lupaing dapat masaklaw ng bagong batas sa repormang agraryo.

ANNEX B - ARRD

ISKEDYUL SA IMPLEMENTASYON AT PLANO SA TRABAHO PARA SA ARRD

1. Pagbabaklas sa monopolyo sa lupa at suporta laban sa remonopolisasyon

Buod ng mga Komitmentt	
PWEDENG KAGYAT NA IPATUPAD	ISKEDYUL NG IMPLEMENTASYON
1. Libreng pamamahagi ng lupa sa ilalim ng CARP	
2. Pamamahagi ng pampublikong lupang agrikultural at iba pang pampublikong lupaing angkop sa agrikultura kabilang ang mga base militar/ reserbasyon at lupa ng mga pampublikong institusyon sa edukasyon na hindi aktwal at direktang ginagamit sa agrikultura	
3. Di pagsingil o pagpatawad sa mga di-bayad na amortisasyon.	
4. Pagbibigay ng mga suportang serbisyo: pasilidad sa produksyon; pasilidad sa pag-aani at pagkatapos ng ani; insyurans; pautang na mababa ang interes; libreng irigasyon	
5. libreng <i>home lots</i>	
PANGMATAGALANG MGA KOMITMENT	ISKEDYUL NG IMPLEMENTASYON
1. Ekspropriasyon ng lahat ng pribadong lupaing agrikultural na nakakutok o angkop sa agrikultura; pagbubuo ng angkop na entidad na magtatakda ng makatarungang kumpensasyon;	
2. kumpiskasyon nang may karampatang proseso;	
3. Libreng redistribusyon ng lupang kumpiskado at yaong isinailalim sa ekspropriasyon.	

2. Marine and aquatic reforms

PANGMATAGALANG MGA KOMITMENT	ISKEDYUL NG IMPLEMENTASYON
1. Proteksyon ng mga munisipal na pangisdaan sa loob ng 15 kilometro mula sa baybay mula sa malalaking komersyal na opereytor ng mga barkong mahigit 5 <i>gross tons</i> (Nota: Kailangang amyendahan ang Fisheries Code)	
2. Ekspropriasyon ng mga pangisdaan at <i>aqua-culture</i> na pinatatakbo ng may-ari na mahigit 1 ektarya.	

3. Proteksyon ng mga Karapatan at Kagalingan

PWEDENG KAGYAT NA IPATUPAD	ISKEDYUL NG IMPLEMENTASYON
1. Pagbabawal sa kriminalisasyon ng mga sigalot-agraryo; pag-atras ng mga kasong kriminal na isinama laban sa mga magsasaka na may kinalaman sa usaping agraryo.	
2. Pagbibigay ng <i>crop insurance</i> at iba pang uri ng seguro na binuo ng mga magsasaka o <i>mutual benefit associations</i> .	
3. Reoryentasyon ng Land Bank of the Philippines sa pagbibigay ng pondo para sa pagpapaunlad ng agrikultura.	
4. Pagbubuo ng mga alituntunin para palakasin ang <i>procurement</i> ng palay, mais at iba pang mga butil;	
MGA PANGMATAGALANG KOMITMENT	
1. Pagtataguyod sa mga karapatan at kagalingan; nakabubuhay na sahod, benepisyong pangkagalingan; makataong kalagayan sa paggawa.	
2. Paglahok ng mga magsasaka sa pamamahala ng lahat ng mga patakaran at programa.	

4. Mga pagbabawal

PWEDENG KAGYAT NA IPATUPAD	ISKEDYUL NG IMPLEMENTASYON
1. Pagbabawal sa kumbersyon ng lupang agrikultural na nakatutok sa produksyon ng pagkain; ang mga patakarang nagpapahintulot sa kumbersyon ay isususpindi, rerebisahin at babaliktarin.	
2. Lalabanan, ipagbabawal at kalauna'y papawiin ang usura at iba pang mga mapagsamantalang kalakaran; a. pagpapababa sa interes sa utang tungong 50% lamang ng umiiral na mga tantos bilang panimulang hakbang sa pagkakansela sa mga di makatarungang utang at pagrekompyut ng mga lumang utang na hanggang 5 taon na.	
3. Pagbabawal ng pagtatayo ng mga kampo militar at detatsment sa mga lupaing agraryo	
MGA PANGMATAGALANG KOMITMENT	
1. Ititigil ang reklasipikasyon ng mga lupang sakahan (Nota: kailangang ang pag-amyenda sa LGC)	

5. Industrialisasyon ng kanayunan

Sa esensya, ang mga probisyon nito ay mga pangmatagalang komitment

1. Pagbibigay ng mga teknisyang pansakahan, pagsasanay at iba pang pasilidad, <i>farm to market roads</i> atbp.
2. Mga hakbanging magpapahusay at magpapaunlad sa produksyong agrikultural
3. Pagpapaunlad ng mga tradisyunal na pagpoproseso ng pagkain at iba pang industriyang di pansakahan sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong sa <i>marketing</i> , sa pinansya at teknikal
4. Pagpapaunlad sa manupaktura ng mga sangkap pansakahan (<i>agricultural inputs</i>)
5. Pagpapaunlad ng mga prayoridad na industriya sa kanayunan
6. Pagpapaunlad ng syensya at teknolohiya sa agrikultura upang mapataas ang produktibidad at mapaunlad ang mga industriya sa kanayunan
7. Pag-integreyt sa lahat ng aspeto ng produksyon, distribusyon at pagpoproseso sa kanayunan upang matugunan ang mga pangangailangan ng mamamayan, lokal na industriya at lokal na ekonomya sa pangkalahatan
8. Pagbibigay ng prayoridad sa pagpapalano at paglalaan ng badyet sa pagtatayo ng pisikal na imprastruktura sa kanayunan

ANNEX C - NIED

LISTAHAN NG MGA SUSING INDUSTRIYA

- 1) Integreyted na industriya sa bakal at yero (*iron and steel industry*)
- 2) Mga kagamitan, makinarya at kasangkapan sa agrikultura
- 3) Mga kagamitan, makinarya at kasangkapan sa industriya
- 4) Mga sasakyan at kasangkapan sa transportasyon
- 5) Pagpoproseso ng mga mineral
- 6) Mga sangkap at kasangkapang elektronik
- 7) Pagmamanupaktura ng *precision instruments*
- 8) Pagpapaunlad sa teknolohiya sa impormasyon at komunikasyon (*information and communication technology* o ICT)
- 9) Kasangkapan sa kuryente (laluna sa enerhiyang napapalitan)
- 10) Materyales pangkonstruksyon
- 11) Mga kemikal at produktong kemikal na pang-industriya
- 12) Mga gamot
- 13) Pagkain at inumin
- 14) Tela, damit at sapatos/tsinelas
- 15) Pagpoproseso ng niyog
- 16) Isinabansang yutiliti sa tubig
- 17) Isinabansang industriya sa kuryente
- 18) Isinabansang pangmasang transportasyon
- 19) Isinabansang komunikasyon

ANNEX D

LISTAHAN NG MGA BATAS, KAUTUSAN AT ISSUANCES NA HINDI UMAAYON SA PAMBANSANG INDUSTRIYALISASYON

Multilateral Free Trade Agreement (FTAs):

- 1) Pagpapatibay ng Uruguay Round ng General Agreement on Tariffs and Trade (GATT) ng 1994 para sa pagsapi sa World Trade Organization (WTO), at kasunod na mga komitment sa mga kasunduan hinggil sa:
 - a. Agriculture (AoA)
 - b. Trade-Related Investment Measures (TRIMS)
 - c. General Agreement on Trade in Services (GATS)
 - d. Trade-Related Intellectual Property Rights (TRIPS)

FTAs na Rehiyunal at Baylateral:

- 1) ASEAN FTA-Common Effective Preferential Tariff (AFTA-CEPT, 1992)
- 2) ASEAN-China (2005)
- 3) ASEAN-Korea (2007)

- 4) ASEAN-Australia-New Zealand (2008)
- 5) ASEAN Trade in Goods Agreement (2010)
- 6) Japan-Philippines Economic Partnership Agreement (JPEPA, 2008)
- 7) European Free Trade Association-Philippines FTA (2016)

Mga Trade and Investment Framework Agreement (TIFA)

- 1) United States-Philippines Trade and Investment Framework Agreement (TIFA, 1989)

Mga Bilateral Investment Treaty (BIT):

- 1) Mga BIT na may bisa (31 bansa): Argentina, Australia, Austria, Bangladesh, BLEU (Belgium-Luxembourg Economic Union), Canada, Chile, China, Czech Republic, Denmark, Finland, France, Germany, India, Italy, Korea, Republic of, Mongolia, Myanmar, Netherlands, Portugal, Romania, Russian Federation, Saudi Arabia, Spain, Switzerland, Syrian Arab Republic, Taiwan Province of China, Thailand, Turkey, United Kingdom, Viet Nam
- 2) Mga pirmadong BIT pero wala pang bisa (6 na bansa): Cambodia, Indonesia, Iran, Islamic Republic of, Kuwait, Pakistan, Sweden, France

Mga Pandaigdigang Kumbensyon:

- 1) Multilateral Investment Guarantee Agency Convention (MIGA Convention)
- 2) Convention on the Settlement of Investment Disputes Between States and Nationals of Other States (ICSID Convention)
- 3) Convention on the Recognition and Enforcement of Foreign Arbitral Awards (New York Convention)

Mga Lokal na Batas sa Pamumuhunan (inisyal na listahan):

- 1) Republic Act No. 7042, o ang Foreign Investments Act of 1991 (FIA)
- 2) Executive Order No. 226, o ang Omnibus Investments Code of 1987 (as amended by RA 7918)
- 3) Republic Act No. 7916, o ang Special Economic Zone Act of 1995 (in-amyendahan ng RA 8748)
- 4) Republic Act No. 7227, o ang Bases Conversion and Development Act of 1992; at iba pang mga espesyal na batas na lumilikha ng iba pang *special economic zones* tulad ng Cagayan Special Economic Zone, Zamboanga City Special Economic Zone, Freeport Area of Bataan, at Aurora Special Economic Zone
- 5) Republic Act No. 9593, o ang Tourism Act of 2009

- 6) Republic Act No. 8756, o An Act Providing for the Terms, Conditions, and Licensing Requirements of Regional or Area Headquarters (RHQs), Regional Operating Headquarters (ROHQs), and Regional Warehouses (RWs)
- 7) Republic Act No. 7652, o ang Investor's Lease Act
- 8) Republic Act No. 7844, o ang Export Development Act of 1994
- 9) Republic Act No. 7718, o ang Amended Build-Operate-Transfer (BOT) Law
- 10) Republic Act No. 8293, o ang Intellectual Property Code of the Philippines (inamyendahan ng RA 10372)
- 11) Republic Act No. 7942, o ang Philippine Mining Act of 1995
- 12) Republic Act No. 8479, o ang Downstream Oil Industry Deregulation Act of 1998
- 13) Republic Act No. 9136, o ang Electric Power Industry Reform Act (EPI-RA) of 2001
- 14) Republic Act No. 8762, o An Act Liberalizing the Retail Trade Business

Mga komitment sa ASEAN:

- 2) ASEAN Investment Agreement
- 3) ASEAN Services Agreement
- 4) ASEAN-India Investment Agreement
- 5) ASEAN-China Investment Agreement
- 6) ASEAN-Korea Investment Agreement
- 7) ASEAN-Korea Framework Agreement
- 8) ASEAN-India Framework Agreement
- 9) ASEAN-Japan Framework Agreement
- 10) ASEAN-China Framework Agreement
- 11) ASEAN-United States Trade and Investment Framework Agreement (TIFA)
- 12) ASEAN-European Union Cooperation Agreement